Mr. Popular meets Miss Nobody 2: Still In Lov

by pinkyjhewelii

Completed


MPMMN 2:
Still in Love
PINKYJHEWELII

Table of Contents

1. MPMMN Book 2: Still In Love
2. Chapter 1 ?
3. Chapter 2 ?
4. Chapter 3 ?
5. Chapter 4 ?
6. Chapter 5 ?
7. Chapter 6 ?
8. Chapter 7 ?
9. Chapter 8 ?
10. Chapter 9 ? Elevator
11. Chapter 10 ? BLANK
12. Chapter 11 ?
13. Chapter 12 ? Hospital
14. Chapter 13 ? Seriously
15. Chapter 14 ? Comfortable
16. Chapter 15 ? Library
17. Chapter 16 ? Good News
18. Chapter 17 ? Unexpected Happenings
19. Chapter 18 ?
20. Chapter 19 ? Daldal
21. Chapter 20 ?
22. Chapter 21 ? What If
23. Chapter 22 ? Baby Ko
24. Chapter 23 ? Challenge
25. Chapter 24 ? Crazy
26. Chapter 25 ? Accckkkk
27. Chapter 26 ? Paktay
28. Chapter 27 ? Sweet
29. Chapter 28 ? Her father's reaction
30. Chapter 29 ? Tigers And Super Friends

31. Chapter 30 ? Batangas Escapade (Part 1)
32. Chapter 31 ? Batangas Escapade (Part 2)
33. Chapter 32 ? Batangas Escapade (Part 3)
34. Chapter 33 ? Batangas Escapade (Part 4)
35. Chapter 34 ? Batangas Escapade (Part 5)
36. Chapter 35 ? Batangas Escapade (Part 6)
37. Chapter 36 ? Unexpected
38. Chapter 37 ? His side
39. Chapter 38 ? Forgiveness
40. Chapter 39 ? Character's Status
41. Chapter 40 ? Wedding Planner
42. Chapter 41 ? Tears Of Joy
43. Chapter 42 ? Harsh
44. Chapter 43 ? Engagement Party
45. Chapter 44 ? Kick Out
46. Chapter 45 ? Epic Fail
47. Chapter 46 ? Plan Take 2
48. Chapter 47 ? Pakwan-Pinya
49. Chapter 48 ? Juice
50. Chapter 49 ? Call
51. Chapter 50 ? Sh*t
52. Chapter 51 ? Afraid
53. Chapter 52 ? Who?
54. Chapter 53 ? Bipolar
55. Chapter 54 ? Pandesal
56. Chapter 55 ? Box
57. Chapter 56 ? Condo
58. Chapter 57 ? Xbang
59. Chapter 58 ? My Fault
60. Chapter 59 ? Bastard
61. Chapter 60 ? XSupremo
62. Chapter 61 ? Sincere

63. Chapter 62 ? Motif
64. MAJOR ANNOUNCEMENT II
65. Chapter 63 ? Explanation
66. Chapter 64 ? Wedding Day
67. Chapter 65 ? After The Wedding
68. EPILOGUE
69. READ! READ! READ!

MPMMN Book 2: Still In Love

Sometimes being hurt help us to **grow** and be **strong**..

Getting failed help us to know our mistakes..

Getting lose to learn how to **fight** and **win** the game of love..

And getting **HEARTBROKEN** to understand what **TRUE LOVE** means.

Hindi ganoon katagal ang isang taon. Isang taon na puno ng pagnanais na makita muli ang taong mahal mo.

It hurts when you feel like you're alone. You don't have choice but to wait until he comes back.

And when he comes back, you would promise to yourself that you will do anything to make him fall in love with you again.

Si Chelsea Torres na handang haraping muli si Kyle Shin-Woo matapos ang isang taon.

Kung mapatunayan na niyang wala siyang kasalanan, mapapatawad na ba siya nito?

Kung malalaman na nito ang totoo, babalikan ba siya nito?

Kung malalaman nitong minahal niya talaga ito, mamahalin ba siya nitong muli?

Kung gagawin niya ang lahat para lang bumalik ito sa kaniya , hahayaan ba siya nito?

At kapag nalaman niya na taken na ito, ipagpipilitan pa rin ba niya ang sarili rito?

Another rejection and heartbreak, **WILL SHE STILL TAKE THE RISK?**

Watch out for Chelsea's Mission: **Make him fall for her again.**

Chapter 1 ?

After one year..

Chelsea POV

"Bagay na bagay sa'yo yang wedding gown Chelsea!" Nakangiting sabi ni Janna.

"Talaga?" Kasi naman baka hindi bagay.

Tumango pa si Janna habang nakangiti. "I promise. Nasaan na ba yung groom mo?" Tanong nya.

"Andun pa sa fitting room." Sagot ko.

Andun pa kasi si Adrian sa fitting room habang sinusuot yung kanyang white tuxedo.

Maya-maya ay lumabas na din si Adrian. Ang gwapo niya sa suot na tuxedo. Grabe. Makalaglag panty talaga ang ka-gwapuhan ng hub ko.

"Ay bongga Adrian, bagay na bagay sa'yo ah." Puri ni Janna.

"Ako pa ba?" Sabi ni Adrian saka humarap sakin. "Ayos ba hub?"

I showed him my two thumbs up. "Superb!"

"Ready na ba?"

Ayan na si baklitang manager. Start na pala ng pictorial. "Janna, wait for us nalang ha? Sandali lang naman 'to." Sabi ko.

"No need to say it okay? Go na. Baka ma-highblood pa si Manager nyo."

"Okay." Sagot ko. Inalalayan ako ni Adrian papunta sa pictorial area.

Oo nga pala. Marami ng nangyari sa loob ng isang taon. Dito ako mas naging matapang dahil na rin sa tulong ni Janna.

Nung iwan ako ni Kyle one year ago, wala akong ginawa kundi ang magmukmok. School, condo lang ang routine ko. Namayat nga daw ako nun.

Pero one day, pinilit ako ni Janna na tumambay sa mansyon nila and poof! Kung anu-ano ginawa nya sakin. Tinuruan din nya ko mag-ayos at mag-make-up.

Sabi kasi nya, mas makakabuti kung libangin ko muna ang sarili ko habang naghihintay kay Kyle. Pumayag naman ako hanggang sa hindi ko na pala namamalayan na natuto na'ko mag-ayos. Pati sa pananamit, nag-iba na rin ang taste ko. Mula nga noon, ang dami ng nanliligaw sakin. Pero syempre, on-guard sina Adrian at James.

Wala naman akong pinagsisihan sa mga pagbabago sa'kin. Isa pa, pinangaralan na ako ni Janna. She told me na pagbalik ni Kyle, wag na wag akong magmakaawa which is yun talaga dapat gagawin ko kasi mahal na mahal ko si Kyle.

Sabi ni Janna, ipakita ko daw kay Kyle kung anu yung binalewala niya. Kumbaga, para magsisi siya sa ginawa niya sa'kin. Na malaking kawalan ako sa kaniya.

Hindi ko nga alam kung makakaya ko. Kasi baka mamaya pag nakaharap ko na si Kyle, diko na mapigilang magmakaawa sa kaniya na balikan ako.

Pero sabi nga ulit ni Janna, sigurado naman daw na susuyuin ako ni Kyle once na malaman na niya yung totoo. At dapat daw magmatigas ako. Ipakita ko daw na kunwari wala na akong pakialam sa kaniya. Na wala na akong nararamdaman. Hayaan ko daw siyang magdusa bilang kabayaran sa pagdudusa na naranasan ko.

Ewan ko lang kung masusunod ko yung sinabi ni Janna.

Oo nga pala. Hindi ko rin pala expected. Model na'ko! Pati si Adrian. Mula kasi ng matuto akong mag-ayos at manamit ng maganda, may nakapansin na yata ng beauty ko.

May baklitang manager na kumuha samin ni Adrian. Nagmo-model kami ng kung anu-anong damit. Tulad ngayon, wedding yung theme kaya yun ang mino-model namin ngayon.

Akala nyo ikakasal na'ko 'no?

Sa loob ng one year, si Adrian ang lalaking nag-alaga sakin at nagparamdam ng pagmamahal. Hindi kami. Wala kaming relasyon pero super close na kami. Parang M.U ganun. More than bestfriends. Sanay na sanay na nga ako sa presensya niya. Daig pa nga namin mag-jowa. Kasi naman may tawagan kami. Si Adrian may gusto nyan. Hub yung tawagan namin.

Akala nyo kami na ni Adrian 'no? Syempre hindi. Si Kyle pa din laman ng puso ko. Kinakabahan na nga ako sa pagbabalik niya.

Hindi ko alam kung handa na'ko. Hindi ko alam kung mapapanindigan ko yung sinabi sakin ni Janna na dapat kong gawin.

Kaya ko kayang magpanggap na hindi ko na siya mahal? Kaya ko kayang magpanggap na wala na akong pakialam sa kaniya? Ewan.

?

Kyle POV

Malapit ng lumapag ang airplane sa NAIA Terminal.

After one year, nakabalik na ako dito sa Pilipinas. Ni wala akong balita sa lahat. Sinadya ko talagang alisin ang communication kahit sa tigers. Ayoko kasing magkaroon muna ng connection sa kanila.

"Honey, may susundo ba sa'tin?"

Si Mandy nga pala kasama ko pauwi. Siya yung nakasama ko sa Korea. Hindi ko nga akalaing accidentally ay andun din siya.

Hindi naman kami. Walang kami. There is one girl who still in my heart. Feeling lang nitong si Mandy. Hinahayaan ko nalang sya sa ka-desperadahan nya.

Bigla akong napaisip. Kumusta na kaya sila? Si nobody, sila na ba nung lalaking kasama niya sa picture? Lumantad na ba sila? Galit pa din ako sa kaniya pero mahal ko pa din sya.

Ayoko nalang na magpakatanga sa kaniya ngayon.

"Honey?"

"Could you please shut up?" Saway ko kay Mandy. Nagmumuni-muni ako e.

Ganito kami. Lagi ko siyang nasisigawan pero balewala lang sa kaniya. Maka-asta talaga akala mo girlfriend ko siya. She even tweet it. Na kami na daw. Tch.

It's a big day. Nasabihan ko na naman ang tigers. At mamayang gabi, may welcome party ako sa mansyon. Invited naman silang lahat. Lahat. Kasama si nobody.

Anong masama?

Mahal na mahal ko pa din ang babaeng yun. Pero hindi ko na sya kayang balikan dahil sa ginawa nya saking panloloko. I'm a better man now. Ibang-iba na'ko.

?

Chelsea POV

Natapos na din yung pictorial.

Aish. Kasi naman. Ito na nga lang sideline ko para magkapera. 2nd year palang kami sa SWU. Dalawang taon pa bago ako maka-graduate kaya kailangan kong mag-sideline kahit papano.

Doon pa rin pala ako nakatira sa condo unit na bigay ni Adrian. Nakakatawa lang kasi laging andun sina James, Adrian at Janna. Minsan nga dun na sila natutulog. They are really the best circle of friends.

Maswerte ako dahil andyan sila sa tabi ko. Sila yung nagsilbing sandalan ko nung time na down na down ako.

"Hub. Tara kain." Yaya ni Adrian. Langya. Hinalikan pa'ko sa pisngi. Wala. Sanay na'ko sa ka-sweet-an ni Adrian.

Kung hindi ko lang mahal na mahal si Kyle, malamang si Adrian na ang boyfriend ko ngayon.

Ang bait na, ang sweet pa at maalaga. At higit sa lahat, naniniwala siya sakin. Unlike Kyle. He didn't trust me at all.

"Sige. Tara Janna." Sabi ko.

Sabay-sabay kaming lumabas. Naka-akbay pa sakin si Adrian. Parang boyfriend diba.

"Saan tayo kakain hub?" Tanong ko.

"Sa Max's. Andun na si James eh. Naghihintay." Sagot nya.

"Hm, okay."

Maya-maya ay nakarating din kami sa Max's. Andun nga si James.

"Myloves!" Sigaw nya sakin.

Isa pa yang si James. Naiinggit daw siya dahil may tawagan kami ni Adrian kahit di naman kami. Kaya ayun gumaya. Myloves tawag sakin. Nakakatuwa sila.

Baka iniisip niyo malandi ako. Hindi po. Talagang close nalang kami ngayon. Best of friends.

Si Kyle lang naman nag-iisip na malandi ako.

Hay naaalala ko na naman.

Naupo na kami sa pang-apatan na mesa. Then we take our order.

Kriinnnnnnggg..

Tumunog yung iphone ni Adrian.

"Yes? Okay sige sige. Seven pm."

Nang matapos yung tawag ni Adrian, humarap siya sakin.

"He's back."

He's back..

He's back..

He's back..

He's back..

Paulit-ulit siya sa isip ko. He's back?

What to do? Eto na naman yung kaba ko.

"Remember what I've told you Chelsea?" Tanong ni Janna.

Tumango ako. "Yup."

"Panindigan mo yun. You're brave okay? Pigilan mo ang sarili mo. Wag na wag kang magpapakita kay Kyle ng kahinaan mo. Okay? Mas madali mo siyang mapapa-in-love ulit sayo 'pag kahit papano ay papakipot ka."

Sabi kasi nina Adrian, pagdating na pagdating ni Kyle, sasabihin nila yung totoo at ipapakita yung mga nakuha nilang ebidensya na set-up lang ang nangyari sakin nun. Hindi naman agad ako umaasa na pag nalaman an ang totoo ay agad-agad, babalikan niya 'ko. I know na marami ring nangyari sa isang taong

pamamalagi niya sa korea. Baka nga may iba na yun. Aish.

Tumango ulit ako. "Okay. Fighting!"

"FIGHTING!!"

Chapter 2 ?

Chelsea POV

Andito kami nina Adrian, Lance at Janna sa condo ko. Dito kami nag-aayos para sa welcome party ni Kyle later at 7 pm.

Excited ako na kinakabahan. Siyempre, after one year, ngayon ko lang ulit siya makikita. Hindi ko na sya ma-stalk nun sa FB kasi pinagbawalan ako nina Adrian. Matuto daw akong maging matatag.

Di ko naman sila masisisi. Alam kong concern lang sila sakin.

"Ready na'ko!" Excited na sabi ko.

Makadilat naman ng mata yung dalawa. "Bakit ganyan kayo makatingin? Hindi bagay?" Nalungkot ako bigla. Pinaghandaan ko pa naman 'tong suot ko at ayos para pag nagkita kami ni Kyle, makita niya yung sinayang niya.

"Perfect." sabi ni James

"Gorgeous." sabi naman ni Adrian

"Ang ganda ganda mo talaga best!" Sabi ni Janna. "Ang galing ko talaga mag-train."

Sino pa nga ba ang nagturo sakin mag-ayos? Si Janna lang. Hehe. Pero natuwa na'ko sa sinabi nina Adrian at James. Perfect and gorgeous daw. Ayeee!

"Masyado mo namang pinaghandaan ang pagdating ni Kyle." Reklamo ni James.

I smiled at him. "Syempre."

"Hindi ko pa rin sya hahayaang makalapit sa'yo hub." Sabi ni Adrian.

"Kayo talaga, masyado kayong protective. Kaya ko sarili ko. Diba nga na-train na'ko ni Janna?"

"Yeah right!" Nakangiting sagot ni Janna.

Matatag na'ko ngayon. Matapang. Kaya kong tiisin si Kyle para naman magsisi siya sa ginawa nya sakin nun. Sa ginawa nyang pang-iiwan. Gusto kong magdusa din sya tulad ng pagdudusa ko dati.

Dapat lang yun. Hindi ko deserve ang masaktan dahil in the first place, wala naman talaga akong kasalanan. Mahal na mahal ko nga sya eh.

Pero wala eh. He didn't trust me. Kung mahal niya ko dapat may tiwala siya sakin. Isa pa, dapat marunong din siyang makinig sa explanation ng ibang tao hindi yung basta nalang sya nagko-conclude.

Sisiguraduhin kong makakakilos ako ng normal at natural kahit kaharap si Kyle.

"Uy hub 'lika na. Natutulala ka na dyan."

Napapitlag ako. Masyado ng malalim ang iniisip ko. "Okay. Let's go."

?

Kyle POV

Andito na lahat ng tigers maliban kay Adrian at Lance. Si nobody wala pa din.

Aminado naman ako na inaabangan ko talaga sya. How I missed her. Gustung-gusto ko syang makita. Pero hindi ibig sabihin nun, napatawad ko na sya. Niloko pa din niya ako at hanggang ngayon diko yun matanggap.

"Brad, kayo na ba talaga ulit ni Mandy? Sabi nya kanina." Si Ken.

Umiling ako. "I'm single."

"Pero sabay kayo umuwi galing Korea diba?" Tanong ni Jerome.

"Yeah. I'm just enjoying her company." Sagot ko.

Burado na nararamdaman ko kay Mandy kaya bakit ko siya gagawing girlfriend ko? Tch.

"Ang tagal naman ni Adrian." Sabi ko. Syempre na-miss ko din yung ugok na yun. Close friend ko yun.

"Medyo busy na rin kasi yun Kyle kasi part-time model na siya ngayon eh." Sagot ni Ken.

I didn't know na model na si Adrian. Umaasenso ang kumag.

"Talaga lang?" Sabi ko. Di kasi ako makapaniwala.

"Oo, pati nga si Chelsea." Sabi ni Kit.

"Ay oo nga, iba na talaga ang karisma ni Chelsea ngayon. Kaya di na ako magtataka kung bakit halos lahat ng kalalakihan sa SWU, hooked sa kaniya." Sabi ni Jerome na ikinagulat ko.

Si nobody daw? Lakas ng karisma? Dati na namang malakas karisma ng babaeng yun. Kaya nga ako na-in-love dun.

"Halos lahat ng lalaki sa SWU?" Sobra naman yata kung halos lahat ng lalaki magkagusto sa kaniya? She's plain pagdating sa fashion sense.

"Halos lahat Kyle. Model na siya ngayon eh. Pareho sila ni Adrian ng manager. Sila na nga din ang model ng SWU sa mga posters and fliers. Ibang-iba na si Chelsea brad. Marunong ng mag-ayos at manamit." Litanya ni Ken.

Parang bigla akong na-excite na makita si nobody. Nagbago na siya sa pag-aayos at pananamit? Hindi ko ma-imagine. Pero dati nung plain palang siya, malakas na ang karisma niya. Lalo na ba ngayon?

Ano ba 'tong nararamdaman ko. Hindi ko naman gustong balikan si nobody. Gusto ko lang syang makita ulit.

"Honey, andyan na sina Adrian kasama ang manloloko mong ex-girlfriend." Malanding sabi ni Mandy habang naka-akbay pa sakin. Nakaupo kasi ako tapos siya nakatayo.

Pagtunghay ko nakit ko si Adrian kasunod sina James, Janna at..

NOBODY ??

Siya ba yan? Bakit..

Ang bilis ng tibok ng puso ko. Ibang-iba na sya ngayon. Sobrang ganda niya. Yung pananamit niya simple lang pero eleganteng tingnan. Hindi mukhang sopistikada.

Hindi ako makapaniwala.

"Brad. Long time no see." Sabi ni Adrian saka ako tinapik sa balikat.

"Brad." Nakangiting bati ni James.

"Hi Kyle. Welcome back." Janna said.

"Hi Kyle." Si nobody.

Ang ganda ng pagkakangiti niya sakin. Parang, parang hindi ito yung nakita ko bago ako umalis nun dito sa pinas.

She's now a real woman sa paningin ko. Ngayon, naniniwala na ako sa sinabi ng tigers na halos lahat ng lalaki ay hooked na ngayon kay nobody.

I just smiled at them. Nasan na kaya ang boyfriend ni nobody? Yung kasama nya sa picture. Bakit di nya kasama?

"Wow. You looked great Chelsea. Hindi ka na mukhang maid." Narinig kong sabi ni Mandy.

"Yeah. Hindi na ako mukhang maid. At iba na rin ako ngayon. Hindi na ako ang klase ng tao na madali lang na maloloko." Makahulugang sagot ni nobody.

"Mandy stop it." Suway ko. Alam kong hahantong yan sa away. Kilala ko si nobody. Palaban yan.

"Oh and by the way Chelsea, kami na nga pala ni Kyle."

Yan ang lagi nyang pinagkakalat. Hinahayaan ko nalang.

"Really? Hindi na ako magtataka. Kasi sayang naman yung effort mo one year ago kung di mo makukuha si Kyle." Kalmado ngunit makahulugan pa ring sagot ni nobody.

Naguguluhan ako. Ano bang gusto niyang palabasin?

Napansin kong namutla si Mandy pero diko nalang pinansin masyado. "Let's go party." Sabi ko nalang. Tumingin ako kina Adrian, "Enjoy lang kayo mga brad."

Tumalikod na'ko habang hila-hila si Mandy nang mapatigil ako dahil sa narinig ko.

"Hub anong gusto mong kainin?"

"Kahit ano hub."

HUB???

Si Adrian at nobody na? Eh diba may boyfriend yang si nobody? Tanga ba si Adrian dahil nagpapaloko lang sya kay nobody? Alam naman nya ang ginawang panloloko nyan sakin.

Kelan pa naging sila?

Hindi ko alam pero selos na selos na naman ako. Huli ko tong naramdaman one year ago.

Mahal na mahal ko pa din kasi si nobody. Pero bakit sila ni Adrian?

"Best, tara ang daming cocktail drinks, may mga alak pa. Gora!" Narinig kong sabi ni Janna. Alam ko si nobody kinakausap nya.

"Wag ka Janna. Bawal uminom si hub. Masamang malasing yan." Si Adrian.

Talaga bang sila na?

?

Chelsea POV

Nakabilog kaming lahat dito sa salas. Specifically, sa sahig. Ang tigers, si James, si Mandy-landi (haha, sorry for the term), si Janna at ako ang andito. Si Lance lang pala kulang sa tigers.

Nakapalibot kami ngayon kasi nagka-ayaan. Nagka-miss-an daw kasi. Eh ako miss na miss ko na talaga si Kyle.

Kanina nga gustung-gusto ko na sya yakapin, pinatatag ko lang loob ko. Mahal na mahal ko pa din talaga si Kyle. Lalo nga syang gumwapo ngayon.

Aish. Kailangan kong magiging matatag dahil kung hindi, mababatukan ako ng hard ni Janna. Takot ko nalang sa babaeng yun.

Buti nalang magaling ako umarte. Na hindi ako apektado sa pagdating nya. Lalo na nung sabihin ni Mandy na sila na ni Kyle. Masakit sakin pero nagpakatatag ako. Alam kong maghihiwalay din sila 'pag nalaman na ni Kyle ang totoo. Makakarma din yang si Mandy, alam ko. Naiinis lang ako pag masyado syang maka-dikit kay Kyle. Nakakaasiwa. Aish.

Selos naman kasi ako.

Selos na selos na talaga. Pero buti sa tuwing titingin ako kay Janna, nagiging matigas ulit ako at isinasantabi ang selos ko.

Ikaw ba naman tingnan ng masama ni Janna. Haha. Kaya eto, I'm acting naturally.

"Truth or dare tayo." Yaya ni Janna.

Aish. Janna, anong pakana naman yan. Bakit yan pa.

"Sige sige!" Pag-sang-ayon ng tigers. Kumuha agad si Ken ng bote ng alak at ipinwesto sa gitna.

"Ganito ang mechanics. Pag natapatan ka tatanungin ka ng truth or dare. Kung sinong yung huling nag-ikot, sya yung magtatanong. Pag dimo nasagot in 10 seconds, you need to kiss someone here. At kung dare naman, iinom lang ng isang basong alak. Game?"

Ano ba yan. Alak pa? Langya. Mahina ako dyan eh. Baka puro dare nalang piliin ko. Sana wag akong tapatan.

Nagsimula na si Janna mag-ikot ng bote at sa kasamaang palad, ako pa ang tinapatan. Malas nga naman.

Pina-kalma ko ang sarili ko.

"Best, truth or dare?"

Ayoko ng alak. "Truth nalang."

"Okay. Ang tanong, sinong first love mo?"

Mukhang may gustong patamaan si Janna. Mukhang nararamdaman ko na may sense 'tong ginagawa nya. Lalo na ang tanong nya.

I paused for a while bago nilibot ang tingin sa lahat. Mukhang naka-abang sila lahat sa sagot ko.

"Your ten second is running Chelsea."

"Kyle." Kalmado kong sagot. Pagkatapos ay tumingin ako kay Kyle. Nakikita ko yung sakit sa mga mata niya. Hindi imposible dahil alam kong di siya naniniwala sakin.

"Liar." Narinig ko pang bulong ni Kyle. Binalewala ko nalang yun. Like what I've said, kailangan kong magpakatatag. Pero honestly, nasaktan ako dun.

Hayaan mo na. Para namang di na ako sanay na masaktan nyang si Kyle.

"Okay. Now ikaw na mag-spin Chelsea." Sabi ni Janna.

I spinned the bottle at tumapat yun kay Adrian. "Truth or dare?" Tanong ko.

"Truth."

Bigla akong binulungan ni Janna kung anong itatanong. Pero kasi. Ayoko. Pero sabi ni Janna, kasama daw yun sa plano. Ewan kong anong plano sinasabi nya. Aish. No choice.

"Adrian, bakit mo ako nagustuhan?"

Nahiya ako sa tanong ko. Si Janna naman kasi eh.

"Dahil hindi ka tulad ng ibang babae. Gusto ka na ng isang tao, hindi mo pa alam. Ni hindi mo alam na maganda ka. Ikaw yung babaeng nakilala ko na napaka-honest at hindi kayang manloko ng ibang tao. Kilalang-kilala na kita kahit almost one year palang kitang nakakasama. You're every man's ideal girl. Nasa'yo na lahat. And last, because you're one of a kind."

Napangiti ako sa sagot ni Adrian. Kyaaaa. Kilig. Lakas makakilig nitong si Adrian eh.

"Oh Adrian spin the bottle." Utos ni Janna.

Tumapat yun kay Kyle. "Truth or dare." Tanong agad ni Adrian.

"Truth dapat captain! Pag dare, mahina ka." Pang-aalaska ni Cav.

"Oo nga." Pag-sang-ayon ng tigers.

"Truth." Seryosong sagot ni Kyle.

"Mahal mo pa ba si Chelsea."

Kyaaaa! Bakit yan tanong ni Adrian. Aish. Ramdam ko namumula yung tainga ko sa hiya. Pinipilit ko lang kumalma kahit kanina ko pa gusto magsisigaw. Naman.

"Hindi na."

It hurts you know. Di na pala nya ko mahal. Dahil ba kay Mandy? Psh. Walang kaabog-abog na sinagot nya yun ah. Ayos din.

Naka-ilang spin-the bottle pa hanggang sa tumapat ulit sa'kin. Si James ang huling nag-spin kaya sya ang magtatanong sakin.

"Ngayong alam mo ng hindi ka na mahal ni Kyle, may pag-asa na ba ako?"

Promise. Seryoso nyan si James. Sinakyan ko nalang tanong nya. Tutal si Kyle nga inamin na din na hindi na nya ako mahal. "Oo naman!" Pinasigla ko pa boses ko.

Gusto ko kasing maitago yung sakit na nararamdaman ko kaya.. Ayun! I smiled so widely.

I spinned the bottle at tumapat yun kay Mandy. It's my turn now.

"Truth."

Wala pa akong tanong, sumagot na sya.

"Ganon ka ba ka-desperada para palabasing masama ang isang tao para lang sa lalaking gusto mo?" I'm serious. Personalan na'to.

Mabuti na yung magka-aminan. "What do you mean by that?" Tila naiinis si Mandy sa tanong ko. Tinatamaan kasi.

"Just answer my question." Sabi ko.

"Of course not! I'm not desperate!" Sigaw ni Mandy. Napansin ko na pinapakalma siya ni Kyle.

It hurts you know.

"Talaga lang ha? Hindi ka desperada? Kung nag-eexist lang si pinocchio, kanina pa humaba yang ilong mo dahil sa kasinungalingan mo."

I can't control my emotion. Masyado na akong nabbwisit kay Mandy. Kasalanan naman nya lahat eh. Kasalanan nya kaya hindi na ako mahal ni Kyle.

"Could you please shut up? Wala ka na bang alam kundi mamula ng ibang tao? At mambintang ng kung anu-ano?" Sabi ni Kyle.

His eyes are full of anger.

Anger? Sakin? Wow.

I gave him my fake smile. "Edi kampihan mo yang Mandy mo! Tutal dyan ka naman magaling diba? Dyan ka magaling Kyle! Ang paniwalaan ang iba kesa sakin. Salamat nalang ha."

Tumayo na'ko. Hindi ko na kayang magpakatatag. Iiyak nako anytime. Nasasaktan ako sa pinapakita ni Kyle. Hanggang ngayon ba si Mandy talaga ang mas paniniwalaan nya kesa sakin? Ang sama ko naman pala.

Sabagay, di na naman nya ko mahal eh. Para san pa para malaman nya ang totoo? Malinis man ang pangalan ko sa kaniya, balewala na rin lang pala. Hindi pa din sya babalik sakin. Hindi na nya ako mahal. Hindi na.

Masyado akong umasa na baka mahal pa din ako ni Kyle.

Now I get it. Masyado na'kong nagiging martir. It's time to change. Sabi nga ni Janna, ako na ngayon si Chelsea version 2.0

Tama. Braver.

Nakarating ako dito sa kotse ni Adrian. I started crying then I felt someone hugging me. "Ssshhh.."

As usual, si Adrian. Sya lang naman ang laging to the rescue sakin.

"Ang hirap magpanggap hub. Hindi na'ko mahal ni Kyle." I said.

"I know. I understand you. Let's go home." Sabi nya saka iginiya ako pasakay ng kotse nya.

I paused for a moment and stopped crying. Masyado na akong nasasaktan ni Kyle. Napakahigpit naman niya. Sige lang. Akala ko kasi pagbalik niya, magiging okay ang lahat. Mali pala ako. Hindi na nya ako mahal.

Now, I believe him.

At sa tingin ko mas makakabuti kung hahayaan ko na siya. Nakakasawa ng umasa.

Hindi ko na kailangang magpanggap na matapang at matatag. Dahil yun na mismo ang gagawin ko, ang magpakatatag at maging matapang.

Specially, ang maging manhid.

?

Kyle POV

I know nasaktan ko si nobody sa inasal ko kanina. But she's wrong. Hindi tamang pagsalitaan nya si Mandy ng ganun.

Wala syang karapatan.

Kanina, nung tanungin ako kung mahal ko pa si nobody, I told them na hindi ko na sya mahal.

Yeah. It was a lie. But I need to do that dahil galit pa din ako sa kaniya. She's really good in lying. Pati first love, sinabing ako daw? Hell. She's a liar.

At anong pakana ni Adrian sa sagot nya kanina? Akala ba nya di ko napansin na pinapatamaan nya ko? Akala lang nila kilala na nila si nobody. She really looks innocent pero may tinatago ding baho.

Wala akong paki kung nag-walk-out man sya kanina. Mabuti na yun nang matapos na. Ayaw ko na din siyang nakikita. Nabubwisit lang ako.

Isa pa, bakit ko pa sya gugustuhing makita? Eh sila na nga yata ni Adrian. Ayokong magmukhang kawawa sa harap nila. Akala nila matitinag nila ako? Hell no.

Baka nakakalimutan nilang ako yung taong walang modo at walang puso.

Krinnnngggg..

I looked at my phone.

Adrian calling..

Bakit naman sya tatawag? I answered his call. "Bakit?"

[Can we talk?]

I sighed. Para saan naman ang pag-uusapan? Aawayin ba nya ako dahil sa inasta ko kanina kay nobody? Sa girlfriend nya? Damn.

"I'm busy." Pagdadahilan ko. I don't want to talk about nobody. Umiinit lang ang ulo ko.

[Kahit sandali lang. It's important.]

Medyo na-curious ako dahil sa sinabing nyang importante daw yun. "Fine. Saan?"

[Bukas. Tutal lunes naman at alam kong papasok ka na, sa tambayan nalang. Sa umaga bago mag-klase.]

"Bakit dipa ngayon?"

[Chelsea needs me right now. Diko siya pwedeng iwan dito sa unit nya.]

Wow. Talaga ngang sila na. Damn! Bakit ba ako nagseselos? Galit ako kay nobody kaya wala akong paki sa kaniya.

"Fine."

I ended the call. Tama naman sya, papasok na nga ulit ako bukas. Si Mandy nga pala, papasok din sa SWU. She decided to study again. Dati kasi nung may kumuha sa kaniyang mag-full time model, hindi na sya nagkaroon ng oras para mag-aral. Highschool lang daw natapos. Kaya ngayon, she decided na mag-college din. First year nga lang sya. Napag-usapan namin yun nung nasa Korea kami.

We're not that close like before. Ibang-iba na din naman si Mandy. Isa pa, may ibang babae ng laman ng puso ko. Friendship nalang ang kaya kong i-offer kay Mandy. Kahit papaano, may pinagsamahan kami.

Agahan ko nalang pasok bukas para makausap agad si Adrian.

Ano kaya yung importanteng sasabihin nun?

Ewan. Tch.

Chapter 3 ?

Chelsea POV

Umaga.

Pasok na ulit.

As usual, si Adrian kasabay ko papasok.

Nga pala, medyo masakit yung mata ko dahil sa pag-iyak kagabi.

Hindi ko pa rin kasi makalimutan yung sinabi ni Kyle na hindi na nya ako mahal. At yung pagtatanggol nya kay Mandy kagabi. Ang sakit lang talaga.

Kaya nga kagabi rin, nag-decide na'ko na itigil na yung pagmamahal ko kay Kyle. Wala na'kong pakialam kung hindi na nya malaman ang totoo. Masyado ng masakit.

Para san pa kung malalaman nya? Eh hindi na naman nya ako mahal. Sigurado ako? Kung malaman man nya yun, maaawa nalang sya sakin. Ayoko ng ganun.

Mula ngayon, manhid na'ko. Napag-isip-isip ko ng kalimutan na si Kyle. Masasaktan lang kasi ako.

Mula ngayon, wala na akong pakialam sa mga mangyayari sa paligid ko. Manhid nga eh.

Si Kyle? Titiisin ko na sya. Papakatatag nako. Hangga't maaari, ayoko na syang makaharap man lang. Mas mabuting ituon ko nalang ang pansin ko sa iba. Mas maraming nagmamahal at nagtitiwala sakin.

Tenenenenen!

I looked at my phone.

From: Hub
Morning hub. Hindi kita maisasabay ngayon pero nasabihan ko na naman si James sa isabay ka. I have something to do. Take care.

Si James pala kasabay ko papasok. Ready na'ko for school.

I'm Chelsea version 2.0

No more heartaches. No more KYLE.

Sorry, pero suko na'ko. Pagod na'kong mahalin si Kyle. Sobra.

?
Kyle POV

Andito na'ko sa tambayan. Inagahan ko pumasok dahil may usapan kami ni Adrian.

Bumukas yung pinto at pumasok si Adrian. May mga dala pang folder, laptop at camera. Wow ha. Anong meron?

"Kyle."

"Anong pag-uusapan natin?"

I saw him sigh then looked at me seriously. Saka siya lumapit dito sa may couch. Pinatong nya yung folders sa center table.

"Ano ang mga yan?" Tanong ko.

"Basta tingnan mo nalang."

I looked at the folder.

Pictures.

Si nobody kasama si Mandy sa parang restaurant.

May picture din nung lalaki na nasa picture kasama si nobody.

"Ano naman 'to?"

"Walang kasalanan si Chelsea. We investigated it one year ago. At nalaman namin na set-up ang nangyari."

"Wala na akong pakialam dyan. Ayoko ng makarinig ng tungkol kay nobody. Pwede? Hindi nyo na sya kailangang ipagtanggol." Sabi ko. Alam kong ginagawa lang nila 'to dahil mahal nila si nobody.

"Makinig kalang Kyle. Pagkatapos ko, hinding hindi na kita papakialaman pa tungkol kay Chelsea."

Mukhang seryoso si Adrian kaya hinayaan ko nalang siya.

"Kyle sinet-up ni Mandy si Chelsea. Nung araw na yun tinawagan sya ni Mandy na makipagkita sa kaniya kasi gustong mag-apologize ng personal. Ito namang si Chelsea, um-oo dahil mabait siya. Sasabihin sana sayo yun ni Chelsea pero pinigilan sya ni Mandy. Wag daw dahil baka magalit ka. Kaya hindi sinabi ni Chelsea. Nung makarating sya sa restaurant, may ininom daw sya dun na juice at nakaramdam sya ng hilo and then di na nya alam sunod na nangyari. Nagising nalang siya na nasa hospital kasama si Mandy."

"Yan ba yung kwento nya? Naniwala naman kayo?" Sarkastiko kong sabi.

"Oo kwento niya. Pero nagpa-imbestga pa din ako. Alam mo kung ano ang nalaman ko? Nagsasabi ng totoo si Chelsea."

"Hindi ako naniniwala sa kaniya." Pagmamtigas ko. Masyado na kaming nililinlang ng babaeng yun. Pati sina Adrian na-brain-wash nya yata.

"I have proofs na totoo lahat ng sinabi ni Chelsea."

"Then show me." Sabi ko.

May kung anong pinindot siya sa dala niyang laptop at may isinaksak na USB.

He played a video. May date pa nga sa video at yun ay one year ago.

"CCTV footage yan sa restaurant kung saan nagkita sina Chelsea at Mandy. Panoorin mong mabuti kung anong mangyayari para maliwanagan ka."

Tinutok ko ang pansin sa sinabi nyang CCTV footage daw. Nakita kong nasa restaurant si Mandy. May in-order nyang dalawang juice pagkatapos ay parang may inilagay siyang gamot sa isang juice na nasa harapan niya. Then one minute, dumating si nobody. Umupo sa tapat ni Mandy.

May pinag-uusapan sila pero walang volume yung CCTV footage. Then, iniinom na ni nobody ang juice at..

Shit. Nawalan ng malay si nobody? Maya-maya dumating na lalaki.

Binuhat si nobody at umalis ng restaurant kasama si Mandy.

Shit. Shit. Shit.

"Naniniwala ka na ba Kyle? Set-up ang lahat. May isa pang CCTV footage, sa hospital kung saan nagising si nobody."

He played again the video.

And I saw the man carrying nobody sa isang room kasunod si Mandy. Yun lang yung video tapos na.

Parang biglang may kung anong sumabog sa puso ko.

Lahat ng itsura ni nobody nung pagsalitaan ko siya ng masama at iniwan ko siya one year ago, nagpa-flashback sa isip ko.

"Ngayon Kyle, naniniwala ka naba? May papakita akong video." Sai ni Adrian saka kinalikot yung digicam nya.

Inabot nya sakin at nakita ko, nasa video yung lalaking kasama ni nobody nun sa picture.

Nag-play na yung video.

"Hi. I'm Philip. Close friend ni Mandy Aguilar. I felt sorry for Chelsea. Hindi ko ginusto yung nangyari. Pero hindi na kinakaya ng konsensya ko. Lahat ng nangyari, set-up lang na kagagawan ni Mandy. She's so desperate to get what he wants kaya pati ibang tao kailangan niyang sirain. Yung picture namin ni Chelsea. It was all an act. Walang nangyari samin at lalong wala kaming relasyon. We didn't know each other. Pakisabi nalang kay Chelsea, sorry."

Dun natapos yung video.

Nanginginig ako sa galit. Galit kay Mandy. Sa isang taon sa korea, may kasama pala akong masamang tao.

Na pinaniwalaan ko.

Na pinagtanggol ko.

Na pinakisamahan ko ng maayos.

How could she do this to nobody?

Naiiyak ako sa galit. Naiiyak ako dahil ngayon ko nalaman na nasaktan ko si nobody. Hindi ako naniwala sa explanation nya. Siya pa yung sinabihan kong sinungaling at masama.

Damn it!

Napasuntok ako sa mesa.

"Ngayong alam mo na lahat Kyle. Mapapanatag na din ako. Gusto ko lang talaga linisin ang pangalan ni Chelsea dahil hindi niya deserve na masaktan ng ganun. Honestly, galit ako sayo dahil sa ginawa mo kay Chelsea. Ngayon, hindi mo na naman siya mahal diba? Sinabi mo yun kagabi na nagpa-iyak ulit kay Chelsea. Wag mo na syang lalapitan pa Kyle dahil ako ang makakalaban mo. Hinding-hindi ko hahayaan na masaktan sya ulit." Nakita ko yung galit sa mga mata ni Adrian.

Mahal ko si nobody. Mahal na mahal ko siya. Lalo na ngayon, wala akong gustong mangyari kundi ang makita siya. Gusto ko siyang yakapin, halikan, lahat! Gusto kong alisin yung sakit na pinaramdam ko dati sa kaniya.

Damn it!

"Aalis na ako Kyle. Inuulit ko, wag na wag mo ng lalapitan pa si Chelsea." Sabi nya saka naglakad na palabas ng tambayan pero bago pa man sya tuluyang makalabas.

"Kayo na ba ni nobody?"

"Oo." He said then walked away.

Tangina. Ang sakit.

Hindi ko mapapatawad si Mandy. Hindi ko siya mapapatawad. Damn.

Nanginginig na talaga ako sa galit. Pinagbawalan na'ko ni Adrian na lapitan si nobody, pero walang makakapigil sakin. Gagawin ko lahat makalapit lang sa kaniya.

I will apologize to her. Mag-so-sorry ako sa ginawa kong pang-iiwan sa kaniya dahil sa isang kasinungalingan.

Alam ko na ngayon kung gaano kalaki ang kasalanan ko. Damn it! Bakit hindi ko siya pinaniwalaan dati? Edi sana pala, masaya pa kami hanggang ngayon?

Edi sana kami pa din sa halip na sila ni Adrian?

Fuck it.

I picked up my phone and dialled Mandy's number.

[Honey, napatawag ka.]

"Mag-usap tayo. Pumunta ka sa mansyon ngayon na."

Pinatay ko na agad ang tawag.

Uuwi muna ako. Si Mandy muna. Bago ko ayusin ang lahat kay nobody.

DAMN IT !

?

Chelsea POV

Dito kami sa room nina Janna. Nagtatawanan. Lakas kasi makapick-up line si James eh. Ang adik lang.

"Eto pa, eto pa. Chelsea, tae ka ba?"

"Oh, bakit?" Sagot ko.

"Hindi kasi kita kayang paglaruan. Boom!"

Kami ni Janna di mapigilang tumawa. Mas nakakatuwa expression ng mukha ni James eh.

"Eto, tae ka ba?" Inulit ko tanong ni James.

"Bakit Chelsea? Hindi mo din ba ako kayang paglaruan?"

"Kasi ang baho mo eh."

Tumawa ulit kami ni Janna.

"Mabaho ba talaga ako?" Nagtatampong tanong ni James.

"Joke lang yun. 'To naman." Alo ko sa kaniya then pinched his cheek. Ang cute nyang si James talaga eh. Hehe. Sanay na yan sakin.

I sighed. Pasalamat nalang ako na may mga kaibigan ako na handa akong pasayahin. Nagayong nag-decide na'ko na kalimutan na yung pagmamahal ko kay Kyle, hindi na'ko mag-iisip pa ng kung anu-ano. Dapat na'kong maging masaya ngayon.

Kanina na-kwento ko kay Janna yung desisyon ko and she's happy for me. Dapat lang daw para di na ko masaktan. So tama ako. Manhid na'ko starting today.

Napatingin ako sa pinto ng dumating si Adrian. Hanla? Nakasimangot?

Pag-upo niya sa tabi ko, "Okay kalang hub?" Tanong ko.

He kissed me on my cheeks and smiled. "Okay lang ako. Ikaw? Okay ka naba hub?"

Tumango ako habang nakangiti. "Oo! Nag-decide na'ko hub. Tinapos ko na yung kahibangan ko kay

Kyle."

"Good." Adrian said.

Mukha talaga siyang hindi okay.

Maya-maya dumating na din yung prof at nag-start na ang klase.

?

Kyle POV

Nakauwi nako dito sa mansyon at hinihintay nalang si Mandy. Di na'ko mapakali.

"Honey! May surprise date ba tayo? First day ko sana sa SWU ngayon---"

PAAKKKK

Hindi ko na napigilan ang sarili ko. I remembered the time that I slapped nobody. I slapped her without reasons. Fuck!

"K-Kyle.."

"Naniwala ako sayo! Nakinig ako sayo! Pinakisamahan kita ng maayos Mandy! Pero anong ginawa mo ha? Ha? Shit lang Mandy. Sinet-up mo si Chelsea one year ago!"

Galit na galit na'ko.

"No Kyle. Hindi yan totoo." Umiiyak na si Mandy pero wala akong pakialam.

"No need to lie. I have proofs kaya tama na Mandy. Nasaktan ko si Chelsea ng dahil sayo! Tangina lang dahil mahal na mahal ko ang babaeng yun! Tiniis ko siya dahil sa kasinungalingang ginawa mo! Damn it Mandy!"

Hinawakan nya 'ko sa braso. "Please Kyle nagawa ko lang yun dahil mahal kita. I wanted you to come back to me."

"Cut it out Mandy. Umalis ka na sa harap ko hangga't nakakapagpigil pa'ko. Hindi ko alam ang magagawa ko Mandy. Umalis ka na at wag na wag ka ng lalapit sakin. Lalong-lalo na kay Chelsea. Makita ko lang na lumapit ka sa kaniya, ako makakalaban mo. Tandaan mo yan! Now, get out of my life!"

"Kyle.."

"I said get out!"

Nagtatakbo na si Mandy paalis sa harap ko. Napaupo ako at nasabunutan ko sarili ko. Frustrated na frustrated na'ko.

Hindi ako naniwala kay nobody. Hindi ko siya pinagkatiwalaan.

Nagsisisi ako. Pero huli na dahil sila na ni Adrian. Kaya ba nung sa truth or dare, sinabi nyang ako ang first love nya?

Kaya ba makahulugan yung mga tanong nya kay Mandy?

Damn it! Kung noon, wala akong pakialam sa presensya ni nobody dahil nga galit ako sa kaniya, ngayon diko alam gagawin. Ang daming tumatakbo sa isip ko. Gusto ko siyang makausap. Gusto kong mag-sorry. Gusto ko siyang halikan. Gusto ko siyang yakapin. Gusto ko ulit syang makasama at makatawanan.

Damn it. I really missed her.

I suddenly felt the tears falling from my eyes. Nasasaktan ako dahil isang taon kong hinayaang masaktan si nobody.

Kasalanan ko lahat.

Pinagbawalan man ako ni Adrian, hindi nya ako matitinag. I will do everything, mapatawad lang ako ni nobody.

Alam kong mahal pa din nya ako. Alam ko yun.

Hindi nya ako matitiis. Alam ko.

Mahal na mahal ko si nobody.

?

Chelsea POV

Grabe. Tapos na din klase sa wakas.

"Hub, magkikita kami ni Lance. Problemado eh." Sabi ni Adrian.

"Sige lang hub. Diretso naman ako sa condo kasi dami rin assignments." I said.

"Sa'kin kana lang ulit sumabay MyLoves." Aya ni James.

"Sige. Best, bye. Ingat. Mauna na kami ni James." Paalam ko kay Janna.

"Wait lang hub."

Kumunot-noo ko. "Bakit hub?"

"Take care."

Sweet talaga ni Adrian. "Okay. Ikaw din. Bye."

Sumakay na kami ni James sa kotse nya. Then he started the engine.

"MyLoves I love you."

"James naman eh."

"He-he. Sinusubukan ko lang. Sabi mo kagabi may pag-asa na'ko sayo. Ha-ha!"

I pinched his cheeks. "Ang cute mo talaga."

"Sana ma-in-love ka sa ka-cute-an ko." Natatawang sabi ni James habang nakatutok yung tingin sa daan.

"Oo nalang James."

"YES!!"

Parang timang talaga 'tong si James.

Nakarating na kami dito sa building namin. Napansin ko may hindi pamilyar na kotse na nakaparada sa parking.

Syempre sa tagal ko dito, saulado ko na din mga kotse dito sa parking.

Sabay kaming naglakad ni James paakyat sa unit namin. "Dito na'ko. Thanks sa pagsasabay sakin James."

"Wala yun MyLoves. Ingat ka at wag kang pakapagod sa paggawa ng assignments."

Ang sweet din ni James. Bakit kasi di nalang sila ang minahal ko. Yung walang puso pa ang minahal ko. "Yup. Thanks James."

"Ah... MyLoves."

"Hmm?"

"Pakopya na din ng assignment mamaya ha. Bye."

Parang ewan si James. Napangiti nalang ako at pumasok na sa unit ko.

Sumandal ako sa couch ko. Grabe. Madalas na talagang nananakit 'tong batok ko. Masyado na yata akong natututok sa pag-aaral.

Maya-maya narinig kong bumukas yung pinto ng unit ko. Hindi nako kinabahan. Alam ko naman na kung sino yung mahilig pumasok sa unit ko ng walang paalam.

"Hub nagkita na kayo ni Lance?"

Sabi ko habang nakasandal pa din at hindi tumitingin sa may pintuan. Aba hindi nasagot si hub. "Hub, masakit na naman batok ko.." Paawa effect pa'ko.

Ganito na talaga kami. Sweet sa isa't isa. Kaya nga more than bestfriend but not boyfriend.

"Hub.." Tawag ko ulit.

Di ba naman nasagot.

"Nobody..."

Isang tao lang ang tumatawag sakin niyan. At ang boses na yun, sauladong-saulado ko.

Napatayo ako at tiningnan kung sino ang nasa may pinto.

May multo!!!!

Joke lang.

Si Kyle andito.

Bakit sya nandito? Aawayin ako ulit dahil kay Mandy? Ayos lang. Manhid na naman ako.

"Can we talk?"

Dapat ko ba syang kausapin? Dapat na kaming mag-usap ng kaming dalawa lang? After one year ngayon ko lang nakaharap si kyle ng kalmado at malambot ang expression ng mukha.

Himala. Ano nakain nyan.

Isa pa, hindi na'ko mahal nyan eh. Bakit pa sya andito?

Pakatatag ka Chelsea. He hurts you badly kaya wag na wag kang madadala sa kaniya.

Manhid na'ko..

Manhid na'ko..

Manhid na'ko..

Manhid na'ko..

"Anong pag-uusapan natin? Busy kasi ako." Seryosong sabi ko.

Kahit miss na miss ko na siya. Kahit gusto ko siyang yakapin ngayon, pinipigilan ko ang sarili ko dahil masasaktan lang ako. Galit ako kay Kyle. Galit na galit ako sa kaniya dahil sinasaktan nya ako.

"About us."

I paused for a moment. About us?

What about us?

Shit lang.

Wala ng '*US*'.

Chapter 4 ?

Chelsea POV

"What about us?" Puno ng hinanakit yung boses ko habang sinasabi yan kay Kyle.

Ano pabang 'US' eh wala na nga. Sinayang niya lang yung pagmamahal ko sa kaniya.

"Alam ko na lahat.."

Alam na nya lahat? Ibig sabihin..

"Sinabi na lahat sakin ni Adrian. He even showed me the evidences." Patuloy niya.

Bakit di man lang sinabi sakin ni Adrian na sinabi na nya kay Kyle? Nag-decide na nga sana ako na kahit di na sabihin kay Kyle dahil balewala na din naman. Hindi naman na nya ko mahal. Isa pa, manhid na'ko at sawa na'kong mahalin siya.

"So?" Pinilit kong magiging matatag.

Napansin ko yung paglambot ng ekspresiyon ng mukha ni Kyle. Pero hindi nya ko madadala sa mga ganyan nya.

"I'm sorry. I'm really sorry baby ko.."

Baby ko? Again?

Napailing nalang ako. "Ano bang tingin mo sa'kin, laruan? Tigilan mo nga ang pagtawag sakin ng '*baby ko'* dahil hindi ako natutuwa."

"Baby ko. Sorry. Nagsisisi ako na hindi ako naniwala sayo. Miss na miss na kita. Please, tayo na ulit. Okay na tayo. Naniniwala na ako ngayon sayo." He said sincerely.

"Sorry din Kyle pero tapos na'ko dyan. Masyado na'kong napagod sa pagmamahal sa'yo kaya hangga't maaari ayokong makakaharap ka. Umalis ka na. Wala ng dapat pang ibalik dahil wala na talaga tayo. Isa pa, hindi mo na'ko mahal diba? Para saan pa?"

"No. No baby ko. I love you. I love you so much."

The nerve of this guy. Umiinit na naman ulo ko. "Pwede ba Kyle? Tama na! Utang na loob! Pagod na pagod na'kong mahalin ka! Minahal kita ng totoo pero anong napala ko? Nasaktan lang ako. Shit lang Kyle naaawa ka lang sakin kaya ka ganyan dahil nalaman mo na ang totoo!"

I started crying. Diko na mapigilan. Naiinis ako. Nabubwisit ako kay Kyle. Bakit nya ko ginaganito?

Naramdaman ko yung pagyakap nya sakin pero nagpumiglas ako. "Don't even dare to touch me." Matigas na sabi ko saka lumayo ng kaunti sa kaniya.

"Nobody.."

"Please lang Kyle. Ang laki ng hinanakit ko sa'yo, alam mo ba yun? Kaya kung pwede sana, tama na.

Tama na kyle."

"No. I can't. Mahal na mahal kita. Please hayaan mo akong bumawi sayo. Papatunayan ko sa'yo kung gaano kita kamahal. I'm willing to do everything."

Sorry nalang Kyle. Huli na ang lahat. Hindi na kita kayang pagbigyan. Bato na nga yata ang puso ko ngayon. Masyado na'kong na-manhid.

"Natatandaan mo ba nung hinabol kita sa airport? Nagmakaawa ako sayo na wag mokong iwan. Na maniwala ka sakin pero anong ginawa mo? Binalewala mo ako Kyle! Wala kang awa Kyle. Wala. Ang sakit sakit dito oh. Sobra."

Umiiyak pa din ako. Ang sakit kasi talaga eh.

"Sorry.."

"What is sorry if the damage is done Kyle? Huli na Kyle. Sinisimulan ko ng kalimutan ka kaya hangga't maari wag mo na'kong kakausapin pa." Pakiusap ko. Ang sakit sakit.

"No. Hindi ko gagawin yun. You love me. Tatangapin mo ulit ako. Bibigyan mo ako ulit ng chance right?"

Lalo akong naiyak ng makita kong may luha ng umaagos mula s amga mata ni Kyle. Hindi ko akalaing iiyak sya sa harap ko.

"Nakaya mo nga ng isang taon na tiisin ako diba? Ngayon pa ba Kyle?"

Niyakap nya ko ulit pero tinutulak ko siya. "Lahat ng tao may limitasyon Kyle. Sagad na sagad na yung sakit na pinaramdam sakin eh. Okay na yun Kyle. Tama na yun."

"No. Please. Come back to me. Magiging masaya ulit tayo tulad dati."

He's insisting to hug me but I pushed him away. "Naman Kyle! Tama na! Tama na! Hindi mo ako mahal. Hindi mo na ako mahal."

"Mahal na mahal kita. Sobra."

I looked at his eyes. "Kung mahal moko, magtitiwala ka sakin. Pero hindi. You never listen to me. You never believe in me. Anong klaseng pagmamahal meron ka Kyle? Shit ka!"

He's crying. He's crying like me.

Gustuhin ko man syang yakapin, I can't. Tinitiis ko siya. Ayokong maging mahina. Gusto ko ng magpakatatag.

"Please. Babawi ako. Babawi ako."

"Tama na Kyle. Umalis ka na. Masyado mo na akong naaabala."

Yayakapin na naman nya ako ng bumukas ang pinto. "KYLE!"

boogsh

Sinuntok ni Adrian si Kyle. Buti nalang kasunod si James para umawat. I can't move. Nanginginig ako sa galit at inis kay Kyle.

Bakit kailangan pa nyang magmaka-awa ngayon? Bakit ngayon pa kung kelang napagod na'ko sa pagmamahal sa kaniya? Ayoko na. Ayoko ng masaktan.

Natauhan ako at umawat na din. Si Adrian kasi nakakailang suntok na kay Kyle. "Adrian tama na." Awat ko habang hila-hila yung braso nya. Nagpa-awat naman sya.

"Diba kasasabi ko lang sayo? Wag na wag kang lalapit kay Chelsea!" Sigaw ni Adrian.

"Adrian tama na.."

"Mahal na mahal ko siya kaya hindi mo ako mapipigilan Adrian." Sagot ni Kyle.

Diba sinabi na nyang di na nya ko mahal? Bakit ngayon ganyan sya? Gulung-gulo nako.

"Damn you Kyle! Kung mahal mo si Chelsea, hindi mo siya iiwan! Pero anong ginawa mo? Iniwan mo siya! Sinaktan mo sya! Ngayong nalaman mo ang totoo, basta ka nalang e-eksena? Akala mo ganun lang yun kadali para kay Chelsea? Isang taon syang nagpakatanga kakahintay sayo Kyle!"

Hawak-hawak ko pa din yung braso ni adrian. Galit na galit siya. Hindi ko naman sya masisi. Saksi sila sa pagkabigo ko sa loob ng isang taon na wala si Kyle.

"Gagawin ko ang lahat, makabawi lang sa kaniya. Lahat." Sabi ni Kyle.

"Lubayan mo na sya." Kumalma na si Adrian.

"Kyle, saksi kami sa pagdudusa ni Chelsea nang dahil sa'yo. Wag mong hayaang pati ako mapuno sa'yo. Masusuntok na talaga kita. Tigilan mo na si Chelsea!" Sigaw naman ni James.

Hinawakan ko na din sa braso si James. Nakakatakot silang magalit.

Si Kyle gusto ko na syang lapitan dahil nagdugo na yung labi nya dahil yata sa suntok kanina ni Adrian pero pilit akong nagpapakatatag. Ayokong maging mahina ulit. Galit ako kay Kyle. Galit ako.

"Aalis ako ngayon. Pero hindi nyo ako mapipigilan sa gusto kong gawin. Mahal na mahal ko ang babaeng pinagtatanggol nyo ngayon kaya sa pangalawang pagkakataon, hinding-hindi ko na hahayaang mawala sya sa'kin. Nagsisisi na'ko sa katangahan ko. Sising-sisi nako." Sabi ni Kyle. Puno ng sincerity yung mga mata nya.

I feel sorry for him. Kailangan ko siyang tiisin. Kailangan ko 'tong gawin.

"Get out." Sabi ni Adrian.

Tumingin sa'kin si Kyle. "I love you baby ko. Miss na miss na kita. Gagawin ko lahat para mahalin mo ulit ako. Gagawin ko lahat para mawala yung galit mo sakin. Babawi ako. And to tell you honestly, mahal na mahal pa din kita. Sobra."

I cried again when I saw the tears falling from his eyes. He's so sincere on what he said.

Hindi ko alam gagawin ko. Hindi ko na alam kung kaya ko pang magmatigas.

Napatingin nalang ulit ako ng umalis na si Kyle. Binitawan ko na din yung dalawa saka ako umupo sa couch.

"Hub sorry. Masyado akong naging pakialamero. Ayoko lang na masaktan ka ulit."

"Naiintindihan kita Adrian. Kahit naman hindi mo sabihin, hindi ko rin naman hahayaang saktan nya ako ulit. Diba nga nag-decide na'ko na kalimutan sya? Titiisin ko siya hanggang sa kaya ko." Sabi ko.

"Andito lang kami MyLoves." Sabi ni James.

I smiled at them. How lucky I am to meet these guys. They are the best.

?

Kyle POV

Shit.

Ang sakit pala pag pinagtabuyan ka ng taong mahal mo.

Ngayon naramdaman ko na ang naramdaman ni nobody nung iniwan ko siya at hindi pinaniwalaan.

Ayaw na nya sakin. Pagod na syang mahalin ako.

Huli na ba ako?

No. Hindi ko kaya. Ngayong alam ko na lahat lahat? Hindi ko kakayanin kung mawawala sakin si nobody. Akin lang sya. Siya lang ang babaeng laman ng puso ko. Sya lang.

Dito lang ako tumuloy sa unit ko sa tapat ng unit ni nobody. Kumuha ako ng alak sa refrigerator ko at nagpunta sa salas.

Gagawin ko lahat ng makakaya ko mapa-amo ko lang si nobody. Susuyuin ko siya kahit sa paanong paraan. Kahit pa may dalawa siyang bakod. Sina Adrian at James.

Hindi nila ako matitinag. Hindi ko sila hahayaang pagbawalan akong lumapit sa babaeng mahal na mahal ko.

Uminom ako ng beer. Gusto ko lang magpakalasing. Shit lang. Kasalanan ko talaga eh. Ang tanga-tanga ko. Shit!

Bakit ba di nalang ako naniwala nun kay nobody? Bakit masyado akong kinain ng selos ko? Damn it.

Hindi ko na alam ang gagawin pag hinayaan kong tuluyang mawala sakin si nobody. Mahal na mahal ko siya.

?

Chelsea POV

Kalmado na'ko.

Nanunuod nalang ako ng TV dito sa salas. Umalis na din sina Adrian at James.

Krrriiinnnngggg..

I looked at my phone.

Kyle calling..

Bakit sya tumatawag? No Chelsea. Refuse him. Tatagan mo lang.

Hindi ko na tiningnan yung iphone ko. Ayoko. Baka mamaya, hindi ko pa matiis na hindi sagutin.

May puso pa din naman ako. Lalo na kay Kyle. Nanghihina ang tuhod ko pag sya na yung kaharap ko. Pinipilit ko na nga lang magpakatatag.

Aish. Wala na akong gana manuod. Tutulog na'ko. Maaga pa pasok bukas.

Pumasok na'ko sa kwarto. Nag-wash at nagpalit ng pantulog na damit. Naisipan kong mag-check muna ng twitter sa iPad ko.

Nakita ko yung tweet ni Kyle.

Kyle Shin-Woo @KyleSWattpad
Mahal na mahal kita @ChelseaTWattpad. Kahit ilang beses mo pa akong i-reject at ipagtabuyan,ipagsisiksikan ko pa din ang sarili ko sayo.

Bakit ganyan sya. Bakit ngayon pa?

May isa pa pala syang tweet.

Kyle Shin-Woo @KyleSWattpad
Hindi ko na hahayaang magkahiwalay tayo @ChelseaTWattpad. Mahal na mahal kita baby ko. I missed you. I love you.

His tweets makes my heart breaks. Nasasaktan ako dahil alam kong nasasaktan sya. Pero kailangan ko siyang tiisin. Kailangan. Kailangan ko munang bawiin lahat ng pride ko. Lahat ng pride na ibinaba ko noon para kay Kyle.

Sorry, pero pahihirapan muna kita sa ngayon Kyle.

Chapter 5 ?

Chelsea POV

Nagising na naman ako ngayon ng maga ang mata. Hays. Ang beauty ko. Nu bayan.

May pictorial pa naman kami mamaya ni Adrian.

Nag-ready na'ko for school. Actually, hindi na nga ako masyadong nakapag-review kagabi dahil sa nangyari.

Baka mamaya may surprise quiz eh. Si Kyle naman kasi.

Di ko expected yung ginawa niya kagabi. Hindi ko akalaing magmamakaawa siya ngayon sakin na balikan siya. Bakit ngayon pa? kung kelang sumuko na ang puso kong mahalin siya?

But on the other hand, nagugustuhan ko yung nangyayari. Is it my chance to take revenge on him? Oops. Good revenge ha. Not an evil revenge. I mean, gusto ko lang maranasan niya din yung mga naranasan ko noon nung iniwan niya ako.

Hindi ganun kadali ang magpatawad diba? Lalo na kung sinaktan ka talaga niya ng hard.

Lalabas na'ko ng unit ko. Sabay kami ni Adrian na papasok eh. Always naman, pag hindi, kay James.

Pag-open ko ng pinto..

May bouquet ng red roses sa may pinto ko.

Kanino 'to? First time kong makatanggap ng flowers sa mismong unit ko. Kasi mula ng maging model ako, lagi akong nakakatanggap ng flowers, pero sa school lang yun kasi hindi naman public yung address ng condo namin nina Adrian.

Binusisi ko yung flower. May card. Binasa ko yung nakasulat.

Maganda ka pa sa umaga Baby ko. I love you. See you around. -Gummy Bear

Kyaaa!!!! Bakit may ganito. May nakasulat pang gummy bear. Naman Kyle!! Wag ganito, baka bumigay agad ako. Kasi naman. Bakit parang kinikilig ako? Aish.

"Wow, flowers."

Napatingin ako sa nagsalita. Si James pala kasunod si Adrian na kalalabas lang sa unit niya.

"Kanino galing?" tanong ni Adrian.

"Kay Kyle." Sagot ko. Syempre, honest ako sa kanila.

"Mukhang nagsisisi na talaga si Kyle at gagawin niya lahat masuyo ka lang MyLoves. Wag ka agad bibigay ha?" payo ni James.

"Hayaan mo muna siyang mahirapan." Sabi naman ni Adrian.

Babait nila 'no? He-he. Pero may point naman sila eh. Dapat ko naman talaga pahirapan si Kyle.

"Alam ko namang mahal na mahal mo pa din si Kyle pero sa ngayon, wag ka munang basta-basta bibigay sa ipapakita at gagawin niya para sa'yo." natatawang sabi ni James.

Alam naman nila kung ano talaga ang nararamdaman ko.

"Alam kong kinikilig ka dyan sa bulaklak. Pigilan mo yan. Tara na."

Mind reader talaga yang si Adrian, promise!

?
Sa school..

Naglalakad na kami sa hallway. Kakaiba yung tingin ng mga students sakin. O samin kayang tatlo? Parang may something eh.

Yung flowers nga pala na natanggap ko kanina. Ipinasok ko muna sa condo kanina bago umalis.

Palapit na kami sa room ng mapansin ko na nagkalat ang red rose petals sa may pinto ng room namin.

"May nangyayari yata sa room." Sabi ni James.

Ano naman kayang meron?

Dumiretso na kami papasok at..

Namamalikmata yata ako.

Yung mga students biglang nagtayuan. Lahat may hawak na stemmed rose at nakatingin sakin.

Pero ang mas nakapukaw ng pansin ko ay yung nakasulat sa white board.

CHELSEA TORRES.

I WILL DO EVERYTHING. MAHAL NA MAHAL KITA. I MISS YOU THAT I WANT TO HUG AND KISS YOU RIGHT NOW. HINDI AKO SUSUKO HANGGA'T DI KITA NAPAPASAGOT NG 'OO'. I LOVE YOU BABY KO.

Sino pabang gagawa niyan? Aish. Ano bang kalokohan ginagawa niya? Kasi naman kinikilig ako. Pinipigilan ko na nga lang mapangiti. Kailangan kong panindigan ang pagpapahirap kay Kyle.

"KYLE LOVES YOU!"

Sabay sabay na sigaw ng kaklse namin saka isa-isang inabot sakin yung stemmed rose. Kyaawww!

"Kinikilig ka na naman. Don't smile." Bulong ni Adrian.

Mind reader talaga ang peg niyang si hub. Naiintindihan ko naman sila. Dapat ko talagang pahirapan si Kyle.

Nang matapos ang lahat sa pagbigay ng roses, parang bigla ay hinanap ng mga mata ko si Kyle. Ay ewan. Ganito ba talaga pag mahal mo ang isang tao? Kahit galit ka. Hahanapin mo pa rin sya?

Pumailanlang ang music.

??There are times when i look in your eyes
i see the love that we shared
i see the joy inside
but i didn't see the feelings you hide
and now you're saying goodbye
because your love has died??

(Baby girl by innervoice)

??And all i can think about is you
the way you say you love me too
and everytime i close my eyes i see your face
my love can never be erased
and you can never be replaced...baby??

Palapit sakin si Kyle habang kumakanta. May hawak siyang malaking teddy bear. Mas nagulat lang ako ng makita ko yung nakatahi sa pinaka-tiyan ng teddy bear, GUMMY BEAR.

Kyaaa!

??baby girl
why don't you come back to me
why don't you love me anymore
baby girl
you know i still care for you
you know i will love you forevermore...??

Malapit na akong bumigay pero kailangan kong pigilan. Bakit kasi ganyan maka-effort si Kyle? Waaaah. Nanghihina na ang tuhod ko. Inabot niya sakin yung teddy bear. Kinuha ko naman.

Anong masama? Eh bigay eh. He stopped singing and faced me.

"I love you baby ko. I missed you."

Kyaaaaa. Wala na. kinikilig na talaga ako ng hard. Ayokong makita niyang ngumingiti ako kaya ang ginawa ko?

Nagtatakbo ako palayo sa kanila habang dala ang teddy bear. Kasi naman feel na feel ko yung pamumula ng pisngi ko. Kyyaaa!

I ran as fast as i can hanggang sa makarating ako sa may bakanteng room na walang tao. Napahawak ako sa dibdib ko. At Oh my gulay, ang lakas ng kabog ng dibdib ko.

Waaah. Wag Kyle! Pahihirapan pa kita eh. Wag mo na'kong pakikiligin. Nyay!

?
Kyle POV

Hindi ko alam kung matatawa ako sa reaksyon ni nobody. Nagtatakbo ba naman. Kilala ko na siya, alam kong ganun siya kapag kinikilig. Pag hindi tumatakbo, nanghahampas.

Dala pa si gummy bear. Oo, gummy bear yung pangalan ng bear na binigay ko. At least, tinanggap niya at nakita kong nag-blush siya. Ibig sabihin affected pa rin siya sakin. Mahal pa din ako ng baby ko.

Kagabi. Hindi naman ako nalasing sa ininom kong beer dahil napag-isip-isip ko, sa halip na gawin kong miserable ang buhay ko, pasasayahin ko nalang si nobody at gagawa ng gagawa ng effort hanggang lumambot na ulit yung puso niya sakin. Miss na miss ko na talaga siya at nagseselos ako sa tuwing kasama niya sina Adrian at James.

Masyado nga silang over protective kay nobody. Pero naiintindihan ko sila. Kasalanan ko naman. Kagabi, bago matulog ay pinag-planuhan ko na lahat ng gagawin. Araw-araw, iba ibang surprise ang gagawin ko.

Ako pa ba? Ako yata si Kyle Shin-Woo, kaya kong gawin lahat lalo na kung para kay nobody. Mahal na mahal ko yung babaeng yun.

"Ayos Brad ha? Ume-effort." Sarkastikonng sabi sakin ni James.

I just smiled at them at umupo na ako sa upuan ko sa likod. Pinalinis ko na rin sa mga kaklase namin yung nagkalat ng rose petals.

Tapos na ang palabas ngayon. Mamaya ulit..

Ihanda mo ang puso mo nobody dahil kahit anong hirap, gagawin ko para sayo, makabawi lang ako sa sakit na binigay ko sayo non.

?
Chelsea POV

Nag-taxi ako sandali para ihatid sa unit ko yung teddy bear na bigay ni Kyle. Kasi ayoko naman yun bitbitin sa school maghapon. Baka sabihin pa ni Kyle, tuwang-tuwa ako.

Kakapasok ko lang ulit dito sa gate ng school. Diko na tuloy napasukan yung first subject. Aish. Si kyle naman kasi.

Krrrinnnnggg..

Dinukot ko yung iphone ko sa bulsa ko.

Hub calling..

I answered his call. "Hello?"

[Tapos na ang first subject. Saan ka?]

"Papunta na dyan sa room. Wait lang ha."

[Okay. Bye.]

toot toot

Maaalalahanin talaga yang si Adrian. I smiled and walked towads the hallway.

Pagpasok ko sa room, kakaiba yung ngiti nung mga classmate namin. Kasi si Kyle eh. Nga pala, si Angel tanda niyo pa? Hindi na kami war. Okay na kami.

Pinilit kong hindi tumingin sa gawi ni Kyle. Kasi..

"Hi Best!" bati ni Janna. Kakaiba din yung ngiti niya. Waa parang nang-aasar.

Umupo na'ko sa gitna nila ni Adrian. "Okay ka lang hub?" sweet na sabi ni Adrian.

Tumango ako. "I heard what happened a while ago." Sabi ni Janna.

Sumimangot ako. "Best naman.."

"Tama ang ginawa mo. Iwasan mo siya at pigilan mo yang puso mo ha? Alam kong nag-hyperventilate yan kanina. Tama yung ginawa mong pagtakbo. Ha-ha." Bulong sakin ni Janna.

Talagang alam na alam nila ang nararamdaman ko. Aish. Kaibigan ko talaga sila.

"I LOVE YOU BABY KO!"

Naman. Narinig ko yung boses ni Kyle dahil sa sigaw niya. Waaaah. Kyle stop it. Binalewala ko yun. Ayokong maging apektado. Matatag ako. Manhid ako.

"I MISS YOU BABY KO!"

Sumigaw naman siya. Alam ko ako pinariringgan niya.

Yung mga classmate namin, nagtitilian. Parang mga timang. Wala pa kasi yung next prof eh.

"I WANT TO KISS YOU BABY KO!"

Kyle naman. Tama na.

"Morning class."

Hay salamat dumating na din ang prof. tumahimik na din ang klase. Kung maka-tili kasi parang walang bukas. Aish. Si Kyle nababaliw na yata.

Kailangan ko palang mas magpakatatag. Hindi ko inaasahan na ganito magre-react ang puso ko sa gagawin ni Kyle at hindi ko din naman expected yang mga ginagawa niya. Kyaaa. Nagta-tumbling na ang puso ko.

My golly.

Chapter 6 ?

Chelsea POV

Hay salamat.

Tapos na din ang klase. Buti nalang talaga hindi nangulit si Kyle kaninang breaktime at lunch.

"Hub parating na daw si Yumiko. Nagtext sa'kin si Lance. Nagpapatulong. Alam mo na."

Nga pala. Nagka-problema sina Yumiko at Lance. Bigla kasing bumalik ng japan si Yumiko last month dahil na rin sa pataasan nila ng pride. Eh ayun hindi kinaya ni Lance. Susuyuin yata ngayon at magpapatulong pa kay Adrian.

Almost one month na nga din hindi napasok si Lance gawa dun. Si Yumiko nga pala ay fiance ni Lance. Nakilala namin siya one year ago.

"Eh sige. Kay James nalang ako sasabay pauwi." Sabi ko.

"No best. Pupunta tayong mall." Sabi ni Janna. Dito pa din kami sa room eh.

"Sama ako." Sabi ni James.

"Psh. Oo na." Pagsusungit ni Janna. If I know, gusto lang nyan ni Janna na ma-solo ako para chikahin about sa pinaggagawa ni Kyle.

"Sungit." Sabi ni James

"Oh pano. Hub ingat kayo." Sabi ni Adrian saka ako hinalikan sa pisngi. "James ingatan mo hub ko."

Adrian naman eh.

"Oo naman. Aalagaan ko ang MyLoves ko." Nakangiting sabi ni James.

I smiled to Adrian and waved at him. "Bye."

Nauna na kami lumabas ng room nina Janna.

?

Sa mall..

"Waaa gusto kong kumain ng Jollibee. Craving!" Sabi ko. Kasi nakita ko yung mascott ng Jollibee dun sa may labas ng Jollibee eh.

"No Chelsea. Gusto ko MCDO." Sabi naman ni Janna.

"Waahh. Naman eh." Naka-pout akong tumingin sa mascott ni Jollibee. Nagulat na lang ako kasi

kumakaway siya sakin.

Sakin nga ba? Hanla.

Lumingon ako sa paligid pero sakin talaga siya kumakaway. Mas nagulat ako nung lumapit siya sakin at inabot ang plastic ng foods. Galing Jollibee siyempre. Tapos may kasamang note.

Eatwell baby ko. I know how much you love Jollibee. Andito lang ako sa paligid. Just be careful. I love you. -Kyle

KYAAAAA! Ibig sabihin andito din siya sa mall? Hanubayan si Kyle. Kasi naman. Pero tinanggap ko yung food. Sayang eh. Bahala siya.

Sumunod na'ko kina Janna na papuntang Mcdo. Ito ang kakainin ko sa loob ng mcdo.

Pero galing pa din 'to kay Kyle. Baka may gayuma to.

Ano ba 'tong iniisip ko.

"Oh, Best nag-take-out ka sa Jollibee?" tanong ni Janna nang makapasok kami dito sa MCDO.

Tumango nalang ako. "Gusto ko talaga Jollibee eh." Sagot ko.

Kailangan ko munang magsinungaling ngayon. Hehe. Kasi naman kinikilig ako kay Kyle. Pero hindi ibig sabihin nun, bibigay na'ko sa kaniya. HINDI PA.

After 123456789 years, natapos kaming kumain. Nabusog ako. Sarap naman talaga ng Jollibee eh.

"Saan na tayo?" tanong ko.

"Quantum!" sigaw ni James.

"Eh, diko feel maglaro ngayon. Shopping tayo ng new dress?" sabi ni Janna.'

"Aish. Mga babae talaga." Sabi ni James.

Nag-iisip pa'ko. Ano kayang magandang magawa? "Eh guys, hindi naman ako pwede magtagal ngayon kasi may pictorial pa kami mamayang 7pm ni Adrian."

"Ganun ba? Sige, bili nalang tayo ng mga accesories."

Yun ang gusto ko. Hehe mula ng maging model ako, nahilig na ako sa accesories. Ewan din. Ang dami ko na ngang naipon sa unit ko. Syempre ingat na ingat ako dun. Isa pa, nagagamit ko naman siya sa pictorials ko.

Pumasok kami sa botique ng accesories. Si James dun sa katabing botique kasi mens accesories siya.

Tumingin tingin na ako at kumuha.

Kyaaaa! Dami ko napili. Hehe. Hindi naman sobrang mamahal ng napili ko eh. Kaya pa ng budget ko.

"Okay na'ko best."

"Wow, dami natin nakuha pareho. Sige ako muna magbayad." Sabi ni Janna.

Habang nagbabayad siya, tumingin pa'ko at may nakuha pa'ko. Ku-cute eh. Hehe

"Tapos na'ko Best. Ikaw na."

Lumapit naman ako sa cashier kaso biglang may lumapit na sales clerk sa cashier at may binulong. Aish. Nagtsismisan pa yata.

"Hi ma'am!" bati nung cashier tapos punched na niya lahat ng binili ko.

"How much." Tanong ko.

"You're lucky ma'am! Dahil kayo ang napili namin na makatanggap ng free items ngayon. Promo lang po namin. Bale wala po kayong babayaran ni isa dito. Congratulations ma'am!" nakangiting sabi nung cashier saka inabot yung paperbag sakin.

Hanla? Swerte ko naman kung libre lahat 'to?

"Aish. Swerte mo naman best. Dapat pala ikaw nauna nagbayad para ako ang naka-libre." Biro ni Janna. "Let's go."

Humarap muna ako saglit sa cashier bago umalis. "Thank you."

Hinabol ko na si Janna palabas ng botique. Ang weird ngayon promise.

?

Kyle POV

I'm happy to see nobody smiling.

Kung anuman ang iniisip niyo, tama kayo. Kanina kinausap ko yung salesclerk na sabihin sa cashier na itago nalang yung resibo dahil ako ang magbabayad ng lahat ng binili ni nobody. Pinasabi ko nalang na kunwari promo.

Ngayon ko lang nalaman na mahilig na pala siya sa mga accesories.

Ang ganda talaga ng baby ko.

Gusto ko yung sense of fashion niya. Hindi maarte, hindi OA at hindi sopisitikadang tingnan. Simple lang din siya mag-make-up.

Basta ako ngayon, gagawin ko lahat makuha lang ulit si nobody. Miss na miss ko na talaga siya. Daig ko pa mababaliw sa kakasiip sa kaniya. Gusto ko na siyang mayakap ulit at makasama.

Kanina halos mamatay na ako sa selos sa room nung uwian namin. Bulag ba sila para hindi mapansin na andun pa ako? Tapos si Adrian parang nananadya. Sweet kay nobody masyado. Kung makatawag ng HUB, feel na feel. Eh nalaman ko sa iba naming classmate na tsismosa na tawagan lang pala nila yun ni nobody pero hindi sila. Akala niya ha. Pero nababadtrip pa din ako kasi hinalikan pa niya si nobody sa pisngi kanina.

Aish. Ang hirap magselos.

Baby ko, di ako susuko. Gagawa at gagawa ako ng efforts para sayo, para mapalambot ang puso mo at balikan mo na'ko.

I love you baby ko.

?

Chelsea POV

Grabe napagod ako kahit saglit lang kami sa mall. Pauwi na kami sa unit kasama ko si James. Si Janna nauna na. Sa mansyon nila siya uwi eh.

May pictorial pako mamaya. Huhu.

Tatawagan ko nalang si Adrian mamaya bago mag-7. Baka kasi mamaya nakalimutan nun.

"Parang nakita ko si Kyle sa mall kanina."

Nakita ni James? Ba't ako diko naman nakita? "Oh, talaga? Hindi ko nakita eh."

"Mukhang sinusundan ka. Inlove na inlove yun sayo malamang at nakikita kong nagsisisi na siya sa ginawa niya sayo."

I just smiled. "Bahala na siya. Kung pwede James, wag nalang natin siya pag-usapan."

Hindi na sumagot si James hanggang sa makarating na kami sa unit namin. "Thank you James."

"You're welcome MyLoves. Pahinga ka na."

Pumasok na'ko sa unit ko. Umupo muna ako sa couch ko at sumandal. Waah, sakit na naman ng batok ko.

Bzzztt..

May tao?

Lumapit ako sa may pinto habang hawak yung batok ko.

Hanla?

May palstic bag sa may sahig sa tapat ng pinto ko. Kinuha ko at tiningnan ang laman.

Ointments at compress para sa pananakit ng batok? Kanino naman 'to galing?

Teka, may note pala.

Baby ko gamitin mo yan pag sumasakit yung batok mo. Take care of yourself. I love you. -Gummy Bear

Waaaaa. Bakit ganito si Kyle.

My golly naman.

Hanggang saan kaya ang kaya kong pagtitiis kay Kyle? Masyado na siyang sweet. Malapit na siyang langgamin promise!

Kaya pa yan Chelsea. Manhid ka. Manhid. Papahirapan mo pa si Kyle. Tama. Tama!

I sighed. "Fighting!"

Chapter 7 ?

Chelsea POV

Pagkatapos kong lagyan ng ointment yung batok ko kanina, um-okay naman pakiramdam ko.

Kasi tutok na ako masyado sa pag-aaral kaya siguro nananakit na'to.

Kakapalit ko lang ng damit. Kasi may pictorial ako ng 7.

I texted Adrian.

To: Hub
Hub saan kana? May pictorial tayo ngayon. 7pm. Ready nako.

Sent.

Wala pang 1minute..

Krinnnngggg..

Hub calling..

"Hello?"

[Hub can't come tonight. Hindi ko maiwan si Lance. Sawi eh. Hindi pa din sila okay ni Yumiko.]

Nge. "Eh pa'no yan?"

[Tinawagan ko na si manager. Okay naman daw kasi may new guy model naman daw kaya may makakapartner ka sa pictorial mamaya.]

Psh. May new model? "Eh sige. Ingat kana lang."

[Ingat ka din hub. Pahatid ka nalang kay James okay?]

"Kaya ko na hub. Taxi nalang ako."

[Are you sure?]

"Yup."

[Okay. See you later.]

"Okay."

toot toot

I ended the call.

Hays. Eh ako lang pala mag-isa pupunta dun sa studio.

I picked up my bag saka umalis na ng unit ko.

Buti nakapara agad ako ng taxi. Sinabi ko yung address ng studio.

Maya-maya nakarating naman ako agad. Sinalubong ako ng baklita naming manager.

"Chelsea buti andito ka na. Tinawagan na'ko ni Adrian. Naku, buti nalang may pwede siyang kapalit ngayon." Sabi ni Mama Ding.

Bading eh.

"Eh okay."

Hinila niya ako papasok sa loob ng studio. "Alam mo bang napaka-gwapo ng new model natin?" Kinikilig na sabi ni Mama Ding.

Psh. Paki ko naman kung gwapo.

"Okay sige na. Dun ka na sa dressing room para makapalit ka na."

"Eh anu bang theme natin ngayon Mama Ding?" Tanong ko.

"Valentines Day."

Nge. Valentines? Agad-agad. Sabagay. January na. Next month, month of hearts na.

Pumasok na'ko ng dressing room. Nakita ko yung susuot ko. Ang cute ng mini dress na kulay pula tapos high heels.

Bongga ha. Parang christmas. Pulang-pula.

Pagkatapos ko magbihis at ayusan ng make-up artist, lumabas na'ko ng dressing room. "Okay na'ko Mama Ding."

Hmp. Mukhang late yung magiging partner ko sa pictorial. Psh. Kabago-bago pasaway.

"Pwesto ka na. Solo muna. Nagbibihis pa ang partner mo." Sabi ni Mama Ding.

Pumwesto na'ko. Handa na din ang mga camera.

Pose dito.

Pose doon.

Smile.

"Okay enough. Ready na ang partner mo."

Napatingin ako sa may pinto ng men's dressing room.

Isang lalaki ang lumabas mula doon.

Anong ginagawa nya dito?

"Kyle go ka na sa tabi ni Chelsea."

Waaah. Si Kyle partner ko ngayon sa pictorial?

Siya ang new model?

Paano nangyari 'to?? Waaah. Nalololoka na'ko kay Kyle.

Palapit na sya sakin with a smile on his lips. He's really handsome on his red polo ang black fitted pants. Bagay sa kaniya.

Waaa.

Ano ba 'to. Kumekerengkeng na naman ako.

Bad Chelsea. Manhid ka.

Pinipigilan kong mapangiti. Pero alam ko na nagba-blush na talaga ang pisngi ko. Kasi naman si Kyle eh.

"Hi baby ko."

"Chelsea, mukhang type ka agad ng new model natin. Well, bagay naman kayo." Puna ni Mama Ding. Oh my gee.

Hindi ako makapagsalita. Speechless ako kay Kyle.

Sumimangot ako kay Kyle. Kainis siya. Nananadya yata lalaking 'to. Bakit ko ba minahal ang lalaking tulad ni Kyle? Aish.

"Okay. First pose niyo. Kyle akbayan mo si Chelsea. Then Chelsea look at Kyle while smiling." Paliwanag nung photographer.

Nagulat ako ng bigla nga akong akbayan ni Kyle. Tapos medyo malapit na magdikit yung mukha namin. Aish.

"Ang bango mo naman baby ko."

Waaaa. Malapit na ako lumubog sa kinatatayuan ko. Kyle really give me nightmares. Bakit ba sya ganito?

Hindi ko nalang sya pinansin. Ayoko ring makita nya na apektado ako. Hmp. Kala nya. Diko sya papansinin.

Ginawa ko nalang yung utos ng photogrpaher.

Pose.

Click!

"Last pose, magharap kayo then pagdikitin niyo yung noo niyo then look at each other."

Waaah. Adrian save me!

Sumunod nalang ako. Pinakalma ko ang sarili ko. Hindi ko ipapahalata kay Kyle na masyado ng nagugulo ang isip ko ngayon.

Magkadikit na yung noo namin habang nakatingin sa isa't isa. Naka-freeze lang kami.

Click!

Click!

"I want to kiss you baby ko.."

Bago pa ako makapag-react..

Tsup!

"Oh my god! Nice shot. I-save mo yan. Isasama natin yan sa posters. Ang ganda ng chemistry nyo."

Kinilig pa ang baklitang manager ko. Umuusok na nga ang ilong ko sa inis kay Kyle. Tutal last shot na naman yun, nag-walk-out nako pero sumunod si Kyle. "Hey."

Hindi ko sya pinansin. Di na sya nakakatuwa. Bakit nya ko bigla hahalikan. Aish!

"Baby ko.."

I stopped and face him. "Stop calling me 'baby ko'. Baka hindi na kita matantiya Kyle. Hindi ako natutuwa sa ginagawa mo." Inis na sabi ko.

"I'm sorry. I just miss you."

"Stop that crap." Sabi ko saka siya tinalikuran ulit.

Pero palakad na ako when he suddenly grabbed my arm and hugged me. "I really miss you." He whispered. "Please come back to me."

Dug dug..

Ang lakas ng kabog ng dibdib ko. No hindi pwede. Hindi ganon kadaling patawarin siya sa ginawa nyang pang-iiwan sakin.

Tinulak ko siya at tiningnan ng masama. "Tigilan mo na'ko." I said coldly and walked away.

Nang makuha ko gamit ko sa dressing room at nakapagpalit ng damit, dali-dali din akong umalis ng studio. Sumenyas lang ako kay Mama Ding.

Hindi ko na kaya ang makasama sa studio na yun si Kyle. Masyado ng nagwawala ang puso ko. Ayoko pang bumigay kahit ang puso ko, bumibigay na. Ayaw ng isip ko. Maling patawarin sya agad. Dapat siya mahirapan. Dapat siyang magdusa.

I hate this kind of situation. Arggggghhh.

?
Kyle POV

Sobrang nagdiwang ang puso ko nung mahalikan ko ulit si nobody kanina.

I really missed her kaya diko napigilan ang sarili ko kanina.

Ang totoo niyan, kaya lang naman ako nag-apply na maging model dun ay dahil sa kaniya. Gusto ko siyang nakikita at gusto ko siyang nakakasama kahit di nya ako pansinin.

Nasasaktan din naman ako pag nirereject nya ako pero kailangan ko magtiis dahil kasalanan ko naman. Sinaktan ko siya noon kaya dapat akong bumawi.

Pero ito lang itatak ko sa bato, hinding-hindi ako susuko. Hindi ako susuko hangga't diko siya nakukuha ulit.

I really love her that much.

?
Chelsea POV

Kakarating ko lang dito sa unit ko. Grabe lakas ng kabog ng dibdib ko kanina.

Napahawak ako sa labi ko. After one year, nahalikan ulit ako ni Kyle. Naramdaman ko ulit yung labing minsan ko ng kina-adik-an.

I really love that guy pero sorry nalang dahil kailangan ko pa ding mag-matigas.

Kinuha ko yung iPad ko at nag-open ng facebook.

Nakita ko yung post ni Kyle.

Kyle Shin-Woo I'm happy. Kahit di niya 'ko pansinin at ngitian, masaya na akong nakasama sya kahit saglit. I really love her. Baby ko, I love you.
4214 likes • 1572 comment • Share

Dug dug..

Ayan na naman yung kabog ng dibdib ko. Nag-open naman ako ng twitter.

Isang tweet ang bumungad sakin.

Kyle Shin-Woo @KyleSWattpad

I love you baby ko. Miss ko na agad yung lips mo. Want to kiss you and hug again.

Waaahhh.

Magre-react pa sana ako ng mamatay yung ilaw. Hanla. Brownout?

Medyo takot pa naman ako sa dilim.

Bzzzzttt..

Takbo ako sa may pinto. Yung ilaw lang ng iPad ang gamit ko para makita ko pa yung daan.

"Baby ko."

Dire-diretsong pumasok si Kyle sa unit ko saka sinara ang pinto. "May dala akong pagkain at kandila na din dahil brown out."

Kumunot noo ko. Brown out ba talaga? Eh alam ko pag nag-brown out ilang minutes lang may ilaw na ulit kasi may generators naman ang building.

"Get out." Sabi ko.

Hindi sya nakinig. Bagkus ay sinindihan ang dalang kandila saka pinatong sa center table. Lumiwanag na kahit papaano. Nakita kong umupo si Kyle sa couch ko.

"Makakalabas kana." Sabi ko ulit.

"Argh. My head really hurts."

Masakit ulo nya? "Magpahinga ka nalang sa unit mo. Umalis ka dito sa unit ko." Taboy ko sa kaniya.

Hindi sya nagsasalita.

Tumabi ako sa kaniya sa couch. "Kyle."

Hanla. Nakapikit. "Uy Kyle." Niyugyog ko pa braso nya.

Bigla siyang napahiga sa couch. Parang natumba ganun. "Kyle!" Napasigaw ako. Ano bang nangyayari sa kaniya?

"Ba-by ko.. Ang sakit sakit ng ulo ko.."

Hanla. Kinakabahan ako. Anong nangyayari kay Kyle.

Sinampal sampal ko siya. "Ano bang sakit mo?" Natataranta na'ko. Hindi ko alam gagawin.

"Sa puso."

May sakit sa puso si Kyle? Pero ulo ang masakit? No. Hindi maaari. "Kelan pa yan?"

Sa halip na sagutin niya ko, bumangon siya saka humarap sakin. Ilang inches lang yung pagitan nung mukha namin. Kahit hindi ganun kaliwanag. Naaaninag ko pa din yung mukha nya. "Kyle."

"Hanggang ngayon, wala ka pa ding common sense. What I mean is, may sakit ako sa puso. Heartbroken dahil tinataboy mo ako. I love you baby ko."

Tsup!

"Kyaaaa!! Alis! Umalis ka dito sa unit ko. Langya ka. Pina-kaba mo ako. Kala ko may sakit kna talaga sa puso. Kakainis ka! Alis alis!"

"Okay okay. Aalis na ako. At least alam kong nag-aalala kapa din sakin." Nang-aasar na sabi nya saka tumayo.

"Arrrghhh! Alis na!" Sigaw ko.

"Wait." He said and dialed on his phone. "Yup okay na. Pwede nyo na ulit buksan ang power line." sabi niya sa kausap sa phone nya.

"Ano yun?" tanong ko.

"Pinapatay ko lang yung power line para may dahilan ako sa pagpunta dito sa unit mo. Miss na talaga kita eh. Sige. Alis na'ko. I love you baby ko."

Argghhh! I hate him! The nerve of that guy. Kainis sya. Kainis talaga. Ginawa nya yun para lang makapasok dito?

Aish. Baliw na sya!

Napatingin ako sa ilaw sa kisame nang bumukas na yun pero mas nagulat ako nang mapatingin ako sa kandilang nasa center table.

May nakasulat paikot sa katawan ng kandila.

I LOVE YOU BABY KO.

At yung plastic ng pagkain na dinala niya, Jollibee. Nilapitan ko yun at kinuha yung note.

Baby ko wag kang papalipas ng gutom pag gabi. I love you. Sana si Jollibee nalang ako. Para love mo din ako. Boom! I love you ulit baby ko. -gummy bear

Bakit ganyan ka ka-sweet Kyle?

Waaa. Ako yata ang mababaliw.

Mababaliw sa kilig.

No.

Yes.

No.

Yes.

Arggghh! No. No. No. Hindi pwede. Papahirapan ko pa din sya.

Aish. "Aja!"

Chapter 8 ?

Chelsea POV

Busog na'ko. Syempre kinain ko yung jollibee na bigay ni Kyle.

Andito ako ngayon sa salas ko. Hindi pa ako inaantok. Si Kyle masyadong ginulo yung puso at isip ko.

Tenenenenen!

Dinampot ko yung iphone ko at tiningnan ko sinong nagtext.

From: Kyle
I love you baby ko. Goodnight.

Aish. Hanggang kelan ba magiging sweet yang si Kyle. Hindi ako papadala sa ginagawa nya.

Krrriiiinnngggg..

Tumatawag si Hub. "Hello?"

[Hub musta yung pictorial?]

"Okay naman." Aish. Kahit hindi okay.

[How's the new model? Okay naman ba?]

"Eh, hub. Si Kyle yung new model." Wala na. Diko kaya magsinungaling. Makikita din naman kasi yun ni Adrian.

[What?]

"Ewan ko pa'no nangyari yun."

[Dapat um-attend ako kanina eh.]

"Hayaan mo na yun."

Hindi ko na kailangang sabihing hinalikan pa'ko ni Kyle. Ay nakow!

[Andito kami sa bar ni Lance. Ingat ka dyan sa unit mo. Matulog kana.]

"Okay hub. Ingat din. Bye."

[Bye.]

toot toot

Punta nako sa kwarto ko. Napansin ko yung teddy bear na binigay ni Kyle. Kinuha ko yun at nilagay sa kama ko.

"Ikaw. Kahit kelan talaga!! Aish!"

Sinusuntok ko yung bear. Para na'kong timang dito. "Kakainis ka talaga Kyle!"

Hays. Makatulog na nga. Nakakapagod.

?
Kinaumagahan..

"Goodmorning myself !!"

Sarap ng tulog ko. Nanaginip kasi ako. Nanalo daw ako sa THE VOICE. Haha. Pero hindi eh. Model kasi ako at hindi singer.

Ready na'ko for school. Paglabas ko ng unit ko, sumalubong sakin ang ilang balloons na nakatali sa doorknob ko sa labas.

Puro pula. Tiningnan ko yung print.

Picture namin ni Kyle na naka-japan-japan tapos may nakasulat.

WE'RE GETTING MARRIED

"Aaaaahhhh!!"

"Oh myloves bakit? Wow lobo." Puna ni James pagkalabas ng unit nya.

Tiningnan din nya ang lobo. "Papakasal na kayo ni Kyle?"

"Sa tingin mo papakasal na kami? Ni hindi ko pa nga sya napapatawad. Aish."

"Wag mo ng pansinin yan. Lika, pasok na tayo. Binilin ka na sa'kin ni Adrian."

Hindi na'ko nagsalita dahil hinila na ko ni James. Ang lakas din ng sapak ni Kyle talaga.

Nang makasakay kami sa kotse, nakangiti sakin si James. “Ngini-ngiti-ngiti mo dyan?”

“Eh myloves, sabi ko na nga ba sabon ka eh.”

“Ha, Bakit?”

“Kasi I’m SOAPer in love na sayo. Boom!”

Sige lang James, push mo yan. "Dami mo kalokohan. Tara na nga.”

Pinaandar na nya yung kotse.

?
School..

"Wait, wait." Pinatigil ko kay James yung kotse kasi may something sa gate ng school.

Bumaba ako.

Kyaaaa! May tarpaulin na malaki nakasabit sa school. Picture din namin ni Kyle na naka-japan-japan tapos may nakasulat.

BABY KO OXYGEN KABA? KASI I CAN'T LIVE WITHOUT YOU. I LOVE YOU !

Anong kalokohan ba 'to? Waaah. Mababaliw na'ko talaga promise.

"Tindi talaga ni Kyle kahit korni. Mas magaling pa din akong mag-pick-up-line." Hindi ko namalayan nasa likod ko na si James.

"Papasok na'ko sa loob. Sige na. Ipasok mo na sa parking yung kotse mo." Sabi ko kay James.

"Okay myloves. Wag masyado kiligin." Pang-aasar pa nya.

Aish. Lagot ka sakin Kyle Shin-Woo. Nakakainis kana.

Lakad nako papasok.

Iba na naman tingin ng mga students sakin. Naman naman!

Pagdating ko dito sa may hallway, napatigil ako nang mapansin kong madaming students. Tapos..

Tapos sina Ken, Kit at Jerome nakatayo paharap sa kinatatayuan ko.

Naka-stop lang sya. Tapos biglang may sumipol at biglang lumabas si Kyle. Dun siya tumayo sa tabi ng tatlo.

Napatigil lang ako habang nakatingin sa kanila.

Maya-maya..

??Sorry Sorry Sorry Sorry
Naega naega naega meonjeo
Nege nege nege ppajyeo
Ppajyeo ppajyeo beoryeo baby
Shawty Shawty Shawty Shawty
Nuni busyeo busyeo busyeo
Sumi makhyeo makhyeo makhyeo
Naega michyeo michyeo baby??

Kyaaa! Si Kyle sumasayaw ng sorry sorry ng super junior. Amp!

"Hahahahahaaha."

Napatingin ako sa tabi ko. Si James, makatawa.

"Kumi-KPOP na talaga si Kyle ah. Sabagay koreano naman yan eh. Hahaha."

Hindi ko alam kung matatawa ako kay Kyle. Kasi honestly, ang pangit nya magsayaw. Parang Luiz Manzano. Ang tigas ng katawan.

"Super bongga ni Kyle. Duma-dance ever. Lakas ng tama talaga sayo best." Si Janna nasa tabi ko na din.

Si Kyle nakatingin pa sa'kin habang nagsasayaw. Nakakahiya.

Then natapos ang sayaw. Akalain mong pati ibang tigers nayaya pa nyan sumayaw. Aish.

"I love you baby ko. Sorry sorry na." Nakangiting sabi ni Kyle na hinihingal pa.

"Aaaaaaaaahhhhhhh!"

Mga baliw na 'tong students. Maka-tili, parang wala ng bukas.

Dumiretso na'ko papasok ng room. Nilampasan ko na sina Kyle. Grabe lang. Paano nya nagawa yun? Si Kyle? Kyle Shin-Woo, napasayaw ng ganon?

Earth, what's happening on you?

Hindi pa ako nakaka-move-on sa ginawa ni Kyle..

Pagpasok ko dito sa room, nakita ko ang mga students na may hawak na lobo. Yung lobo na nakita ko din sa labas ng unit ko kanina.

Nagtayuan na naman sila. "CONGRATULATIONS!"

Sino bang nagsabing papakasal kami? Aish. Kyle. Masisiraan ako ng ulo sa'yo.

Dumiretso na'ko sa upuan ko. Bahala yang si Kyle.

Pag-upo ko, napatunghay ako dahil andito na agad sa harap ko si Kyle. "Baby ko.."

"Aaaaaahhhhh!!" Nagtilian ang mga kaklase namin.

Sumimangot ako. Di ko siya pinapansin.

"Baby ko I love you. Sabihin mo lang, pakakasalan talaga kita."

"Kyaaaaa!"

Wala na. Nagtatakbo na naman ako palabas ng room. Kasi kasi naman.

Apektado na'ko talaga.

Apektado na'ko sa ginagawa nya. At, at..

Kinikilig ako. Waaaa. I hate this feeling!

?

Kyle POV

Kilig na naman ang baby ko.

Nagtatakbo na naman eh. Lam ko na yun. Pag ganun, kinikilig yun.

Napagod ako sa pagsayaw kanina. Ang totoo nyan, suggestion yun ni Ken. Nag-praktis pa kami kaninang maagang-maaga nyan. Aish. Diko din akalaing mapapasayaw ako.

Para kay nobody, gagawin ko lahat.

"Hoy Kyle ayos ah." Napalingon ako. Si Adrian mukhang kakadating lang.

I just smiled at umupo na.

"Kinakausap kita Kyle." Patuloy nya. Masama na tingin sa'kin.

Hindi ko pa din pinansin pero nagulat ako nang higitan niya ako sa kwelyo ko at akmang susuntukin.

"Gago ka pala eh! Lakas mo ding man-trip. Hindi mo ba alam na ginugulo mo lang si Chelsea?"

Sinusubukan ako ni Adrian. Tinulak ko siya para mabitawan nya ako. Nagtakbuhan na sa gitna namin sina Ken para umawat.

Tiningnan ko sya ng masama. "Kung maka-asta ka akala mo boyfriend ka nya!"

"Ano namang pakialam mo?"

"May pakialam ako dahil akin si Chelsea!"

"Kelan pa sya naging sayo?" tanong nya.

"Matagal na. Kaya Adrian, wag ka ng magpaka-hero dyan."

"Kung hindi mo siya iniwan, hindi aabot sa ganito. Pero iniwan mo sya! Tapos ngayon babalik ka!"

Nabubuwisit nako. "Kaya nga sinusuyo ko siya diba?? Diba?" Sigaw ko.

"Tch." Tinalikuran na'ko ni Adrian.

Masyado syang protective kay nobody. Sumo-sobra naman sya. Pasalamat sya kaibigan pa din turing ko sa kaniya.

Tch.

Lumabas nalang din ako ng room. Wala na'ko gana pumasok. Bwisit!

Aminado naman ako nasaktan ko si nobody pero nagsisisi na nga ako diba? Shit lang. Lahat nga ng effort ginagawa ko kahit magmukha pa'kong tanga.

Dahil mahal na mahal ko si nobody. Yun lang yun.

Chapter 9 ? Elevator

Chelsea POV

Hays. Sina Adrian at James napapansin ko babad na sa internet sa iphone nila.

Aish. Ayaw makinig sa prof tapos mangongopya pag quiz. Talaga naman.

Last subject na namin. Diko na nga kinakaya ang facebook. Nakakaloka si Kyle. Kesyo we're getting married. Aish.

Krrrrinnnngggg!!

Hay salamat. Uwian na.

"Yes uwian na! MyLoves, supermarket daw tayo nina Adrian. Tapos luluto tayo sa unit mo."

Ang hilig talaga kumain nyang si James. **"Okay.**" I smiled.

"Yes! Tara na Adrian."

"Miss Torres."

Hanla. Tinatawag ako ni Ma'am. Tumingin ako sa prof na nasa harap**. "Yes Ma'am.**"

"Come here." Sabi ni prof.

Paglapit ko nakangiti siya pero kinakabahan pa din ako. Baka mamaya may nagawa akong mali. Ingat na ingat pa naman ako sa academics ko. Lam nyo namang scholar ako.

"Pwede bang tulungan mo ako sa pag-check ng long quiz ng klase nyo last week?" Tanong ni Ma'am.

Hanla? Eh may lakad kami nina James at Adrian kaso hindi ko pwede tanggihan si Ma'am. **"Okay po."**

"Sunod ka nalang sa dept office. Okay?" Sabi ni ma'am saka umalis na ng room.

Bagsak yung dalawang balikat ko na lumapit kina Adrian at James. **"Eh di ako pwede. May pinapatulong si Ma'am eh. Dipa ako makakauwi."** Sabi ko.

"Eh sige mamayang gabi nalang. Aga pa naman." Sabi ni Adrian.

"Alam ko na! Kung gusto mo, kami nalang magluto ni Adrian sa unit mo ? Hintayin ka nalang namin para pag-uwi mo, handa na lahat." Suggestion ni James.

"Tama. May maitutulong din pala yang utak mo James. Ano Hub, kami na bahala."

Napaisip ako. Sabagay. Kesa hintayin pa nila ako. **"Eh, sige."**

"Ayos! Paano, una na kami. Supermarket pa kami eh." Sabi ni James.

"Okay. Ingat kayo."

"Sure Hub. Tawagan kita mamaya." Sabi ni Adrian saka nag-kiss sa cheeks ko.

"Bye MyLoves." Hahalik din sana sa cheeks ko si James kaso ayun nahila na ni Adrian palabas ng room.

Kumaway nalang ako sa kanila. Inayos ko na gamit ko. Si Janna nga pala nag-half day kanina. Kasi my PMS daw. Haha. Adik talaga yun.

Tapos nagpunta na ako sa dept office. Magcheck muna ako mga papers.

Di bale pag-uwi ko naman maya, may sasalubong na sakin na pagkain.

^_^

--

Kyle POV

Anong tingin sakin nina Adrian? Wala utak? Talagang magpu-foodtrip pa sila sa unit ni nobody ha?

Aish. Tingnan lang natin.

Kinausap ko lang naman prof na utusan muna si nobody dahil alam niyo na.

May binabalak ako para hindi kasabay nina Adrian si nobody pauwi.

Haha. Ako pa ba? Si Kyle Shin-Woo the great !

--

Chelsea POV

Pauwi nako sa wakas. Nag-statu na nga din ako sa FB. Hehe. Na-excite kasi ako sa lulutuin nina Hub, MyLoves at Best.

Gutom pa naman na'ko. Kakasakay ko lang ng taxi. Tawagan ko pa sana si Best kaso wala na na-lobat na iphone ko. Kasi kanina nababad ako sa facebook eh.

After 123456789 years, nakababa din ako sa taxi at nakarating na sa building.

Pagka-abot ko ng bayad kay manong driver, naglakad nako papasok sa building.

Diretso lang din ako sa elevator.

Sasara ko na sana ang elevator ng biglang humabol sa pagsakay ang lalaking hindi ko gugustuhing makasabay.

"Hi baby ko. Buti naka-abot ako." Nag-smirk pa sya pagkasabi nyan.

Kung minamalas nga naman. Iniiwasan ko nga yang lalaking yan. Kasi naman malloka na'ko dyan.

Sumimangot ako. Diko siya pinapansin.

"Baby ko I miss you."

O_____O

Kyaaaa. Sana makarating na agad sa floor namin. Aish naman. Gusto ko ng makalabas dito sa elevator.

shhhiiinnnnng

Hanla? Ano nangyari. Tumigil yung elevator.

"Men. Tumigil pa ang elevator." Sabi ni Kyle.

Ayoko na nga sya makasama dito titigil pa elevator? Aaaah.

Tama. Tatawag ako sa front desk.

-__-

Lobat nga pala ako.

Tumingin ako kay Kyle. Aba prenteng nakaupo sa sahig. **"Can I borrow your phone?"** Mataray na sabi ko.

"Wala akong phone." Sagot nya.

"May phone ka." Sabi ko. Nakita ko yan kanina sa room. Todo facebook pa nga.

"Wala. Naiwan ko sa kotse."

"Eh pa'no tayo makakalabas dito?"

"Maghihintay."

Bakit kalmadong-kalmado sya? Aish. Naman kasi.

Napaupo ako sa sahig. "**Kainis."**

"Baby ko.."

Ayan na naman yang tawag nya. Kinikilabutan ako eh. Hindi ko nalang pinansin.

"Kahit pinapahirapan mo ako. Kahit hindi mo na-aappreciate yung effort ko. Kahit naiinis ka na sakin. Kahit hindi mo nagugustuhan lahat ng ginagawa ko, hindi ako magsasawa. Hindi ako magsasawang suyuin ka. Dahil mahal na mahal kita baby ko."

>//<

Apektado ako sa sinasabi niya. Bigla ding kumirot ang puso ko. Masyado ko na ba syang pinapahirapan? Pero sorry. Kailangan eh. Nasaktan nya ko noon.

"Alam mo baby ko, selos na selos ako kina Adrian at James dahil ngini-ngitian mo sila at nakakasama ka nila. Hindi ko nalang pinapakita sa kanila dahil ayokong ipakita na talong-talo na ako. Pero diba.."

Nanggigilid na luha ko. Masyadong heart to heart yung sinasabi ni Kyle ngayon.

"Diba mahal na mahal mo pa din naman ako diba baby ko? Ako pa din nasa puso mo?"

I sob. I started crying pero hindi ko pa rin sya sinasabot. Naramdaman ko nalang yung pagyakap nya sakin.

Galit pa din ako. Hindi ko pa din siya kayang patawarin pero gusto ko yung feeling na nasa mga bisig nya ako. Feel ko safe ako.

"Don't worry. I won't give up on you baby ko. Okay lang sakin na pahirapan mo pa ako. Kakayanin ko lahat. Hanggang sa sagutin mo na ulit ako. Mahal na mahal talaga kita at miss na miss ko na yung moments natin na magkasama tayo."

Lalo akong naiyak. I remember our happy memories before. Masaya kami dati kahit sinisigawan nya ako at sinusungitan. Ngayon, parang nagkabaliktad pa kami ng ugali dahil never na nya ako sinisigawan.

"Ssshh." Kinalas nya yung pagkakayakap sakin tapos humarap sakin. Ilang inches lang yung pagitan ng mga mukha namin.

"Tahan na baby ko. Ayoko ng makita kang umiyak. Kaya nga lahat ginagawa ko para sumaya ka. I love you. Ngayon medyo gumaan na pakiramdam ko dahil nasabi ko na saloobin ko sa'yo."

Hindi ko pa din kayang sumagot. Wala akong masabi. Wala.

"I heard foodtrip kayo sa unit niyo. Pakasaya ka baby ko ha? Pakabusog ka at wag kang masyadong magpupuyat. May pasok pa tayo bukas. Don't worry, di naman ako makikigulo dahil alam kong di ako welcome. I love you baby ko."

Tsup!

He kissed me on my lips. It was fast but I could feel his soft lips against mine. Hindi ko maintindihan pero may galak na sumibol sa puso ko.

Dahil siguro nalalaman kong mahal na mahal pa din pala ako ni Kyle. Hindi sya nanti-trip lang o naaawa sakin. Mahal nya ko. Mahal na mahal pa din nya ako.

Masaya ako, oo. Pero hindi ko pa din sya mapapatawad sa ngayon.

I calmed myself pagkapahid ko na luha ko. **"Bitawan mo nga ako. Di pa kita pinapatawad."** Pagsusungit ko saka bumitaw sa kaniya.

Sa halip na magalit. Ngumiti pa ng nakaloloko si Kyle. **"At least nagsalita ka. I love you baby ko. Sobra."** Sabi nya saka may dinukot sa bulsa nya.

O_____O

Iphone nya?

Shock ako habang nakatingin sa kaniya na nagpipipindot sa phone nya.

"Okay na." Sabi nya sa kausap

[Content truncated due to length]

Chapter 10 ? BLANK

Chelsea POV

Thanks God it's saturday. Makakapahinga ako sa studies kahit papaano.

Bumangon na'ko para magluto ng breakfast. Pagbaba ko sa kusina.

O_____O

Si James at Adrian. Dito nga pala natulog. Mga tulog pa sila sa couch sa salas.

Napangiti nalang ako dahil all this time, lagi silang andyan para sakin.

Ting!

Tama. Pagluluto ko sila. Hakhak.

Punta nako kusina para mgluto.

Luto.

Luto.

Luto.

Krinnnnngggg..

?_?

Napatingin ako sa iphone ko na nakapatong sa may mesa.

Kyle calling..

Tch. Sasagutin ko ba ?

Ewan ko pero dinampot ko yung iphone ko at sinagot yun. **"Yes?"**

[I love you baby ko.]

O_____O

Aga-aga naman! Waaa. **"Ah. Kung wala kang importanteng sasabihin, pwede bang wag mo na'kong tatawagan?"**

[Baby ko can we talk?]

Bigla akong kinabahan. **"About what."**

[About us. Gusto ko lang linawin lahat lahat. Gusto kong maging maayos yung pag-uusap natin. Don't worry, after natin mag-usap at kung balewala pa din sayo mga sasabihin ko, titigil na'ko.]

Hindi ko alam pero biglang lumambot yung puso ko. **"Fine. Saan."**

Tama naman siguro si Kyle. Mas mabuting mag-usap na kami ng masinsinan. Lahat lahat.

[Kita na lang tayo mamaya sa kotse ko sa parking lahat. Hihintayin kita then we'll go somewhere. 1pm.]

"Okay."

Wala na. Hayaan ko nalang syang magpaliwanag. Hayaan ko siyang ipagtanggol ang sarili nya. Hahayaan ko siyang magsalita at makikinig ako sa kaniya this time.

[Thanks baby ko. I love you. Buksan mo pinto mo after this call. Bye.]

toot toot

Buksan ang pinto? Lumapit ako sa pinto at binuksan iyon.

O_____O

May paperbag. Kinuha ko yun at dinala sa may kusina. Pagtingin ko ng laman..

O_____O

Pagkain?

Bacon, egg, hotdog, fried rice, fried chicken, tocino at longganisa. Ang dami naman?

May note pala.

Baby ko. Niluto ko yan lahat para sa'yo. I woke up early for that kaya sana kainin mo. Hindi man perfect ang lasa ng mga yan , puno naman yan ng pagmamahal. I love you. Eatwell. -kyle

O__o

I dunno pero kinikilig ako. Aish. Nagluto pa naman ako. Di bale. Andito naman sina James at Adrian.

Dali-dali kong nilagay sa mesa lahat ng food at tinago yung paperbag at note.

Naalala ko, diko pala pwede sabihin kina Adrian na magkikita kami ni Kyle mamaya. I know magagalit sila at pipigilan ako.

Isip ng dahilan.

-

Kyle POV

Aga ko gumising kanina para ipagluto si nobody. Di ako ganun kagaling magluto pero todo effort ko yun ginawa para sa kaniya.

Buti nalang pumayag siyang mag-usap kami. Hindi naman sa gi-give-up na talaga ako sa pagsuyo sa kaniya. Kumbaga pag balewala pa din sa kaniya lahat ng pag-uusapan namin mamaya, I will try to stop doing efforts for her. Hindi naman sa dahil ayoko na. Mahal na mahal ko siya. Gusto ko lang mag-li'lo muna para mas makapag-isip sya.

Na-realize ko na nga lang na ang laki na pala ng pagbabago ko. Hindi na'ko nagsusungit at naninigaw kay nobody. Hindi ko kaya. As long as I can, nagpapaka-sweet ako para sa kaniya para masuyo siya. Miss na miss ko na talaga ang bonding namin.

Yung ngiti at tawa niya na nakakapagpagaan ng puso ko. Yung pagtawag nya sakin ng gummy bear. Yung ka-sweet-an nya. At yung pag-aalaga nya sakin. Miss ko na lahat.

Nobody. I want us to act normal like before. How I miss that. Damn.

--

James POV

Nagising na'ko at napansin kong naghahanda ng food si MyLoves sa kusina.

Tatayo na sana ako para pumuntang kusina kaso napansin ko si Adrian, tulog na tulog.

Haha. Paktay ka sakin.

I grab my iphone and take a picture of him. Lagot ka sakin Half cook. Post ka sakin sa facebook. Haha.

Tumayo na ako. **"Morning MyLoves!"**

She smiled at me. **"Morning din. Kain na tayo.**" Sabi niya.

o

Daming pagkain. **"Dami naman nyan MyLoves. Masyado mo talaga akong mahal."**

"**Adik ka talaga James. Sige na kain na."**

"Morning Hub." Napatingin ako kasi gising na din pala si Adrian.

"Morning Hub. Kain na tayo."

Nagpunta na kami sa mesa tatlo.

Arrangement.

MyLoves. Half cook

Ako

Yung totoo . Loner yata ako. Haha.

"Dami mo namang niluto Hub." Sabi ni Adrian.

Ngumiti lang si MyLoves samin. Aha! May naisip ako.

"MyLoves."

"Hm?"

"Diba matalino ka?"

^_^

Haha. James Pick-up 'to men.

"Oh bakit?" Tanong ni MyLoves. Si Adrian sama ng tingin sakin. Haha.

"Sagutin mo nga 'ko! Boom!"

-_- itsura nila ni Adrian.

"Kumain ka nalang James." Sabi ni Adrian.

Aish. **"Bakit kayo ganyan. Ubusin ko 'tong pagkain eh."** Sabi ko.

Bakit ba di sila natutuwa sa mga banat ko? Nakakakilig naman diba? Diba?

Aish. Bahala sila.

--

Chelsea POV

Kakaalis lang nina Adrian at James.

Si Adrian pupuntahan si Lance eh tapos si James gagawa daw ng paperworks pero ayun at nagbago isip. Adik talaga.

Tumingin ako sa relo ko. 12 na pala. Maghahanda na'ko. Magkikita pala kami ni Kyle.

Ayos

Ayos

Ligo

Ayos

Done!

Mag-1 na pala. Tagal ko din palang nag-ayos at naligo. Hehe.

Pero kinakabahan ako sa pag-uusap namin mamaya ni Kyle. Wag naman po sana ako bibigay.

--

James POV

Dito ako sa unit ko. Babad sa internet. Daming nagkakagulong girls sakin eh.

Haha. Pero ang puso ko ay para kay MyLoves lang.

Bzzzzttt..

?

Sino namang pupunta dito sa unit ko? Si MyLoves kaya?

Binuksan ko pinto. Delivery boy?

"Jollibee delivery!"

Alam kong Jollibee Kuyang delivery. Kailangan paba isigaw? Obvious naman sa suot at sa dalang palstic.

-_-

Hindi naman ako nagpa-deliver.

Chapter 11 ?

Chelsea POV

Argghh.

Parang sakit ng ulo ko. Nagmulat ako ng dalawa kong mata.

Teka. Nasaan ako?

Inilibot ko tingin ko sa kabuuan ng kwarto kung saan ako nakatulog.

All pink.

Hanla. Asan ba talaga ako.

ecccckkkkkk

"KYLE?"

"Gising ka na pala baby ko."

Lumapit sya dito sa hinihigaan kong kama. "N-Nasaan tayo?"

Kasi naman pagkakatanda ko nakipagkita ako sa kaniya para mag-usap kami.

"Resthouse ko sa tagaytay. Bago lang 'to. Para sa future natin. This room is yours." Sagot nya.

What? Kwarto ko 'to? Para sa future namin? Pfffttt..

"Tagaytay? Bakit nandito tayo. Diba mag-uusap lang tayo?"

Naguguluhan ako.

"Gusto kong makasama ka ng masinsinan. Yung walang iistorbo. Kaya dito kita dinala. Sorry baby ko." He held my hand pero tinanggal ko yun.

"Mali ito Kyle. Hindi mo ako pwedeng basta-basta nalang dalhin kung saan-saan. Pumayag na nga akong makipag-usap sayo sana eh. Tapos-"

He kissed me. His lips still moving against mine. Ewan ko. Nakatulala lang ako. Gusto ko siyang itulak pero ayaw makisama ng sarili ko. He still kissing me until I began to response on his kisses.

His kiss was deep. Di ko alam kung bakit nagagawa kong sumabay. Ayoko. Mali ito paero tina-traydor ako ng sarili ko.

Why do I need to response on him? Bakit hindi ko siya magawang itulak? MyGod. I can't believe it's happening.

Natapos ang paghalik nya sakin. "Baby ko."

Tulala lang ako sa kaniya. Bakit ganito? Ang lakas ng impact sakin ng halik niya. It's been a year.

"I'm sorry. Don't worry uuwi din naman agad tayo. We'll just have to talk."

Bumangon ako sa kama at umupo nalang din. "Then let's talk now para makauwi na. Baka hinahanap na'ko nina Adrian. Where's my phone?"

Napansin kong parang naiinis siya. Then he gave me my phone.

"Start talking." Sabi ko.

Kailangan ko na ding umuwi. Mamaya hinahanap na nila ako.

"I love you baby. I know galit kapa din sakin. Pero ginagawa ko naman lahat. Lahat ng effort. I just want to ask you, do I have a chance?"

Parang na-pipi ako dahil hindi ko siya masagot. Am I ready to give him a chance? Diko pa alam.

"I'll take that as a no."

Napatingin ako sa mga mata niya. Hindi lang sumagot, no na agad? Aish.

"Mahal na mahal naman kita baby ko. Napatunayan ko na ang sarili ko sayo. I know kahit papaano napangiti naman kita diba? Diba?"

Anong sasabihin ko?

"I'll take that again as a no."

Bakit ba ganyan sya mag-isip? Hindi lang ako makasagot dahil naguguluhan ako. It doesn't mean *"NO".*

"Gusto mo bang tigilan na kita? Gusto mo bang pansamantala muna akong lumayo sayo? Sabihin mo lang baby ko." Napansin ko yung pagbagsak ng mga mata niya. He looks miserable.

Pero nang mga nakaraang araw naman, he looks jolly right? Bakit ganito sya ngayon.

Tumikhim ako bago nagsalita. Nagmatigas pa din ako. Hindi pa din yata ako handang patawarin siya. May sakit pa din dito sa puso ko eh. "Diba sabi nila, if you love someone, set them free? Bakit hindi yun ang gawin mo ngayon?"

"That's wrong. If you really love someone, hold on tight and never let go. Yan ang mas pinaniniwalaan ko kesa dyan sa sinabi mo."

Nagulat ako sa sagot niya. Ganito na ba siya mag-isip ngayon. "I don't care. Gusto ko lang na layuan mo muna ako."

"Hindi ko kaya. Please baby ko. I"m begging. Give me a chance. Wag mo lang ako ipagtatabuyan. Please." Tears from his eyes starts to fall.

Naluluha na din ako. He's now begging. Ano bang gagawin ko? Hindi pa'ko ulit handa at ayoko pang maging committed ulit sa kaniya. Gusto ko, mawala muna lahat lahat ng sakit na nararamdaman ko.

"No. Please tigilan mo na ako."

"God! Yan ba talaga ang gusto mo?" He started to get mad.

"Hindi sa gusto ko Kyle. Gusto ko lang munag mag-isip pa. Masakit pa din kasi dito oh." I pointed my heart while staring at him. "Masakit pa din dito yung ginawa mo dati."

"Look. I'm sorry. I feel sorry for that at ginagawa ko naman ang lahat para makabawi sayo. Please. Give me a chance."

Hindi na ulit ako makasagot. Hindi ko na talaga alam ano sasabihin sa kaniya. Mahal ko pa din siya pero hindi ko pa kayang mag-take risk sa ngayon. Ayoko ng masaktan ulit eh. Baka diko na kayanin.

Nagulat ako ng lumuhod siya bigla. "I'm begging. Please come back to me. Please." He said while crying.

Napaiyak na din ako ng sobra dahil sa nakikita ko ngayon. Hindi ko inisip na kayang gawin 'to ni Kyle.

"Baby ko. Papasayahin naman kita. Hindi na ulit kita sasaktan. Promise. I promise baby ko. Wag mo lang akong balewalain ngayon. I know you still love me. You response on my kisses. I can see it in your eyes that you still cares for me. Please."

I just cry. I can't answer him. Baka bumigay ako. But I need to be strong.

Gusto ko na syang balikan pero ayaw ng isip ko. Masasaktan ulit kasi ako eh.

Nakaluhod pa din siya habang nakahawak sa mga kamay ko.

Pinipilit kong magpakatatag hanggang sa..

Krinnnnngggg..

I looked at my phone. "Stop it. Adrian is calling." Sai ko kay Kyle.

Sinagot ko yung tawag. "Hello?"

[Damn! Thank's god you answer it. Andito kami ni James sa labas ng resthouse ni Kyle dito sa tagaytay. Lumabas ka dyan. Hindi kami makapasok eh.]

"Okay."

toot toot

I ended the call. "Andyan na sa labas sina Adrian. I have to go." Aalis na sana ako ng tumayo bigla si Kyle at niyakap ako.

"Ito ba talaga ang gusto mo?"

Bigla akong kinabahan. "Kyle."

"You can't trust me again right? Iniisip mo na sasaktan lang ulit kita. Tama ba? Kaya ayaw mo akong bigyan ng chance?"

Nakayakap pa din sya sakin. "It's not like tha-"

"It's like that." Sabi nya saka bumitaw sa pagkakayakap sakin. He face me. "Ngayon, sabihin mo sakin na hindi mo na ako mahal."

What? "Kapag ba sinabi ko yan, titigilan mo na ako?" Tanong ko.

He sighed. "Yeah."

Bigla na naman akong kinabahan. Nagpakatatag ako. Wag kang papadala Chelsea.

"Hindi na kita mahal." Sabi ko.

He gave me his fake smile. "So, mali pala ako. I thought you still love me. Alam mo bang masaya ako dahil alam kong napapasaya kita at napapakilig sa mga effort na ginagawa ko? Hindi pala. Sorry."

"Kyle." Parang gusto kong bawiin yung sinabi ko pero tumatanggi ang isip ko.

"You can go. Don't worry. This is the last time na guguluhin kita. As long as I can, iiwasan kita."

Parang biglang nadurog yung puso ko sa sinabi niya. Give up na ba siya? No. Ako ang may kasalanan kung bakit nya nasabi ang mga bagay na yan. Ako ang may gusto na mag-give up siya. He's just giving me a favor.

Pero bakit ang sakit? Parang di ko kaya na iwasan nya ako? Bakit nagkakaganito ngayon ang puso ko? Nagtatalo na ang puso at isip ko. I don't know what to do.

Bago pa ako magsalita lumagabog na ang pinto.

BOOOOGSSSHHH

"Damn you Kyle!" Sinugod ni Adrian si Kyle saka sinuntok. Lumaban si Kyle. Mabuti nalang at umaawat si James.

"STOP IT!" Sigaw ko. Tumigil naman sila. They are staring each other.

"Gago ka Kyle! Alam mo bang kanina pa namin sya hinanap dahil bukod sa hindi nya sinasagot ang tawag namin, wala pa sya sa unit nya. Damn you. Kinailangan ko pa ng private investigator. Buti nalang ikaw ang inisip kong may kagagawan ng pagkawala ni Chelsea. At eto, tama ako."

"Adrian tama na yan." Sabi ko. Lumapit sakin si James.

"Okay kalang MyLoves? Wala ba syang ginawang masama sayo?"

Umiling ako. "Wala."

Nasasaktan ako sa itsura ngayon ni Kyle.

"Tara na." Sabi ni Adrian. Hinawakan ako sa braso ni James at hinila na.

Pero bago kami makalabas, nagsalita si Kyle.

"Don't worry, I give up. And Chelsea Torres.."

Chelsea Torres ang tawag niya sakin?

"Pipilitin kong hindi ka guluhin kahit hindi ko alam kung kaya ko. Pipilitin kung layuan ka. Ayoko sana mag-give-up pero ikaw na mismo yung nagtulak sakin. Nagmaka-awa na'ko pero balewala sayo. You even said na hindi mo na'ko mahal. I think it's enough. Now, go on. Ang pag-alis mo dito, senyales na yun ng tuluyang pag-alis mo sa buhay ko. Thanks."

Hinila na'ko ni James palabas. I cried again.

Nasasaktan ako na iwan si Kyle. Nasasaktan ako sa mga nasabi ko sa kaniya. No. I still love him. So much.

"Sssh. I know it hurts." Bulong ni James sakin. Hindi ko na namalayang nakarating na kami sa labas sa kotse nila.

"Get in." Sabi ni James. Pumasok ako sa kotse pero nakatingin ako sa resthouse. He's hurt. Iniisip na nya ngayon na hindi ko na sya mahal. Nagsisisi ako na sinabi ko yun. Pero diko naman magawang bawiin. Gulung-gulo nako.

Adrian started the car engine. Kyle already give up and it was my fault. It's my fault.

"Wala ba siyang ginawang masama sayo?" Tanong ni Adrian habang nagmamaneho.

"Wala." Sagot ko habang umiiyak pa rin.

"MyLoves stop crying. Hindi mo ba narinig? Lalayuan ka na daw at titigilan ka na daw ni Kyle."

Hindi ako nakasagot.

"Yun nga ang dahilan bakit umiiyak si Hub. Tama ba ako?" Tanong ni Adrian.

Mind reader talaga sya.

"Bakit MyLoves?"

"Dahil gusto na niyang balikan si Kyle pero ayaw ng isip niya. Nagpapakatatag sya dahil ayaw nyang masaktan ulit." Sagot ulit ni Adrian.

Shit lang. Alam na alam ni Adrian.

"Adrian hindi naman ikaw kinakausap ko. Ikaw na ba si MyLoves ngayon?" Biro ni James.

"Tch. Tgigilan mo na kaso ang kakatanong dyan. Let her rest." Utos ni Adrian.

"Oo na. Ako na madaldal." Sagot ni James saka tumingin sakin. "Pahinga ka na muna okay?" Sabi nya.

They really cares for me pero iba pa din yung kay Kyle. Iba pa din dahil si Kyle mahal ko at masaya ako whenever he's around.

Masaya ako sa mga efforts niya. Napapakilig niya ako sa mga simpleng bagay na ginagawa nya.

Mahal na mahal ko pa din siya.

Ngayon nasasaktan ako dahil lalayo na sya sakin. Iiwas na sya sakin dahil sa sinabi kong diko na sya mahal.

Parang diko kaya. Parang ang sakit.

Biglang may pumasok sa isip ko. I will talk to him again. I will give him a chance. Chance lang naman. Tutal ako naman nagtulak sa kaniya parta mag-give-up. I know pag sinabi kong bibigyan ko na sya ng chance, babalik sya sa dati, sa paggawa ng efforts.

Dahil napapasaya naman nya ko talaga. Ayoko lang ipakita sa kaniya.

Wala naman sigurong masama na bigyan ko na ulit sya ng chance. I really love him at ang sakit sakit isipin na lalayo na naman sya sakin. Parang nagto-throwback tuloy yung ginawa nyang pag-iwan at paglayo sakin nun.

Hindi ko na yata kayang maramdaman ulit at maranasan yung dati.

Basta bibigyan ko na sya ng chance. Pagbalik ng Manila, kakausapin ko sya.

Bahala na ano mangyari. Bahala na.

--

Kyle POV

Ang sakit lang talaga.

Hindi ako basta basta naggi-give-up lalo na kung tungkol kay nobody. Pero siya na mismo ang nagtutulak sakin na mag-give-up.

Hindi pa naman talaga ako give-up. Siguro pansamantalang lalayo muna ako. Yung hindi siya guguluhin. Para mas makapag-isip sya. Alam kong naguguluhan lang sya.

But honestly, nasaktan ako sa sinabi nyang hindi na nya ako mahal. Masakit. Bakit? Si Adrian na ba ang mahal nya? Hindi naman malabo. Isang taon silang laging magkasama. They are sweet like a couple. They understand each other at komportable sila sa isa't isa.

Damn it. I'm jealous at naiinggit ako.

Tumayo na ako at lumabas. Diretso ako sa kotse ko.

Ano pabang gagawin ko dito? Eh umalis na yung babaeng mahal na mahal ko. Akala ko pa naman magagawa ko yung mga bagay na magpapasaya sa kaniya. Naghanda pa naman ako ng dinner for us.

Bigo ako.

Kung si Adrian lang din at James ang iispin ko, may laban pa naman ako. Pero kung si nobody na mismo nagtutulak sakin palayo, wala na akong laban dun.

I started the car engine.

Habang nagda-drive, di mawala sa isip ko yung sinabi ni nobody na hindi na nya ako mahal. Na gusto nyang lumayo na ako. Na hindi ko siya napapasaya.

Damn it. Ginawa ko lahat.

Kung alam ko lang na aabot sa ganito? Sana nagtiwala ako sa kaniya one year ago. Sana hindi ako nagpadala sa selos at galit ko. Damn it.

Galit ako sa sarili ko. Kasalanan ko kung bakit ngayon, nilalayuan ako ng babaeng mahal ko. I can't live without her. I love her that much that I want to spend my life with her. Wala na akong ibang makita pa na gugustuhin kong makasama kundi siya lang.

Eto na naman yung luha ko. They keep on falling dahil nasasaktan talaga ako. I know crying is a gay thing but I can't help myself. Shit. I'm hopeless!

I remember how she respond on my kisses. Ramdam ko na mahal pa nya ako pero bakit ganun? Hindi nya ako mabigyan man lang ng chance?

Arggh. I don't know what to do. I don't know what to think.

Napasuntok ako sa manibela ng kotse ko. Pagtingin ko sa daan, hindi ko namalayang intersection pala at may malaking truck na mabilis na tumatakbo sa kaharap kong lane.

Pinilit kong mag-preno pero huli na. Huli na ang pag-preno ko.

SCREEECHHH

Hindi ko na alam ang nangyari basta tilian ng mga tao ang huli kong narinig bago ako nawalan ng malay.

BLANK.

Chapter 12 ? Hospital

Chelsea POV

Nakarating na kami dito sa manila galing tagaytay. I'm still crying.

"Pahinga ka na Hub." Sabi ni Adrian.

"Oo nga. And please, stop crying." Sabi naman ni James.

"Yeah. Thank you sa inyong dalawa. I just want to be alone. Pwede bang iwan nyo muna ako?" Pakiusap ko sa kanila.

They look worried. **"Sige lang Hub."**

"MyLoves, ingat ka dito at tawagan mo lang kami kapag may kailangan ka."

Tumango lang ako at dumiretso na paakyat ng kwarto ko. Iniwan ko na sa baba yung dalawa.

As I enter my room, naalala ko na naman yung pinag-usapan namin ni kyle kanina. The way he beg at me. The way he kissed me and the way he hugs me. Bigla-bigla, na-miss ko lahat.

Nahiga ako sa kama ko. Naiisip ko yung mukha ni Kyle kanina nung sinabi nyang hahayaan nya na'ko. Ang sakit lang.

Naiyak na naman ako.

Krrriiinnnggg..

Kumunot yung noo ko nang mag-ring ang phone ko. Inabot ko yun mula sa side table kung saan ko pinatong kanina pagpasok ko dito.

Kyle calling..

?

Lalo akong nagtaka. Bakit siya tumatawag? Huminga muna ako ng malalim bago ko sinagot yung tawag. Tama, sasabihin ko na din na kung pwede, mag-usap kami ulit mamaya.

I answer the call.

"Kyle."

[Hello? Are you related to Mr. Kyle Shin-Woo?]

O_o

Sino yun? Babae.

"Y-Yes." Sagot

[Ang may-ari po ng cellphone na ito ay isinugod dito sa Tagaytay Hospital. Naaksidente po siya. Nurse po ako dito. Kung maaari po ay puntahan nyo siya dito at ipaalam sa pamilya niya as soon as possible.]

Naaksidente siya..

Naaksidente siya..

Naaksidente siya..

Naaksidente siya..

O_____O

"Okay. Okay."

Hindi ko na hinintay ang sagot nung nurse bagkus au tumakbo ako palabas ng kwarto ko. Naabutan ko pa sina Adrian sa salas habang nanunuod ng TV.

"May problema ba Hub?" Napatayo siya nung mapansing natataranta ako.

God. Wala naman po sanang nangyaring masama kay Kyle. It's my fault.

"S-Si Kyle."

"**Ano yun MyLoves?"**

"Si Kyle naaksidente. Samahan niyo 'ko sa Tagaytay Hospital ngayon na."

Sa isang iglap ay nagtakbuhan kami palabas ng unit ko pababa ng building.

I don't know what to think. Nanginginig yung mga kamay ko.

Nag-flashback sakin yung ginawa nyang pagmamaka-awa kanina. God, please. Wag niyo pong hahayaan si Kyle.

Umiiyak na naman ako. Andito na kami sa kotse ni Adrian at pinaharurot nya yung takbo. Apektado ako. Diko alam iisipin ngayon.

Ayokong isipin na kritikal ang lagay ni Kyle. Ayokong isipin yun. Okay lang si Kyle. Okay lang sya.

"James, sabihin mo sa'kin. Okay lang si Kyle.." I said while crying.

Inalo ako ni James. **"He will be fine. Don't woory too much."**

Iniisip ko palang na nakahiga siya sa hospital bed, naiiyak na'ko. No. Hindi pwede.

Bibigyan ko na nga sya ng chance diba? Handa na'ko dun. Bakit kailangan pa niyang ma-aksidente?

--

Sa hospital..

"Kyle Shin-Woo." Sabi ko sa reception table ng hospital. Almost 2 hours din bago kami nakarating dito dahil sa traffic.

"Room 27 po."

Takbo kami nina Adrian papuntang room 27. God! Nanghihina at nanlulumo ako. Di ko na talaga alam iisipin ko.

Pagtingin namin sa room, medyo nakahinga ako ng maluwag dahil kung malala siya, nasa emergency room dapat siya.

I prayed before opening the door.

Doon nakita namin si Kyle na nakahiga at nakatingin sa bandang bintana sa gilid ng kwarto. He's fine.

May benda siya sa ulo, at mga plaster sa braso.

God, sana walang masamang nangyari sa kaniya.

Maingat kaming pumasok ng kwarto at nilapitan siya. **"K-Kyle.."**

He look at me pero walang emosyon sa mukha niya. Hindi siya nagsasalita.

"Kyle." Si Adrian.

Hindi pa man nagsasalita si Kyle, dumating si Butler ni Kyle. Tumawag kasi ako sa mansyon kanina habang nasa kotse.

"Young master." Sabi ni Butler.

Kasunod ni Butler nagdatingan ang tigers. Tinawagan din sila ni Adrian kanina habang nagda-drive eh.

"Best."

Andito na din si Janna. She holds my hand.

Nakatingin lang ako kay Kyle. Nakatingin nalang sya ulit sa may bintana. Hindi nya kami pinapansin. Ano bang nangyari.

Naiiyak na naman ako.

Pumasok ang doctor. **"Sino pong pamilya ng pasyente?'**

Lalapit sana ako kaso naunahan na ako ni Butler.

"Ligtas na ang pasyente. Nagkaroon lang siya ng fracture sa may braso niya at nagkaroon ng ilang sugat pati sa ulo niya dahil an rin sa pagkaka-untog siguro. Pasalamat na lang tayo at naisugod agad siya dito."

"Ano ho bang nangyari sa kaniya?" Tanong ni Butler.

"Car accident. Mga one week pa siya dito sa hospital para ma-monitor yung fracture niya. Make sure to take care of him. Dahil hindi pwedeng mapaliban ang mga gamot na nireseta ko sa kaniya. Alis na'ko."

Sabi ng doctor saka umalis na ulit.

Si Butler, may tinawagan. Tumingin ulit ako kay Kyle. Wala akong masabi. Una, dahil alam kong wala akong karapatan at pangalawa, feeling ko kasalanan ko ang nangyari sa kaniya. Pero pasalamat pa din ako na walang masamang nangyari sa kaniya. He just need to rest.

"Captain! May fracture ka daw. Ingat ka din kasi." Sabi ni Jerome.

"Oo nga captain. Paano yan, di ka muna makakalaro ng basketball." Sabi ni Ken.

"Pwede bang iwan niyo muna ako."

O_____o

Si Kyle nagsalita. He was so cold.

"Iwan muna natin si captain. Mukhang gusto na nyang magpahinga." Sabi ni Cav.

Isa-isang naglabasan ang tigers. Hawak pa din ni Janna ang kamay ko. Nakatingin lang ako kay Kyle habang diko mapigilan yung mabilis na pagtulo ng luha ko.

"Hub labas muna kami.sa tingin ko, maiwan ka muna dito. Janna tara." Sabi ni Adrian.

Naglabasan na sila. Si Butler lumabas din dahil may tinatawagan. Ngayon, kaming dalawa lang ni Kyle ang naiwan.

"A-Anong nangyari.." Nanginginig ako habang tinatanong sya. Nakatayo lang ako dito sa tabi ng bed nya.

"Narinig mo naman ang sinabi ng doctor diba." Malamig na sabi niya habang nakatingin pa din sa gilid ng bintana.

Hindi man lang nya ako tinitingnan. Pinahiran ko yung luha ko. **"Nag-alala ako sayo."**

This time, tumingin na sya sakin.

"Talaga? Nag-alala ka sakin? Are you kidding me?" Sarkastikong sabi niya.

Si Kyle bumalik sa dati. Yung pagkasungit nya.

</3

"Nag-alala talaga ako sayo kasi.."

"WHAT?"

;(

"Kasi.."

"Cut that crap. You can go. Nakita niyo na'ko, buhay pa naman ako. Pwede nyo na'kong iwan."
Cold na sabi nya.

"Kyle.."

"Ano? May kailangan kapa ba?"

Chapter 13 ? Seriously

Chelsea POV

Dito na kami sa unit ko.

Balisa ako kasi nasaktan ako sa cold treatment ni Kyle kanina sa hospital.

"Pahinga kana Hub." Sabi ni Adrian. **"Wag mo na munang isipin si Kyle."**

Paanong hindi ko iisipin si Kyle? Pinaalis nya ako sa harap nya kanina.

"MyLoves alam ko nararamdaman mo ngayon pero mas mabuti kung magpapahinga kana." Sabi ni James.

Wala tuloy akong gana ngayon. Gabi na din. Mabuti pa ngang matulog na ako. Nakakapagod din ang araw na ito.

"Tutulog na'ko. Adrian, James thank you. Sana bukas okay na si Kyle. Pwede bang samahan nyo ako ulit dun? Hindi ko kasi alam paano mag-commute papunta dun."

Wala naman kasi akong sariling sasakyan eh. Diko din alam paano sakay papuntang tagaytay. Hindi ko naman kayang hindi puntahan si Kyle. Nag-aalala pa din ako sa kaniya. Isa pa, nasabihan ko siya na ipagluluto ko sya. Kahit itaboy niya ako, hindi ako aalis dun.

"Sige lang. Basta magpahinga kana." Sabi ni Adrian.

"MyLoves gusto mo ng pick-up line?" Tanong ni James sakin. **"Aray naman!"**

Binatukan siya ni Adrian.

"Tingin mo kailangan niya ng korni mong pick-up line?" Tanong ni Adrian.

Napangiti nalang ako. **"Sige na. Tutulog na ako. Goodnight."**

Pagpasok ko dito sa kwarto ko, hindi ko alam pero napaiyak ako.

Itinataboy ako ni Kyle kanina.

:((

Makatulog na nga. Basta bukas.

ZzzzzzZ..

--

Umaga..

Maaga akong nagising dahil nagluto pa ako ng poksteak para kay Kyle. Nagdala na din ako ng rice at fruits. May fruits naman akong stock sa ref.

Handa na lahat kaso yung dalawa tulog pa.

Nilapitan ko sila. Magkayakap na silang natutulog sa baba. Sa may carpet sa salas.

I smiled bago tinapik si Adrian. **"Hub."**

"Hmmm?" Buti nagising agad si Adrian.

"Ready na'ko." Sabi ko. Gets naman nya yun.

Napabangon siya pagkatapos itulak si James. **"Aray naman Adrian."**

"Bakit ka ba nakayakap sakin? Tch." Reklamo ni Adrian.

"Kapal mo. Ikaw ang nakayakap." Sagot ni James.

"Tch. Tumayo kana dyan."

"Ay MyLoves! Andyan ka pala. Maganda kapa sa umaga!" Nakangiting sabi ni James.

Si James talaga napaka-jolly. **"Thank you."** Sagot ko.

"Bolero. Dalian mo. Maliligo pa. Pupunta tayo sa hospital."

"Oo nga pala. Sorry MyLoves napasarap ako sa tulog. Nanaginip kasi ako na ikakasal na tayo eh tap-asdfghjkl."

Wala na. Tinakpan na ni Adrian bibig ni James saka hinila na palabas ng unit ko.

"30 minutes." Sigaw ni Adrian bago tuluyang makalabas ng unit ko.

Mag-aayos na din pala ako. Nahanda na naman yung dadalhin kong foods eh. Sana magustuhan ni Kyle at sana naman good mood siya ngayon.

After 123456789 years, nakaalis na kami sa building namin.

Asuxual, kaming tatlo magkakasama. Kinakabahan ako kasi baka itaboy na naman ako ni Kyle. Kagabi, napag-isip-isip ko na it's time na din siguro na patawarin ko na si Kyle. Parang automatic kasing nawala yung galit ko sa kaniya.

Lalo na nung pinaaalis na nya ako kagabi sa buhay niya. Ang sakit lang. Naisip ko na bala bumalik na naman sa dati kaya mas mabuting agapan ko na.

Hindi ko muna sasabihin kina Adrian o kahit kay Janna dahil sasabunutan ako nun. Basta mamaya, kakausapin ko ng masinsinan si Kyle. Lilinawin ko sa kaniya yung mga bagay na diko masabi.

"MyLoves, may pick-up line ako."

"Tigilan mo si Hub James."

-_-

Etong dalawa mag-aaway na naman.

"Di naman ikaw kausap ko Adrian." Sabi ni James.

"I know. Hindi rin ito kotse mo. Pwede kitang pababain anytime, anywhere." Sagot ni Adrian.

-_-

"Aish. Oo na Adrian. Tatahimik na. Hiyang-hiya naman ako." Sagot ni James.

Nakakatuwa silang dalawa. Sobra.

--

Sa hospital..

Huminga muna ako ng malalim bago ko binuksan yung pinto nung room ni Kyle.

Kasama ko sina Adrian na pumasok. Nagulat ako. Si Lance andito sa kwarto ni Kyle.

"Bro andito ka pala?" Sabi ni James kay Lance.

"Hindi. Anino ko lang 'to." Pilosopong sagot ni Lance.

Di na kayo nasanay dyan. Harsh yan.

Lumapit ako sa kama ni Kyle. Mukhang nagku-kwentuhan lang sila ni Lance mula kanina. Ipinatong ko yung fruits sa side table saka humarap sa kaniya.

"Kyle kumain ka na ba?" Tanong ko.

Tumingin siya sakin. **"Diba sinabi ko na sayo wag ka ng babalik dito?"**

</3

Ouch lang pero kailangan tiisin. **"Pinagluto kita ng porksteak. Gusto mo yun diba? Paghanda kita, sandali."** Sabi ko.

"Hindi mo kailangang gawin yan. You can go." Cold pa ding sabi nya.

Nanggigilid na naman yung luha ko pero pinipigilan ko. Tinuloy ko yung pagkuha ng pagkain mula sa paperbag na dala ko. **"Masarap 'to. Specialty ko 'to eh."** Sabi ko.

"I don't care." Sagot nya.

"Kyle labas lang ako. Adrian, James tara sa labas." Sabi ni Lance.

Hindi naman pumalag yung dalawa kaya naiwan na kami ngayon ni Kyle dito sa kwarto.

Pinaglagay ko na si Kyle sa plato na dala ko ng kanin at nung porksteak. **"Eat this."**

Inabot ko sa kaniya. Nakatingin lang sya sakin**. "You think I can eat that?"**

Ay nakalimutan ko. May arm fracture nga pala sya. **"Sorry. Okay lang ba sayo na subuan nalang kita?**" Tanong ko.

"No. It's okay."

"I insist." Tinapat ko sa bibig nya yung kutsara. **"Eat."**

_

Natuwa ako dahil kinain niya. Hindi siya tumanggi. **"K-Kyle.."**

Hindi siya sumasagot. **"Nakapag-isip-isip na'ko."** Panimula ko habang sinusubuan pa din sya.

"You don't have to. Ayos na ako. Lalayo na ako sayo." Sabi nya.

"No. Gusto kong linawin ang lahat Kyle."

"It's okay now. Wag ka ng mag-explain."

Yung puso ko nasasaktan na naman.

"No. Kyle.."

O_____O

Parang may masakit kay Kyle. Pinatong ko muna yung plato sa side table saka hinawakan sa braso si Kyle. **"Kyle anong nangyayari?"**

"Ang sakit. Ahhhhh!"

Nakahawak siya sa braso nya. **"Tatawag ako ng doctor."** Sabi ko.

"No. Wag. Wag."

Bakit? **"Pero.."**

"Just help me okay." Sabi nya. Lumapit naman ako.

I massage his arm. **"Nababawasan ba ang sakit?"** Tanong ko.

"Mas mababawasan ng sakit kung babalikan mo na ako."

O_____o

Seriously?

"Aaaaahhh!" Hanla.

"Masakit ba talaga?"

"Sabi ng doctor, may taning na daw ang buhay ko. Malaki pala epekto nung fracture ng arm ko. Argghh."

"What?" Nagulat ako. Dadating ba talaga sa point na ganon? May taning na ang buhay nya kahit arm fracture lang? Hindi naman pwede yun. Niloloko ako ni Kyle.

Chapter 14 ? Comfortable

Chelsea POV

"Seriously?" Tanong ko kina Adrian. Para kasing ganun-ganun lang na okay na sa kanila? Eh diba galit na galit din sila kay Kyle.

Lumapit sakin si Adrian. **"Ayoko ng makita kang umiiyak kaya mabuti na rin 'to. Totoo lang, kami lang naman talaga ni Kyle yung magka-kompetensya mula pa noon. May nakisali lang."**

"Hoy Adrian! Pinaparinggan mo ba ako? Eh mas mahal ko naman si MyLoves kumpara sa pagmamahal niyo." Sabi ni James.

"Tch. Ewan sa inyo." Sabi ni Kyle.

"Chelsea. Si Yumiko nga pala gusto ka makita. One of these day pupunta daw sya sa condo mo. Kakarating lang nya galing Japan." Sabi ni Lance.

Napangiti ako. Close ko kasi si Yumiko. Twinsis tawagan namin kasi madaming nagsasabi magkahawig daw kami. Hehe.

"Baby ko ang sakit ng braso ko." Napansin ko yung itsura ni Kyle, nasasaktan talaga sya sa fracture nya. Tumayo ako at lumapit sa bed nya.

I massage again his arm.

He smiled at me. **"Ang sweet talaga ng baby ko."**

"Tch. Arte mo Kyle." Sabi ni Adrian.

Tumawa nalang si Kyle. Ang gaan sa pakiramdam yung ganito. Yung feeling na magkakasama man kami, walang tensyon na nangyayari.

"Nagda-drama lang yang hilaw na yan." Sabi naman ni James.

Hindi sila pinansin ni Kyle. Bagkus nginitian nya ako. **"Baby ko.."**

"Hm?" Sagot ko habang mina-massage yung braso nya ng dahan-dahan.

"Sinong sasagutin mo saming tatlo? Ako diba?"

-_-

Why so frank Kyle? Aish. **"Wala."** Biro ko.

"Naman MyLoves! Ia-alay ko pa naman buhay ko sayo." -James

"Ako sasagutin nya." Sabi ni Adrian.

"Baby naman. Hay. Sana di na ako gumaling sa fracture na'to. Di naman pala ako sasagutin ng baby ko." -Kyle

"Wag ka ngang magsalita ng ganyan. Hindi yan magandang biro." Suway ko sa kaniya.

He pout his lips. Shemay. Ang cute lang. **"Psh. Wag ka ngang pa-cute."** Sabi ko.

"Nakakabingi kayo." Singit ni Lance. **"Aalis na ako. Kyle mukhang okay ka na naman. Tawagan mo lang ako 'pag gusto mong mag-shot."**

"Geh brad." Sagot ni Kyle.

"Puro ka inom Lance." Puna ni James.

"Wala kang pakialam."

-_-

Napaka-harsh talaga nyan. Ayun lumabas na nga.

"Hub nagtext si Manager. May pictorial daw mamaya." Sabi ni Adrian.

Hanla. Eh si Kyle. Baka magtaka kayo. Kahit kasi linggo, may pictorial talaga kami.

"Baby ko okay lang. Maiintindihan ko kung may pictorial ka. Wag mo lang ako masyado mami-miss." Then he winked at me.

Anong klaseng pasyente 'to? Nagagawa pang magbiro. **"Psh. Okay. Hindi na pala ako makakabalik kasi may pasok bukas."** Sabi ko.

Eh one week pa sya dito sa hospital. Layo naman kasi. Sa tagaytay pa.

"No. Babalik ka dito. Susunduin ka ng driver sa condo." Sabi ni Kyle.

"Oy oy Kyle. Di pwede. May pasok." Sabi ni James.

"Psh. Tatawagan ko ang president ng school. Sasabihin ko na i-excuse muna kita sa klase." Sabi ni Kyle.

-_-

Makapangyarihan nga naman. Aish.

"Hindi ako papayag na araw araw magkasama kayo dito." Sabi ni Adrian.

"Edi sumama ka dito. Bantayan mo din ako. Problema ba yun." Sagot ni Kyle.

"Aish." -Adrian.

"Pero Kyle.."

"Please baby ko? Mas mapapabilis yung paggaling ko kung ikaw mag-aalaga sakin." Pagmamakaawa ni Kyle. Itsura pa nya. Naka-pout pa. Aish.

"Oo na." Sagot ko. Tutal i-e-excuse naman nya ako. Hay eto hirap eh pag okay kami, diko sya matanggihan.

"Sama ako. I-excuse mo din ako kyle." Sabi ni James.

Adik talaga 'tong si James.

"Ayoko." Sabi ni Kyle.

"Gusto mo talagang ma-solo si MyLoves eh. Hay Kyle style mo bulok." Sabi ni James

"You don't care." Sagot naman ni Kyle.

Promise, ang kukulit nila. Waaa. Tama bang pinatawad ko na si Kyle? Ang gulu-gulo nilang tatlo.

-_-

Aish. Kailangan ko na yatang ihanda yung sarili ko sa mga pag-aaqay at buwisitan nilang tatlo. Ay nakow!

--

Kinabukasan..

Nagising ako sa malakas na ring tone ng iphone ko.

Tiningnan ko yung screen.

Kyle calling..

Aga naman nito mambulabog. Napatingin ako sa orasan. 6 palang ng umaga ah.

"Hello?"

[Goodmorning baby ko.]

"Aga mo naman manggising?"

[Sorry baby ko. Mag-ayos kana kasi susunduin ka ng driver ko dyan ng 7.]

"7? Agad-agad?"

Aga naman nun. Waah.

[Gusto na kita makita. Di kana nga nakabalik kahapon eh. Please? Sabay tayo breakfast.]

Aish. Hirap nito. Diko sya matanggihan. **"Fine."**

[Thanks baby ko. Hintain kita ha. I'll call you later. I love you.]

>//<

Naman. Sweet na talaga ulit sya. **"O-Okay."**

toot toot

Pinatay ko na tawag at bumangon. Alangan namang sagutin ko yung I love you nya? Hello. Dipa ulit kami. Pinatawad ko lang sya. Psh.

Makapaghanda na nga.

--

Sa school..

James POV

Boring.

Wala kasi si MyLoves. Mag-isa tuloy akong pumasok. Ayoko sumabay kay Adrian baka pagsamantalahan pa ako nun. Haha. Dejoke.

Kakarating ko lang dito sa school. Nagtext naman na ako kay MyLoves kanina na mag-ingat sya dahil manyak pa naman si Kyle.

Ayy itetext ko pala si Adrian. Baka isipin pa nun sasabay ako.

Type

Type

BOOGSH!

O_o

"Hindi ka ba marunong tumingin ng dinadaanan mo?"

Sa dami-dami ng makakabungo ko. Itong babae pa na'to. Eh mainit ulo ko dyan.

"Hindi ka din ba tumitingin sa daan?" Balik-tanong ko sa kaniya.

Hoy. Lalaki ako pero mataray din ako. Aish.

"Tumitingin ako sa daan. Ikaw ang hindi tumitingin."

"Talaga tumitingin ka? Edi sana umilag ka nung makikita mong mababangga na kita?" Sabi ko.

"Arrghh! You're ruining my day!"

"Ako pa? Tch. Akala mo di kita papatulan?" Pananakot ko.

"Are you gay para pumatol sa babae?" Tanong nya.

"Bakit, babae ka ba?"

Haha. Aasarin ko lang.

"Of course I'm a girl!" Sigaw nya. She looks frustrated.

"Malay ko ba kung lalaki ka dati tapos nagpa-sex change at nagparetoke ka lang." Pang-aasar ko.

"Arrgghh!" Yun lang nasabi nya saka ayun nag-martsa na palayo sakin.

Akala mo Mandy ha!

Haha. Dapat lang sayo yan. Malaki kasalanan mo kay MyLoves kaya bubwisitin kita. Haha.

Teka? Bakit pala andito yan sa school?

--

Mandy POV

Nakakainis yung lalaking yun! Aish. If I know, half-brother yun ni Lance Abellano na umaway din sakin nun one year ago dahil sa ginawa ko kay Chelsea.

Aish. Sabihan ba'kong bakla? Arrgh! The nerve of that guy! Kainis.

Papaunta ako sa room ko. Actually, nakakawalang-gana pumasok kasi Kyle is not around. Wala man lang akong balita sa kaniya.

Galing kasi ako sa room nila para silipin sya kaso wala siya.

Chapter 15 ? Library

The next day..

Chelsea POV

Asuxual. Dito na naman ako sa hospital kasi nga inaalagaan ko si Kyle.

Sabi naman ng doctor may development na yung arm fracture ni Kyle. Kaya in 2 days pwede na din sya makauwi.

Buti nalang hindi makulit si Kyle pag pinapainom ko ng gamot nya.

"Baby ko pa-kiss nga."

>//<

Kanina pa yan ganyan. Aish. Shemay naman. Kinikilig ako na ewan eh.

"Tumigil ka nga Kyle." Sita ko.

"Kiss lang naman eh. Masama ba?"

"Psh." Sinimangutan ko sya saka nagbalat nalang ng apple.

"Hm, baby ko. Excited na'ko sa sembreak."

Asuxual. Batanggas. Hindi ko pa pala nasasabi. **"Diko pa nasasabi sa kanila. Teka. GM ako."**

Nagtype ako sa iphone ko.

To: Hub; MyLoves; Best; Twinsis; Lance

Guys nagyayaya si Kyle sa resort nila sa batangas sa sembreak. One week daw tayo dun. Game ba kayo?

-sent-

"Na-text ko na sila. Ikaw nalang magtext sa tigers." Sabi ko kay Kyle.

Tumango siya. **"Basta baby ko gusto ko pag andun tayo, hindi tayo mag-aaway. Gusto kitang makasama ng masaya. Sobrang na-miss talaga kita eh."**

>//<

Ayan na naman sya. Sweet nya talaga. Kyaaaww!

"Wag ka namang kiligin baby ko."

-_-

Panira ng moment 'to. **"Hindi ako kinikilig 'no."**

"Itsura mo para kang mai-ihi na di maintindihan eh."

-_-

Why so harsh Kyle? Aish. **"Ewan ko sayo."**

"Ang cute mo talaga 'pag naiinis." Sabi nya na ikinatuwa naman ng puso ko.

"Psh."

Tenenenenen!

From: Best

Mag-uusap pa tayo.

-end-

Paktay ako kay Best. Waah. Di pa pala kami nag-uusap about sa pagpapatawad ko kay Kyle. Lagot ako. Ihahanda ko na buhok ko.

"Oh, ba't napahawak ka dyan sa buhok mo?" Napansin pala ni Kyle.

Malamang Chelsea kaharap kalang nya, like hello?

Psh. **"Eh kasi ihahanda ko na sarili ko. Sasabunutan ako ni Janna."**

Halatang nagtataka sya. **"Bakit naman?"**

"Dahil pinatawad na kita."

"Aish. Yun lang eh. Simple lang, sabihin mo lang na masyado mo akong mahal at hindi mo na kinakaya ang ka-gwapuhan ko kaya pinatawad mo na ako."

-_-

"Yabang mo talaga."

Tumawa lang si Kyle. I miss his laugh. His happiness that makes my heart happy.

Ganun naman yung mga nagmamahal diba? Gusto nating nakikitang masaya yung taong mahal natin.

Tenenenenen!

From: MyLoves

Ako pa ba hindi sasama? Baka manyakin ka pa ni Kyle. Mabuti ng andun ako.

-end-

-_-

Si James talaga. Hehe.

Tenenenenen!

From: Hub

Yeah. I'm in.

-end-

Busy siguro si Hub. Hehe.

Krrrriiinnnnggg..

Twinsis calling..

Waah. Tumatawag si twinsis. It's been one month ng huli ko siyang makita.

"Hello?"

[Twinsis! I miss you!]

Kyaaa. Na-miss ko 'tong babae na'to.

"I miss you too. Asan ka?"

Si Kyle kinalbit ako. **"Sino yan?"** Bulong nya.

Sinimangutan ko alng sya at di pinansin. Tumayo ako.

[3days na akong andito sa pinas. Okay na kami ni Lance pero di pa kami nagkikita. He's busy kasi. Next week pa kami magkikita.]

"Talaga? So pwede kayo next next week sa sembreak?" Na-excite naman ako.

Hindi nyo pala natanong. Specials exam nalang kinukuha ni Lance kasi bihira sya pumasok ngayon. Nagte-train na din kasi yun sa kompanya nila tulad ni Janna.

[Oo naman. Ako pwede pero I'll ask Lance muna.]

"Okay sige. Ingats ka Yumiko."

[You too. Bye.]

toot toot

Natapos na ang tawag at lumapit nako ulit sa may kama ni Kyle. **"Sino kausap mo?"**

"Bakit ba ang tsismoso mo?"

"Sinabihan mo kasi ng I miss you yung kausap mo. Sino ba yun? Lalaki ba sya? Single ba? Gwapo ba? Ano?"

-_-

Interview 'to Kyle?

"Si Yumiko yun. Fiance ni Lance."

"Yumiko? I don't know her." Sagot nya.

"Malamang Kyle. One year kang nasa korea at hindi ka nakikipag-communicate sa mga kaibigan mo pati sa tigers kaya paano mo malalaman?" Sabi ko.

"You mean engage na si Lance?"

"Makakalimutan ka ba? Diba nabanggit na ni Lance dito nung pumunta sya?"

"Makakalimutin ako pag hindi ko pa nakikita yung isang tao."

Sumimangot ako. **"Psh."**

"Ayan ka na naman sa simangot mo. Pasalamat ka may fracture ako, kung hindi bumangon na'ko dito at sinunggaban ka ng halik."

O__O

"Seriously Kyle? Manyak ka talaga." Aish.

"Hindi ako manyak."

"Psh. Oo nalang."

"Tch."

Si Kyle talaga kahit kelan ganyan na. Haynakow!

--

James POV

Breaktime na. Sabi nina Janna mauna na ako dito sa canteen. Syempre may sarili kaming mesa. Haha. Kami pa ba?

Si Janna kasi at Adrian may hiniram na libro sa library para sa exams next week. Ako diko na kelangan mag-aral. Likas na ang pagiging matalino ko. Haha.

Nakapila na'ko. Ako na sunod. Ayos. Syempre goodboy ako. Di naman ako tuladf nina Lance na dinadaan sa sama ng tingin yung mga nakapila kaya nauuna sila lagi.

Ako hindi. Isa ako mabuting mamamayang pilipino.

"Ah, Miss.."

Kinalbit ko yung babae, sumingit kasi sa unahan ko.

Pagtingin niya,

O____O

"IKAW NA NAMAN!?" Sabay naming sabi sa isa't isa.

"Umalis ka nga dyan, nauna ako sayo!" Sabi ko.

"Like duh! Nagmamadali ako." Sagot niya.

"Kahit na. Nauna pa din ako. Pumila ka nga!" Sigaw ko.

"You don't know me."

"Kilala kita. Ikaw yung magaling na nag-set-up kay Chelsea para paghiwalayin sila ni Kyle! Tch."

"Could you please shut up? Ang daldal mo masyado. Para kang babae!" Sabi nya.

Aba, aba. **"Okay lang. Kesa naman sayo mukhang bakla."**

"Arrgh! Nakakainis ka na ha!"

Haha. Talagang iniinis kita. **"Umalis ka na dyan. Gutom na'ko."**

"I don't care." Sabi nya saka tinalikuran ako at umo-order na. Talaga nga naman.

"Tch." Sinusubukan ako ng babaeng 'to ha. Hinawakan ko sa braso si Mandy. **"Tulungan niyo ako! Pinagsasamantalahan ako ng babaeng 'to. Wag naman ako. Grabe ka Miss."** sigaw ko. Tinginan mga student sa canteen.

O_o itsura ni Mandy

"What did you say?"

"Tch. Kunwari pang walang alam. Pagkatapos mong haplusin ang ma-muscle kong braso. Aish."

"Arrrggghhh!"

Nag-walk-out si Mandy. Di kinaya yung mga students na kakaiba na ang tingin sa kaniya. Akala nya ha. Haha. Ako pa ba?

grins

--

Mandy POV

The nerve of that guy? Nakakainis sya! Ipagsigawan ba namang pinagsasamantalahan sya?

Ang kapal ng mukha. At ma-muscle daw nyang braso? Wow ha! Ni wala nga akong nakitang muscle.

Bakit ba ganoon yun? Grabe! Hindi porket cute siya eh pwede na nyang buwisitin ang araw ko!

O_____o

What did I say?

Cute yung lalaking yun?

NO!! Erase, erase!

--

Adrian POV

Andito na kami ni Janna sa library. Kailangan namin manghirap for exams next week. Nag-aaral din ako kahit papaano.

Nagtext pala kani-kanina si Hub. Nagyayaya pala si Kyle. Okay lang. Hindi pa nga kami nagkakaroon ng bonding lahat ng sama-sama.

Mukhang masaya yun.

Isasantabi ko muna yung kompetesyon. Na-miss ko din yung bonding ng tigers. Kami nina Kyle.

Si Janna kumukuha na ng books sa bookshelf. Ako tingin-tingin muna.

Napansin kong gumamit pa ng ladder si Janna para maabot yung nasa pinakataas. Aish. Babaeng 'to. Pwede namang sabihin sakin.

Lumapit ako sa pwesto nya. Magpe-presinta na ako sa kaniya na ako na aakyat at kukuha sa pinakataas.

"Janna ako na dyan!" Medyo mahinang sigaw ko.

Oh-oh!

Mali yata na sumigaw ako dahil parang nagulat sya dahilan para mahulog sya sa hagdan.

BOOGSH

Napahiga ako.

O____O

We..

We..

"Ahhhhhhh!" Napasigaw si Janna at napabangon.

Paano ba naman nung mapahiga ako sa ibabaw ko sya nahulog at..

Naglapat yung mga labi namin.

O__o

"SHHHHh.." Narinig kong sigaw ng librarian.

Buti andito kami sa may sulok, walang ibang students.

Si Janna naman nanlalaki ang mata na nakatingin sakin. Nakatakip pa kamay sa bibig nya. I calm myself kahit ako, nagulat din.

"It was an accident."

takbo

?_?

Tumakbo si Janna. Nahawa na yata 'to kay Hub. Basta-basta nalang nananakbo. Aish.

--

Janna POV

Oh my god.

We kissed! Shocks! Ano ba yan. Janna calm yourself.

Hindi yun sadya. Accident lang yun.

Wah. Ang lakas ng impact sakin nun. He's my first kiss. Ermengard! Can't believe it.

Nakakahiya. Nakarating ako dito sa canteen. Hahanapin ko nalang si James. Hindi ko na kayang tumagal sa library. Aahhh!!

Nakakahiya talaga!

Pero may something sa puso ko na parang nagustuhan yun.

Waa. Parang pabor sakin na si Adrian ang first kiss ko. Naman!

Pananagutan ba nya ako? Pakakasalan ba niya ako dahil nahalikan nya ako?

-_-

Okay. Enough. Masyado ng advance isip ko. Pew!

**

A/N: Next UD mamayang gabi. Same rule po.

Chapter 16 ? Good News

James POV

Gusto kong matawa sa itsura ni Janna ngayon. Paano, parang natataranta na pumunta dito sa canteen.

"Hoy Janna! Okay ka lang ba?" Tanong ko.

"O-Oo.."

Tch. Natataranta nga. Napatingin ako sa papalapit sa table namin. **"Uy Adrian. Ba't hindi pa kayo sabay na pumunta dito sa canteen?"**

Umupo lang si Adrian. Tahimik lang.

?_?

May nararamdaman ako sa dalawang 'to. **"Ano bang nangyari sa inyo?"** Tanong ko.

"W-Wala!" Napangiti ako nang sabay silang sumagot.

"Ehem! Aminin. Anong nangyari?" Pang-iintriga ko sa kanila.

"W-Wala nga!"

Sabay na naman sila. Haha. Ano kaya yun.

"Hey. It was an accident." Parang bulong ni Adrian kay Janna. Si Janna nakasimangot lang pero nagba-blush.

Masubukan nga.

"Did you two... kiss?"

O__O

O__O

Itsura nung dalawa.

"It was an accident!" Sigaw ni Adrian

"I know!" Sagot naman ni Janna.

Hahaha. Nahuli ko sila.

Teka..

O___o

Nag-kiss sila?

Pfffttttt.

"Hoy Adrian nag-kiss kayo? Wala ka. Disqualified ka na kay MyLoves! Hindi ka pa man nasasagot, nanloloko ka na!" Sabi ko.

"Shut up." Sabi ni Adrian "Accident nga diba?"

"Accident nga ba? Manyak ka pa naman Adrian." Pang-aasar ko.

"Hoy! Loko ka ha!" Sigaw ni Adrian pero yung itsura nila ni Janna di maintindihan. Haha. Epic 'to.

Nag-kiss na pala ha. May pang-asar na'ko kay Adrian. Bwahaha.

--

Chelsea POV

"Isa pa."

Sinubuan ko pa ng binalatang apple si Kyle. Psh. Napapasarap 'to ng pinagsisilbihan ah. Iniisip yata nito alipin pa nya ako. Psh.

"Baby ko."

Sinubuan ko ulit sya ng apple. **"Hm?"**

"Asdfghjkl."

Kumunot noo ko. **"Ano? Ubusin mo nga muna laman ng bibig mo."** Suway ko.

Nagsasalita kasi may laman ang bibig.

"Sabi ko I love you."

>.<

"Nag-ba-blush ka na naman baby ko. Wag ka ngang masyadong kiligin dyan."

-_-

Yung totoo Kyle? Nambubwisit kalang ba? Hays.

"Aw!"

Napatayo ako at tiningnan yung arm ni Kyle. Napahawak kasi sya dun. **"Masakit ba?"** Tanong ko. Ngayon ko lang na napansin na mas nagkalapit yung mukha namin.

Tsup!

O_o

"Wow mali!" Sigaw nya.

Argh! What the..

"Ikaw Kyle tigilan mo nga pagbibiro ng ganyan." Inis na sabi ko.

"Para maka-kiss ako."

"Ewan ko sayo." Sabi ko nalang saka naupo nalang sa sofa.

Pero infairness, yung kiss na yun lakas pa din ng impact sakin. Grabe lang.

--

James POV

Uwian na din sa wakas.

Boring talaga ang klase pag wala si MyLoves. Aish. Bakit kasi sa Tagaytay pa napa-ospital si Kyle. Layo tuloy.

"Adrian! Una na ako. May pupuntahan pa ako."

Lumabas na ako ng room. Diko na hinintay sagot ni Adrian. Wala naman akong lakad. Gusto ko lang sila mag-solo ni Janna. Haha. Parang timang yung dalawang yun. Kanina pa.

Lakad nako pababa ng hagdan kaso..

BOOGSH

"Oops, sorry." Tinulungan ko yung babae na pulutin yung nahulog niyang libro. Mukhang nagmamadali.

"Salamat!" Sigaw nya saka tumakbo na ulit.

Ano kaya yun?

Tumuloy nako bumaba at doon nakita ko ang mortal enemy ko.

"Hinihintay mo ba ako?" Tanong ko kay Mandy. Inaasar ko lang.

Nakaupo kasi sa bench sa may pagbaba ng hagdan.

"Duh! Ang kapal naman ng mukha mo. Nakaupo lang dito, hinihintay ka na ganon? Psh. Feeling mo naman." Sabi nya.

Aba. **"Feeling mo din."**

Aalis na sana ako ng..

BOOGSH

Eto yung babaeng nakabangga ko din kanina sa taas. Tinulungan ko siyang pulutin libro nya.

"Ikaw na naman?" Sabi ko sa babae. **"Napaka-clumsy mo naman yata."**

"Naku, sorry. Thank you din. Nagmadali lang ako kanina. Ngayon naman, nagkamali lang ako ng apak sa hagdan." Paliwana nung babae.

"Disgusting! Makaalis na nga." Mataray na sabi ni Mandy saka nag-walk-out.

Yung babaeng yun talaga. **"Sorry talaga! Naabala ko pa yata kayo ng girlfriend mo."**

O__O

"What?"

Si Mandy girlfriend ko? Asdfghjkl. Over my dead nail.

"E-Eh.."

"She's not my girlfriend. Next time nga mag-ingat ka. Masyado kang clumsy."

"Sorry ulit. Akala ko kasi girlfriend mo sya."

"Tch."

"Aalis na'ko. Sorry ulit." paalam nung babae.

Paatras syang lumakad habang nakatingin sakin at sumisigaw ng sorry. Kaso..

BOOGSH

Nakabangga na naman sya ng student. Ayun nahulog mga dala nyang libro.

Aish. Napaka-clumsy. Supposed to be, wala naman dapat ako pakialam dyan. Sumobra lang talaga ang ka-clumsy-han sa katawan. Tch. Hindi ko naman matiis na di tulungan. Aish.

"I said be careful." Sabi ko habang tinutulungang magpulot ng libro nya yung babae.

Alanganin syang ngumiti. **"S-Sorry ulit.."**

"Puro ka sorry." Sabi ko saka inabot sa kaniya yung huling librong nasa lapag. Napatingin pa ako sa

cover kasi may nakadikit na lettering.

YNNA

Maybe her name? Ewan. **"I'll leave first."** Sabi ko saka iniwan sya dun.

--

Chelsea POV

Tumango-tango lang ako habang kausap ang doctor ni kyle.

"So mamaya, pwede na siyang lumabas ng hospital. Pero mas mabuti kung itutuloy nya ang pag-inom ng gamot hanggang sa gumaling ako fracture nya." Sabi ng doctor.

"Okay Doc."

Tinapik nya ako sa balikat at umalis na. Napatingin naman ako kay Kyle na mahimbing ang tulog. Napagod yan malamang. Ang kulit kulit naman kasi.

Buti naman makakalabas na sya mamaya. Kailangan ko pala tawagan si butler.

Umupo ako sa upuan sa gilid ng kama ni Kyle. I stared at him. Naaawa ako sa kaniya kasi nandito sya sa hospital pero hindi man lang makapunta ang Papa nya.

Ako man, wala na talaga akong magulang. Yung sa kaniya kasi mas masakit. Buhay pa Papa nya pero di naman nya nakakasama.

Hindi na ako magtataka kung bakit dinadaan nya lahat ng bagay sa pera. Dahil yung din yung naiibigay sa kaniya ng Papa nya. Hindi man lang sya nabibigyan ng atensyon.

Miss na miss ko na yung dati na kami. Yung tinatawag ko siyang gummy bear tapos masaya kami laging nagba-bonding, sabay pumapasok at umuuwi.

Hindi naman nila kailangang makipag-kompetensya sa isa't isa dahil mula't sapol alam naman nila kung sino yung talagang mahal ko. Masaya na ako na kaibigan ko sina Adrian at James. Mas gugustuhin kong manatili yun sa ganun.

Do I already have the courage na balikan si Kyle? I love him so much. Hindi naman nababawasan yun kahit nasaktan nya ako.

I sighed and wipe the tears that starts to fall from my eyes. Na-mi-miss ko na ding maging masaya kami ni Kyle as a couple.

I smiled while looking at his face. Ready na ako. I will take the risk. At ngayon ko ipaglalaban ang pagmamahal ko sa kaniya anuman ang mangyari.

Dalawa ang goodnews ko kay Kyle. Una, makakalabas na sya ng hospital, at pangalawa babalikan ko na siya, sinasagot ko na siya, tinatanggap ko na ulit siya bilang boyfriend ko.

Pero mamaya na yung second good news pag-uwi.

--

Kyle POV

O_-

-_o

O_O

Nag-inat ako. **"Aw!"**

Nakalimutan ko may fracture nga pala braso ko. Tch. Tumingin ako sa paligid. Asan si nobody?

I dialled her phone number.

The number you have dialled is busy at this moment. Please try your call later.

Chapter 17 ? Unexpected Happenings

Chelsea POV

Kararating lang namin dito sa mansyon nina Kyle. Dito daw muna kasi sya mag-stay habang dipa super galing nung fracture nya.

Inalalayan ko siyang umupo dito sa kwarto niya**. "Baby ko.."**

O_o

Kinikilabutan ako sa tawag na yan ni Kyle. Kasi naman may pagka-husky yung boses nya. Aish.

"Oh?" Pilit kong kinakalma ang sarili ko.

"Pwede bang dito ka muna matulog mamayang gabi? Tabihan mo ako baby ko."

O__o

"Ang manyak mo Kyle!" Sigaw ko.

Shemay naman. Kinikilig ako eh.

"Niyayaya kalang matulog manyak na agad baby ko?"

"Kasi naman eh.." Bigla kong naalala yung pangalawang good news na sasabihin ko kay Kyle.

Sasabihin ko naba? Waah. Kinakabahan ako.

"Oh natulala ka dyan baby ko? Anong iniisip mo?" Tanong ni Kyle.

"Eh Kyle may sasabihin sana ako.."

Kaya ko 'to. Sasabihin ko na kay Kyle. Waaah. Na-e-excite ako na kinakabahan na parang ewan.

"Ano yun baby ko?"

"Kasi ano. Napag-isip-isip ko na.."

Eccckkkkkk..

"Young master.."

"Hindi ka ba marunong kumatok butler?" Sigaw ni Kyle.

Harsh talaga nito.

"Young master dumating po ang Papa niyo. Gusto ka nyang makausap sa opisina niya sa taas."

O___o

Dumating ang Papa ni Kyle? Hanla. Diko pa yun nakikita eversince. Napansin ko yung panlalalaki ng mata ni Kyle.

"Baby ko, dito kalang. Hintayin mo ako. Puntahan ko lang si Papa."

Bakit bigla syang na-seryoso? Hanla. Masungit ba Papa ni Kyle? Paktay.

"Eh Kyle uwi nalang ako.." Sabi ko.

"No. Hintayin mo ako. Ipapakilala pa kita mamaya kay Papa."

O__o

"Hala Kyle?"

"Basta dyan kalang. Saglit lang ako." Sabi ni Kyle saka lumabas na ng kwarto kasama si butler.

Pppfffttt. Ipapakilala daw ako sa Papa nya? Kinakabahan ako. Shemay!

--

Ynna POV

Ang gwapo nung nakabangga ko kanina. Hehe. Ang cute pa. Diko siya kilala pero parang nakikita ko na din sya sa campus.

"Hi Ynna."

Psh. Ayan na naman si Drei. Kinukulit ako. Si Drei na isa sa Tigers. Palyboy yan eh. Classmate ko kas yan.

Ako nga pala si Ynna Mejia. Matalino, mabait at masipag mag-aral. Syempre friendly din ako. Yun nga lang clumsy lang talaga ako.

Ewan ko ba. Inborn na yata akong ganun. Nakakahiya tuloy kay cutie guy. Pamilya ko ang may-ari ng isa sa malalaking restaurant dito sa Pilipinas. Marami din kaming business abroad.

Ay anubayan. Kinikilig ako. Ano kayang name nun? Hehe.

Nakerengkeng ako. Psh.

"Papansin ka na naman Drei." Sabi ko.

"Si Ynna di na mabiro. Ang ganda mo talaga."

"Psh. Tigilan mo nga ako Drei."

"Nagpapa-cute lang eh. Ynna naman di ka ba naga-guwapuhan sakin?"

"Ewan sayo!"

Iniwan ko na sya. Nagpunta nalang ako a library. Aish. Panira ng araw 'to.

Pero pag nagpa-flash sa isip ko yung mukha ni cutie guy, kinikilig ako. Hehe. Sana makita ko ulit sya.

Hehe.

--

James POV

Wala akong magawa dito sa condo ko. Umuwi kaya ako sa mansyon?

Matext nga si Lance.

Tenenenenen!

From: Lance

Yup. Papunta rin si Yumiko dito. Magkikita na kami. Tapos na exams ko.

-end-

Ayun! Buti naman magkikita na ulit sila ni Yumi. Miserable buhay nyang si Bro nung biglang umalis si Yumi papauntang japan one month ago. Buti na nga lang bumalik na dito sa pinas.

Nagreply ako.

To: Lance

Yes! Sige punta ako ngayon na. Ipaghanda mo ako maraming pagkain.

Sent!

Tenenenenenen!

From: Lance

Takaw mo. Magluto ka. Bilisan mo.

-end-

Nasabihan pa ngang matakaw. Yang si Bro sweet talaga yan sakin. Haha.

Nagcheck muna ako FB at nakita ko post ni Mandy.

Mandy Aguilar Pustahan may gusto si James Abellano sakin -__- basta basta nanghahalik! >.< BAKLA.

525 likes • 384 comments • Share

Ang kapal ng mukha ng babaeng 'to. Siya nga dyan mukhang bakla. Psh. Nagcomment ako.

James Abellano Kapal lang ha!

Akala nya. Akala mo napakaganda. At akala ba nya gusto ko yung halik na yun? Nagmumog pa nga ako ng sampung galon na alcohol. Tch.

Bwisit na yan. Makapunta na nga sa mansyon. Naghanda na ako. Para makapunta ng mansyon. Kakain nalang ako ng kakain dun. Badtrip ako sa Mandy na yan.

May araw ka sakin.

--

Kyle POV

Hindi ko alam na biglang uuwi si Papa. Bihira yan umuwi. Pag may okasyon lang.

Nagulat talaga ako dahil ang totoo nyan, takot ako kay Papa. Lahat kaya nyang gawin. Sa kaniya yata

ako nagmana. Lahat ng gusto nya kailangan nasusunod.

Mamaya ipapakilala ko si nobody kay Papa.

"Iwan mo nako." Sabi ko kay butler. Hinatid nya kasi ako hanggang dito sa may labas ng opisina ni Papa, katabi ng master's bedroom which is kwarto ni Papa.

Pagpasok ko sa office ni Papa, nakita ko siyang nakatayo. Nakatingin sa bintana. Bale nakatalikod sya sakin.

"Papa.."

Magtaka na kayo dahil para akong piping ewan pag si Papa na kaharap ko. Tiklop bibig ko dyan.

"How are you son."

O_o

Seryoso si Papa. Humarap na sya sakin. Bigla akong kinabahan.

"Medyo ayos na yung fracture k-"

"Hindi ko tinatanong ang tungkol sa fracture mo. Tinatanong ko kung kumusta ang buhay mo ngayon."

-_-

Kung harsh ako, mas harsh sakin si Papa. Wala kasi yan pakialam sakin. Puro business nasa isip.

"Okay lang 'Pa."

"Pinatawag kita dito dahil may mahalaga akong sasabihin. Umuwi ako para masabi ko sayo ng personal." Panimula ni Papa.

Nakinig lang ako.

"Nagka-usap kami ni Mr. Aguilar sa States. At close na close pa din kami. Napag-usapan namin na ipakasal namin ang mga anak namin. Ibig sabihin, gusto kong pakasalan mo ang anak ni Mr. Aguilar. Mag-me-merge ang isang kompanya natin sa kompnya nila. I heard andito sa Pilipinas ang anak niya at kaka-enroll lang sa SWU. Siguro naman nagkikita kayo?"

Hindi ko yata kakayanin ang sinasabi ni Papa. **"Anong ibig mong sabihin Papa."** Tanong ko.

Gusto kong isipin na nananaginip lang ako. Hindi ako maaaring makasal sa taong diko gusto. May mahal na ako.

"Arrange marriage. Magse-set ng engagement party bukas na bukas din dahil kailangan ko ding bumalik sa states."

"No Papa. Hindi maaari. May girlfriend na ako kaya hindi nyo ako pwedeng ipakasal sa kahit sino."

"Sino yang girlfriend mo na yan? May malalaking kompanya din bang pag-aari ang pamilya nya?"

Shit. **"Wala Pa."**

"Wala naman pala. Ngayon hiwalayan mo na din agad sya. Dahil ayokong magka-problema sa usapan namin ni Mr. Aguilar. Kilala mo ako Kyle. Alam mo ang kaya kong gawin kaya wag na wag mo akong sasawayin."

Shit. Anong gagawin ko. Pagdating kay Papa tiklop talaga ako. Lahat kaya nyang gawin. Kaya nyang sumira ng buhay ng may buhay.

Shit shit. **"Papa unfair yun sa girlfriend ko."**

"I don't care son."

"Pa.."

Anong gagawin ko? Ayokong makasal kay Mandy for pete sake! Siya yung anak ni Mr. Aguilar at oo close sila ni Papa. Potek.

"Susundin mo ako o sisirain ko ang buhay ng girlfriend mo?" Tanong ni Papa na nakapagpa-freeze sakin.

Shit! Wag na wag nyang sasaktan si nobody. Anong gagawin ko? Nangako pa naman ako na magbabakasyon kami next next week sa sembreak.

"I'm asking you son."

"Yes Pa. Hihiwalayan ko na ang girlfriend ko. Wag na wag nyo lang syang sasaktan." Sabi ko.

Sorry but I have no choice. Wala akong magawa. Hindi ko kaya si Papa. Mas makapangyarihan sya sakin. May isang salita siya. Lahat kaya nyang gawin at ayokong mapahamak si nobody.

"Okay. Bukas ng gabi ang announcement ng engagement niyo. Wag mong subukang gumawa ng bagay na ikakagalit ko son. Alam mo kung paano ako magalit."

Tumango lang ako.

"Makakalabas ka na."

This time tinalukuran ko na sya at lumabas ng office nya. Damn it! Anong gagawin ko? Hindi ko na kayang saktan si nobody. Mahal na mahal ko si nobody. Hindi ko siya kayang saktan ulit.

Shit lang.

Andito na ako sa harap ng pinto ng kwarto ko kung nasaan si nobody. Huminga muna ako ng malalim at pinilit kong ngumiti. Ayoko munang sabihin kay nobody. Diko kayang makita na naman syang umiyak.

"Kyle ang tagal mo naman."

Hindi ko na pinansin sinabi ni nobody. Sinugod ko na agad sya ng yakap. Mahigpit na mahigpit. **"Baby ko I love you.."**

Hindi ko na kayang bitawan si nobody pero I have to. Mas hindi ko kakayanin pag sinaktan sya ni Papa. Shit.

Hindi ko alam pero napatulo yung luha ko. I really love her. So much.

--

Chelsea POV

"I love you baby ko.."

Nagtataka ako sa kinikilos ni Kyle. Parang may something pero diko ma-pin-point.

"Kyle.."

Narinig ko yung parang hikbi niya. Hanla. Umiiyak si Kyle? Pero bakit?

Ang higpit pa din ng pagkakayakap nya sakin. **"Kyle umiiyak ka ba?"**

"No.." Sagot nya pero halata kong umiiyak sya.

"Kyle may problema ba?" Tanong ko. Naguguluhan na ako talaga sa kinikilos nya.

Mas hinigpitan pa nya lalo pagyakap sakin. Hanla baka mapano fracture nya. Di pa naman super magaling yung braso nya. **"I love you baby ko. Mahal na mahal kita."**

Hanla? Bakit ganyan sinasabi ni Kyle?

May good news pa naman sana ako sa kaniya kaso ganyan sya. Diko sya ma-gets.

Kumalas sya sa pagkakayakap sakin at hinarap ako. Parang nabiyak yung puso ko nang makita ko yung mukha nya. He's crying.

"Kyle bakit ka umiiyak?" Naguguluhan na ako.

"I love you. Kahit anong mangyari lagi mong isipin at itatak dyan sa isip mo na mahal na mahal kita baby ko. Sobra."

"Teka Kyle. Naguguluhan ako."

"Baby ko.."

"Kyle ano ba yun?"

"Ikakasal ako sa ibang babae."

Shit biglang tumigil ang ikot ng mundo ko sa sinabi ni Kyle.

Sino?

Bakit?

Shit.

--

A/N: Next UD tomorrow

Chapter 18 ?

Chelsea POV

"Ikakasal ako sa ibang babae."

Tumigil yung ikot ng mundo ko. Hindi ko alam kung paano ako mag-re-react sa sinabi ni Kyle.

"Kyle.. Nagbibiro ka lang diba?"

Pilit kong isinisiksik sa isip ko na nagbibiro lang sya. No. Hindi.

Kyle kissed me. "I'm not kidding. Sorry. Sorry baby ko."

I started to cry. "B-Bakit? Ipa-intindi mo sa'kin Kyle.."

Bakit ganun? Eto na yun eh. Sasagutin ko na ulit sya eh. Pero bakit may ganito? Bakit? Wala na ba ako karapatang sumaya?

"Yun ang utos ni Papa. Hindi ko siya kayang suwayin. Lahat kaya niyang gawin. Binantaan pa nya ako na sisirain nya ang buhay mo kung hindi kita hihiwalayan. Baby ko hindi ko kakayanin pag may nangyari sayo. Kilala ko ang Papa ko, wala syang puso. Wala siyang awa at makapangyarihan sya."

Ano? Hindi ko akalaing ganoon ang Papa ni Kyle? "Now anong gusto mong mangyari?"

"I'll stop. Titigil na'ko sa pagsuyo baby ko. I have no choice. Kailangan na kitang layuan."

Hindi ko matanggap yung mga sinasabi ni Kyle. Grabe lang. "You know what? Balak ko na sanang sagutin ka ulit ngayon Kyle. Dahil mahal na mahal naman talaga kita. Tiniis lang kita. Pero bakit biglang ganito?"

Hindi ko mapigilan ang pag-iyak ko. Shit lang. Nasasaktan ako.

"Baby ko. I'm sorry. Sorry. Wala akong magawa. Hindi kita kayang ipaglaban kay Papa dahil ikaw ang mapapahamak. I love you. I really love you. Magalit ka na sakin. Kalimutan mo na yung pagmamahal mo sakin. Dahil wala ng mangyayari pa."

Shit. Nararamdaman ko na naman yung naramdaman ko one year ago. Ang sakit sakit. "Kyle.."

"Baby ko, mahal na mahal kita alam mo yan. Kailangan ko lang i-sakripisyo itong pagmamahal ko sa'yo para sa kaligtasan mo at ikakatahimik ng buhay mo."

"Anong silbi ng buhay ko kung wala ka Kyle? Shit lang kasi Kyle, mahal na mahal kita. Hindi ko na kayang iwan moko ulit."

Humahagulhol na'ko. "Sorry. Wala akong magawa."

"Kyle..hindi mo ako iiwan ulit."

Diko kayang mawala si Kyle sakin. Siya yung gusto ko. Siya yung mahal ko.

"Mahirap sakin 'to pero kailangan. Baby ko I love you. I love you so much."

Mas nasasaktan ako sa sinasabi niya. Yung alam kong mahal na mahal nya ako pero kailangan nya akong bitawan.

"No Kyle.."

"Please. Listen to me, hangga't maaari iiwasan kita, lalayuan kita. Kalimutan mo na ang nararamdaman mo sakin."

Umiling ako. "Hindi yun ganun kadali kyle! Akala ko ba di mo na'ko sasaktan?"

"Hindi ko ginusto 'to. Hindi." Pareho kaming umiiyak ni Kyle.

"Kyle.." Ang sakit-sakit.

"Please baby ko. Stop loving me. Hanggang dito nalang tayo."

Hindi ko matanggap. I can't. I really can't.

"Make love to me Kyle."

Desperada na yata ako para sabihin yun kay Kyle pero wala akong magawa. Mahal na mahal ko siya. Ayokong iwan niya ako ulit. Ayoko.

Kapag may nangyari sakin at kapag nagbunga yun, babalikan ako ni Kyle. Wala ng magagawa ang Papa niya. Right?

He kissed me torridly. Tinugon ko yun. I really love him. Handa akong ibigay sa kaniya lahat.

He still kissing me hanggang sa maihiga niya ako sa kama. Now, nasa ibabaw ko siya and still kissing me.

Hinayaan ko lang siya. Hinayaan ko siya sa ginagawa niya. Mahal na mahal ko si Kyle. Sobra.

Palalim ng palalim yung halik niya hanggang sa mawalan na'ko ng control sa sarili ko. Hinahayaan ko siya sa ginagawa niya. Hindi man sya magsalita, I can feel his love. I can feel it.

We shared our kisses na parang kami lang ang tao sa mundo. He touched my body pero hindi ako nag-reklamo. Until we're both naked.

Wala na ako sa sarili ko. Ang gusto ko lang, iparamdam yung pagmamahal ko kay Kyle. I can do anything to make him feel that I really love him that much.

And the rest of the night...I gave him my precious one..

--

Kinabukasan..

Nagising ako ng masama pakiramdam ko. Parang ang sakit ng katawan ko.

Napatingin ako kay Kyle. He still sleeping. We're still undress. I still remember what happened last night.

At wala akong pinagsisisihan sa nangyari. Yumakap ako kay Kyle.

"Hm, baby ko.."

Gising na din pala siya. "Kyle.."

"I love you."

Ang sarap lang sana ng ganito. Yung gigising ka araw-araw tapos yung mahal mo ang una mong makikita then he will tell you that he loves you.

Pero I know ito na ang huli. Kyle explained to me na wala na syang magagawa.

Masakit sakin sobra. Nagpapakatatag na nga lang ako.

"I love you too gummy bear.." At least for the last time, matawag ko siyang gummy bear. How I miss that.

He smiled and kissed me on my lips. "I love you so much baby ko. Pinapakawalan na kita. I know andyan sina Adrian at James para alagaan ka. Magtitiwala ako sa kanila na hindi ka nila pababayaan."

Naiiyak na naman ako. Parang ayaw pa rin mag-sink-in sa isip ko na kailangan ko ng kalimutan si Kyle. Diko kaya.

"K-Kyle parang diko kaya.."

"I know you can. Kayanin mo baby ko okay? Sorry, wala akong magawa. Mas iniisip ko yung safety mo."

"Kyle.."

"Ihahatid kita sa unit mo ngayon na. Ayokong makita ka pa ni Papa dito. Baka kung anong gawin nya. Magdamit ka na." Sabi ni Kyle saka siya tumayo at nagpunta ng cr.

Naiiyak na ako. Maghihiwalay kami ng in good terms kami. Unlike dati na talagang galit sya sakin. Mas masakit pala yung ganito. Yung pinapakawalan ka niya.

Nagbihis na'ko saka naupo sa gilid ng kama. Hindi ko pa rin maisip na maghihiwalay na kami ni Kyle. Ang swerte naman ng babaeng papakasalan ni Kyle.

Ang swerte niya.

AKO dapat yun eh.

--

Adrian POV

Andito ako sa unit ko kasama si James. Tae wala na yan ginawa kundi tumambay dito at ubusin ang pagkain ko dito.

Takaw talaga.

Exams week na pala. Mamaya pa exam namin sa hapon.

Bzzzzztt..

Sino namang tao? "James buksan mo nga pinto." Utos ko.

Sumunod naman si James. "Kyle?"

Napatingin ako nung marinig ko sinabi ni James. Tumayo ako. "Magaling kana pala." Sabi ko.

"Gusto ko kayong makausap. Lalaki sa lalaki." Sabi ni Kyle. Parang kakaiba nga ang itsura nya ngayon. Mukhang problemado.

"Pasok ka."

Tumuloy kaming tatlo dito sa salas. "Anong pag-uusapan."

"About Chelsea."

Aba. Chelsea na tawag nya. Dati nobody ah.

"Anong tungkol kay MyLoves?" Tanong ni James.

"Alagaan niyo siya at wag na wag niyo siyang hahayaang masaktan."

Naguluhan ako sa sinabi ni Kyle. "What?"

"Umuwi si Papa kagabi."

Papa ni Kyle umuwi? Bata palang ako kilala ko na Papa nyan at honestly, takot ako sa Papa ni Kyle. Kahit naman yang si Kyle takot din.

"Anong nangyari?"

Nakaka-sense ako ng bad news.

"Kinausap niya ako. Mamayang gabi may party sa masyon at i-a-announce ang about sa engagement namin ng magiging fiance ko."

"Party lang pala eh... ANO? ENGAGEMENT?" Sigaw ni James.

Nagulat ako sa sinabi nya. "Kyle explain mong mabuti."

"It's an arranged marriage. As usual, dahil sa business. Adrian, you know my father. Sa lahat ng tao, siya lang ang kinatatakutan ko. Ipinaglaban ko si Chelsea sa kaniya kagabi but he gave me a choice. Susundin ko ang gusto niya o sisirain niya ang buhay ni Chelsea. Tangina lang mga brad. Diko alam gagawin ko. Kailangan kong i-give-up si Chelsea hindi dahil hindi ko sya kayang ipagtanggol. Hindi ko

lang kakayanin na may mangyaring masama sa kaniya dahil sakin."

Shit. Kahit karibal ko yang si Kyle, naaawa ako sa kaniya. I understand his situation. "Nasabi mo na kay Chelsea?"

"Yeah. Actually kakahatid ko lang sa kaniya sa unit nya. Kailangan ko pa siya painumin kanina ng sleeping pills nang hindi nya alam para makatulog sya. Ayokong umalis sa tabi niya ng gising sya. Masasaktan ako lalo na kung makikita ko siyang nasasaktan."

"Kyle.."

"Grabe yung Papa mo Kyle. Tch. Sa halip na magsaya ako dahil lalayuan mo na si myLoves, naiinis ako sa Papa mo! Masasaktan na naman si Myloves nito."

"Alam mo na ba kung sinong fiance mo?"

Tumango sya. "Si Mandy."

"ANO??" Sabay na sigaw namin ni James.

"Paanong.." Sa dinami-dami si mandy pa? Mas masasaktan si Chelsea pag nalaman nya yun.

"Magkaibigan sa business ang mga Papa namin. At please, wag niyo munang sabihin kay Chelsea dahil di niya alam."

Napatayo ako. "Shit lang Kyle!"

"Pasayahin nyo si Chelsea. Alagaan nyo sya."

"Masasaktan sya Kyle. Alam naman nya kung gaano mo sya kamahal."

"No. Gagawa ako ng way para ayawan nya ako. Para magalit sya sakin." Sabi ni Kyle.

"Mali yan Kyle."

"I have to. Wala na din namang mangyayari. Kailangan ko na talaga syang pakawalan."

"Kami na bahala kay myLoves." Sabi ni James.

"Make sure to make her busy. Ayokong malaman niya na may party sa mansyon mamaya. At wag niyong hayaang puntahan niay ako."

"Paano pala yung one week vacation Kyle?" Tanong ni James. Oo nga 'no.

"Tuloy yun. That's my best time para gumawa ng bagay na ikakagalit ni Chelsea. Isasama ko si Mandy."

"Kalokohan yan Kyle! Sasaktan mo si Chelsea!" Sigaw ko.

"Kailangan kong gawin yung Adrian. Gagalitin ko siya para kalimutan na nya ako."

"SASAKTAN MO LANG SI CHELSEA SA BALAK MO KYLE!" sigaw ni James.

"Pero Kyle.."

"Kailangan ko ng umalis. Kanina pa tumatawag si Papa. Hinahanap na'ko nun. Kayo na bahala. Hinahabilin ko siya sa inyo. May tiwala ako sa inyo. Make her happy. Dahil.. Hindi ko na yun magagawa sa kaniya."

Pagkasabi nun tumalikod na si Kyle at umalis ng unit ko.

Shit! Hindi ko akalaing mangyayari 'to? Problema na naman. Nasasaktan na naman si Chelsea nito. Tch.

"Adrian anong gagawin natin?" Tanong ni James.

"Gagawin natin mga sinabi ni Kyle."

"Pero masasaktan na naman si Chelsea.."

"Wala na tayong magagawa. Hindi mo kilala Papa ni Kyle. Lahat kaya nun gawin. Wala syang awa. Ayokong masaktan nya si Chelsea kaya dapat nating sundin si Kyle. Mabuti ng masaktan siya ni Kyle, wag lang ng Papa niya."

"Ok."

We need to make her happy kahit alam ko naman na mas mapapasaya sya ni Kyle.

Kailangan naming pag-usapan mabuti ni James ang mga dapat naming gawin. Isasama na din namin si Janna. Tulad dati, kailangan namin siyang turuan makalimutan si Kyle.

"James. May mission tayo."

"Ano."

"Help Chelsea to forget Kyle."

Chapter 19 ? Daldal

Chelsea POV

Nagising ako nang andito na'ko sa kwarto ng unit ko. Paano ako napunta dito?

Aish. Si Kyle pala?

Naalala ko yung pinag-usapan namin. Hanla. No. Hindi pwede. Iiwan na ako ni Kyle.

(_ _)

Di naman niya ako akay iwan diba?

Lumabas ako ng kwarto ko at bumaba. Baka andun si Kyle pero sina Adrian at James ang naabutan ko sa salas.

Si James kumakain ng ice cream. Si Adrian, nagkakalikot sa iPad niya.

“MyLoves!”

Nang makalapit ako sa kanila, niyakap ako bigla ni Adrian. **“Pahinga ka na lang.”** sabi niya.

Teka? Alam na kaya nila yung about samin ni Kyle?

"Eh?"

"Pahinga ko nalang. O gusto mo bonding tayo?" Tanong ni Adrian.

Naisip ko si Kyle. Gusto ko kasi syang makita. **"Gusto ko sanang makita si Kyle."** Sabi ko.

"Bakit naman?" Tanong ni James.

Siguro di pa nga nila alam yung tungkol sa arranged marriage ni Kyle. "**Eh, gusto ko lang ma-check kung okay sya. Dahil sa fracture nya."** Pagsisinungaling ko.

Kasi naman. Naiiyak na naman ako pag naiisip ko na iiwan na ako ni Kyle.

"Ayos lang yun. Yun pa bang si Kyle?" Sabi ni Adrian.

"Pero.." Hanla. Gusto ko talaga makita si Kyle. Gusto ko siya makausap at makasama eh. Anong gagawin ko.

"Pupunta si Janna dito. On the way na sya. Mag-uusap daw kayo eh?" Sabi ni Adrian.

O_o

Hala. Dipa nga pala kami nag-uusap ni Janna. Lagot ako dun.

"Eh, sige.." Sabi ko nalang. Mukhang di ako pwedeng makipagkita kay Kyle. Mabuti pa ngang mag-usap nalang muna kami ni Janna.

Krinnnnggggg..

May tumatawag sakin. I immediately look at my phone.

Kyle calling..

Si Kyle?

^__^

"Wait lang." Sabi ko kina Adrian. Pumunta ako sa may kusina.

"Hello?"

[I love you baby ko.]

T__T

Parang maiiyak na naman ako. **"Kyle.."**

[I love you so much. Mahal na mahal kita baby ko. Ikaw lang mamahalin ko habang buhay kahit pa ikasal ako sa iba.]

Wala na. Naiyak nako. "**K-Kyle mahal na mahal din kita. Magkita tayo ngayon please?"** Sabi ko.

[I can't. Lagot ako kay Papa 'pag umalis ako ng bahay. Ayaw mo naman sigurong mapagalitan ako ni Papa diba?]

"Pero Kyle.."

[Magkikita tayo sa monday. Sa batangas escapade natin. One week tayo dun. Magkikita tayo. Tiis lang ha?]

Bigla akong nabuhayan ng loob. Magkikita kami. Yes! One week yun. Lulubusin ko yung mga araw na pwede kong makasama si Kyle.

Hindi ko na talaga alam gagawin ko pag iniwan ako na'ko ni Kyle ng tuluyan. Iisipin ko palang na hindi ako yung papakasalan niya someday, nasasaktan na ako. Hindi ko na kinakaya.

"Okay."

[I have to hang up. I love you. Ingatan mo sarili mo.]

"Yeah. I love you too gummy bear."

toot toot

T___T

Nasasaktan ako sa sitwasyon namin ni Kyle ngayon. Kakayanin ko ba talaga? Sana.

--

Janna POV

Paakyat na ako sa unit ni Best. Actually, nagiging busy na din ako kasi tine-train na ako sa company.

Nabanggit na sakin nina Adrian thru phone yung about kay Kyle at bigla akong nanghina. Dahil naaawa ako kay best. Nasasaktan na naman sya. Alam ko naman na mahal na mahal niya si kyle. Binabawalan ko lang naman sya na makipagbati agad dahil ayokong nasasaktan siya tulad nung natunghayan namin one year ago.

Syempre kaibigan nya ako. Sino bang kaibigan ang gugustuhing makitang nasasaktan ang kaibigan mo diba? Bestfriend ko pa siya. Saksi ako sa lahat ng pinagdaanan ng relasyon nila ni Kyle.

I press the buzzer sa pinto ng unit ni Best. Bumukas naman agad yun.

O_o

Shemay! Nagugulat talaga ako pag nakikita ko si Adrian. Asdfghjkl.

"Si Best?" Tanong ko. Pinilit ko kumalma. Kasi naman si Adrian eh.

Nakita kong papalapit si Best sakin. Galing yatang kusina. I hug her.

"Janna.."

"Sshhh.. Why?" Sabi sakin ni Adrian kanina, hindi pa alam ni Best na alam na namin ang tungkol sa arranged marriage ni Kyle.

"Sasabihin ko sa inyo. Handa ba kayong makinig?" Tanong ni Best saming tatlo.

Tumango lang kami at umupo sa couch dito sa salas. **"Tell us Best."**

“Si Kyle..” naiiyak na namna si Best.

Naaawa talaga ako sa kaniya.

“Si Kyle ay in-arranged marriage?”

-____-

Yung totoo James? Excited ka? Kunwari nga di pa natin alam diba? Pfffft.

“Aray!” si James binatukan ni Adrian.

“Alam niyo na?” tanong ni Best.

“Tch. Daldal mo James! Kumain ka na nga lang! Oo Hub, alam na namin.” sabi ni Adrian.

Kumunot yung noo ni Best. “**Paano?”**

“Kinausap kami ni Kyle.”

“Kelan? Anong sabi niya?”

“You need to forget him Hub. Kilala ko ang Papa ni Kyle. Siya ang taong hindi mo gugustuhin makilala.” Sabi ni Adrian.

“Mas mabuti nga yun Best. Kalimutan mo na siya. Masasaktan ka lang.” sabi ko.

“Oo nga MyLoves. Tapos si Mandy pa ang fiance niya. Hay nako.”

O_____O

JAMES!!!!!! Ang daldal mo!!

“Oops. Wait, CR lang ako!” sabi ni James sabay takbo sa CR.

Ang sama ng tingin ni Adrian. Hindi ko alam kung matatawa ako o maiinis eh. Napakadaldal niyang si

James.

“Si Mandy ang fiance ni Kyle?” umiiyak na tanong ni Best.

“Eh best..”

“Bakit sa dinami-dami naman, si Mandy pa?” umiiyak na naman siya.

“Best wag mo masyado-“

“Na ano best? Wag masyadong isipin? Nasasaktan ako Best! Si Mandy na nga dahilan noon kaya

ako iniwan ni Kyle tapos ngayon, siya na naman? Wala ba siyang awa?"

“Hindi naman siguro kasalanan ni Mandy yun Hub. Mga Papa nila ang nag-decide.” Sabi ni Adrian,

“Tapos ngayon ipagtatanggol niyo pa si Mandy? Edi magsama-sama kayo! Please wag niyo muna kong guluhin.” Sabi ni Best saka tumakbo paakyat ng kwarto niya.

“Nagalit.” Sabi ko.

“Hindi ko naman kinakampihan si Mandy.” Sabi ni Adrian.

“Buti pa hayaan muna natin siyang mapag-isa. Kailangan nga lang, dito muna tayo para mabantayan siya. Baka kasi mamaya biglang pumunta sa mansyon nina Kyle. Baka masaksihan niya lang yung announcement ng engagement. Mas masasaktan siya.”

“Tama. Teka, asan na yung kumag na madaldal?” sabi bigla ni Adrian. Tumayo siya tapos lumapit sa may CR. **“HOY LUMABAS KA DYAN!”** sigaw niya.

Kahit ganitong may problema, nakakatuwa pa din sila umakto.

--

Mandy POV

Kakauwi ko lang dito sa mansyon. Naggala-gala kasi muna ako. Hindi ako dito natulog kagabi dahil mas feel ko sa hotel. Hello? Marami kaya kaming hotel. Mayaman kami. Duh!

“Ma’am, bilin po ng Papa niyo, pagdating niyo, dumiretso kayo sa library. Kakausapin daw po kayo.” Sabi nung butler namin.

Psh. Kagabi pa nga yun tumatawag sakin. Ayoko lang sagutin. Hmp! Yung matandang yun, panira ng araw.

Binigay ko kay Butler yung bag ko saka uamkyat sa taas. Saan pa ba ako pupunta? Sa library. Kahit diko feel makita ang mukha ng tatay kong hukluban, pagtitiisan ko nalang. Psh.

Ganito talaga ako. Takot sakin Papa ko. Ako yata pinaka-maarteng babae sa balat ng lupa. Hindi ko yun ginagalang. Psh. Galit ako sa kaniya dahil nagkaroon siya ng affair dati. Nagka-anak pa nga yan sa iba. Well, na-kwento lang ni Mama yun sakin. Kasi baby pa ako nun nung magka-affair si Papa. Hmp! I hate it. Buti nga sa kaniya kasi hindi man lang nya kilala ang anak nya sa labas. Hmp.

Pagpasok ko sa loob, naabutan ko siyang may kausap na private investigator. As always! Lagi kaya yan nagha-hire ng private investigator para ipahanap ang anak nyan sa labas. Psh. Mukha niya!

"Tatawagan nalang kita mamaya. Makakaalis kana." Sabi ni Tanda sa private inv

[Content truncated due to length]

Chapter 20 ?

Kyle POV

After 123456789 years, na-announce na yung mangyayaring engagement sa pagitan namin ni Mandy. Sino pa ba? Psh. Mukha pang pinaghandaan. Yung suot na dress, mukhang bagong-bago pa. Ang make-up ang kapal pa.

Tch. Walang-wala sa baby ko. Kahit hindi mag-ayos, maganda pa din.

Miss ko na baby ko. Musta na kaya yun? Kumain na kaya yun? Aish.

Andito pala ako sa may garden. Wala ako sa mood makipag-plastikan sa mga bisita. Bwisit-a pala . Tch.

Ni isa sa Tigers wala akong in-invite. Di ko naman gusto ang party na ‘to. Buraot lang.

“Kyle...”

Hindi ko na tiningnan ko sino yung tumawag sakin. Boses palang niya alam ko na. “Anong kailangan mo?” sabi ko ng hindi nakatingin sa kaniya.

“Small world talaga ‘no? I didn’t expect na hanggang sa huli, tayo pa rin pala. True love huh!”

Natuwa pa siya? Tingin na niya natutuwa ako? “Tch.”

“Ang daming bisita ‘no? I’m sure excited silang lahat sa engagement natin. Halos lahat sila, sinabing bagay daw tayo. And oh by the way, pwede mo ba akong samahang bumili ng isusuot ko sa engagement party natin?”

“Stop that crap Mandy. Hindi ko ginusto ang arrange marriage na’to. Kaya pwede bang huwag mo na akong kausapin?”

Galit talaga ako. Nagbago na isip ko. Hindi ako magmamakaawa kay Mandy na i-let go ako. Tch. Gagalitin ko nalang siya.

“Bakit ba ang init ng ulo mo?”

“Dahil ayoko sa’yo! Ayokong makasal sa’yo.”

Tumawa si Mandy. “As if naman may magagawa ka Kyle? Kawawang Chelsea. Nasa akin talaga ang huling halakhak.”

Potek. Nakaka-badtrip ah.

“Matuwa ka hangga’t malagutan ka ng hininga ha? Tch.” Aalis na sana ako ng hinila niya ako sa braso.

“Napaka-harsh mo naman magsalita sakin? Parang hindi mo ako minahal dati ah?”

“Partly, yes. Noong minahal ko si Chelsea, doon ko na-realize na hindi naman pala talaga kita minahal

dati. Infatuation lang siguro yun dahil bata pa tayo nun.” Sarkastiko kong sabi.

“You're unbelievable Kyle!”

“Yeah. Alam mo sa totoo lang? Naaawa ako sa’yo ngayon. Alam mo kung bakit? Dahil ikakasal ka sakin.”

“Paano naman ako naging kawawa? Okay nga yun eh. Pabor sakin.”

“Tch. Sa tingin mo ba kapag naikasal na ako sayo, mamahalin kita? Kahit pa makasal tayo, si Chelsea pa din ang mahal ko at nag-iisang laman ng puso ko. Kawawa ka dahil hindi ka man lang kayang mahalin ng magiging asawa mo.” Sabi ko.

Napansin ko yung pamumutla ng mukha niya. Ano? Tinamaan ba ka ba?

“Argh!”

Yun lang nasabi niya saka nag-martsa dun sa gitna ng crowd sa mga bisita.

Wag niya akong susubukan. Dahil lalo ko lang ipapamukha sa kaniya kung gaano ko kamahal si nobody.

*

Kinabukasan..

Chelsea POV

Nakatulog na pala ako sa pag-iyak kagabi. Aish. Ang dami pang missed call ni Kyle. Waah. Sayang diko nasagot. Miss na miss ko na siya eh.

Pagbaba ko nagulat ako kasi andito pa din yung tatlo. Sina Adrian, James at Janna.

At nagluluto sa kusina?

“Ako na nga! Itlog lang hindi mo pa ma-prito ng ayos. Sunog pa. Psh.”

Highblood si Adrian aga-aga pero napangiti naman ako.

“Sobra ka Adrian ah!” sabi ni James. “Oh MyLoves! Goodmorning!” nakangiting bati niya.

Sina Janna at Adrian, nakangiti na din sakin.

Mgakaibigan ko talaga ang mga ‘to. “Guys, sorry sa kagabi.”

“We’ll understand you. Hindi lang namin maintindihan kung bakit may taong sumobra ng daldal.” Sabi ni Adrian pero nakangiti pa din.

“Pinaparinggan mo ba ako?” tanong agad ni James.

“Tumigil na nga kayong dalawa.” Suway ni Janna. “Tara best, breakfast na tayo.”

Tumango ako saka lumapit sa mesa at umupo. Dami food. May bacon, hotdog, omelet, tocino, bread, fried rice at may fruits pa. “Wow, thank you!”

“Ako nagluto niyan Best.” Sabi ni Janna.

“Ako din Hub. Tumulong sa pagluto.” Sabi naman ni Adrian.

“Ako bumili ng prutas.” Pagmamayabang ni James.

Nakakatuwa talaga sila. Medyo gumagaan ang pakiramdam ko kahit masakit pa rin dito sa puso ko yung mga nalaman ko.

Ayoko ngang isipin kasi nasasaktan ako.

Krrrinnnng...

Napatingin ako sa phone ko na nakapatong sa mesa.

Hindi naka-register ang number? Sino naman ‘to?

I answered the call pagkatapos kong sumenyas ng excuse kina Janna. “Hello?”

"*Is this Miss Chelsea Torres?"*

“Opo. Sino po sila?”

"May ipapadala po akong message sa inyo. Sana po ay mapuntahan niyo ang address na nakalagay sa message ko ngayong araw na ito. Sige po."

“Tek---"

toot toot

Hanla binabaan ako?

"Sino yun MyLoves?”

“Hindi ko kilala e?”

Ano naman kaya yun?

Tenenenenenen!

From: 09*********
143 Pag-ibig Street. Mahal kita forever

Astig naman ng address. Pupuntahan ko kaya? Wala naman sigurong masama? May napi-feel kasi akong kakaiba?

Bahala na mamaya. Sasabihin ko pa kina Janna ang about dito. Papasama na din kasi natatakot naman akong pumuntang mag-isa. Baka mamaya drug dealer pala yung tumawag sakin. Yung tipong kukunin ang internal organs ko at ibebenta? Waaah.

Wag po!

*

Third Person's POV

Kasalukuyang pumipirma ng mga papeles si Mr. Aguilar sa opisina niya ng dumating ang private investigator niya na binayaran niya upang hanapin ang anak niya sa labas.

Hindi niya kasi yun nakilala mula nung baby yun dahil sa legal wife niya. Pinalayo nalang niya ang nabuntis niyang babae na nag-trabaho dati sa mansyon nila bilang cook. Minahal naman niya yun. Iyon nga lang, kasal na siya kay Mrs. Aguilar. Mula noon, wala na siyang naging balita sa mag-ina niya na pinalayo para hindi saktan ng asawa niya.

"Mr. Aguilar. Good news po." Sabi ng private investigator. Bigla naman napatindig si Mr. Aguilar.

"Tell me."

"Nahanap ko na ang nawawala niyong anak. At hindi kayo makakapaniwala sa malalaman niyo."

"Sabihin mo na lahat sa akin."

"Sisimulan ko po mula una. Si Ms. Zapanta na naging ka-relasyon niyo noon ay nagkaroon ng asawa habang pinagbubuntis niya ang anak niyo. Napag-alaman kong si Mr. Torres ay simpleng karpintero lang at si Ms. Zapanta, pagtitinda lang sa palengke ang kabuhayan. Hindi sila nagka-anak kaya itinuring nalang ni Mr. Torres na anak niya ang ipinagbubuntis ni Ms. Zapanta. Hanggang sa maipanganak nga ang sanggol. Naging mahirap daw ang pamumuhay nila sabi ng mga naging kapitbahay nila dati sa probinsya. Nung apat na taong gulang palang ang bata, which is anak niyo kay Miss Zapanta, tinamaan ng malubhang sakit si Miss Zapanta hanggang sa namatay na ito at si Mr. Torres, dalawang taon lang ang nakalipas ay namatay na rin dahil sa pagpapabaya sa sarili. Ang bata ay inihabilin na sa kapatid ni Mr. Torres. At doon na nga lumaki ang anak niyo Mr. Aguilar."

"Anong balita sa nag-alaga sa anak ko?"

"Dito lang sila nakatira sa Manila. May katamtamang laki ng karinderya at napalaki naman daw ng ayos ang bata. 19 years old na siya ngayon at nag-aaral siya sa school kung saan pumapasok ngayon ang anak niyong si Miss Mandy."

Bumanaag ang pagkagulat sa mukha ni Mr. Aguilar."Sa Shin-Woo University siya pumapasok? Paano nangyari yun kung katamtamang laki lang ang karenderyang pag-aari ng nag-alaga sa kaniya? Malaki ang tuition sa SWU." Naguguluhan si Mr. Aguilar.

"Scholar po ang anak niyo Mr. Aguilar. Likas na matalino, bibo at mabait ang anak niyo. Babae siya at nakahiwalay na siya sa Tiyahin niya. Napag-alaman namin na may unit siya ng condominium sa Buenavista Building malapit sa SWU."

"Paano siya nagka-unit roon?"

"Base sa imbestigasyon ko, ang unit na tinitirahan niya ngayon ay iniregalo ng anak ni Mr. Buenavista na may-ari ng building na iyon noong ika-18 na taon ng anak niyo."

“Saan siya kumukuha ng perang ginagamit niya sa araw-araw?”

“Maganda ang anak niyo Mr. Aguilar. Natural ang ganda. Isa siyang part-time model ng iba’t ibang brands ng damit.”

Natuwa si Mr. Aguilar sa nalamang impormasyon. Magkikita na sila ng anak niyang hindi man lang niya nasustentuhan.

“Gusto ko siyang makita.”

“Nakakuha ako ng bio-data niya sa modeling agency na pinata-trabahuhan niya. At naroon ang cellphone number niya. Mabuti pa, tatawagan ko siya at magbibigay nalang ako ng address kung saan siya papupuntahin.”

“Ikaw ang bahala. Basta ang gusto ko, makita siya."

Tinawagan na ng private investigator ang numero at sinagot naman agad yun. Sinabi niya ang dapat niyang sabihin pagkatapos ay nagpadala ito ng message na naglalaman ng address kung saan magkikita.

“Pupunta na ba tayo sa address na ibinigay ko Mr. Aguilar?”

“Sige.”

*

Chelsea POV

Kinakabahan ako. Kasi pagkatapos namin kumain, sinabi ko kina Adrian yung tungkol sa tumawag sakin. Okay naman sa kanilang pumunta basta lahat kami kasama.

Kanina pa kami andito sa kotse at kinakabahan ako.

“Dito na tayo.”

Wala naman kasing ibinigay na mismong lugar, halimbawa restaurant. Street lang talaga eh.

Hindi masyadong ma-tao sa lugar kung saan kami tumigil. Hindi din siya highway kaya walang dumadaan na pampasaherong sasakyan.

Pagbaba namin, I dialled the number who called me.

"*Yes hello."*

“Andito na po ako sa lugar na itinext niyo.”

toot toot

Binabaan ako? Scam yata yun eh?

“Ano daw Best?’

“Binabaan ako eh?” sabi ko.

“Loko pala yun eh. Tara uwi na!” sabi ni James.

Tatalikod na sana kami nang may dumating na Monterro Sports at pumarada sa gilid ng daan katapat ng kotse na sinakyan namin.

“Yan na yata.” sabi ni Janna.

Kinakabahan ako.

Bumaba mula sa sasakyan ang isang lalaking nasa 30’s at isang nasa 50’s . Sino ba mga yan?

“Chelsea Torres.” Sigaw nung lalaking nasa 30’s

I step forward at kumaway. “Anong kailangan niyo sakin?” tanong ko.

“ANAK!!”

Ano daw? Yun sigaw nung matanda tapos lumapit sa akin at bigla akong niyakap.

Naguguluhan ako. Anong anak sinasabi niya? Patay na ang tatay ko.

Kumalas ako sa pagkakayakap nung matanda sakin. "Teka ho, hindi ko ho kayo kilala." Sabi ko.

"Ikaw ang nawawala kong anak."

Hanla? Anong pinagsasasabi nitong matanda na'to?

"Anak ka ni Helena Zapanta."

Hala paano nya nalaman pangalan ng nanay ko? May picture lang kasi ako ni Mama tapos nakasulat sa likod yung pangalan. Bata pa kasi ako nung namatay sila.

"Opo siya ang nanay ko." Sagot ko.

"Ako ang ama mo iha."

Hanla. Naguguluhan ako. Lumapit sakin si Adrian. "Excuse me sir, kung maaari po, paki-paliwanag ang lahat? Dahil si Chelsea po ay ulila na." Sabi nya.

Buti naman nakisabat na si Adrian. Naguguluhan talaga ako eh?

"Anak ka ni Helena. Anak ka niya sa akin. Naging magka-relasyon kami ng ina mo noon at nabuntis ko siya. Pero may asawa na ako no'n kaya kailangan kong palayuin ang ina mo. Nalaman ko na nakilala niya si Mr. Torres at sya ang tumayong ama mo."

Biglang tumulo luha ko. Ewan ko kung bakit. "Nagkakamali po kayo.." Sabi ko.

"Hindi iha. Pina-imbestigahan na kita. Matagal na kitang hinahanap dahil gusto kong makabawi man lang sayo. Napakanganda mong bata. Kamukhang-kamukha mo ang nanay mo."

Lalo akong naiyak ng maalala ko nanay ko. Kasi naman lumaki akong walang ina. "Sorry ho pero nagkakamali lang kayo. May magulang ako at namatay lang sila."

"Iha, may mapapakita akong ebidensya sayo." Sabi nya saka inabot sakin ang isang folder na may mga papel at picture.

May picture na magkasama ang nanay ko at lalaking hindi ko kilala. Iba naman mukha ng tatay ko dito.

"Ako yan at ang nanay mo." Sabi nung matanda.

Hindi pa din ako naniniwala. Hindi 'to totoo. Pero nang makita ko ang maikling sulat na nasa folder, parang gusto ko ng maniwala. Yung date nun, matagal na at mukhang luma na yung papel.

Sulat-kamay 'to ng nanay ko dahil may sulat din sya sa likod ng picture na nasa akin.

Binasa ko ang nakasulat.

Alexander, mahal na mahal kita. Hindi ako galit sayo tandaan mo. Kailangan ko lang talagang lumayo dahil sa asawa mo. Pangako, ipapakilala ko sa'yo ang anak mo balang-araw. Hindi ko sya ipagkakait sayo. Ingatan mo ang sarili mo. Paalam.

-Helena

So totoo nga? "Totoo po ba 'to?"

"Oo iha. Ako ang ama mo. Matagal na kitang gustong makita."

Hindi ko alam pero napayakap ako s akaniya at habang yakap ko siya, naramdaman ko yung sinasabi nilang lukso ng dugo. Magaan ang loob ko sa kaniya at ramdam ko na isa syang taong may kaugnayan sakin.

"Ngayon iha, ang gusto kong mangyari, tumira ka sa mansyon ko. Doon ka na titira para makasama kita. Para makabawi naman ako sayo."

Naguguluhan pa din ako. "Naniniwala na ho ako sa inyo pero pwede ho bang kausapin ko muna ang Tiya ko tungkol dito?"

"Ikaw ang bahala iha. Basta tawagan mo agad ako. Eto ang number ko." Inabot nya sakin ang calling card nya.

Mukha syang mabait. Hindi ko akalaing mayaman pala ang ama ko? At hindi ko naman akalain na iba pala ang ama ko.

Grabe. Pang-MMK ang buhay ko.

"Mag-ingat ka iha. Aalis na ako. Tawagan mo ako. Wag kang mag-iisip ng kung anu-ano. Ama mo ako. Mr. Alexander Aguilar." Sabi nya saka hinalikan ako sa noo saka tumalikod na.

Tulala ako. *Alexander Aguilar*...

So Aguilar na ako at hindi na Torres?

"Okay kalang best? It was very touching."

Tumango ako. "Kailangan kong makausap ang Tiya ko."

"Pupuntahan natin sya ngayon din." Sabi ni Adrian.

Sumakay na kami ng kotse. Pero napansin ko si James kanina pa bumubulong.

"Aguilar? Aguilar.. Aguilar.. Parang pamilyar sakin."

Hindi ko sya gets.

*

Kyle POV

I dialled nobody's number pero out of coverage area.

Kagabi hindi nya din sinagot mga tawag ko. Gusto ko na syang makausap.

Makipagkita kaya ako sa kaniya? Hindi pwede. Lalo lang syang masasaktan eh. Baka hindi ko na siya kayaning iwan pag nakipagkita pa ako sa kaniya.

Shit.

Krrriinnnngg..

Napatingin agad ako sa phone ko.

Adrian calling..

"Oh brad."

"Ano ang full name ng tatay ni Mandy?"

"Anong klaseng tanong yan Adrian?"

"*Sagutin mo nalang."*

Alam ko naman pangalan nun dahil nga dati ko pa sila kilala dahil kay Mandy nung kami dati.

"Alexander Aguilar."

"Okay. I knew it. Mag-usap tayo mamayang gabi. Pupunta ako dyan sa mansyon nyo."

toot toot

Problema nitong si Adrian? Tch. Gulo nya.

*

Chelsea POV

Hindi ako makapaniwala sa nalaman ko. Pabalik na kami ng building namin. Nakausap ko na ang Tiya ko at na-kumpirma ko ng hindi nga ako anak ng kinilala kong tatay dahil baog daw yun.

At ang alam din nya, nang makilala ng tatay ko ang nanay ko, buntis na ang nanay ko. Ibig sabihin totoo nga yung sinabi nung matanda?

Siya nga ang ama ko?

Biglang nagdiwang yung kalooban ko. Ang tagal kong pinangarap na magkaroon ng pamilya. Bata palang ako ulila na ako. Syempre naghahanap din ako ng kalinga ng magulang. At mukhang ngayon sinagot ng Maykapal ang kagustuhan kong iyon.

May ama ako na buhay na buhay pa.

Ang gaan din agad ng loob ko sa kaniya. "Guys, makikipagkita ako kay Mr. Aguilar." Sabi ko.

"Sige lang best. We'll understand you and we're happy for you." Nakangiting sabi ni Janna.

"Aguilar..Aguilar..?" Patuloy pa din si James sa pagsasalita niya habang parang nag-iisip.

"Ingat ka. Masaya ako para sa'yo. Alam kong sasaya ka na ulit Hub." Makahulugang ngiti yung binigay ni Adrian sakin.

Tinawagan ko ang number na nasa calling card.

"Hello po."

"*Iha*."

"Gusto ko po kayong makita."

"*Sige Iha. Ipapasundo kita sa unit mo. Mag-ingat ka anak."*

"Sige po."

toot toot

Grabe yung feeling na tawagin nya akong anak. Ang sarap sa feeling.

Pero teka? Alam niya yung tinitirahan kong unit? Pina-imbestiga nga pala ako.

"Guys masaya talaga ako ngayon." Sabi ko.

"Kita naman namin sa mga mata mo. Okay yan. At least na-meet mo ang long lost father mo." Sabi ni Janna.

"Hindi ko expected 'to. Ang buong akala ko patay na ang magulang ko. May ama pa pala ako." Sabi ko.

"Kapalaran na ang gumagawa ng paraan Hub. Magiging masaya kana." Kakaiba talaga sinasabi ni

Adrian. May something eh. Ngiting-ngiti pa.

Ngumiti nalang din ako sa kaniya.

"Aguilar...aguilar.. Mandy Aguilar??"

Napatingin ako sa sinabi ni James. Ano daw?

"Aguilar din si Mandy 'diba?" Tanong ni James.

Tumango ako.

"Hindi kaya.." Pabitin pa si James.

"Ano?" Hindi ko sya ma-gets.

"Hindi kaya... Ah wala, wala!" Sabi nya.

"Gulo mo. Hehe." Sabi ko.

Pero kakaiba tingin ni Adrian kay James. Parang nagsa-signal sila sa isa't isa.

Bahala nga sila. Di ko sila gets.

Chapter 21 ? What If

Kyle POV

Kanina pa ako palakad-lakad dito sa loob ng kwarto ko. Nagtext na si Adrian na papunta na siya dito. Hindi ko alam pero may kakaiba akong nararamdaman. Hindi ko ala, kung may hatid na good news o bad news si Adrian. Tch.

Bzzztt..

Tangina kinabahan ako sa door buzzer na yun ah! Asdfghjkl.

Pinagbuksan ko na kung sino yung nag-buzzer ng pinto.

"Adrian." Sabi ko.

He's smiling at me saka dire-diretsong pumasok ng kwarto ko. Problema nitong si Adrian? Problemado na nga ako nakakangiti pa. Tch.

Naupo siya sa couch ko. "Kyle tandaan mo, nandito ako ngayon bilang kaibigan mo. Matalik na kaibigan at hindi karibal kay Chelsea."

Kahit naman mag-ka-kompetensya kami sa baba. Lumalabas pa din yung pagiging mabuting kaibigan ni Adrian. "Ano bang pag-uusapan natin?"

"Si Chelsea."

"Ano?" Shit. Kinakabahan ako kapag ganyang nagseseryoso sya e.

"Makinig kang mabuti. Si Chelsea, na-meet nya kanina yung Papa niya."

Ano daw? "Ulila na si nobody. Paanong ma-me-meet niya Papa niya? Ano yun kaluluwa?"

"Mamilosopo ka pa Kyle. Tch. Nalaman namin na matagal na pala siyang pinapahanap ng Papa niya. Yung palang kinilala niyang tatay nun, hindi niya totoong Papa."

"Oh tapos?"

After 123456788 years, naikwento na sakin ni Adrian lahat-lahat.

Edi ibig sabihin mayaman na nga si nobody kasi sabi ni Adrian mayaman yung tunay na Papa ni nobody.

"E anong ngini-ngiti-ngiti mo dyan?" Tanong ko. Parang baliw yang si Adrian.

"Alam mo ba kung bakit tinanong ko sa'yo kanina kung anong pangalan ng ama ni Mandy?"

Tch. Pabitin kapa Adrian. "Oh bakit."

"Dahil siya ang tunay na ama ni Chelsea."

"Oh, e tapo---"

"ANONG SABI MO?"

Teka. Naguguluhan ako. Ano nga yung sinabi ng kumag na'to.

"Si Alexander Aguilar ang tunay na Papa ni Chelsea."

Tunay na ama ni nobody ang tatay ni Mandy?

Ibig sabihin...

"HALF SISTER SILA NI MANDY??" Sigaw ko.

Shit. Anong klaseng rebelasyon 'to?

"Definitely. Kaya nga ako nakangiti dahil naisip ko na may pag-asa na ulit kayo ni Chelsea. Dapat si Chelsea ang mai-arranged marriage sayo Kyle."

Half sister nga ni Mandy si nobody. At oo tama si Adrian, may pag-asa na kami ni nobody.

"YES!!"

Napasigaw na'ko sa tuwa. Shit. Akalain mo nga yun?

"Tadhana na gumagawa ng paraan Kyle kaya I think, ipapaubaya ko na sya sayo ng tuluyan."

"Salamat brad sa impormasyon. Tatawagan ko agad mamaya si nobody. Hindi pa ako makaalis dito sa mansyon."

"Basta ikaw brad. Basta wag mo ng sasaktan si Chelsea. Ngayon, sa tingin ko may magagawa ka ng paraan para kayo ni nobody ang ikasal." Sabi ni Adrian.

Tumango-tango ako. "Gagawin ko lahat. Basta para kay nobody. Mahal na mahal ko siya brad. Down na down na ako dahil wala na akong pag-asa. Buti meron pa pala. Ayos!"

Hindi ko mapaliwanag yung saya ko ngayon. Bigla akong na-excite dahil sa nalaman ko. May pag-asa na kami ng baby ko. Gagawin ko lahat lahat at kakausapin ko si nobody about dito.

Hindi na ako makapaghintay.

*

Mandy POV

Oh my. Super boring ang araw na'to.

Andito ako sa may pool area namin, nag-iisip-isip. Wala talaga akong maisip gawin.

Hanla? Bakit pumapasok sa isip ko ang mukha ng kutong lupa na yun?

Yung James Abellano na yun na kung makapag-asar, wagas? Argghhh! Bakit ba siya ang naiisip ko?

Siguro dahil inis na inis na ako sa kaniya?

Tawagin ba'kong bakla? Like duh! Ang ganda ko para sabihan niyang bakla!

Pero pag mas pinapalalim ko yung pag-iisp ko, cute talaga yung kutong-lupa na yun eh. Gwapo, maputi, smiling face, lakas ng appeal, ang light ng personality..

Arrggghh! Bakit ko pinupuri ang kutong-lupa na yun? Dapat si Kyle ang iniisip ko ngayon. Magdiwang dapat ako dahil fiance ko na siya.

Parang may something sa dibdib ko na mabigat. Happy ba talaga ako na fiance ko si Kyle? Bakit sinasabi ng isip ko, oo pero yung puso ko...

Shemay! James Abellano pasok ka ng pasok sa isip ko, umalis ka nga dyan!

Arrrghhh!

*

James POV

Andito ako sa school. Exam na e.

Hoy hoy. Nag-review ako. Aba, tinakot pa ako ni Yumiko na hindi niya ako pakokopyahin. Asa sya.

Nag-aral kaya ako.

Ibibili daw ako ng kotse ni Bro 'pag matataas grade ko ngayong sem. Tch. Matataas grade ko dahil sa sarili kong sikap.

Bakit ayaw nilang maniwala na nag-aaral naman talaga ako? Pati si Lance sabi nangongopya lang ako

Hindi ba nila alam?

HONESTO!

Hahaha. Tama na nga pag-iisip. Bibili muna akong choclate shake bago pumuntang room para ma-refresh utak ko.

Malapit na'ko sa stall ng shakes.

Naglalakad ako nanh magulat ako dahil may mabangga ako.

"Clumsy ikaw na naman?"

Halatang nagulat din siya. "Hanla? Sorry ulit. Sorry."

"May lahi kabang super junior? Wala kang alam kundi mag-sorry. Sorry, sorry...sorry...meka meka! Tch."

Napapakanta tuloy ako e.

"E sorry talaga. Nabangga na naman kita." Sabi niya.

Sino pabang laging nakakabangga sakin? Si Miss clumsy.

"Hindi na 'to mauulit." Sabi nya habang nakatungo.

I pointed her forehead hanggang sa makatingin sya sakin. Kumunot pa noo niya ha.

"Subukan mo kayang magsalamin para luminaw mata mo at hindi ka na makabangga?" Sabi ko.

She pouted her lips.

Bakit gan'on epekto sakin ng pag-pout nya? Tangina.

"Oo napo. E, bibili ka ba ng shake? I-libre na kita. Sign of apology na din." Sabi nya.

Oh libre daw. Ako paba tatanggi? "Sige ba. Chocolate ha."

She smiled tapos pumunta na sya sa stall. Umupo muna ako dito sa may bench.

Nagmamasid sa paligid.

Minsan pag ganitong nag-iisip ako ng malalim...

Sumeseryoso ako.

Naiisip ko na naman yun. Hay. Malaking problema talaga 'to.

Kanina ko pa din iniisip 'to nung papasok palang ako dito sa SWU.

Bakit...

Bakit ba...

Bakit ba ang gwapo ko?

Shit lang talaga. Hirap na hirap nakong isipin kung bakit. Palaging yan ang bumabagabag sakin.

Akala niyo about kay Chelsea ang iniisip ko 'no?

Pero 'di nga. Ibig sabihin half sister pala ni Mandy-BAKLA si Chelsea? Paano kaya yun. Kinakabahan ako. Papunta pa naman doon si Chelsea sa mansyon nung Alexander Aguilar na yun.

Paktay na yan. Malaking gulo din yan sigurado. Sila pa talaga ang naging magkapatid? Magkaribal? Tch. Pero pabor naman yun kay Chelsea kung tutuusin kasi magkakaroon sila ng pag-asa ni Kyle.

"James, eto na!"

Napatingin ako sa nagsalita. Si Miss clumsy. Kinuha ko yung shake sa kaniya. "Paano mo nalaman pangalan ko?"

"Ah, nalaman ko lang dun sa classmate ko na mga Tigers."

Ah. Iba na talaga ang kasikatan ko dito sa SWU. Hindi ko naman siguro kasalanang maging gwapo

diba? Tch.

Ngumiti lang ako sa kaniya. Ang cute ng babae na'to. Clumsy lang talaga e.

Umupo sya sa tabi ko. May shake din siya. "Oo nga pala, di pa pala ako nagpapakilala." Sabi nya.

"Edi magpakilala ka. Hehe."

"I'm Ynna Mejia. Single and available!" Masiglang sabi niya.

"Tinatanong ko ba kung single ka?" Kunwari pagsusungit ko.

"My bad! Sorry naman."

"Tama na nga yang sorry na yan. Ipapatapon na kita sa pluto sige ka."

"Peace!" Sabi nya.

So Ynna pala pangalan nya?

Ynna...

Ynna...

Ynna....magenta!

Kidding.

"Busy ka ba ngayon James?" Tanong niya.

Hala may exam nga pala ako. Ganda pa ng upo ko dito. Tumayo na ako. "I have to go. May exam pako. Ge bye! Salamat sa shake!" Sigaw ko saka tumakbo na.

Langyang exam yan. Sana ma-perfect ko mamaya.

Para nganga silang lahat sakin.

*

Janna POV

"Ano Adrian, nasabi mo na?" Tanong ko kay Adrian ng magkita kami dito sa school.

Tinawagan nya kasi ako kanina at sabi nya magkita kami.

Dito kami sa coffee shop sa may SWU lang.

"Oo. Tuwang-tuwa nga ang gago."

"Expected na yun. Alam naman natin na mahal na mahal talaga ni Kyle si Best."

"Oo nga. Kaya nga nagpaparaya na ako. Alam ko namang si Kyle ang magpapasaya sa kaniya." Sabi ni Adrian.

Pero I could see it in his eyes na nasasaktan sya. Mahal din nya kasi si Best. Bakit kasi hindi nalang ako ang minahal mo Adrian?

Pfffft. Ano ba 'tong sinasabi ko. Hanggang ngayon, gusto ko pa din si Adrian. That's what we called, one-sided love.

"Naiisip ko pa kung anong mangyayaring usapan nina Chelsea at ng Papa niya. Tapos malalaman pa nya na half-sister niya si Mandy. Paano na kaya yun?"

Oo nga pala. Kahit ako kanina kopa naisip na baka magkapatid sina Chelsea at Mandy nung marinig ko ang Aguilar. Grabe ang buhay ni Best.

"Sana naman maging okay na ang lahat."

"Oo nga. Dahil kung hindi pa din 'to maaayos, babawiin ko na ulit si Chelsea."

Aray naman. Adrian naman eh.

"Oh? Bakit ganyan ka makatingin?"

"Wala kasi mas bagay talaga sina Kyle at Best kasi mahal na mahal nila isa't isa." Sabi ko.

"Bakit kami hindi ba bagay?" Tanong nya.

"Hindi." Tumawa ako.

Nababaliw na naman ako.

"Bakit naman?"

"Kasi mas bagay tayo."

Kasi mas bagay tayo..
Kasi mas bagay tayo..
Kasi mas bagay tayo..

"Anong sabi mo Janna?"

"W-Wala.."

Wala na. Dahil tumakbo nako palabas ng coffee shop. Shemay! Bakit ko sinabi yun? Bad mouth.

Aish! Nakakahiya!

*

Chelsea POV

Grabe. Can't imagine na ganito kayaman ang tunay kong ama.

Papasok na kami dito sa mansyon ni Mr. Aguilar.Inalalayan ako nung butler yata 'to pababa ng kotse. Sinundo kasi ako kanina sa unit ko.

"This way Ma'am." Sabi nung butler. Sumunod naman ako.

Pagpasok namain sa loob, as in WOW!

Ang laki. Mas malaki pa din yung kina Kyle pero ang ganda dito. Buhay na buhay ang bahay nila.

Akyat na kami sa grand staircase. Grabe talaga. Hanggang sa tumigil kami sa isang pintuan.

Kumatok si butler bago niya binuksan ang pinto. "Pasok po kayo." Sabi nya.

Tumango lang ako at ngumiti bago pumasok.

Grabeng library naman 'to? Ang laki. Grabe. Mahilig pa naman ako sa books.

Sinalubong ako ng yakap ni Mr. Aguilar. "Anak ko..."

Hanla. Ang lakas ng lukso ng dugo. Bigla akong maluluha. No doubt, ama ko nga sya.

"Mr. Aguilar...."

"No. Call me Papa. Okay? I'm your father. Gusto kong humingi ng tawad sayo anak dahil hindi kita nasustentuhan mula ng ipanganak ka." Umiiyak sya sa harap ko.

"Naiintindihan ko po. Hindi naman po si Mama yung legal wife nyo. Alam kong hindi nyo naman yun ginusto." Sabi ko.

Ayokong manumbat. Maging masaya nalang ako na may Papa pa ako. At least, hindi na ako nag-iisa ngayon.

"Napakabait mong bata. Maayos kang napalaki ng nag-alaga sayo. Proud ako sa mga achievement mo Iha. Nalaman ko na scholar ka sa SWU at nagpa-part-time ka as model. I'm proud of you anak!"

Shemay. Naiiyak ako. Nadadala ako sa mga sinasabi niya. Ang sarap pala sa pakiramdam ng may magulang. Yung sasabihin sayong proud sila sa achievements mo. Dahil mula noon lahat ng natatanggap kong achievements, inaalay ko lagi sa sarili ko. Para sa sarili ko lang. Ang saya lang na ngayon, may mapagsasabihan at mapagmamalakihan nako ng achievements ko.

God, ang bait Mo sa akin. Binigyan Mo ako ng mabait na ama.

"Thank you po, Papa."

"Wag kang maiilang na tawagin akong Papa okay, Iha?"

"Opo Papa."

"Good. Oo nga pala, gusto kong dito kana tumira."

Hanla! Ayoko. I know may legal family sya. "Hindi na po. Sa unit ko nalang. Dadalawin ko nalang kayo sa free time ko." Sabi ko.

Syempre baka mag-ala-cinderella pa ako dito sa mansyon nila. May step mother tapos aapihin ako.

"Sigurado ka ba iha?"

"Opo. Dun nalang po ako. Ayoko din naman pong makigulo dito sa mansyon nyo."

"Napakabuti mong anak. Hayaan mo. Babawi ako sayo anak. Lahat ng hilingin mo sakin, ibibigay ko makabawi lang ako."

"Lahat po ng hilingin ko?"

Tumango siya. "Oo anak."

Pengeng chocolate? Dejoke!

"Kayo na po bahala. Hindi po ako magde-demand." Sabi ko.

Hindi naman kasi ako materialistic na tao.

"Sige, I will give you one month allowance pala palagi. Ayokong papabayaan mo sarili mo. Hindi kita masusubaybayan dahil gusto mong doon ka pa rin tumira sa unit mo."

"E kayo po bahala."

"Okay na ba sayo ang 100 thousand a month?"

100 thousand daw...

"100 thousand po? Ang laking pera po nun." Sabi ko.

Grabe 'tong tunay kong ama.

"Wag ka ng magreklamo iha. Kulang pa yun. 19 years kitang hindi nasustentuhan at naalagaan man lang."

Ngumiti nalang ako. Grabe talaga 'to.

Napansin ko pumindot sya sa intercom. "Papuntahin mo na sya dito." Sabi nya lang sa intercom.

"Ipapakilala kita sa anak ko."

"Hala."

"Bakit iha?"

"Nahihiya po ako. Baka magalit lang sakin anak niyo."

"Mas makakabuti kung magkakilala kayo."

Sasalita pa sana ako ng bumukas bigla ang pinto. "Anong kailangan mo sakin tanda?"

"CHELSEA?"

"MANDY?"

Sabay na sigaw namin.

"Magkakilala kayo?" tanong ni Papa.

"Bakit ka nandito?" Tanong ni Mandy.

Gulat lang ako. Si Mandy kapatid ko sa ama? Half sister ko sya? Kapatid ko sya sa ama? As in half sister?

Sasagot na'ko ng magsalita si Papa. "Magkapatid kayo."

HINDDDDEEEEEE!!

Chapter 22 ? Baby Ko

Chelsea POV

"Magkapatid kayo."

O__o

Si Mandy half sister ko?

Yung totoo?

"What did you say?" Naiiritang tanong ni Mandy.

Ako naman sinamaan sya ng tingin. **"Parang gusto kitang maging kapatid ah?"** Sabi ko.

"Teka nga mga anak, magkakilala na kayo?" Alam ko naguguluhan si Papa.

"I can't believe this!" Sigaw ni Mandy saka nag-walk-out.

Lakas ng loob mag-walk-out. Psh. As if gusto ko?

Grabe lang ha. Sa dinami-dami ng pwede kong maging kapatid, si Mandy pa?

Asdfghjkl.

"Iha pasensya kana kay Mandy.."

"Sorry din po sa inasal ko. Medyo hindi lang po kasi maganda yung relasyon namin ni Mandy."
Sabi ko pero hindi ko naman balak sabihin yung pinagagagawa ng babaeng yan sakin.

Buti nalang pala di ako pumayag na dito tumira. Kung hindi, gyera kami lagi.

"Sa tingin ko nga. Hindi ko kayo uusisain about dyan. Sana lang ay magka-ayos kayo dahil magkapatid kayo. May pagka-mataray lang talaga yang si Mandy."

"**Alam kopo."**

-_-

Alam ko naman talaga.

"Iha.."

"Okay lang po."

"Sige, mabuti pa mag-meryenda muna tayo sa may garden sa baba. Papahanda ako. Para bonding na rin nating mag-ama."

"A-Ah sige po."

Ano pa bang magagawa kundi pumayag kahit ang totoo gusto ko ng makaalis dito. Kasi baka makita ko pa ang pagmumukha ni Mandy. Psh.

Kainis na babaeng yun.

--

Mandy POV

I can't believe this! Siya ang anak ni Papa sa labas?

Sa dinami-dami, bakit sya pa? Arrrghhh! Tapos ano? Dito yan titira? Don't try me dahil gagawin kong miserable ang buhay nya kung dito sya titira.

Hindi pa din ako makapaniwala. Ang isang mukhang maid na tulad niya, half-sister ko pala? Oh my golly.

Hindi na nga ako nakatagal sa library kanina. Paano ba naman yun malalaman mo, magkapatid kayo?

Psh. No. Hindi ako papayag na tumira yan dito. Ayokong madungisan itong mansyon namin pag nadagdag sya.

Aish.

Nakakairita! Sira na ang araw ko! Akala ko pa naman magsasaya na ako dahil sembreak na. Hindi pala.

Ang gandang balita na sumalubong sakin. Psh.

Makaalis nga muna!

--

Kyle POV

Di ako mapakali dito sa kwarto ko. Paano ba naman sa nalaman ko kay Adrian, gustung-gusto ko na makita si nobody.

Hinihintay ko lang kasi umalis si Papa para makalabas na ako ulit. Babalik na kasi yan sa States ngayong araw.

Ang tagal nga eh. Gusto ko na yan umalis agad. Pag kasi andito sya, hindi ako makalabas kasi baka bigla akong hanapin.

Bzzzzzttt..

Pinagbuksan ko ng pinto yung nag-buzzer. **"Butler bakit?"**

"Umalis na ang Papa niyo."

Napangiti ako. **"Sige."**

Ayos! Sinabihan ko kasi si butler na sabihin agad sakin pag-alis ng kamahalan.

Agad-agad akong nagpalit ng damit at kinuha ang iphone, wallet at susi ng kotse.

Pupuntahan ko ang baby ko. Miss na miss ko na talaga sya.

Napapangiti nalang ako sa naiisip ko.

--

Chelsea POV

"Thank you!" Sabi ko sa naghatid sakin dito sa building.

Ang dami namin napag-usapan ni Papa. Kaso iniisip ko pa din yung sinabi nya kanina na bibilhan niya ako ng kotse. Papadala nalang dito sa unit ko mamaya.

Waaah. Nakakahiya. Tumatanggi ako pero binabara naman ako ni Papa. Wala daw ako karapatang tumanggi muna sa lahat ng binibigay niya.

At oo nga pala, bibigyan na sana ako ng pera kanina kaso sabi ko, pahulog nalang sa savings account ko kasi may ATM naman ako. Masyadong malaking pera yung 100 thousand na cash.

Hindi ko naman inaasahan na agad-agad ipapa-asikaso niya. Ayun nahulog na agad sa account ko yung pera.

Grabe. Pag naiisip ko pa din na napakayaman ng ama ko, kinikilabutan ako.

Pero mas kinikilabutan ako dahil sa nalaman ko. Kapatid ko si Mandy? Buti pala Mama ko ang kamukha ko dahil kung sa Papa ko nakuha ang mukha ko, malamang magkamukha kami ni Mandy. Psh.

Ayoko nga. Mas maganda ako sa kaniya.

Pero naiisip ko yung tawag nya kanina kay Papa. "*Tanda"* yung sabi nya. Napaka-walang manners naman ng Mandy-rigma na yun. Psh.

Pagpasok ko sa unit ko, naupo muna ako sa sofa. Grabe ang sarap sa pakiramdam na malaman mo na may ama kapa na buhay. Buong akala ko ulila talaga ko.

Ang galing din ng kapalaran kasi napakayaman ng ama ko. Ang hindi ko lang gusto ay yung idea na kapatid ko yung Mandy na yun.

Wala akong ka-ugnayan sa kaniya. Kay Papa lang kaya wag na wag siyang mag-iinarte. Psh.

Bzzzzttttt..

Baka sina Adrian? Tumayo nako para pagbuksan yung nasa labas.

open the door

O_____O

"Baby ko!"

Si Kyle? Sinalubong ako ng matinding powerhug!

Awtomatiko akong napangiti. Na-miss ko kaya ang lalaking 'to. Higpit ng yakap niya sakin sobra.

Maya-maya kumalas na din siya.

"PDA ka, dito nga tayo sa loob." Biro ko saka sinarhan na ang pinto.

Dumiretso kami ni kyle dito sa couch.


Pagpasok ko dito sa banyo, napaupo ako sa sahig. Tuyo naman dito sa banyo. Dun lang basa ang sahig sa may bathtub.

Napahagulhol ako. Bakit ganon si kyle? Bumabalik na naman sya sa pagiging ganon nya.

T_T

Ewan. Diko na alam gagawin.

T_T

--

Kyle POV

Badtrip na badtrip ako ngayon. Diko alam pero naiinis ako kay nobody.

Sa halip na matuwa sya dahil pino-protektahan ko sya, inaalagaan. Hindi, naiinis pa sya sakin. Ayaw ba nyang pinapakialaman ko sya? Edi wag!

Kanina nag-alala naman ako nung sinabi ng isang nagta-trabaho dito na nasa clinic nga daw si Chelsea. Pero pagadating dun nakita ko namang okay sya, hinayaan ko nalang.

Sana lang na-a-appreciate nya yung pag-aalaga ko sa kanya. Pwede naman nya sabihin kung ayaw nya. Kung ayaw nyang ganito ako sa kanya.

Damn it. Bahala sya.

Gustung-gusto ko na syang yakapin kanina sa kwaro nung nakita ko umiiyak sya pero pinigilan ko. Bahala sya. Bahala na sya.

Dito nako ulit sa tabing-dagat. Nasabi ko lang na uuwi na kami Manila dahil sa inis.

"Brad, gago kaba?" Sinalubong ako ni Adrian. Galit sakin.

"Wag mokong ginagago Adrian." Sabi ko.

Naramdaman ko ng hinawakan ako ni Lance sa braso. Si James lumapit kay Adrian.

"Pinaubaya namin sayo si Chelsea dahil sayo sya masaya! Dahil ikaw ang mahal nya! Pero sana naman Kyle, wag mong sinasaktan si Chelsea! Tang*na Kyle! Buntis si Chelsea baka nakakalimutan mo! Masama sa buntis ang nalulungkot! Masama sa buntis ang umiiyak. Masama sa buntis ang na-stress. Mas-"

Hindi ko na pinatapos sinabi nya. Tumakbo nako papuntang hotel.

Buntis si Chelsea. Hindi ko inalala yun. Hindi ko isinaalang-alang. Nagpadala ako sa galit ko.

Sh*t!

Natauhan ako bigla dahil sa sinabi ni Adrian.

Masama sa buntis ang nalulungkot..

Masama sa buntis ang umiiyak..

Masama sa buntis ang na-stress..

Shit. Mabilis akong umakyat. Habang nasa elevator di ako mapakali.

Nawala bigla pagka-badtrip ko dahil sa sinabi ni Adrian. No. Hindi. Walang mangyayari kay nobody at sa baby namin.

Nagpadala na naman ako sa galit ko.

Malalaki ang hakbang ko hanggang marating kwarto namin. Pagtingin ko wala sa kwarto si nobody. Pumunta agad akong cr.

Shit. Nakalock. Andito sya sa loob. Sigurado. **"Buksan mo 'tong pinto baby ko!"** Sigaw ko habang kumakatok ng malakas.

Wala akong narinig na sagot. Hindi din nagbubukas pinto.

Shit. Anong nangyayari kay nobody. Anong ginagawa nya sa loob ng cr? Bakit hindi sya sumasagot at di nya binubuksan pinto?

Shit. Katok ulit ako malakas. **"Baby ko! Buksan mo pinto!"**

Shit. Wala pa din. Kinuha ko phone ko sa bulsa ko. **"Hello Adrian kunin mo susi ng cr dito sa kwarto namin. Room 58. Bilisan mo! Nagkulong sa cr si nobody."**

toot toot

Diko na hinintay sagot ni Adrian. Kumatok ulit ako. **"Baby ko!"**

Wala pa din response. Dinidikit ko tainga ko sa pinto pero wala akong naririnig kahit mahinang ingay.

Sh*t!

"Baby ko!!" Sigaw ko pa din.

boooogsh

Lagabag ng pinto. Si Adrian kasunod sina Janna at James pati si Yumiko at Lance.

"Tang*na Kyle di kita mapapatawad pag may nangyari kay chelsea!" Susugurin sana ako ng suntok ni James. Pinigilan lang sya ni Lance.

"Anong nangyari kay best?" Di mapakaling tanong ni Janna.

"Wala sana syang ginawang masama.." Sabi ni Yumiko saka yumakap kay Lance.

Binubuksan na ni Adrian ang pinto. And the moment na nabuksan nya pinto pumasok agad ako sa cr.

Si nobody. Nakaupo sa sahig. Naka-ub-ob. Nilapitan ko agad. **"Baby ko!"**

Dahan-dahan naman sya tumunghay. Mukhang nakatulog sya. Tulog mantika pa naman 'to kaya siguro di nya ako narinig.

"Best!"

"Twinsis!"

Sabay na sigaw nung dalawang babae.

I cupped her face. **"Baby ko are you okay? Baby ko.."**

Nakatingin lang sya sakin. Tumulo luha nya.

Chapter 34 ? Batangas Escapade (Part 5)

Day 2

Chelsea POV

Sarap ng tulog ko kagabi. Kasi naman okay na kami ni Kyle. Sana lang maintindihan nya na nagiging emotional ako dahil sa pagbubuntis ko. Naging iyakin din ako.

Tanghali na at andito kami lahat sa tabing dagat. Pero alam nyo napi-feel ko? Love is in the air.

Haha.

Kasi naman. Ayun sina Janna at Adrian nagsasabuyan ng tubig sa dagat.

Sina Mandy naman at James ayun mukhang seryoso pinag-uusapan.

Sina Drei naman at yung kasama nya na partner, nagkukulitan sa buhangin.

And last. Si Cold Lance at si Twinsis ayun, magkayakap at nagki-kiss sa dagat. PDA sila.

Haha. Nainggit naman ako bigla sa kanila.

Si Kyle naman kasi ayun naglalaro ng volleball kasama ibang tigers. Di naman nila ako pinasali. Bawal

daw.

Hay. Kawawa naman ako.

"Baby ko.."

O_o

Nagulat naman ako kay Kyle. Basta basta nalang sumusulpot from nowhere.

"Wag mo nga ako ginugulat. Psh." Try ko magsungit.

Tumabi sakin si Kyle tapos inakbayan ako. **"Wag kana masungit baby ko. Bored kana? Napansin ko tahimik kalang dito tapos mag-isa kalang kaya umayaw na ako sa volleyball."**

"Nah. Okay lang. Dapat naglaro kapa."

"Ayoko na. Mas gusto ko ng titigan kana lang kesa maglaro ng volleyball. Kilig ka baby ko?"

-___-

Seriously. Kyle ano nakain mo ngayon? Psh.

"Baby ko wag ka na sumimangot. Bawal sa buntis yan. Baka mamaya pag lumabas na baby natin, nakasimangot din." Pagkasabi nyon hinalikan ako ni Kyle sa pisngi. "Tara na sa taas sa kwarto natin?"

>.<

Waa. Ayaw. Naaalala ko na naman yung kahapon. Muntik na kaya. Muntik na ulit.

"Gummy bear gusto ko ng buko juice." Sabi ko. Ewan ko bakit bigla ako nag-crave.

"Yun lang ba baby ko? Wala ka ng ibang gusto kainin?"

"Kaya nga sabi ko buko juice. Edi yun lang. Kung meron pa sana edi ang dami ko sinabi. Psh."

Nakakapagsungit ako ng wala sa oras. Haha. Malay ko ba sa sarili ko.

"Ang sungit naman ng baby ko. Sige na. Hintay kalang dito. Kukuha ako. Okay?"

Tumango ako. **"Okay."**

Ayun umalis na si Kyle. Kukuha buko juice. Yey!

Nanood muna ako sa paligid. Ang tigers, ang saya saya nila habang naglalaro ng volleyball. Ang sarap sa pakiramdam ng ganito, payapa, maayos, masaya at walang problema.

Sa daming problema dumaan samin ni Kyle, diko in-expect na sasaya pa kami. Sana lang wala ng dumating na problema kasi masyadong mabigat sa loob at masakit sa puso.

Ayaw ko na mahiwalay kay Kyle. Sya mahal ko, sya buhay ko, sya ang lahat sakin at sya lang gusto ko makasama sa harap ng altar. Wala ng iba.

Alam ko naman mabait si God. Di nya hahayaang masaktan ulit ako. Sana..

--

Adrian POV

Ibang-iba pakiramdam ko kay Janna. Ang sarap nya kasama, ang sarap nya kausap at ang sarap nya ka-bonding.

All this time, minahal ko si Chelsea pero diko akalaing agad mawawala yun at mababaling kay Janna.

Ngayon ko lang na-realize na inlove ako kay Janna. Diko lang napapansin yun sa sarili ko dahil masyado akong hook kay Chelsea.

Si Janna, ramdam ko na may gusto din sya sakin. Nakakatuwa lang na habang nagba-bonding kami, naaalala ko yung childhood namin. Sobrang close kami nyan eh. Lumipat lang sya sa abroad kaya nagkalayo kami.

Tapos naging barkada ko naman tigers.

"Adrian!"

Si Janna tuwang-tuwa habang nakikipagsabuyan ng tubig sakin dito sa dagat. Para kaming mga bata pero masaya.

"Tama na!" Sigaw ko.

Tumigil naman sya agad. Haha. Sumobra ng kabaitan yang si Janna. Naka-pout pa habang nakatingin sakin.

"Tara pahinga na tayo." Sabi ko sa kanya. Hinintay ko muna sya makalapit sakin tapos sabay kami umalis ng tubig.

"Nakakapagod." Sabi ni Janna.

Inakbayan ko sya.

Itsura ni Janna o_O

Haha. **"Bakit?"**

"A-Adrian.." Nauutal na si Janna. Haha.

"O?"

"N-Nakakahiya.." Haha. Nakakatuwa talaga si Janna.

"Wag ka na mahiya."

Di na sya nagsalita pero pagtingin ko sa kanya, ang pula ng mukha. Haha. Ang cute nya.

"Gusto mo kumain?" Tanong ko.

"Okay lang. Ikaw bahala."

Wala talagang inaatrasan 'to. Kahit saan mo yayain, sasama. **"Sige."** Sabi ko saka dumiretso na kami sa hotel.

Maging kami kaya ni Janna? Ang gaan ng loob ko sa kanya eh. Iba na. Ibang-iba sa naramdaman ko kay Chelsea dati.

Diko maintindihan. Tch.

--

Lance POV

"Babe ang PDA mo."

-__-

Andito kami sa dagat. Hinahalikan ko si Yumiko. Ano masama? Asawa ko naman 'to.

"Tch."

"Sungit mo." Reklamo nya.

"Sinasabihan mokong PDA, gusto mo naman ginagawa ko." Sabi ko.

Ewan pero adik na ako sa kiss ni Yumiko. Mahal na mahal ko itong babae na'to eh.

She pouted her lips. Tch. Lalo ako nagiging eager na halikan sya pag ganyang nagpa-pout yan. Ang cute nya kasi.

Maganda na. Cute pa. Sexy pa. Saan kapa? Swerte ko na kay Yumiko.

Niyakap ko sya. **"Anong gusto mong gawin babe?"** Tanong ko.

"Baby."

O___O

Anong sagot yun. Napakalas ako sa yakap tapos hinarap sya. **"Gusto mo na gumawa ng baby?"** Tanong ko.

"Psh. Joke lang. Maka-react ka naman Lance."

-___-

Akala ko totoo. Pagbibiyan ko pa naman sya. Haha. **"Wag moko tawaging Lance."**

"Okay babe." Sabi nya.

I kiss her again. **"I love you babe."**

She smiled at me. **"I love you too babe. Bawal pa tayo gumawa ng baby ha?"**

"Tch. Bakit? Asawa naman kita." Sabi ko.

"Aish. Fiance palang. Di pa tayo kasal."

"Dun na din pupunta yun. Bakit? May balak ka paba umatras sa kasal?"

Tch. Iisipin ko palang na di matutuloy kasal namin, mababaliw nako. Si Yumiko lang ang gusto ko.

"Psh. Wala babe. You know how much I love you." She said then kiss me.

I really love this girl. Wala ng hihigit sa kanya dito sa puso ko. Ako pa? Ang taong cold at tahimik, natutong ngumiti at umingay dahil kay Yumiko. Kay Yumiko na mahal ko. Kay Yumiko na pakakasalan ko. Kay Yumiko na gusto kong makasama habang buhay.

Wala na akong ibang mahihiling pa. Sya lang, sapat na para sumaya ako.

--

Chelsea POV

Dito kami sa kwarto ni Kyle. Mainit na daw masyado sa tabong dagat kaya pumunta na kami dito.

Nakaupo lang ako sa kama habang iniinom yung buko juice na kinuha ni Kyle. Si Kyle nasa cr pa.

Inabot ko iphone ko mula sa side table. Check muna ako twitter.

O____O

Gusto ko matawa na ewan. Sunod sunod yung tweet na nabasa ko.

James Abellano @JamesAWattpad

@MandyWattpad can you be my girlfriend?

John Drei Hong @DreiHWattpad

@YnnaNWattpad Sana ako nalang..

Lance Abellano @LanceAWattpad

@YumikoHWattpad Babe gawa na tayo ng baby. I love you.

Adrian Buenavista @AdrianBWattpad

@JannaRWattpad Stay beside me.

-____-

In love ang mga boys?

Nag-scroll down pako.

O___O

May sunud-sunod na tweets din.

Ynna Mejia @YnnaNWattpad

I want nothing but him.

Janna Ruiz @JannaRWattpad

Kinikilig ako!

Yumiko Hayashi @YumikoHWattpad

He wants baby. Pagbibigyan ko kaya?

Mandy Aguilar @MandyWattpad

Omo! Don't no what to do. Waaa!

-_____-

Haha. Gusto kong matawa sa kanila na ewan.

Nag-scroll pako.

O_____O

May isang tweet na nakakuha ng atensyon ko.

Kyle Shin-Woo @KyleSWattpad

I will make sure na magiging twins ang baby namin ni @ChelseaTWattpad . Aakitin ko ang baby ko mamaya.

O___O

Baliw si Kyle talaga. Aish!

"Baby ko tapos nako maligo." Si Kyle kalalabas lang ng CR.

O__o

Napalunok ako. Si kyle topless tapos may tumutulo pang tubig tubig sa katawan nya galing buhok.

Waaa. He's so sexy.

"Baby ko?"

O__o

Ang hot nya talaga. Nagpupunas pa sya ng buhok nya kasi basa.

"Baby ko..."

O_o

Tapos ang abs nya kitang-kita ko. Sarap hawakan. Shemay!

"Baby ko matutunaw na ako!"

Bumalik ako sa huwisyo ko. **"A-Ah, eh.."**

"Wag kang ganyan baby ko. Yang pagtitig mo sakin, para mokong nilalandi."

-____-

"Landi talaga? Psh."

Umupo sya dito sa kama. **"Baby ko.."**

O_o

Tumitindig balahibo ko. Waaa. Aakitin na ba nya ako? **"B-Bakit?"**

"Let's do it."

O___O

"Kyle naman! Wag ka nga."

Shemay naman 'tong si Kyle. Makapagsabi ng let's do it.

"Bakit?"

"Wag ka ngang bastos. Buntis nako tapos gusto mo pa gawin yun. Hindi naman magiging twins baby natin pag ginawa natin ulit yun eh." Waa. Feel ko nagba-blush ako.

"Ano bang sinasabi mo?"

?__?

"Bakit?"

"I said let's do it. Yung sabi mo kanina na gusto mo magsubuan tayo ng prutas."

-_____-

Oo nga pala. May dalang prutas si Kyle kanina tapos bago sya maligo kanina sabi ko sa kanya gusto ko kain kami fruits tapos subuan kami.

Kdot.

Ako na pahiya.

-__-

--

Mandy POV

"Ayaw mo talaga mag-sorry kay Chelsea?" Tanong ni James.

Nakaupo kami dito sa buhangin. **"Hindi naman sa ayaw. Hindi pa sa ngayon. Nahihiya pako sa kanya. Sa dami ng nagawa kong kasalanan sa kanya."** Sabi ko.

Kahit naman sino, hindi naman ganon kalakas loob ko para mag-apologize agad sa kanya.

"Okay. Pero mag-apologize ka pag kaya mo na ha? Paano pala si Kyle, diba kayo dapat e-engage?"

Napaisip ako bigla. Parang wala na sakin yun eh. **"Okay na sakin kung silang dalawa na ni Chelsea ang ipakasal. I don't know but I don't have any hard feelings for them."**

"Talaga?"

Tumango ako. **"Yeah. I don't know pero ikaw yung nasa isip at puso ko ngayon."**

"You mean.."

"Yeah. I think I love you James. Mahirap paniwalaan. Nagsimula tayo sa away na parang aso't pusa. Lagi moko binubwisit. Ako naman hook na hook kay Kyle. I didn't expect na eto, makakaramdam ako ng love sayo."

"I know that. Ramdam ko naman na mahal mo din ako. Sinabi ko naman na sayo na inlove na talaga ako sayo. Ewan ko nga din, basta nalang sumibol yun dito sa puso ko kasi ang alam ko din si Chelsea ang mahal ko. Pero hindi, ikaw din lagi nasa isip ko."

Ngumiti ako. Ang sarap naman sa pakiramdam. Dati masama talaga ugali ko. Pero ngayon, ewan ko. Bumabait nako dahil kay James. **"Mandy.."**

"Yes?"

"Can you be my girlfriend?"

O___O

Omo!

**

A/N: MPMMN Book 1 will be release on Dec 07, 2013. Sana suportahan nyo sya. Lalabas po sya nationwide. On all PHR outlets and National Bookstores. Wala pa po syang price pero mas maganda kung mag-ipon na kayo. Haha. Asahan ko po na susuportahan nyo yung printed book tulad ng

pagsuporta nyo dito sa wattpad. Salamat :) Love, love, love!

Chapter 35 ? Batangas Escapade (Part 6)

Day 3

Chelsea POV

We're having our lunch. Lahat kami andito. As in kumpleto kami. Kaya yung mesa pinagtabi-tabi para isang palibot lang kami.

"Baby ko, kain kapa ng madami." Kyle said as he put a lot of foods on my plate. He's really caring. I know na magiging responsible husband sya.

I smiled at him. **"Ikaw din gummy bear. Dapat madami ka din kumain."** Sabi ko tapos nilagyan ko din yung plato nya. Hehe.

"Baby ko naman ang dami nyan masyado." Reklamo ni Kyle. Psh.

Sumimangot ako. **"Kumain ka dapat ng madami para magka-laman ka naman. Tinginan mo namamayat kana."** Sabi ko.

"Tch. Oo na."

-_-

"Galit ka Kyle?"

He suddenly smiled at me. **"No baby ko. Kain na tayo."** Sabi nya tapos hinalikan nya ako sa noo.

"Woooo! Nilalanggam na kayo captain!"

-___-

Si Jerome sumigaw. Porket kami lang andito sa restaurant ng hotel. Haha.

"Shut up kung ayaw mong patapon kita sa dagat." Si Kyle nagsusungit na naman.

"Sobra ka naman captain. Makakain na nga lang." Sabi ni Jerome.

"Hahahahaha!"

-__-

Iingay ng tigers. Konting bagay pinagtatawanan.

"May knock, knock ako!" Sabi ni Oliver.

-___-

Ayan na naman mga banat nila.

"Ge. Walang pumipigil sayo." Sabi ni James.

"Knock, knock!" Sabi ni Oliver.

"Who's there?" Sabay-sabay namin tanong.

"Wacky."

"Wacky who?"

Tumayo muna si Oliver. **"Ehem. Baka di nyo ma-gets to. Kanta 'to sa commercial ng surf. Yung kinakanta din nina Chichay sa commercial ng Got To Believe."**

"Dami mopa sinasabi. Ano nga." Si Ken inip na. Haha.

"PinaWACKY..ng pinaWACKY..PinakamaWACKY..!! Ohhooohohoho.."

"Gets ko yun!" Sigaw ni Yumiko.

"Ako din!" Si Cavill.

"Hahahahahahaha." Tumawa lang ang tigers.

"Havey!" Sigaw nina Janna at Yumiko.

Gets ko din. Hahahahaha.

"Baby ko wag ka matuwa."

-_-

"Kyle naman. Alangan naman di ako tumawa kahit nakakatawa?"

"Tch. Basta gusto ko sakin kalang natutuwa. Buntis ka kaya gusto ko ako paglilihian mo."

-___-

Kahit kelan talaga si Kyle.

"May banat ako!" Si Yumiko tumayo.

Mga trip ng mga yan. Hahaha.

"Babe umupo ka nga." Suway ni Lance.

"Psh. Wag ka KJ babe. Okay?" Sabi nui Yumiko tapos humarap samin. **"Ready naba kayo? Yung banat ko para kay Lance."**

^_^

Sweet talaga ng dalawang yan. Haha. Nakakatuwa kasi si Yumiko.

"Ge lang." Si James.

Nakatayo pa din si Yumi tapos humarap kay Lance na nakaupo. **"Babe, pedicab kaba?"**

"Hindi. Tao ako."

"Hahahahahahahaha." Mga baliw talaga. Haha.

"Psh. Babe naman eh!"

Natawa nalang si Lance. **"Oh bakit?"**

"PEDICABang maging asawa? Booom!"

-___-

Hahaha.

"Hindi."

Makabara talaga si Lance.

"Nakakainis kana babe! Psh. Wag moko kakausapin." Haha. Si Yumi nagtampo na. Ayun padabog umupo.

"Ge ako na babanat."

O_o

Si Lance babanat? Aba, aba. Si Yumi no reaction. Nakasimangot lang. Haha.

"Sigurado ka Lance?" Nang-aasar na tanong ni Oliver.

"Ano nakain mo Bro?" Si James nang-aasar din.

"Tch. Manahimik kayo. Knock, knock!" Si Lance nagjojoke pero seryoso. Haha.

"Who's there?" Sigaw namin.

"Asawa."

"Asawa who?"

"Hindi 'to kanta. Asawa ko si Yumiko Hayashi. Panigurado kilig na kilig yang katabi ko."

"Wooooohhhhhhh! Push mo yan Lance!" Tigers.

Yung tinutukoy ni Lance na katabi nya ay si Yumiko. Ayun nakangiti na ant nagba-blush.

"Oo na kinikilig ako babe. Haha."

-__-

Baliw si Yumiko. Haha. Kanina galit. Bumanat lang si Lance okay na.

"Buti pa si Lance bumabanat kay Yumi. Ako wala." Paawa effect ako. Haha. Gusto ko bumanat din si Kyle.

"Ayun oh! Captain nagpaparinig na si Chelsea!"

"Banat na yan!"

"Sample, sample!"

Mga tigers sobrang ingay.

"Tch. Oo na!" Si Kyle. Haha. Napilitan pa yata.

"Go captain!" Sigaw ng tigers. Psh.

"Knock knock." Panimula ni Kyle.

"Who's there?" Sabay sabay ulit kami.

"I love you."

"I love you who?" Sabay sabay pa din kami.

Tumingin sakin si Kyle then he holds my hand. **"I love you baby ko.."**

-_-

"Waley!!" Sigaw ng tigers.

"Wala ka pala captain! Boo!"

Tiningnan sila ng masama ni Kyle. **"Hindi nyo ba alam na wala ng mas hihigit pang salita, pick-up line o kahit anong banat sa salitang I love you? Yun ang salitang pinakamasarap marinig lalo na kung galing yun sa taong mahal mo. That's why, I don't need to say any pick-up line para pakiligin ang baby ko. Wala ng mas hihigit pa sa salitang I love you o mahal kita."**

"....."

Wow. As in wow! Tahimik kaming lahat dahil sa sinabi ni Kyle. Si Kyle ba talaga yan? Sya ba talaga ang nagsabi nyon?

Diko inakalang maririnig ko yun mula mismo kay Kyle. Simple lang yung sinabi nya pero alam nyo yung tagos dito sa puso ko. Tama sya. Tamang-tama.

Bigla akong napayakap kay Kyle. **"I love you too gummy bear. You never fail to make me smile."** Sabi ko.

Ano pabang masasabi ko? I'm really proud of him. Dahil ang laki ng pinagbago nya. God! He's really the ONE.

--

Sa kwarto..

"Baby ko hindi ka ba inaantok o pagod?"

Napangiti ako sa tanong na yun ni Kyle. Alagang-alaga nya kasi ako. Tumabi ako sa kama kung saan nakaupo si Kyle. May nilalaro yata sa iPad.

Pagtingin ko sa iPad nya,

O___O

"Gummy bear ano yan?" Nakita ko may tina-type pala syang status sa facebook.

"Status lang." Sagot nya.

"Okay." Sabi ko.

He tap the POST button. Then inabot nya sakin. **"Basahin mo."**

Kinuha ko iPad nya then nakita ko post nya.

Kyle Shin-Woo Aanhin pa ang pick-up lines nyo para sa taong mahal nyo kung simpleng I love you lang di nyo pa masabi? Wala kayong kwenta. Tch. I love you baby ko.

Like • Comment • Share

-_____-

Si Kyle talaga. Hehe. **"Cute mo gummy bear."**

"I know." Then he gave a peck on my cheeks. **"Baby ko, higa tayo."**

Humiga naman kami. Kaso wala pang 1 minute tumunog naman phone ni Kyle na nasa side table.

Krrriiiinnnngggg...

"Istorbo. Tch. Sandali lang baby ko."

Nakatingin lang ako kay Kyle. Hindi nya tiningnan screen. Basta sinagot nya lang.

"Okay ge."

Ganun lang? Tapos na agad tawag? **"Gummy bear sino yun?"**

"Baby ko we need to go back to Manila."

O__o

Kinabahan ako bigla. Waaa. **"B-Bakit?"**

He hug me. **"Wag ka kabahan. Okay? Tumawag si Butler. Uuwi daw si Papa mamayang gabi at nag-set daw ng dinner para bukas kasama ang Papa mo at ikaw."**

O___O

Hanla. Eto na yun. Ma-mi-meet ko na Papa ni Kyle kaso..

Nakakatakot daw yun eh. Si Kyle nga takot dun. Waaa. Kinakabahan ako. **"Natatakot ako.."**

"Tch. Wag ka matakot. Andito lang ako sa tabi mo. Handa nako ipaglaban ka baby ko. Ngayon pa na magkaka-baby na tayo?"

I calm mysef and heaved a sigh. **"Okay. So uuwi na tayo?"**

Tumango sya. He pinched my cheeks. As always. **"Iiwan nalang natin sila dito sa resort para di sila mabitin sa bakasyon. Uuna na tayong dalawa."** Sabi ni Kyle.

Ano pabang magagawa ko? Waa. Kahit diko pa masyado na-enjoy ang dagat, kelangan. Bukas na ang paghahatol samin ni Kyle. Kinakabahan ako. Anong sasaihin ng Papa nya sakin? Baka di nya ako magustuhan? Waaa.

Kung saan-saan na lumilipad isip ko. Natauhan lang ako nung maramdaman ko yung halik ni Kyle sa labi ko. Shemay!

It was slowly pero ramdam na ramdam ko sa paghali nya sakin that I meant to him.

He stop kissing me. **"Wag ka na kakabahan okay? Ako bahala sayo."**

Now, i-a-assure ko yung sinabi ni Kyle. Hindi ako matatakot. Tama. Hindi ako dapat kabahan. Dapat may confident ako.

Kaya ko 'to! Fighting!

--

James POV

Andito kami sa may cottage sa paligid ng resort. Kasama ko ibang tigers. Tapos lahat ng may partners andito din. Sina Chelsea lang at Kyle ang wala.

Napatingin ako kay Adrian at Janna. Nagtatawanan dun sa dulo. May nararamdaman akong kakaiba sa dalawang yan. May something something na yata.

Tapos sunod ako tumingin kay Bro at Yumi.

-____-

Sa sobrang ka-sweet-an ng dalawang yan? Nahiya na ang langgam na lumapit sa kanila. Tch. Parang dati lang indenial sila tapos ngayon, maka-PDA wagas eh. Si Bro may pagkamanyak din eh. Haha. Wala kasi yan pakialam sa mga tao sa paligid nila. Si Yumi naman, go lang ng go anuman sabihin o gawin ni Bro. O, oh ayan nagki-kiss nanaman. Tch.

Naiinggit tuloy ako. Hahalikan ko si mandy eh. Pigilan nyo ko.

Syempre joke lang. Di ako manyak tulad ni Bro at ni Kyle. Goodboy 'to.

Nga pala. Si mandy di pa sinasagot yung tanong ko sa kanya. Akalain nyo ba namang may pagka-

Chelsea din pala yan. Magkapatid nga. Aba, nung sinabi ko sa kanyang, can you be my girlfriend, wala. Nanakbo nalang bigla. Tch.

Ganun ba mga babae pag kinikilig? Tch. Siguro nabigla sya. Masyado yata akong mabilis. Eh kasi gusto ko na talaga sya. Magagawa ko? Tch.

Yung mga tigers kanya-kanya ng ginagawa kaso mukhang mga busy sa mga iPad o laptop nila. Malamang nang-internet yang mga yan.

"Hi James! You want juice?" Si miss clumsy ganda ng ngiti sakin. Napatingin naman ako sa katabi nya. Kulang nalang patayin ako sa titig. Si Drei talaga.

"No thanks." Sabi ko. Napatingin ako kay Mandy sa tabi ko.

-_-

Kaya pala tahimik. Nakatulog na. Naka-ub-ob na pala sa mesa sa gitna. Diko pa napansin.

"Bro!"

"O? Wag kang istorbo nilalambing ko asawa ko."

-___-

Maka-tawag na asawa akala mo totoo. **"Tch. Fiance mo palang si Yumi!"** Sigaw ko.

"Paki mo?"

-__-

Walang pinagbago si Bro. **"Tumawag si Papa kanina, hinahanap ka. Bakit daw dimo sinasagot tawag nya."** Sabi ko. Tumawag kasi si Papa sakin dahil dun.

"Tch. Wala ako sa mood sumagot ng tawag nya. Nasa bakasyon ako kaya bawal nya ako kausapin. Pagbalik natin sa Manila, siguradong tatambakan na naman ako nun ng trabaho sa kompanya. Tch. I want to spend more time with Yumi."

Harsh pero sweet. Yan si Bro. Haha.

Gigisingin ko na sana si Mandy ng biglang dumating sina Kyle at Chelsea. Isa pang sweet. Magka-holding-hands pa. Tch. Parang ang bitter ko ngayon? Haha. Nagiging maiinggitin ako sa mga couple. Mapilit na nga si Mandy mamayang maging girlfriend ko. Pag ayaw, dadaanin ko sa dahas.

Haha. Joke lang ulit. Kaya ko maghintay. Basta okay kami ayos na yun.

"Guys, mauuna na kami pabalik ng Manila." Panimula ni Chelsea.

"Best?!"

"Twinsis!?!"

-___-

Mga babae talaga.

"Maiwan kayo dito kung gusto nyo. Kailangan namin bumalik. Dadating si Papa. Pag-uusapan na ang tungkol samin ng baby ko." Sabi ni Kyle.

"Goodluck brad! Chelsea kaya mo yan. Wag ka matakot sa Papa ni Kyle. Nangangain lang naman yun ng buhay. Hahahaha." Sabi ni Adrian.

"Goodluck captain!" Tigers.

Si Adrian loko din eh. Haha. **"Goodluck sa inyo."** Sabi ko.

"Thanks!" Nakangiting sagot ni Chelsea.

"Basta best balitaan mo agad kami ha?"

"Oo nga twinsis. We want to be updated."

"Oo ba!" Sagot ni Chelsea kina Yumiko at Janna.

"Brad. Wag ka kakabahan sa Papa mo. Magiging ama kana." Sabi ni Lance.

"Ge. Paano? Aalis na kami." Sabi ni kyle. **"Kayo na bahala dito."**

"Bye guys! Girls, wag muna kayo gagawa ng babies. Haha." Nagbiro pa si Chelsea bago umalis eh.

"Ingat captain!" Sigaw ng mga tigers.

Nakaalis na ang mag-fiance. Napatingin na naman ako sa mga kasama ko dito sa cottage. Ang saya lang. Hindi ko inakalang magkakaroon ako ng mga kaibigan dito.

Ayos na ayos. Napatingin ako kay Mandy nagising eh.

"Gising kana?" Tanong ko.

"Hindi. Tulog pa ako James. Psh."

Chapter 36 ? Unexpected

Batangas..

Mandy POV

"I love you."

Medyo wala pa ako sa sarili. Naalala ko lang yung sinabi ni Kyle kanina about I love you.

Pagtingin ko kay James, o__O

Haha. Bakit ganyan mukha nyan. Parang gulat na gulat? **"Nangyari sayo?"** Tanong ko.

"Y-You said I love you."

?__?

Akala ba nya sinasabi ko yun sa kanya? Haha. Mali sya. Nabigkas ko lang yun kasi nga naisip ko yung explanation ni Kyle kanina about I love you.

I looked at him seriously. **"I never..said..that I love you!"**

Parang movie ang peg. Haha.

Si James, -_____-

"Oh bakit?"

"Paasa ka."

"What? Ano bang ginawa ko?"

"Wala. Ge sa hotel muna ako."

Hala. Biglang tumayo si James at nag-walk-out.

"Arte pa kasi."

Napatingin ako sa nagsalita. Yung partner ni Drei. **"May sinasabi ka?"**

"Nothing." She answered with her sarcastic smile.

"Psh."

"Mandy, it's better kung susundan mo na si Li'l Bro. Baka magbigti yun. Haha."

Crazy Yumiko. Lakas din nyan mang-trip.

Diko na sila nilingon. Nag-walk-out na din ako. Saan paba ako pupunta? Edi kay James na nagtampo yata. Diko pa kasi sinasagot yung sinabi nyang can I be his girlfriend.

Heloo! May nararamdaman nako sa kanya but not fully sure na love na nga 'to. I want to confirmed it first muna to myself. Ayokong nagmamadali.

Sa ilang taong pamamalagi ko sa abroad bilang model, I never had a serious relationship. Mula pa nung kay Kyle, ang laki na ng pinagbago ko that's why wala na akong idea kung ano ba talaga yung true love.

Maya maya nakarating din ako dito sa floor ng room namin ni James. What happen to him ba?

I open the door and there he is, seating a the couch with a glass of wine on his hand. Problema nya?

"James."

"What?" Hindi man lang sya tumitingin. Uminom lang sya nung hawak nyang wine.

Inagaw ko yun. **"Stop it. Ano bang problema?"**

"Ikaw. Ikaw ang problema ko Mandy! Masyado mo ng ginulo ang buhay ko! Ginulo mo na isip ko, pati puso ko ginulo mo pa! Tch."

Shock. Galit sya. Ano ba kasi dapat kong gawin? Okay naman kami eh. **"What do you want me to do? Tell me!"**

"Kiss me."

O___O

"Wha-"

Hindi na natuloy ang sasabihin ko dahil nahila na nya ko dahilan para mapaupo din ako sa sofa. Nabitawan ko tuloy yung wine. Narinig ko lang yung nabasag na baso sa sahig.

James kiss me. Like before, hindi ako makatanggi. Hindi ako makapalag and worst, I'm responsing on his kisses.

Minutes past when he stop kissing me. **"Mandy... Please answer me. Can you be my girlfriend?"**

I sigh. **"James, hindi naman sa ayaw ko pero gusto ko, sure na sure nako sa feelings ko. Isa pa, hindi naman dapat minamadali 'to. We're okay naman. Look nga diba, magkasama tayo sa iisang kwarto, we kissed, we hug, we talk to each other everyday. Just give me time James."**

He sighed. **"Fine."**

"Mad?"

Umiling sya. **"No I'm not."**

"Really?"

"Yeah. Masyado lang talaga akong mahulog sayo."

"As a matter of fact, hindi ko naiisip na dadating tayo sa puntong ito. Hello, we started like a cat and dog affair. We always fight and teasing each other. You even call me bakla. How there you. Psh."

Tumawa si James. **"Inis na inis talaga ako dati sayo saka talagang nakakatuwa kang asarin. Pikunin ka kasi. Ang taray taray mo."**

"It's my nature okay?"

"Oo na. Napansin ko nga nagbago kana. Hindi ka na masyadong maarte at mataray."

"I don't know. Hindi ko alam sa sarili ko."

"Do you know why?"

"Why?"

"Because you're inlove with me."

Yeah. He's right. I'm inlove with him.

I smiled.

--

Manila..

Chelsea POV

"Baby ko wag kana kabahan."

Waa. Diko naman kasi mapigilan kabahan. Ready na kami ni Kyle para sa dinner namin with my father and his father.

Natatakot talaga ako sa Papa ni Kyle. Waa. Baka di ako magustuhan nun. Baka sungitan ako nun.

"Sorry gummy bear. Di ko talaga mapigilang hindi kabahan." Sabi ko.

Nakabihis na kami ni Kyle dito sa condo ko. Aalis nalang kami para pumunta sa mansyon nina Kyle. Waaa.

Kyle hug me. **"Andito ako sa tabi mo kaya wag kang kakabahan. Okay?"** Kumalas sya ng yakap then he gave me a pek on my lips. **"Let's go."**

Magkahawak-kamay kami ni Kyle na lumabas ng unit ko. Lead me Lord! Waaa. Goodluck sa'kin.

--

Shin-Woo's Mansion..

Tinawagan ako ni Papa na andito na sya kina Kyle. Kami, eto papasok palang sa mansyon.

Diretso kami sa dining area. Nang makarating kami dito, we saw my father and his father talking to each other. As usual, it's all about business.

Nag-bow si Kyle sa Papa nya. Ako naman lumapit kay Papa at nakipagbeso. **"Seat here Iha."** Sabi ni Papa.

Si Kyle ayun katabi ng Papa nya. Bale harapan kami. Eto arrangement.

Papa ni Kyle - Kyle

Papa ko - Ako

Waa. Intense!

"Lady, will you please introduce yoursef?"

Waaa. Kinakabahan ako talaga sa Papa ni Kyle.

"I'm Chelsea Aguilar. 19 years old. Taking up business Management at Shin-Woo University. I'm a part-time model as well." I said while smiling.

Nga pala. Sinabihan nako ni Papa kanina sa tawag na pag nagpakilala ako, dapat Chelsea Aguilar.

"So, you have the same course with my son."

I nod. "**Yes po."**

Ang intense promise. Napapatingin ako kay Kyle, seryoso lang sya. Mukhang kinakabahan din. Super seryoso naman kasi ng Papa nya.

"So, as we talked a while ago, nalaman ko na illegitimate daughter ka. Right?"

Illegitimate. Oo totoo naman. **"Yes po."**

"Could you explain to me why the sudden change of fiance?" Tanong ng Papa ni Kyle kay Papa.

Waa. Ayan na.

"It's simple. They love each other. Since, anak ko din naman si Chelsea, I decided na sya nalang ang ipakasal sa anak mo."

"Love? Unbelievable. Well, I'll tell you straight to the point. I don't want her for my son. I don't want an illegitimate daughter for my son. As what we originally arrange, my son will marry your legal daughter, Mandy."

O____O

Napalunok ako. Diko alam pero nanggigilid luha ko. Dahil lang sa illegitimate ako? Dahil lang sa hindi ako ang legal?

Napatingin ako kay Kyle. Kilala ko na sya. I know that reaction. Alam kong gusto nyang magwala. Nagpipigil lang sya. Hindi sya makatingin sakin.

"What's the problem with that? She's still my daughter."

"Yes. But we know na mas malaking shares ng kayamanan nyo ang mapupunta sa legal daughter mo kesa sa kanya na illegitimate daughter mo lang."

T_T

Shocks. Nasasaktan ako. Bakit ganyan magsalita Papa ni Kyle? Harap-harapan. Kilala nyo ko. Palaban ako.

"Maybe we need to talk again on private." Sabi ni Papa.

"As you wish. Can we end this dinner?" Tanong ng Papa ni Kyle.

"Wait lang po." Sabi ko. Lakas-loob na'to. Tumingin ako kay Kyle. Halatang shock sya.

"Gaano po ba kahirap intindihin na mahal namin ang isa't isa? Porke illegitimate daughter lang ako, hindi nyo na ako matanggap? Bakit po? Dahil hindi malaking kayamanan ang mamamana ko mula sa Papa ko? Pera lang po ba ang mahalaga sa inyo? Why not consider our feelings? Siguro naman po naranasan nyo din magmahal. Bakit po kayo ganyan? Di nyo din po ba naisip ang nararamdman ni Kyle? Ng anak nyo? He's hurt pero wala syang magawa kundi sundin kayo. Alam nyo po kung bakit? Kasi mahal po kayo ni Kyle bilang ama. Sana naman po wag nyong gawing dahilan ang pera kaya ayaw nyo kaming ipakasal ni Kyle." I said while crying.

Si Kyle nakatungo na. I know he's crying too. Alam kong di sya makapagsalita dahil takot sya sa Papa nya. Kaya ngayon, ako magtatanggol sa kanya.

"You don't have the right to speak to me like that lady. I don't care about that thing you called love. Walang magbabago." Sabi nya saka humarap kay Kyle. **"Sumunod ka sa library."** Pagkasabi nyon tumalikod na yung Papa ni Kyle.

"Iha.." Si Papa kitang-kita na naaawa sakin.

Tumayo ako at tumabi kay Kyle. **"Kyle.."**

Tumunghay sya and there it is. I saw tears on his eyes. I hug him. **"Kyle.."**

"Baby ko sorry. Wala akong nagawa. Hindi man lang kita napagtanggol kay Papa. Sorry. Sorry.."

Kyle is still crying. Iyak na din ako ng iyak. Akala ko magiging okay na ang lahat. Akala ko..

T___T

"Chelsea, anak. It will be better kung sasama ka muna sa'kin pauwi. We have to talk." Sabi ni Papa.

Kumalas ako sa pagkakayakap kay Kyle. I wiped his tears. **"Gummy bear wag kana umiyak. Nasasaktan din ako. I have to go muna with Papa. Your father also want to talk to you right?"**

Kyle kiss me. **"I love you. Please stop crying. Baka mapano baby natin. I will tell to Papa about your pregnancy. Don't worry. I love you. Sorry. I promise, magiging okay din ang lahat."**

I smiled while crying. **"I understand you Kyle don't worry. Don't say sorry okay? I love you too. Go. Fix yourself and better to talk to your father."**

Tumango sya. **"You too. I'll call you later."**

Tumango ako. **"Okay gummy bear. Be strong okay?"**

He finally smiled and kiss me. **"Yeah. Thank you baby ko. I love you."** Pagkasabi nyan ni Kyle tumayo na kami pareho then he face my father.

"Sorry Sir. Don't worry I'll clean up this mess. Ako po bahala kay Papa. Just please take care of Chelsea. Hindi po sya pwedeng ma-stress."

"I understand Iho. May mali din ako. Soon, mag-uusap naman ulit kami ng Papa mo. Alis na kami iho."

Nag-bow si Kyle kay Papa then he hug me. **"I love you baby ko."**

Kumalas na sya then he kiss me again. **"Bye. Be strong."** Sabi ko.

Tumango lang sya then umalis na kami ni Papa.

Natatakot nako sa maaaring mangyari in the near future. Ang saya-saya na namin eh. Wala na ngang problema. Tulad ni Mandy na wala ng pakialam samin ni Kyle tapos masaya naman na kami. Bakit may ganito?

Akala ko magiging okay na lahat dahil anak nako ni Papa, na mayaman nako. Yun pala may sablay pa din. And it's because I'm an illegitimate daughter?

Illegitimate their ass!

--

Kyle POV

I'm heading to library. I already fix myself. Nag-aalala ako kay Chelsea. She's pregnant at di sya pwede ma-stress.

I really hate my father. He's a monster. Monster of money. Wala syang inisip kundi pera. Akala ko okay na lahat dahil mayaman na si Chelsea. May mapupuna pa din pala si Papa.

God, why'd you gave me this kind of father?

Huminga muna ako ng malalim bago binuksan ang pinto ng library.

There he is. Nakaupo sya sa couch. Lumapit ako. **"Pa.."**

"Do you really love that lady?"

"Yes 'Pa." I said. Para saan pa para tumanggi ako? Handa na akong ipaglaban si Chelsea lalo na ngayon na magkaka-baby na kami.

"Unbelievable!" Sigaw ni Papa saka tumayo. Magkaharap na kami ngayon na nakatayo.

"Hindi mo siya maaaring pakasalan! You idiot! Alam mo namang illegitimate daughter lang sy! So it means, hindi ganon kalaking shares ang makukuha nya mula sa ama nya! Mas malaki pa rin ang makukuha ng legal daughter kaya yun dapat ang pakasalan mo! Nahihibang ka na ba?"

Galit na galit si Papa. Ako takot ako, oo. Pero hindi ko na kayang manahimik. Si Chelsea at ang anak na namin pinaglalaban ko ngayon. I can't take this anymore. Sobra na si Papa.

"I love her Pa! What's wrong with that? Pera nalang ba lagi isasaalang-alang natin? Wala ho ba akong karapatang sumaya? Sumaya sa taong mahal ko? I really love her and I want her to be my wife." Hindi ko na napigilang maluha habang sinasabi yan.

Oo lalaki ako. Ano naman kung umiyak ako? I don't care. Nasasaktan ako eh.

"Kalokohan yan Kyle! Stop that non-sense talk. Malinaw na malinaw, I don't want her for you. You still marry the legal daughter of Mr. Aguilar. Walang mababago."

God! Bakit ganyan sya kasama!

"I can't. Chelsea is one month pregnant and I'm the father." At last, nasabi ko na din.

PAAAKKKK

Shit. He slapped me. My father slapped me. Shit.

"How there you do that! Isang malaking kalokohan yang ginawa mo!" Sigaw ni Papa.

Nakatungo ako at umiiyak. Shit lang. Bakit ganito ang ama ko?

"Nabuntis mo agad ang babaeng yon?"

"Hindi sya basta babae lang 'Pa!" Napasigaw nako.

"What did you say?"

Hindi ko na kaya manahimik. I need t

[Content truncated due to length]

Chapter 37 ? His side

Chelsea POV

Kakadating lang namin ni Papa dito sa mansyon nila. Nanghihina ako at the same time nilalakasan pa din yung loob ko.

Nasasaktan ako hindi dahil sa insultong natanggap ko sa Papa ni Kyle. Nasasaktan ako dahil alam kong naiipit sa sitwasyon si Kyle. I love him so much. Kapag nasasaktan sya, doble yung sakit na nararamdaman ko.

Sana maging okay na ang lahat. Sana maging maayos na ang lahat. Parang nung mga nakaraang araw lang, ang saya saya namin. Tama nga ang sabi nila na kapag may saya, may lungkot. Hindi natin maa-appreciate ang happiness kung wala si sadness.

I know matatapos din ang lahat ng problema namin ni Kyle. Walang bibitaw saming dalawa. Malakas kami. Mas malakas pa sa kapangyarihan ng Papa nya ang pagmamahalan naming dalawa ni Kyle.

Wala ng pwedeng pumigil samin. Dahil hindi lang kami ni Kyle, kundi pati magiging baby namin ang ipapaglaban namin. Hindi ko kayang mawala si Kyle. Hindi ko kaya.

Umiiyak ako hanggang sa makarating kami ni Papa dito sa salas. Inalalayan nya ako sa pag-upo.

"Iha patawad.."

Naiiyak ako lalo. Si Papa nangigilid na din ang luha. Wala naman syang kasalanan. Hindi naman nya kasalanan kung illegitimate daughter nya lang ako.

"Papa.."

"Kung pinaglaban ko ang pagmamahal ko sa Mama mo noon, kung hindi ako sumunod sa ama ko na ipakasal ako sa babaeng hindi ko naman minahal, ang ina ni Mandy. Kung hindi ako sumunod sa ama ko, edi sana naging masaya kami ng Mama mo. Edi sana wala ng hadlang sa pagmamahalan nyo ni Kyle. Dahil ako bilang ama, nakikita ko kung gaano ka-responsable si Kyle anak. Sya ang nababagay sayo. Alam kong mahal nyo ang isa't isa. Hanga din ako dahil kaya nyong ipaglaban ang isa't isa. Magtiwala ka kay Kyle. Alam kong hindi ka nya papabayaan ngayon pang magiging ama na sya. Alam kong hindi tutulad sakin si Kyle na susunod sa utos ng ama na ipakasal sa babaeng di naman mahal."

Lalo akong naiiyak sa sinasabi ni Papa.

"Hindi ko naman sinasabing pinagsisisihan ko na ipanganak si Mandy. Masaya ako. Pero sa ngayon, bumabalik sa akin ang nakaraan. Nasa akin ang problema. Illegitimate daughter kita kaya di ka matanggap ng aman ni Kyle. Wag kang mag-alala anak, ako ang bahala. Ako ang gagawa ng paraan. Basta sisiguraduhin ko sayong kayo ni Kyle ang magpapakasal at hindi si Mandy."

"Papa.."

"Kasiyahan mo ang nakasalalay dito. Ilang taon kitang hindi nasustentuhan, naalagaan at diko naiparamdam ang pagmamahal ko bilang ama sayo. Ngayon ako babawi. Ngayon iha. Alam kong

hindi matutumbasan ng pera o kahit anong materyal na bagay ang kasiyahan mo. Alam kong si Kyle ang kasiyahan mo anak."

Napayakap ako kay Papa. Thankful ako ng may ama akong ganito kabait. Kalawak ang isip at hindi matapobre. Isinasaalang-alang nya ang kasiyahan ko. Hindi nya dinadaan ang mga bagay bagay sa pera. Napaka-swerte ko.

"Anak, wag ka na umiyak. Magagalit si Kyle. Sinabi nyang wag kong hahayaang ma-stress ka dahil ayaw nyang mapahamak ang mag-ina nya. Makinig ka sa kanya iha."

Napangiti nalang ako kahit tumutulo pa din yung luha ko. **"Opo Papa.."**

"Dito kana matulog. Ipapaayos ko ang guest room." Sabi ni Papa.

Umiling ako. **"Hihintayin ko po ang tawag ni Kyle. Baka uuwi kami sa condo ko."**

Ngumiti sakin si Papa. **"I'm proud of you anak. Dahil sa ganitong sitwasyon, nakukuha mo pa ding ngumiti. You're always looking at the bright side. Hindi ka man napagtanggol kanina ni Kyle, hindi ka nagalit sa kanya, bagkus ikaw ang nagtanggol sa kanya. Napaka-swerte nyo sa isa't isa. Hangang-hangga ako dahil pinaglalaban nyo ang pagmamahalan nyo."**

I smiled again. **"Mahal na mahal ko po kasi ang lalaking yun 'Pa. Kahit nakilala ko yun na walang modo, bastos, mahilig manigaw, mahilig mambwisit, mahilig manira ng araw, harsh magsalita.. Still minahal ko pa din sya. Kasi sa likod ng masasamang ugali nya, may itinatago siyang mabubuting ugali tulad ng pagiging sweet nya, maasikaso, yung gagawin nya ang lahat para sakin, maalaga, pinagtatanggol ako.. Lahat nasa kanya na. Wala na akong mahihiling pa. Si Kyle lang Papa, sapat na. Siya ang happiness ko."**

Niyakap ulit ako ni Papa.

Krrriiinnngggg..

Napapitlag ako nang marinig ko yung tunog ng phone ko. "Sandali lang 'Pa." Kinuha ko phone ko sa bag.

Gummy Bear calling..

Agad-agad sinagot ko yun. **"Kyle.."**

[.....]

He's crying. I know he's crying this time.

"Gummy bear, okay kalang? Diba hindi ka naman umiiyak? Pag nalaman kong umiiyak ka, pepektusan kita sige ka." Dinaan ko nalang sa biro dahil isa sa kahinaan ko ay yung makitang umiiyak si Kyle.

[N-No..I'm not baby ko..W-wag mo akong pepektusan ha? I love you baby ko..]

Kusang tumulo na naman ang luha ko. Base on his voice, I know he's crying. I know that.

"Gummy bear, pwede tayong magkita? Uuwi tayo sa condo?"

Gusto ko makasama si Kyle. Gusto ko siyang i-comfort. Hindi biro ang sitwasyon namin lalo na ngayon.

[O-Oo baby ko..I'm just fixing myself then susunduin na kita dyan sa mansyon ng Papa mo. Uuwi tayo sa condo.]

"Okay gummy bear. Mag-ingat ka ha? Hintayin kita. I love you Kyle."

[I love you too baby ko. Mahal na mahal na mahal kita. Papunta na din ako dyan.]

"Okay gummy bear. Sige na. Bye."

toot toot

"Iha kakasabi ko lang na wag ka ng umiyak dahil magagalit si Kyle."

Pinahid ko luha ko. **"Ayoko kasing nasasaktan si Kyle Papa."**

"Alam ko yun iha. Magpahinga ka mamaya pag-uwi nyo sa condo nyo. Alagaan nyo ang magiging anak nyo."

Tumango ako. **"Opo Papa."**

"As soon as makapag-usap na ulit kami in private ni Mr. Shin-Woo, kakausapin agad kita. Wag mo nalang munang isipin yun sa ngayon. Be strong anak."

Yumakap ako kay Papa. **"Thank you Papa."**

Maya-maya, narinig na namin yung busina mula sa labas. Mukhang si Kyle na yun. Ang bilis naman.

Napatayo nako. **"Papa si Kyle na po yata yun."** Sabi ko.

Tumayo na din si Papa. **"Sige iha. Salubungin natin sya."**

At ayun naglakad kami ni Papa palabas ng mansyon. And there he is. Si Kyle naglalakad pasalubong samin ni Papa.

The moment we saw each others eyes, parang may nagtulak saming dalawa para mapatakbo kami sa isa't isa at nagyakapan. **"Baby ko.."**

T_T

Si Kyle. I know he's really hurt. **"Gummy bear. Uwi na tayo? Gusto ko ng magpahinga."** Sabi ko. Pero ang totoo nyan, gusto ko lang na umuwi para mas mai-comfort ko na sya.

"Uuwi na tayo baby ko." Pagkasabi nyan ni Kyle kumalas na sya ng yakap sakin saka hinarap nya si Papa.

"Sir, gagawin ko po ang lahat para kay Chelsea. Nangangako ako dito sa harap nyo na si Chelsea ang ihaharap ko sa altar."

Tinapik ni Papa sa may balikat si Kyle. **"May tiwala ako sayo iho."**

Ngumit na si Kyle. **"Aalis napo kami."**

"Papa aalis na kami ni Kyle." Singit ko.

"Mag-ingat kayo."

Tumango lang kami at inalalayan na ako ni Kyle na makasakay sa kotse nya.

--

Sa condo..

Pagpasok na pagpasok namin dito sa unit ko, niyakap na agad ako ni Kyle.

"Baby ko.."

Kumalas ako at nginitian ko sya, **"Gummy bear alam kong hindi ka okay. 'Lika. Sa kwarto na tayo."** Sabi ko.

Tumango lang sya then hawak-kamay kaming naglakad papuntang kwarto.

"Higa na tayo baby ko." Sabi ni Kyle pagkapasok namin ng kwarto.

Tumango ako. **"Opo."** Tumabi na ako sa kanya sa kama.

Magkaharap kami ngayon. **"Baby ko I love you."** He said then kiss me.

I smiled at him. **"I love you too. Gummy bear, wag ka iiyak ng wala ako sa tabi mo okay?"**

"Hindi ako umiyak." Tanggi nya.

"I know you gummy bear. I know when you're crying or not. Ramdam ko yun." Sabi ko.

"Baby ko sorry.."

T_T

Sheeet. Si Kyle. Napapapikit habang tumutulo na luha nya.

"Gummy bear sabi ko wag ka iiyak."

"Sabi mo wag ako iiyak ng wala ka. Andito ka kaya pwede akong umiyak. Sorry baby ko. Hindi ko mapigilang maging emosyonal. Sorry."

Hinaplos ko yung pisngi nya then nginitian sya kahit tumutulo na din luha ko. **"Mahal na mahal kita gummy bear."**

"Wag ka na umiyak baby ko. Baka ma-apektuhan ang baby natin." Sabi nya.

"D-Di ko lang mapigilan.."

"Baby ko, kapag ba naging mahirap ako, mamahalin mo pa din ako? Papakasalan mo pa din ako?"

T_T

Bakit ganyan tanong ni Kyle?

"Baby ko ano?"

Ngumiti muna ako tapos hinga malalim. **"Unang-una Kyle, wala naman akong pakialam kung mayaman ka man o mahirap. Anong magagawa ko kung sa'yo tumibok ang puso ko at ikaw ang lalaking gugustuhin kong makasama habang buhay. Kahit pa wala kang kahit singko sa bulsa mo, mamahalin pa din kita Kyle. Papakasalan pa din kita. Money can't buy happiness. Aanhin ko naman pera mo kung pagmamahal mo lang, sapat at kontento nako. Mahal na mahal kita Kyle."**

He kiss me. **"Baby ko, pinaglaban kita kay Papa. Siguro dahil sa ginawa ko, may posibilidad na itakwil nya ako bilang anak nya. Wala akong makukuhang mana sa kanya. Papalayasin nya ako sa mansyon. Magiging mas mahirap pa'ko sa daga. Will you still love me?"**

I pinch his cheeks. **"Kahit ano kapa, kahit sino ka man, kahit anuman ang estado mo sa buhay, kahit mahirap ka na, mahal na mahal pa din kita. Dahil hindi naman porket naging mahirap ka ay in instant, mawala din nararamdaman ko sayo. Hindi yun gummy bear. Kahit anong mangyari, mahal na mahal na mahal na mahal kita."**

He hug me tight. **"Thank you baby ko. Please, wag mokong iiwan. Wag kang bibitaw baby ko. Ikaw**

lang ang lakas ko. Ikaw ang kailangan ko. Ikaw lang ang mahal ko. Ikaw lang ang gusto ko makasama habang buhay. Ikaw lang ang gusto kong iharap sa altar. Ikaw lang ang gusto kong makasama sa pagpapalaki ng mga anak natin. Ikaw lang ang gusto kong maging asawa. Ikaw lang. I wanna grow old with you baby ko. Hanggang sa kabilang mundo, gusto ko magkasama tayo."

"So sweet of you Kyle.."

"Hindi ako sweet. I'm just being myself. Sinasabi ko lang kung ano yung nasa puso ko."

"I love you gummy bear. You never fail to make me smile."

"Kung papipiliin man ako between you and wealth? I better choose you. Dahil ang kayamanan nauubos yan, pero ikaw. Ikaw na mahal ko, habang buhay kang maninirahan dito sa puso ko."

>.<

Si Kyle na ang expert sa love. Hindi ko akalaing ganito na mag-isip ngayon si Kyle. Matured na sya. **"Masyado mo na akong pinapakilig."** Sabi ko.

He smiled. **"Baby ko, yung baby natin ingatan naton. Ikaw, wag ka ng iiyak. Wag ka na mag-iisip. Ako na bahala sa lahat basta ayokong nai-stress ka. Ayokong maapektuhan ang baby natin sa stiwasyon natin ngayon. Tama ng ako nalang. Ako nalang magdadala ng lahat ng sakit baby ko."**

T_T

Si Kyle. Si Kyle ang taong hindi ko gugustuhing pakawalan habambuhay. He's my life. The only one.

--

Mr. Shin-Woo POV

Nakaalis na si Kyle pero ako, narito pa din sa library. Natulala ako sa mga sinabi nya.

Parang biglang nagbalik sa alaala ko ang lahat dahil sa mga sinabi nya.

Mahal ko naman sya bilang anak. Mahal na mahal kaya nga pinaghihirapan ko ang kompanyang ito na balang-araw ay sa kanya lahat mapupunta.

Oo masyado akong gahaman sa pera, business minded ako. Pero iba ang dating sakin ng mga sinabi ng anak ko sakin kanina.

Nong nabanggit nya na baka hindi ko daw mahal ang ina nya, nasaktan ako. Mahal na mahal ko ang ina nya. Dahil ang totoo, ang ina nya ang may ibang mahal. Nagtiis ako nun dahil mahal ko sya pero tumagal na at hindi ko na kinaya ang ginagawa nya.

May iba syang mahal at lagi syang nakikipagkita don. Ako, nasasaktan kaya sinusubsob ko ang sarili ko sa kompanya. Kaya nga umunlad ang mga kompanya ko.

Isang gabi non na binalak nyang lumayas sa mansyon para sumama na sa lalaki nya. Wala syang puso dahil wala syang pakialam kay Kyle. Wala syang pakialam kung maiwan ang anak nya. Ang tanging iniisip lang nya ay sarili nya.

Hinayaan ko sya. Hindi ko akalaing may mangyayaring hindi inaasahan. Nagkaroon ng car accident at on the spot ding nawalan ng buhay ang asawa ko.

Puno ng hinagpis ang nararamdaman ko. Kailanman ay hindi ko nagawang sumaya. Kailanman ay hindi ako nakaranas na mahalin ng taong mahal ko. Kaya nga naging ganito ka-bato ang puso ko.

Nasanay na ako na sa lahat ng bagay, madadaan ko lang sa pera. Kaya ang pagpapalaki ko kay Kyle ay nadala lang sa pera. Hinahayaan ko sya. Binibigay ko lahat ng gusto nya dahil ang alam ko, mapapasaya ko sya. Alam ko na mamahalin pa rin nya ako bilang ama nya kapag naibigay ko lahat lahat ng gusto nya.

Kanina, sa lahat ng sinabi nya dun ko napatunayan na isa na syang ganap na lalaki. Hindi ko inaasahang maglalakas-loob sya sakin. Ipinagtanggol nya ang babaeng mahal nya sa harap ko. Ipinagtanggol nya ang magiging anak nila.

Isang bagay ang sinabi nya na tumama sa puso ko. Na ang kasiyahan ay hindi nabibili ng pera. Napaka-matured na mag-isip ng anak ko.

Natauhan ako sa lahat ng sinabi nya. Ngayon lang tumulo ang luha ko. Bilang ama, nasaktan ako sa mga sinabi ng anak ko. Pero ngayon ko siya mas naintindihan.

Nagyon ko mas naintindihan ang kahalagahan ng pagmamahalan..

Hindi mahalaga ang pera. Basta nagmamahalan kayo, dinaig nyo pa ang mayaman.

Biglang nagbago ang saloobin ko. Kung dati palagi akong seryoso, tahimik at masakit magsalita? Ngayon pakiramdam ko ay tao na ulit ako dahil nasasaktan na ulit ako, umiiyak, at na-aappreciate ang mga bagay-bagay.

Sa lahat ng nasabi ng anak ko kanina, hindi pumasok sa isip ko ang itakwil sya. Dahil ang totoo nyan, I should be proud of him.

--

A/N: Well, as usual walang exact time and day ang next UD. So please bear with me.

Chapter 38 ? Forgiveness

Chelsea POV

Umaga.

Nagising ako kasi ang sakit ng ulo ko. Aish. Ganito ba pag buntis? Ano 'to? Morning sickness? Feeling ko nasusuka ako.

Babangon na sana ako para pumuntang banyo kaso niyakap naman ako bigla ni Kyle.

"Baby ko wag moko iwan.."

-___-

"Gummy bear sa cr lang ako pupunta."

Tsup!

Natural nalang samin ang kiss talaga. **"Morning baby ko.."**

"Morning din. Punta lang ako cr. Feeling ko nasusuka ako."

"Yan yata yung sinasabi nilang morning sickness? Naglilihi ka kasi. One month na baby natin eh."

Tumango ako. **"Oo nga yata. Hirap pala ng ganito."** Pinalungkot ko yung mukha ko.

"Kung pwede lang na ako nalang maglihi baby ko.."

Bright idea. **"Pwede naman eh. Gusto mo ikaw nalang? Haha."** Naiisip ko yung sabi nila kapag daw nilakdangan yung lalaki, sila yung maglilihi. Totoo ba yun?

"Tch. Sige na pumunta ka ng cr."

-___-

Kita mo 'to. Takot din palang maglihi. Haha. Punta nako cr. Ang gaan ng pakiramadam ko ngayon kasi nag-heart-to-heart talk kami ni Kyle kagabi at kahit may problema pa kami ngayon sa Papa nya, hindi na ako nangangamba dahil alam kong hindi ako iiwan ni Kyle. Hinding-hindi.

Andito nako sa cr. Ba't ganun di naman ako nasusuka. Kanina feeling ko masusuka ako. Waa. Ang gulo naman.

Lumabas nalang ako ng cr. And then naabutan ko si Kyle na may kausap sa phone.

"Okay."

After nung sinabi ni Kyle sa kausap nya, tumayo sya at niyakap ako. **"Baby ko.."**

"Ano yun gummy bear?"

"Tumawag si Butler. Pinapupunta daw tayo ni Papa. Kakausapin tayo in private. Tayong dalawa lang. Hindi kasama Papa mo."

Dug, dug..

Dug, dug..

Hala. Natatakot na ako. Baka pipilitin na kaming paghiwalayin. **"Natatakot ako.."**

"Sshhh. Please wag kang matakot. Kinakabahan din ako pero wag tayo matakot please? Hindi naman tayo bibitaw sa isa't isa diba? Kahit pa anong gawin ni Papa hindi ako susuko sayo. Hinding-hindi. Kaya wag ka matakot okay? Magtiwala ka sakin baby ko. Kahit anong sabihin ni Papa na masasakit, wag mo nalang pansinin. Labas sa tenga nalang. Maliwanag ba?"

Naiiyak nako. Iisipin ko palang na kakausapin kami ng Papa ni Kyle, natatakot talaga ako dahil iba ang pagsasalita nya. Wala syang pakialam kung masaktan yung ibang tao sa mga sinasabi nya.

"Sabi ko wag ka matatakot. Ngayon pa ba na pinaglalaban na kita? Maaapektuhan baby natin kung ganyan ka. Please baby ko?"

Tumango nalang ako at yumakap kay Kyle. **"Opo gummy bear. Lalakasan ko loob ko. Para sa inyo ng baby natin. I love you."**

He smiled at me pagkakalas nya ng yakap sakin. **" I love you too baby ko. Be strong sabi mo diba?"**

Napangiti na din ako. **"Be strong."**

Alam kong kailangan naming ihanda ni Kyle ang sarili namin sa mga maaaring marinig na salita mula sa Papa nya. Pero tulad ng sabi nya, be strong. Tama. Pinaglalaban namin yung love namin for each other at ako? Hindi ako bibitaw kay Kyle. Kahit pa anong sabihin ng Papa nya.

Sobrang mahal ko si Kyle. Sobra.

--

Shin-Woo's Mansion..

Kabababa lang namin ni Kyle ng kotse nya. Kinakabahan na ako. Papasok na kami ng mansyon.

Sinalubong kami ni butler. **"Young master sa garden po."**

?_?

Bakit sa garden naman? Pero sabagay ayos na yun para kahit magka-initan mamaya, may fresh air pa din kaming masasagap.

"Bakit don?" Tanong ni Kyle. Nagtaka din sya. Usually kasi sa library talaga para private.

"Mas makakabuti kung pumunta nalang kayo. Naroon na ang Papa nyo." Sabi ni butler.

"Okay." Hinawakan ni Kyle ang kamay ko habang naglalakad na kami papuntang garden.

Dug, dug..

Dug, dug..

Waa. Kinakabahan na'ko. Matapang ako pero iba talaga pag Papa ni Kyle eh.

Si Kyle napansin ko kanina pa sya napapahinga ng malalim. Siguradong kinakabahan din sya.

Nakarating na kami dito sa may garden.

Lakad pa kami..

Lakad..

O_____O

Napatigil kami ni Kyle. Kasi..

Kasi naman may decoration sa garden. Isang pabilog na mesa na may dekorasyon. Tapos kitang-kita namin yung mga pagkain sa mesa, ang dami. Yung Papa ni Kyle dipa kami napapansin kasi nakaupo sya sa may mesa na nakatalikod dito sa pwesto namin.

"Baby ko.." Napatingin ako kay Kyle. Hindi din sya makapaniwala sa nakikita nya.

Kasi naman. Mag-uusap kami diba? Tapos bakit ganito set-up? Parang may party lang.

Napansin ko na naman ang paghinga ng malalim ni Kyle. Then he make a signal para tumuloy na kaming lumapit sa mesa kung saan andun Papa nya.

We're still holding each others hand. Lalo pa ngang humihigpit habang papalapit na kami. Hindi kami bibitaw sa isa't isa. Hinding hindi.

"Papa.."

Hala. Natatakot nako.

Lumingon Papa ni Kyle. Seryoso pa din pero napansin ko, may kakaiba sa mukha nya. Hindi sa itsura ha? Sa emosyon nya. Ewan?

"Iho, iha.."

O__o

Wow. Tinawag akong iha tapos medyo yung boses nya hindi powerful yung dating.

"Papa.." Si kyle halatang kinakabahan.

"Maupo kayo." Utos ng Papa ni Kyle.

Naupo kami ni Kyle. Magkatabi kami tapos kaharap namin Papa nya.

Pag napapatingin ako sa mukha ng Papa ni Kyle, kakaiba talagang emosyon nakikita ko. Hindi sya mukhang strict na nakakatakot. Basta diko maintindihan.

Naramdaman ko yung paghawak ni Kyle sa kamay ko sa ilalim ng mesa. Kinakabahan sya alam ko.

"Anak.."

O_o

Hala. Malumanay magsalita Papa ni kyle. Hindi seyosong seryoso. Kahit si kyle nagulat.

O___o

Omo! Am I dreaming? Is it really happening?

Pareho kaming nakatingin ni Kyle sa Papa sya. He's crying. There are tears on his eyes. What's happening?

O_o

"Anak patawarin mo ako.."

O_____O

Si Kyle napatayo at lumapit sa Papa nya. **"Pa.."**

"Iho, Kyle patawarin mo ako. Hindi ako naging mabuting ama sayo.." Panimula ng Papa ni Kyle. May napi-feel akong magandang mangyayari. Ayun si Kyle katabi na ng Papa nya. Bale ako nakaharap sa kanila. Pinapanood sila.

"Papa.."

"Sa sobrang business minded ko, hindi ko na naiisip kung okay lang ba ang anak ko? Kung masaya ba ang anak ko? Kung hindi man lang ba nagkakasakit ang anak ko? Lahat yun hindi ko man lang naiisip. Napakasama kong ama. Ayoko ng sabihin pa sayo ang nakaraan pero hindi ko sinasadyang maging pusong bato. Anak, sana matapawad mo pa ako. Nasaktan ako sa mga sinabi mo kagabi. Doon ko lahat na-realize ang pagkakamali ko. Doon ko na-realize na hindi na pala kita napapasaya gamit ang pera natin. Money can't buy happiness. Yun ang natutunan ko sayo anak kagabi. Hindi ko mapigilang maging emosyonal pagka-alis mo kagabi dahil tagos dito sa puso ko lahat ng sinabi mo. Biglang nabuhay yung puso ko na dati ng wala ng buhay."

"Papa.."

Sheet. Si Kyle umiiyak na din habang nakikinig sa sinasabi ng Papa nya. Pati ako naiiyak sa moment nila.

"Akala ko noon, madadaan ko lahat sa pera. Akala ko mapapasaya kita using my money. Pero nagkamali ako. Iba pa din yung pagmamahal kesa pera. Anak.."

"Papa tama na po.."

T__T

Sobrang naiyak na din ako sa kanila. Diko naman kasi expected na yung mangyayari ngayon ay ganito. Ang ine-expect ko naman kasi ay yung pilit kaming paghihiwalayin ni Kyle. Hindi pumasok sa isip ko na may ganito? Yung mag-a-apologize pala ang Papa nya. Bigla tuloy akong na-curious sa kung anong pinag-usapan nila kagabi.

"Anak.. Pinabilib mo ako. Diko akalaing sa edad mong yan matured ka na mag-isip. At tama ka, magiging ama ka na at alam kong magiging responsable kang ama sa magiging anak nyo. Basta anak humihingi ako ng tawad. Mahal kita anak."

"Papa sorry din sa nasabi ko kagabi."

"No. You shouldn't iho. You know why? Because of what you've said last night, I realize a lot if things and that makes me proud of you. I'm really proud of you anak."

Tears of joy. Yun ang nararamdaman ko ngayon. So ibig sabihin okay na sila ng Papa nya? Salamat naman.

"Papa gusto ko lang naman sumaya kasama ang babaeng mahal ko. Sana po hayaan nyo na kami. Hayaan nyong kami ang makasal dahil kung hindi rin lang sya ang babaeng makakasama ko habang buhay, mas gugustuhin ko nalang na mawala sa mundong 'to. Sya ang buhay ko 'Pa.."

Gusto ko na yakapin si Kyle. Nasasaktan ako ngayong umiiyak sya. Nakatungo nalang din sya habang nagsasalita. Alam kong ayaw nya ipakita sakin yung pag-iyak nya.

Humarap sakin Papa ni Kyle. **"Iha.."**

"Sir.." Can't help my tears from falling.

"Patawarin mo din ako iha. Sa mga nasabi ko kagabi. Gusto ko din kausapin ang Papa mo para mag-apologize."

Hindi ako makasagot. Kasi naman. Diko talaga mapigilan umiyak.

"Nagpapasalamat ako sayo iha dahil minahal mo ang anak ko. Pinaramdam mo sa kanya ang pagmamahal at kasiyahang di man lang nya naranasan sa akin bilang ama nya. At ngayon, magkaka-anak na kayo, nakikita kong magiging mabuting magulang kayo in the near future."

I took a deep breath. **"Okay lang po yun. Mahal na mahal ko po kasi yang anak nyo. Sya lang ang gusto kong makasama habang buhay. Sya lang po ang gusto kong maging groom. He's the only one I want to spend my life with. I really love him so much. Sana po payagan nyo na kaming magpakasal. Sana po.."** Napapahagulhol ako sa iyak.

This time. Lumipat na si Kyle sa tabi ko. Nagpupunas na sya ng luha nya. Niyakap nya ako habang kaupo kami. **"Ssshhh.. Stop it baby ko.. Please stop crying."**

Lalo akong naiiyak sa comfort ni Kyle.

"Hanga ako sa inyong dalawa. Hanga ako sa pagmamahalang namamagitan sa inyo. Pareho kayong pinaglalaban ang isa't isa. Pareho kayo ng mga vision. Ang sarap pala dito sa pakiramdam na makita kita Kyle na masaya sa piling ng taong mahal mo."

"Papa hayaan nyo na kaming magpakasal.."

Tumango ang Papa nya. O___O

"I will let you anak. Para makabawi man lang ako sayo. Para ipagmalaki mo naman ako bilang ama mo. Magpapakasal kayong dalawa. I don't care anymore about the money. Aanhin natin yan kung di naman tayo masaya. Yan ang natutunan ko sayo anak. Magpapakasal kayo. Kakausapin ko si Mr. Aguilar para pag-usapan namin ang details ng wedding nyo. May isa din akong request kung maaari.."

"Ano yun 'Pa. Kahit anong request, wag lang yung mahihiwalay ako sa buhay ko."

Kyle is love. Kung gagawa ako ng sarili kong dictionary? Ang magiging definition ng LOVE doon ay KYLE. Because Kyle is a very good example of a person who fully understood what love is, on how to fight his love, on how he defend his love and on how he can show his love. Kyle is really LOVE.

"Gusto kong dito na kayo tumira sa mansyon. Ang mansyong 'to sa'yo ito Kyle. At gusto kong isama mo dito sa mansyon natin ang babaeng nagpapasaya sayo. Ang buhay mo. Para naman magkaroon ng buhay ang mansyon natin. Maaari ba?"

Napangiti ako. Super babaw lang ng request ng Papa ni Kyle. Nakakatuwa lang na natauhan din sya sa wakas. Nagawa na nyang intindihin si Kyle.

"Yes Papa. We will. Dito na kami titira. At dito kami bubuo ng masayang pamilya. Makakabawi kapa Papa pero hindi sakin kundi sa magiging apo mo. Mahal kita Papa. Alam kong masakit din sayo na nawala agad si Mama. Pero tandaan nyo 'Pa, hindi pa katapusan ng mundo. Andito pa din ako Pa. Andito pa akong anak nyo na nagmamahal sa inyo."

Tumayo Papa ni Kyle at lumapit samin. Niyakap nya kami. Gropu hug kami. Ang sarap sa feeling. Umiyak man ako, tears of joy naman yun. Ang saya. Okay na? Wala na naman siguro kaming problema? Wala na namang hadlang diba? Tuloy na tuloy na? Sasaya na kami ni Kyle. Kami pa din hanggang sa huli?

I can't wait for our wedding. And also, I can't wait for our baby to come out. Kyle, our baby, they are my life. They are my treasure I want to keep forever.

I know God has a plan. Hindi sya gagawa ng problema na walang solusyon. And there it is, may solusyon na ang problema namin. I know we will be happy at last. I know God will let us to be happy after so much struggles we faced before. Sapat na siguro ang mga yun para patunayan na mahal na mahal namin ang isa't isa. Sapat na yun.

Dahil sabi nga nila, kapag nalampasan nyo na ang mabibigat na problema na dadating sa buhay nyo, kapag hindi kayo sumuko, makakamit nyo ang happy ending. They say fairytales ang may happy ending. No. I object! I know in true life, happy ending really exist. Nasa couples nalang yun kung sisikapin nilang makamit yun.

Tulad namin ni Kyle. I know, we can have our happy ending. I know that, hundred percent.

**

A/N: Short UD talaga sya because I have to cut the scene. Ayokong magdagdag ng scene galing sa sa next UD. You know, SPOILERS! Haha. Bawal ang clue sa susunuod na mangyayari. Kaya ayun. sana nagustuhan nyo UD Goodvibes :) Let's use the hashtag, #KySeaWedding

Chapter 39 ? Character's Status

Chelsea POV

Hapon na. And still, tulog pa din si Kyle.

After kasi magkabati ang mag-ama kanina at kumain kami ng sabay-sabay, umalis na din agad kami ni Kyle para kunin ang mahahalagang gamit at mga damit namin sa unit ko. Kasi lipat bahay agad kami. Agad-agad.

Si Papa ni Kyle nakipag-meet daw kay Papa. Pag-uusapan daw nila yung details ng kasal namin.

Bale, dito na kami sa Shin-Woo's Mansion. Specifically, dito sa kwarto ni Kyle. Ang laki laki kaya nito. Magkasama na daw kami dito sa kwarto. Sabi naman ng Papa ni Kyle, ituring daw namin na sarili ang mansyon na'to kasi sa'min din 'to mapupunta.

Ang bait pala ng Papa ni Kyle. May pinagdaanan lang talaga siguro kaya naging bato ang puso nya. Pero at least okay na. Super saya kasi wala na kaming problema ni Kyle.

Siguradong napagod sya kanina sa pag-aayos ng mga gamit na dinala namin dito. Ayaw nya naman kasi ako patulungin. Bawal daw ako mapagod.

Nakasandal lang pala ako dito sa head board ng kama habang gumagamit ng iPad. Wala kasi pang magawa. Sabi kasi ni Kyle, wag na wag daw ako mag-iimis ng kalat dito sa kwarto nya. Basta dito lang daw ako sa kama habang natutulog sya.

Balak ko na ngang maglista nung mga abay sa kasal namin ni Kyle. Grabe nae-excite nako. So tuloy na tuloy na talaga kasal namin. Okay na sa both family side.

Ka-chat ko pala sa FB si Janna.

**

Janna: Best musta? Anong balita?

Ako: okay na. Pinagpa-planuhan na ang details ng wedding.

Janna: Omo! Best! So tuloy-tuloy na yan? Abay kami!

Ako: Ikaw pa ba ang mawala? Syempre ikaw ang bride's maid ko.

Janna: Waa. Sana si Adrian ang groom's man.

Ako: Asus. Oo basta partner kayo. Musta pala kayo dyan sa Batangas?

Janna: Okay naman kaso may nangyayaring tampuhan between Mandy and James. As in malaking tampuhan. Then si Yumi naman at Lance ayun, gumagawa na yata ng baby. Haha!

Ako: Baliw ka talaga. Pero ano bang problema nina Mandy?

Janna: I don't know eh. Alam mo naman, sila yung laging magkatabi. Parang isa sa reason yung girl na kasama ni Drei.

Ako: Naku, sige balitaan mo nalang ako ha?

Janna: Sure best! Si Kyle pala? Saan ka ngayon?

Ako: Tulog si Kyle. Dito kami sa mansyon nila. Dito na kami titira from now on. Request ng Papa nya.

Janna: Waaa! Best so okay na talaga kayo ng Papa nya?

Ako: Yes. Thanks God.

Janna: Okay then. I have to go. Mamamasyal daw kami ni Adrian sa paligid ng resort.

Ako: Okay ingat kayo.

Seen .

I check my twitter after makipag-chat kay Janna. Sana naman nag-e-enjoy sila. Napaisip tuloy ako sa tampuhan nina James at Mandy.

Napansin ko mga tweets. Sunud-sunod lang kasi sila lang naman ang following ko. Yung mga friends namin.

James Patrick Abellano @JamesAWattpad

Hindi ko na alam paano ipapaliwanag sa kanya. Hindi sya marunong makinig. Tch.

Ynna Mejia @YnnaNWattpad

I know naman na wala akong kasalanan. I'm just drunk.

Janna Ruiz @JannaRWattpad

Enjoying the breeze with @AdrianBWattpad

Lance Reid Abellano @LanceAWattpad

Totoo na'to. Gagawa na kami ng baby ng babe ko. Malamig pa naman dito sa resort.

Mandy Aguilar @MandyWattpad

Hindi ko na alam ang iisipin ko. I'm just hurt! Damn.

Adrian Buenavista @AdrianBWattpad

Ang gaan ng pakiramdam ko sa kanya :)

Yumiko Hayashi @YumikoHWattpad

I'm ready to give what he wants - BABY.

John Drei Hong @DreiHWattpad

Naiipit ako sa nangyayari. Apektado ako dahil mahal ko sya. Tch.

Luke Palermo @LukePWattpad

Ang sexy talaga ni @YumikoHWattpad kaya crush na crush ko sya eh.

Jerome Lee @JeromeLWattpad

She's beautiful, now or never. Crush ko talaga to --> @JannaRWattpad

Oliver Ynarez @OLIVERYWATTPADD

Agawin ko kaya si Yumi kay Lance? Haha. Baka mapatay ako ni Lance.

Napagod nako magbasa ng tweets. Dipa din gising si Kyle. Psh. Naiinip na ako. Ano kaya pwede magawa?

Bumangon ako sa kama. Lapit ako sa mini ref ni Kyle saka binuksan yun.

O

Wow! Chocolates! Nyam nyam. Kumuha agad ako nung malaking bar ng cadburry. Nakakatakam naman 'to.

"Baby ko.."

O_o

Paktay. Haha. Hindi ako nagpaalam kay Kyle na kumuha ako ng chocolate. Di bale. Okay lang naman siguro sa kanya.

Lumapit ako sa kama. **"Gummy bear okay lang kinuha ko 'to?"** Tanong ko habang pinapakita sa kanya yung chocolate.

"Tch. Sabi ko wag kang aalis dito sa kama. Gusto ko paggising ko kayakap kita eh. Aish."

-___-

Sungit naman. Ayun nakadapa pa din sya sa kama habang nakasimangot sakin. **"Gummy bear naman."**

"Lika nga dito baby ko. Mamaya na yang chocolate." Sabi ni Kyle habang nakadapa pa din.

Lumapit naman ako sa kanya tapos umupo ako sa kama.

"Humiga ka baby ko.."

-__-

Humiga naman ako. Makapag-demand 'tong si Kyle.

Then he hug me. Super higpit. **"Baby ko, gusto ko gigising ako sa araw-araw na ikaw ang una kong makikita. Tapos yayakapin kita ng mahigpit at sasabihin ko sayo kung gaano kita kamahal. Mahal na mahal kita baby ko.."**

^_^

Super sweet ni Kyle. **"Mahal na mahal din kita gummy bear ko."**

Kumalas na sya sa pagyakap sakin then he kiss me. I response on his kisses. His kisses was so soft and gentle. Parang ang tagal naming hindi nag-kiss. Para syang sabik. Ganon yung feeling.

Bigla syang pumunta sa top ko while we're still kissing. Hinahayaan ko lang sya. Palalaim ng palalim ang halik nya. Kakaiba na din pakiramadam ko.

Bzzzzzttttt..

O__o

Napabangon ako. Si Kyle walang epekto. Sumimangot lang. Hindi man lang nagulat eh. "M-May tao.."

"Tch. Istorbo sila." Sabi ni Kyle saka tumayo para pagbuksan kung sino yun.

Inayos ko sarili ko saka tumayo din at sumunod kay Kyle.

At ayun pagbukas nya ng pinto..

O_o

Si Papa at yung Papa ni Kyle lang naman. Mga nakangiti pa. Waaa. Buti pala marunong magbuzz ng pinto yung Papa ni Kyle. Dahil kung basta basta nalang yan nambubukas ng pinto, edi nahuli kami sa ginagawa namin kanina?

>.<

Nakakahiya kung nagkataon. Shemay!

"Mga anak.."

"Papa.."

"Papa.."

Sabay pa kami ni Kyle.

"Nag-usap na kami. Gusto ko lang na iabot sayo 'to iho." Sabi ng Papa ni Kyle tapos may binigay kay Kyle na card.

"Ano 'to Papa." Tanong ni Kyle.

"Calling card na wedding coordinator. Tawagan nyo then papuntahim mo dito sa mansyon para mapag-usapan nyo na ang mga gusto nyong dekorasyon sa kasal nyo."

"Iha, Chelsea dumaan lang ako para makita ka. Aalis na din ako. Ayos na ang lahat. Some other time, magdi-dinner tayo ng magkakasama. May appointment lang ako."

Tumango ako kay Papa. **"Opo. Ingat po kayo."**

"Ihahatid ko lang si Mr. Aguilar sa labas ng mansyon. Sige na iho, iha."

"Sige po." Ayun umalis na ang mga tanders. Haha. Mga Papa namin. Sinarahan na ni Kyle ang pinto habang nkatingin sa card.

Ano nakalagay Kyle?

"Oh." Inabot nya sakin card.

Tiningnan ko nakasulat.

Pink Wedding Paradise

Contact Person : Pinkyjhewelii

Contact number: +9*******

Ah. So calling card sya. **"Tatawagan mo 'to Kyle?"** Tanong ko. Ayun si Kyle diretso sa mini ref tapos uminom ng root beer.

"Bukas nalang baby ko. Maggagabi na. Baka sarado na din yang shop na yan." Sabi nya. **"Gusto ko maligo baby ko."**

"Eh sige ligo ka muna."

"Ligo ka din baby ko."

O__o

"Yaaa! Kyle naman."

"Please?"

O_o

Seriously? **"Kyle.."**

"I'm serious baby ko. Magsasabay lang naman tayo eh. Wala namang masama. Ikakasal na din tayo. Please baby ko?"

Hanla. Nahihiya kaya ako. Waaa. Edi makikita nya katawan ko? Waaa.

"Kyle nahihiya ako.."

"Nahiiya kapa sakin? Bakit?"

"Kasi ayoko makita mo katawan ko. Waaa Kyle naman.."

"Tch. Bakit ka mahihiya. Nakita ko na naman yan nung nag-ano tayo."

O___O

Kyaaa! Oo nga pala. Waaa. Kasi naman. **"Nahihiya pa din ako."**

"Tch. Sasabay ka sakin o sasabay ka?"

-___-

Ayos ang choices ah? **"Gummy bear ikaw nalang."**

"Magtatampo ako baby ko. Gusto ko alng maranasan na kasabay ka maligo. Yung yayakapin kita habang nagsshower. Please na baby ko."

>.<

Wala na. Diko na kaya tanggihan si Kyle**. "Opo na. Sige na."**

"Yes! Kuha lang ako ng barthrobe natin."

Tumango nalang ako tapos kumuha na ako ng undies ko. Tapos pa-dress na damit.

Si Kyle ayun kumuha na din ng damit nya. **"Lika na baby ko."**

>.<

Nahihiya talaga ako. Shemay! Makikita ko ang ABS ni Kyle. Waaa. Mabubusog na naman mata ko.

Aish. Ano ba'tong iniisip ko? Waaa.

--

At Batangas..

James POV

"Magbati na kayo brad. Si mandy umiiyak kanina sa tabing dagat. Buti nga di nagpakalunod." Sabi ni Jerome.

"Gago! Sya naman galit sakin. Masyadong masama ang tingin nya sakin. Wala naman akong ginawang masama." Sabi ko.

Nagalit kasi si mandy sakin dahil sa nangyari kagabi. Ganito kasi yun.

flashback

Nagka-ayaan na magparty-party kami. May inuman, sayawan, at videoke.

Lahat kami nakapalibot dito sa malaking cottage at umiinom ng alak. Katuwaan lang habang may sounds. Ganito arrangement.

Ako-Mandy-Janna-Adrian-

Ynna. ***Lyndon***

Drei Kit

Jerome Cavill

Ken

Lance-Yumiko-Oliver-Luke

Yan. Pa-square na malaki kasi mesa kaya parang magkakatapat kami.

Nagkatuwaan na mag-truth or dare.

Simula si Luke ang nag-ikot.

"Truth or dare?" *Tanong ko.*

"Dare nalang."

"Oh sige. Halikan mo sa pisngi ang crush mo dito." *Utos ko. Haha. Alam ko kasing may crush yan kay Yumi eh. Lagot yan kay Bro. Haha.*

Hindi pa nagsasalita si Luke, ayun bigla nalang tumayo at hinalikan sa pisngi si Yumi. Haha.

"Gago ka singkit! Sawa ka na ba sa buhay mo!" *Sigaw agad ni Lance. Haha. Si Yumi nga walang reaction.*

"Utos lang naman eh." *Sabi ni Luke. Haha.*

"Ang harsh mo babe." *Sabi ni Yumiko.*

"Tch. Punasan mo yang pisngi mo ng alcohol. Tch." *Sabi ni Lance.*

Haha. Seloso talaga si Bro. ***"Oh Luke kaw na mag-ikot."*** *Inikot na ni Luke. Tumama kay Adrian.*

"Brad. Truth or dare." *Tanong ni Luke. Kung sino kasi huling sumagot yun magtatanong.*

"Truth ako." *Sagot ni Adrian.*

"Aba matapang ka brad. Sige, ano si Janna sayo?"

"Special someone." *Aba, ang bilis sumagot ni Adrian ah. Hanep!*

"Oh ako na mag-iikot." Sabi *ni Adrian. At ayun tumapat naman kay Drei.*

"Truth or dare?" *Tanong ni Adrian.*

"Truth din ako."

"Oh sige sino sa buhay mo ang babaeng kasama mo dito? Yang katabi mo."

"Babaeng gusto kong makasama sa future."

Hanep sa lalim ni Drei. Akalain mo nga naman. Haha.

"Oh ako na." *Sabi ni Drei. Inikot naman nya at malas dahil sakin tumapat.*

"James truth or dare?"

"Truth din. Uso truth eh." *Sabi ko.*

"Lakas loob mo ha. Ge, anong status nyo ni Mandy?"

"Wala pang kami pero alam kong pareho kami ng nararamdaman. Mahal ko si Mandy."

"Yaaaa! So sweet of you Li'l Bro!" *Sabi ni Yumi.*

"Yiii. Kinikilig ako." *Sabi naman ni Janna.*

"Whoah!" *Sigaw ng tigers.*

Si Mandy tiningnan ko.

O__o

Nagba-blush. Haha. Pulang-pula mukha pero nakangiti naman.

"Ako naman mag-iikot." *Sabi ko. Sakto tumapat kay Bro. Haha. Sana mag-dare.*

"Bro truth or dare."

"Truth."

Ayos. Haha. ***"Umamin ka Bro, gustung-gusto mo ng gumawa kayo ni Yumi ng baby 'no?"*** *Haha. Kala mo Bro ha.*

"Honestly, yes."

O_____O itsura yan ni Yumi. Hahahaha.

"Wooooo! Mamaya, gawa na kayo!" *Sigaw ni Jerome.*

"Tch." *Si Bro. Haha.*

"Totoo yun babe?" *Tanong ni Yumi.*

"Kaya nga sabi ko, honestly diba?"

-___-

Basag si Yumi. Haha. Ayun sumimangot lang.

Sunod natapatan si Oliver. Nag-truth sya at nalaman namin na crush pala nya si Yumi. Tapos natapatan si Ken. Ayun umamin crush si Janna. Sunod si Kit, crush din si Janna. Pansin ko lang ayaw nila mag-dare. Haha. Takot sila.

Sunod natapatan si Jerome. Nag-truth na din. Crush pala din nya si Janna. Sunod si Cavill na may crush naman kay Yumi. Sunod natapatan si Janna. Nag-dare. Haha.

"Oh Janna, kiss mo nga yung crush mo sa tigers. Walang hiya-hiya." *Utos ni Cavill.*

Si Janna namula mukha pero wala.

Chapter 40 ? Wedding Planner

At Batangas..

James POV

Damn!

Hindi ko inaasahan yung gagawin ni Mandy. She kiss me. She kiss me torridly at wala, natulala lang ako.

Napatugon nalang din ako pero after more than a second, she stop.

Magkalapit pa din mukha namin. Nakatukod pa din sya sa mesa. She stared at me. Parang nang-aakit. Sheeet.

"Now tell me, sinong mas magaling humalik?" Mataray na tanong sakin ni Mandy.

O_O

Lumalabas ang katarayan ni Mandy. **"I-Ikaw.."** Parang na-hypnotize lang ako. Ang lakas ng impact sakin ni Mandy.

Now she's smiling. **"Okay! Let's eat."**

-___-

Ayun naupo sa tabi ko. Bale eto arrangement.

Ako - Mandy

Lance - Yumiko

Napatingin ako sa dalawa.

O_O

-___-

Parang walang nangyari. Ayun nagsusubuan pa ng pagkain. Tch. Diba sila nagulat sa ginawa ni Mandy sakin? Eh ako kasi apektadong apektado. Baka makagawa ako ng baby nito ng wala sa oras. Dejoke. Haha.

Humarap ako kay Mandy na nasa tabi ko. Grabe, isa pa to. Parang walang nangyari. Ang sarap ng kain eh. **"Galit kapa sakin?**" Tanong ko.

She look at me while eating. **"No."**

"Sure ka?"

Tumango sya. **"Yeah."**

"Good. Sige kain na tayo." Sabi ko. Buti naman at okay na kami. Makakatulog nako sa kwarto namin mamaya. Ayoko na sa kwarto ni Ken parang naaasiwa ako don. Ewan. Parang bakla si Ken. Dejoke. Haha.

Maya-maya..

"Mag-share naman kayo! Nagugutom na ako." Si Luke kasama mga tigers. Si lyndon at Oliver kasama din. Parang kanina lang nanakbo nung dumating si Bro ah.

"Ge lang um-order pa kayo." Sabi ko. Tutal malalaki naman mesa dito. Bale eto na arrangement.

Ako-mandy-cavill-ken-oliver-lyndon

Lance-yumi-luke-kit-jerome

"Babe palit tayo." Sabi ni Bro kay Yumi kasi naman katabi ni Yumi si Luke. Diba may crush yan kay Yumi. Kahit kelan talaga si Bro. Ayun nagpalit na sila ng upuan.

"Sobra ka naman Lance." Sabi ni Luke.

"May angal ka?"

"Hindi naman po papalag. Kakain nalang ako."

Haha. Ang sungit talaga ni Bro.

"Whoah! Ngayon ko lang napansin. Mukhang bati na kayo ni Mandy?" Tanong ni Ken.

"Ayy hindi, hindi. Kaya nga magkatabi na kami. Tch." Nakakapag-pilosopo ako ng wala sa oras eh.

"Kumain na lang tayo." Sabi ni lyndon.

"Yumi!"

-_-

Si Oliver. Haha. Pustahan tayo, may knock knock yan o banat. Haha.

"Hm?" Si Yumi.

"May banat ako sayo."

-__-

Sabi sa inyo eh.

"Ayos mo Oliver ha? Ayos mo." Sabi ni Bro. Haha.

"Ehem, ehem! Yumi, alam mo pag tumitingin ako sayo, parang tumitingin ako sa mapa.."

"Bakit?" Si Yumi.

"Parang tumitingin ako sa MAPA-pangasawa ko. Boom!"

"Whoooooaaaahhhh!" Tigers yan.

"Eh kung burahin kaya kita sa mapa?" Pagsusungit ni Bro. Hahaha.

"Banat lang yun Lance." Sabi ni Oliver.

"Tch. Kung banatan kaya kita?"

Haha. Sungit talaga ni Bro.

“Crush lang naman eh..” Si Oliver mukhang ewan.

“Magka-crush ka na kay Mandy, wag lang sa asawa ko.” sabi ni Bro.

-____-

“HOY! Wag ka ding magkaka-crush kay Mandy. Papatapon kita sa zalzala koh.” sabi ko.

“Tch. Makakain na nga lang.” Si Oliver di na maipinta ang mukha.

"Babe naman.." Si Yumi nagsalita din sa wakas. Haha. Tuwang-tuwa sa banat.

"Tch. Natutuwa kapa dyan?"

"Hindi naman."

"Tch."

Ayun magkakagalit pa yata. Haha. Seloso kasi ni Bro.

"Kung ako sayo Lance bumanat ka din! Haha." Sabi ni Jerome.

"Edi ikaw. Ikaw nakaisip eh. Tch." Sagot ni Bro tapos tumingin kay Yumi. **"Kumain kana lang dyan babe. Wag mo pansinin mga yan."**

-_-

"Oo na." Haha. Si Yumi masama loob.

"James.."

O_O

Langya. Kinikilabutan ako pag naririnig ko boses ni Mandy. **"Bakit?"**

"I love you."

O__O

"Whhhoooooaaahhh!"

"I-I.."

"Joke lang. Haha. Kain na."

-__-

Marunong pala magjoke si Mandy. First time ah. **"Tch. Joke pala ha."**

"Sige na kain kana. Kanina kapa nakatunganga sa kanila." Sabi nya.

"Mandy.." Panimula ko.

"Bakit?"

"Gawa na tayo ng baby."

O__O Itsura ni mandy

"W-Wha.."

"Joke lang din. Hahaha. Kain na tayo!"

-__- Itsura ni mandy

"Hahahahahahaha." Tigers.

Haha. Kala mo ikaw lang marunong mag-joke. Haha. Ge kain muna kami. Wag kayo magulo.

--

At Manila..

Chelsea POV

Umaga na.

Kagabi nagsabay lang kami maligo ni Kyle. Wag kayong green minded. Haha. Basta basta. Saglit lang naman kami naligo kasi gabi na din.

Nung una medyo nailang pako kasi nahihiya ako kay Kyle pero pinaintindi nya sakin na dapat dina ako mahiya. Kasi nga naman magkaka-baby na kami tapos magiging mag-asawa na kami.

May lakad nga pala kami ngayon. Puntahan namin yung wedding planner. Yung nirecommend ng Papa ni Kyle.

"Baby ko, ready kana?" Tanong ni Kyle.

Actually kakabihis ko lang pero naka-ayos naman na ako. **"Opo gummy bear."** Sagot ko.

"Okay let's go." Sabi nya tapos hinawakan nya ako sa kamay habang palabas kami ng kwarto namin. Oo, namin. Saming dalawa na'tong kwarto nya dito sa mansyon nila.

Nakasuot lang ako ng mint green na cotton dress. Sabi kasi ni Kyle wag na daw ako magshoshort or pants kasi baka daw maipit yung baby namin. Adik talaga si Kyle. Di pa naman lumalaki tiyan ko. 1month palang eh. Tag-lihi pala ako ngayon. Sana paglihiian ko mukha ni Kyle. Ang gwapo kasi. Hakhak.

Naka-doll shoes lang din ako. Bawal na din ako magsuot ng may heels according to Kyle. Super maalaga talaga si Kyle. Bitbit ko lang pouch ko na laman ang wallet, phone ko at yung card.

Andito na kami sa may veranda ng mansyon papuntang kotse ni Kyle. Yung kotse ko nga pala, pinakuha na din ni Papa dun sa building ng condo ko. Pinadala na din dito. Hindi pa din naman nagagamit. As if naman tuturuan ako ni Kyle mag-drive ng ganito, ng buntis ako.

"Baby ko mag-shopping tayo mamaya pagkagaling natin sa wedding planner. Gusto mo?" Tanong ni Kyle nang makasakay kami sa kotse nya.

He started the car engine and started to drive palabas ng mansyon.

"Syempre gusto ko. Kailangan ko na yatang bumili ng madaming dress. Ayaw mo na kasi akong payagan mag-shorts and pants eh."

"Sige. Bawal ka na talaga nun baby ko. Ayokong masikipan baby natin eh."

>.<

Si Kyle talaga. **"Hm, gummy bear malapit na matapos ang sembreak. Papasok ba ako?"**

"Tch. Oo naman. Bakit di ka papasok?"

"Kasi buntis ako."

Kasi parang nahihiya naman ako pumasok ng ganito.

"Tch. Hindi pa naman malaki tyan mo saka malalaman naman na ng lahat na ikakasal na tayo kaya wala na silang paki dun kung buntis ka man. Kasama mo naman ako araw-araw sa school. Di ka pwedeng humiwalay sakin. Dapat kita ingatan."

Sweet ng gummy bear ko. Super proud talaga sya na magiging ama na sya. Di nya ko kinakahiya unlike ibang lalaki na ikinakahiya yung mga girlfriend nila na nabuntis nila. Psh. Diba nila alam na ang sakit nun para sa mga babaeng nabuntis nila. Ang sarap naman kasi sa pakiramdam na ganito, yung kahit nabuntis ako na bata pako, yung ama naman ng magiging baby ko, andyan lang para sakin at hindi ako kinakahiya.

"Eh gummy bear. Baka pag-tsismisan ako ng mga mean girls sa school. Alam mo na madaming tsismosa dun lalo na mga fans club mo."

"Tch. Ako makakalaban nila. Alam mo yan. Isang salita lang nila na marinig ko tungkol sayo, papa-kick-out ko agad sila sa school. Wag na wag nila akong susubukan. Saktan na nila at pag-usapan ang lahat, wag lang kayo ng baby natin."

>.<

Ang swerte ko talaga kay Kyle. Kaya tuloy habang tumatagal, mas lalong lalo ko pa syang minamahal.

"Thank you gummy bear."

"It's my responsibility. At mahal na mahal ko kayong mag-ina ko. Alam mo yan."

>.<

"Opo gummy bear."

"Andito na pala tayo." Sabi ni Kyle. Napatingin ako. Ang ganda naman. Pink na pink sa labas. Kaya pala, Pink Wedding Paradise pangalan. Kasi all pink. Hindi naman siguro adik sa pink ang may-ari nyan. Haha.

Nagpark na si Kyle sa gilid nung shoppe. **"Lika na baby ko."**

Tumango lang ako tapos bumaba na ng kotse. Ang bilis pa ni Kyle. Talagang inalalayan pa nya ako. How sweet.

He holds my hand as we walk towards the shoppe's entrance door.

Pagpasok palang namin, as in wow! Ang daming display na gowns at kung anu-ano pang accesory sa kasal. Ang ganda. Tapos yung motif nung buong store, kulay pink talaga. Pagdating sa couch, sa tables, sa chairs. Pati empleyado na andito, pink ang uniform.

"Goodmorning Ma'am, Sir."

I smiled. **"Morning."**

"I want to talk to the wedding planner." sabi ni Kyle sa babaeng empleyado.

"Okay Sir, just wait a minute. Maupo po muna kayo." sabi nung babae.

Nag-nod lang kami then umupo na kami sa pink couch na may pink tiny pillows. Girl an girl.

"Hellllooooo!"

O__O

May babaeng lumabas mula sa kung saan pero kasunod nya yung babaeng kausap namin kanina. Super energetic naman yata nito. She's wearing pink dress. Teka nga, pink dress, pink doll shoes.. siya ang may-ari? Tama ako?

“Sino ka naman?”

-___-

Sungit ni Kyle talaga.

“I'm, the owner of this shoppe and the wedding planner as well, pinkyjhewelii. Nice meeting you!” she smiled.

Di nga? Sya talaga? Bakit para namang hindi yan boss? Haha. Kasi naman ang lively masyado.

“Tch. Okay, nice meeting you.” Parang napilitan pa si Kyle.

“Hi, nice meeting you. I'm Chelsea and he's my fiance , Kyle.”

“Oh, you look young.”

“Natural, bata pa kami.”

-___-

Ang sungit talaga ni Kyle. **“Kyle..”** Tiningnan ko siya na parang sinasabi ko na *'be nice'.*

“In all fairness, ang sungit ng fiance mo ha. Pero gwapo naman. Agawin ko kaya sya sayo? Haha. Kidding!”

-__-

Seriously? Bakit ganyan yang wedding planner na yan? Ang weird nya.

Hinaakan ko nalang sa kamay si Kyle. Ang sungit naman kasi ngayon ng gummy bear ko.

“Let's go sa private office ko. Dun natin pag-usapan yung about sa kasal nyo.” Sabi ni pinkyjhewelii.

Tumango lang ako. Si Kyle wala ng imik. Sumunod nalang kami kay pinkyjhewelii sa private office nya na nasa pinadulong part ng shoppe.

Nang makapasok kami, *o* all pink again. Haha. Promise, hindi sya adik sa pink.

Naupo na sya sa single couch then naupo naman kami ni Kyle sa couch dito sa harap nya.

May glass table sa gitna kung saan nakapatong ang mga brochures. Napansin ko naghanda na sya ng papel and pen.

"So, ano bang klaseng kasal yung gusto nyo? Example, beac wedding, church wedding, etc." Tanong ni pinkyjhewelii.

Napatingin naman ako kay Kyle kasi hinawakan nya kamay ko. **"Baby ko ano bang gusto mo?"**

Wala naman? **"Eh Kyle kahit ano? Pero mas gusto ko yung sa church."** Sabi ko.

"Oh that's good. Actually, mas better pa rin sa church. Opinion ko lang." Sabi ni pinkyjhewelii.

"Sige. Church wedding kami."

"Hmm, anong color motif gusto nyo?"

Napatingin ulit ako kay Kyle. **"Ano gummy bear?"**

"Ikaw baby ko. Ano ba gusto mo?"

Napaisip naman ako. Ano bang magandang motif? Waa. Laht gusto ko eh. Pero gusto ko din yung lavander or peach. Basta gusto ko kasi light color lang. **"Hm, pwede bang follow up nalang yung color motif?"** Tanong ko.

"Sure, sure! You can call me naman anytime. That's not a problem."

Ngumiti ako. Grabe lang kasi totoo na talaga 'to. Ikakasal na talaga kami ni Kyle. Diko in-expect na manyayari 'to, yung magkasama kami ni Kyle na pinag-uusapan ang wedding. Ang saya.

"I'll give you brochures ng gowns and wedding accesories para makapili ka. Then you can call me para ma-set ko kayo ng appointment para sa pagsukat sa inyo para sa wedding gown and sa groom suit."

Tinanggap ko yung inabot nyang tatlong brochure. Na-excite naman ako. Kasi naman pipili ako ng gown ko. Waaa. Nakaka-excite. **"Thanks."**

"For a meantime, pwede na ating tapusin ang conversation natin. If you want naman, next time ako nalang ang pupunta sa bahay nyo para di na kayo maabalang pumunta dito."

Nice. Okay pala eh. **"Okay. Salamat."**

"Buti pa nga. Ayokong napapagod ang asawa ko."

-___-

"Awtsu! Asawa agad? Di pa kayo kasal, remember?"

-___-

Eto namang si pinkyjhewelii pinatulan pa si Kyle. Aish. Si Kyle naman ang sungit.

"Doon na din yun tutungo. Tch. We're going." Sabi ni Kyle tapos tumingin sakin. **"Tara na baby ko."**

Tumango ako then tingin muna kay pinkyjhewelii. **"Aalis na kami. Tatawag nalang ako. Thank you ulit."** Sabi ko. Hawak ko na yung binigay nyang brochure.

"Okay. Nice meeting you too. Bagay na bagay kayo pero minsan turuan mo namang ngumiti itong fiance mo."

-__-

Chapter 41 ? Tears Of Joy

Chelsea POV

Pagkatapos namin sa department store ni Kyle kanina, kumain lang kami sandali.

Hulaan nyo saan?

Haha. As usual, sa jollibee! Hayahay!

Haha. Kaya energetic na naman ako. Andito na kami ni Kyle sa mansyon. Mamaya na ako magti-tingin ng gowns. Matagal pa naman yun. May engagement party pa kaya.

Dito kami sa may garden. Para ngang gusto ko mag-swimming sa pool. Kasi naman diko man lang na-enjoy yung sa batangas. Ako na kawawa. Sila nag-eenjoy dun. 2 days nalang pasukan na ulit. At uuwi na pala mga yun bukas dito sa manila.

Kumusta naman kaya ang mga yun. Gusto ko pala makausap si Mandy ng masinsinan. Una, about sa pagiging magkapatid namin at pangalawa, dun sa pag-switch na ako na yung i-engage kay Kyle.

Kahit pa my something na sila ni James, ayoko pa din na pakasiguro. Gusto ko na din naman kasi makipag-ayos sa kanya. Ayoko kasi na may kagalit lalo na sya dahil half-sister ko sya.

"Baby ko lalim ng iniisip ko, kasing-lalim ng pagmamahal ko sayo."

-____-

"Banat ba yan gummy bear?" Si Kyle maka-banat lang eh.

"Hindi. Tch. Ano bang iniisip mo? Nakailang tawag na kaya ako sayo."

Hanla? Diko narinig. Haha. Lalim nga ng iniisip ko. **"Gummy bear, bukas ba balik na sila dito sa Manila?"**

"Sino? Yung tigers at mga kaibigan natin?"

-_-

"Hindi Kyle. Yung mga tatay natin." Psh. Sino bang wala dito sa manila? Malamang mga friends nga. Psh.

"Sungit mo baby ko." Reklamo ni Kyle tapos nag-pout pa. Shemay! Ang cute ng soon to be husband ko. Ayii!

I smiled at him. **"Common sense naman kaso gummy bear."** Sabi ko.

"Wow ha. Nahiya naman ako sayo baby ko. Ikaw dyan walang common sense. Ikaw nga lang kilala kong matalino pero walang common sense. Tch. Wag sana yan mamana ng baby natin."

-__-

Ang hard ni Kyle. **"Psh. Dapat sakin ang katalinuhan. Makuha na sayo lahat wag lang utak. Haha. Joke lang gummy bear."**

Haha. Laughtrip itsura ni Kyle. Parang umuusok ilong. Haha. Sarap asarin ni Kylr ngayon promise.

"Tch. Oo na." Tampo pa yata ang gummy bear ko.

"Joke lang naman gummy bear. Galit ka?" Sabi ko. Paawa effect mukha ko.

Lumapit sya sakin tapos niyakap ako. **"Di ako galit baby ko. Ayokong nakikita kang nalulungkot."** Sabi nya tapos humarap na sya sakin. **"Anong gusto mong gawin baby ko?'**

o

"Gusto ko mag-swimming. Kasi naman diko na-enjoy ang batangas po." Sabi ko. Pa-baby. Yay!

"Sige pero gusto ko naka-swim-suit ka. Okay lang dito kasi tayong dalawa lang tao. Haha."

-_-

Si Kyle talaga. Why not diba? **"Sige gummy bear. Pero ikaw gusto ko naka-swimming trunks kalang. Para makita ko abs mo. Haha."**

O_O

Ano sinabi ko? Para makita abs ni Kyle? Waaa. Nagnanasa yata ako sa abs ni Kyle! Shemay!

"Ikaw baby ko, pinagnanasaan moko. Wag moko akitin, baka pagbigyan kita." Natatawang sabi ni Kyle.

O_O

"**Joke lang yun gummy bear. Ikaw naman. Tara na nga sa taas, palit tayo pang-swimming."**

Nagnod nalang ako. Umakyat na kami sa tass para syempre magpalit. Yey! Excited ako magswimming!

--

After a minute..

Lumabas nako ng cr. Nakapalit na kasi ako ng swim suit. Black swim suit yung suot ko. Pero nagsuot muna ako ng robe. Ang awkward naman kung bababa ako kung lalabas ako ng kwarto namin ni Kyle at rumampa hanggang garden ng naka-swim-suit lang.

"Okay kana?" Tanong ko kay Kyle. Naka-shorts lang sya pero wowowow! Topless ang gummy bear ko. Busog na naman mata ko. Haha.

"Lika na baby ko, napapatitig ka na naman sa abs ko. Tch." Sungit ni Kyle :3

Lakad na kami palabas ng kwarto then diretso na sa may garden.

Pagkarating namin dito sa may garden saktong dating din ng katulong na may dala na meryenda saka mga towel namin. Naitawag na yata ni Kyle kanina.

"Ready ka na baby ko?" Tanong ni Kyle.

Tumango ako then I took off my robe.

Itsura ni Kyle O__O

"Itsura mo Kyle?"

"Ang sexy mo talaga baby ko.." Hala si Kyle. Parang timang. Parang natulala.

"Psh. Para namang ngayon mo lang 'to nakita." Waa. Naalala ko pa yung sabay kami naligo. Kyaa! Nakakahiya talaga.

"Kahit na. Basta ang sexy mo. Tara na nga sa pool." Sabi ni Kyle saka ako hinila. Dahan-dahan kaming bumabasa pool. Ang lameeeggg!

"Ang lamig gummy bear." Sabi ko.

"Gusto mo painitin kita?"

>.<

Waaa. **"Bad ka."** Sabi ko. Kasi naman.

"Ano? Green minded ka baby ko. Haha."

-___-

Pinagtawanan pako. **"Ewan sayo. Maglalangoy na'ko."** Sabi ko saka nag-start na lumangoy. Ang sarap. Pero siguro mas masaya sana kung sa dagat.

Langoy..

Langoy..

Langoy..

Pahinga muna sa gilid ng pool. Pero nasa tubig pa din ako. Nag-stop lang ako dito sa pinaka-gilid.

"Aaahhh!"

-_-

Napasigaw ako. Kasi naman si Kyle bigla nalang lumutang ulo sa harap ko pa mismo tapos nakahawak kamay nya sa waist ko.

"Masyado kang magugulatin baby ko. Tch."

O___O

Napatitig ako kay Kyle. Magkaharap na magkaharap kasi kami. As in malapit mga mukha namin. Yung itsura ni Kyle, basang-basa buhok at mukha. Yung tipong may tumutulo pang tubig sa may chest nya, waaa! Ang hot nyang tingnan!

Ano ba yan. Bakit ba parang pinagnanasaan ko si Kyle? Bad Chelsea.

"Baby ko napapatitig ka na naman sakin.."

"Ang gwapo mo na, ang hot mo pa.." Wala sa sariling sabi ko.

"Tch. Dimo na ako kailangan bolahin baby ko dahil nasayo na ako. Ikaw talaga.." He saud then kiss me on my lips.

I response on his kisses. After a seconds, we stop. **"Kyle.."** Panimula ko habang nakatitig sa mga mata nya. Si Kyle nakatingin lang din sakin.

"Bakit baby ko?"

"Alam ko na kung bakit KYLE ang pangalan mo."

"Yun bigay ng magulang ko eh."

-_-

"Hindi. Kasi ikaw lang ang KYLE-angan ko." Then I smiled. Yan ang tinatawag na sweet banat.

"Bumabanat ang baby ko." Nakangiting sabi ni Kyle tapos niyakap nya ako. **"Baby ko.."**

"Gummy bear?"

"I love you. Masaya ako. Wala ng mas sasaya pa sa katotohanang magpapakasal na tayo, na magiging asawa na kita, na magiging daddy at mommy na tayo. Wala na akong mahihiling pa baby ko."

T_T

Naluha naman ako sa sinabi ni Kyle. Emotional ko talaga ngayong nagbubuntis ako. Kasi naman nakakatouch si Kyle. **"Ako din gummy bear.."**

Mas hinigpitan nya pa yakap nya sakin. "**Basta pangako mo sakin na kahit anong mangyari, kahit ano pang dumating na problema, maliit man o malaki, ipangako mo sakin na hinding-hindi ka bibitaw sakin. Just trust me baby mo. Trust me."**

T_T

Napaluha nako talaga. **"Opo gummy bear.."**

"Dahil pag sinubukan mong bumitaw baby ko, hindi ko alam kung anong magagawa ko sa sarili ko. Hinding-hindi ko alam.."

T_T

Kanina nagbibiruan lang kami tapos ngayong nagseseryoso si Kyle, diko talaga maiwasang maging emotional. Alam nyo yung feeling na ramdam na ramdam ko yung pagmamahal nya sakin. Ramdam na ramdam ko na hinding-hindi nya ako pababayaan. Ramdam na ramdam kong sya ang lalaking nakatadhana para sakin. Sya lang.

"Gummy bear hinding-hindi ako bibitaw pangako. Kaya please tama na.."

Kumalas sya sa pagyakap sakin at pinahid luha ko. **"Ssshhh, stop crying baby ko.. Sorry napaiyak kita."**

Umiling ako. **"No, no. Tears of joy lang 'to. Masaya ako kasi alam kong ikaw na ang makakasama ko forever."** Sabi ko.

He just smiled and kiss me again. Grabe. Yung ganito lang, simpleng ganito masaya nako. Kuntento na ako kay Kyle. Si Kyle lang, buo na ang buhay ko. Sana wala ng dumating na problema, sana okay na ang lahat. Sana maging masaya na talaga kami forever.

Sana.

--

At Batangas..

James POV

"Hoy lubusin na natin. Bukas balik manila na tayo at sa isang araw, balik school naman." Sabi ko sa lahat. Andito kasi kami sa restaurant. As usual, kumakain ng lunch. Enjoy naman dito sa batangas, para kasing may namuo na talaga sa pagitan namin ni Mandy.

Mahal ko na talaga ang babaeng yun.

"Oo nga!" Sigaw ni Jerome.

Kumpleto kami dito ngayon. Walang nahiwalay. Madalas kasi hiwalay si Ynna at Drei. Malay ko sa mga yan. Baka may ginagawang milagro. Haha. Dejoke.

Eto arrangement. Pa-rectangle kasi mesa.

Ako-mandy-kit

Lance Cavill

Yumiko Oliver

Janna Jerome

Adrian Lyndon

Luke

Drei-ynna-ken

Ayan. Ang dami nga namin pagkain ngayon. Haha. Sarap kumain tapos okay pa kami ni Mandy.

"James.."

O_o

Si Mandy bigla bigla nalang nagsasalita. Tch. Nagugulat ako eh. Haha. Para kasi akong nakukuryente pag naririnig ko boses nya. Haha. Weird no. Ganyan ang love.

"O?"

"Swimming tayo maya?"

"Oo ba." Sagot ko. Yun lang pala eh.

"Okay! Thanks!"

Magsswimming lang papa-alam pa. Hehe. Feeling boyfriend.

"Yumi!"

-___-

Pustahan ulit tayo, babanat yang si Oliver. Style nyan eh.

"Oh?" Sagot ni Bro. Haha. Di naman sya kausap.

"Si Yumi kinakausap ko Lance."

"Paki ko? Asawa ko yan."

-___-

"Fiance mo palang naman Lance. Wag ka munang umastang asawa."

-____-

Sumasagot pa si Oliver. Haha.

"Trying to pissed me off?"

Hala si Bro seryoso.

"Babe.." Hinawakan ni Yumi si Bro sa braso. **"Kain nalang tayo.."**

"Hindi eh. Nakakalalaki na 'to." sagot ni Bro kay Yumi.

O__O

Seryoso? Badtrip talaga si Bro? Tumayo na. Tapos parang hinahamon na si Oliver. Si Oliver naman ayan tumayo din.

Seryoso ba talaga sila?

"Hindi ako naghahanap ng gulo Lance! Ang sakin lang, wag kang masyadong bumakod kay Yumi dahil nasasakal din yan."

O___O

Langya. Seryoso din si Oliver ah. Ano bang nangyayari sa mga yan.

"Si Yumiko nga hindi nagrereklamo tapos ikaw magrereklamo? Sino ka ba sa akala mo ha?"

O___O mga mata ng Tigers. Nagtayuan na din kami para humanda sa pag-awat. Parang nagkakainitan na ang dalawa.

"Babe.." Si Yumiko parang paiyak na. Si Bro pa naman walang pakialam sa paligid nya pag nagalit.

"Isa lang naman ako sa kaibigan mo Lance! Bawas-bawasan mo ang pagka-init ng ulo mo. Mali yan brad."

-_-

Sige wag kayo tumigil. Suntukan na yan maya-maya.

"Wala kang pakialam sa gusto kong gawin at wala kang karapatang pagsabihan ako!"

Pasugod na sana si Bro. Pinigilan lang namin. Pansin ko lang walang nagsasalita sa tigers. Mukhang mga takot talaga kay Bro.

"Bro tama na." Ako na nagsalita. Tutal kapatid ko yan.

"Wag nyo akong pakialamanan!" Sigaw ni Bro. Hanep talaga magalit yang si Bro.

Sabagay, isa kasi sa ayaw nyan yung papakialamanan sya eh. Si Oliver naman pumatol pa. Tch.

"Bro." Sabi ko.

Si Yumiko naluluha nalang. Aish. Mga 'to.

"Tama na yan." Si Adrian. Di na nakatiss manahimik. Yan pa, hindi naman yan takot kay Lance. Nananahimik lang talaga yan.

Lumapit si adrian kay Bro tapos tinapik sa balikat. Sama lang ng tingin ni Bro kay Oliver.

"Jerome, dalhin nyo muna sa kwarto yang si Oliver. Oliver wag nyo pagsabayin ang mga init ng ulo nyo."

Hindi na pumalag si oliver. Ayun sumama na kay Jerome at Ken pataas.

"Lance tama na yan. Umiiyak na si Yumiko. Minsan, isipin nyo din ang nararamdaman ng mga babaeng mahal niyo. Dyan pa kayo mag-aaway sa harap nya. Tch. " Sabi ni Adrian. Very well said.

Si Bro naman parang natauhan nung nakita si Yumi na umiiyak na. Ayun niyakap si Yumi. Tch. Nasira tuloy ang lunch namin.

Hirap din talaga pag sa magkakaibigan, isang babae lang magustuhan nila. Teka nga, parang tinamaan ako. Haha.

Tatlo nga pala kami nagkagusto kay Chelsea dati. Pero teka diko pala kaibigan si Adrian at Kyle. Haha. Di pala ako tinatamaan sa sinabi ko. Gulo ko. Haha.

"Sorry babe.."

-___-

Ayan. Iinit ulo tapos magso-sorry kay yumi. Si Bro talaga sarap patapon sa zalzala koh. Tch.

"Wag mo na ulitin yun. Please?" Sabi ni Yumi. Yung iba wala tahimik na kumakain.

"Hindi na. Sorry. Wag ka na umiyak please." Sabi ni Bro.

Tch. May pagka-bipolar din minsan si Bro, galit tapos biglang babait. Buti hindi ako nagmana dyan.

Haha.

"James.."

"Oh?" Si Mandy makatawag ng pangalan ko parang nang-aakit lang eh. Akala ba nya magpapaakit ako? Pwes, oo! Haha.

"Pakasal na tayo.."

O____O

Yang si Mandy may nakain yan na kakaiba. Mga banat nyan talaga eh. **"A-Ano.."**

"**Joke lang! Haha. Kain na tayo. Okay na naman sina Lance."**

-____-

Kelan pa yan natuto magjoke? Haha. Ako pa ba ang hindi gaganti?

"Mandy.."

"Hm?"

"Patapon na kita sa pluto."

-___- itsura ni Mandy. **"Ah ganon?"**

Hahahahahahaha. **"Highblood ka naman agad. Kung papatapon man kita sa pluto, syempre kasama ako. You and me, sitting on a tree. K-I-S-S-I-N-G ! Haha."**

-____- itsura ni mandy.

Uy, napakanta sila. Kanta yun sa commercial ng cornetto. Haha.

"Korni

[Content truncated due to length]

Chapter 42 ? Harsh

Chelsea POV

Sunday na. Waaa. Pabalik na nga pala ng Manila ang barkada. Sana naman okay silang lahat and I'm sure naman na nag-enjoy sila. May mga nabuong pagmamahalan pa nga. Haha.

Aga nga pala namin nagising ni Kyle kasi may special breakfast kami with our fathers. Naks. Happy family. Ayii.

"Baby ko tara na sa baba." Si Kyle kakatapos lang magbihis. Kasi naligo pa kami. Naka-blue dress ako pero yung maikli lang. Hanggang sa may tuhod.

"Sige." Sagot ko tapos lumabas na kami ng kwarto. Andun na kasi sa baba sina Papa. Ewan ko nga bakit ang aga-aga. Pwede namang mamayang gabi, kumabaga special dinner. Oha.

Pagbaba namin, dumiretso na kami sa kusina. At ayun nga, sina Papa at Papa ni Kyle nagtatawanan. Wow lang. Nakakatuwa din talaga tingnan si Mr. Shin-Woo na tumatawa.

"Mga anak.." Si Papa.

Lumapit ako kay Papa tapos nag-kiss ako sa cheeks. Tapos sa Papa naman ni Kyle, nagbeso.
"Goodmorning po." Bati ko.

"Goodmorning din iha. Lalong gumaganda ang anak ko ah." Sabi ni Papa. Napapangiti nalang ako habang naglalakad palapit kay Kyle.

Maganda naman talaga ako. Enebeyen! Haha.

"Baby ko." Tawag sakin ni Kyle. Upo na daw kami. Bale ganito arrangement.

Papa ko - Papa ni Kyle

Ako - Kyle

Tapatan ano? Haha.

"Siguro nagtataka kayo kung bakit ang aga aga, pinatawag namin kayo." Panimula ng Papa ni Kyle.

Tahimik lang kami ni Kyle sa tapat nila.

"Tonight will be your engagement party that's why maaga naming sinabi para makapaghanda pa kayo."

O_O

Engagement party?

Mamayang gabi?

Agad-agad?

"Sige 'Pa." Sagot ni Kyle.Kalmado lang sya. Di man lang ako ready.

"Chelsea, iha. You can buy your dress na isusuot mamayang gabi. Mahaba pa naman ang oras nyo."

"Opo." Sagot ko. Naramdaman ko paghawak ni Kyle sa kamay ko. Di pa din ako makapaniwala. For real na talaga. Engagemenr na namin mamaya. Sakto dahil uuwi na ang barkada ngayon. Hindi sila pwedeng mawala sa engagement.

"Naihanda na namin lahat. Wala na kayong dapat asikasuhin kundi yung mga susuot nyo nalang mamayang gabi." Sabi ni Papa.

"Opo." Sabay naming sagot ni Kyle.

"What a lovely couple. Bagay na bagay kayo mga anak. Kitang-kita sa mga mata nyo na masaya kayo pareho at kaming mga ama nyo, masaya kami para sa inyo."

"Thank you Papa." Sabi ko. Ang saya lang na ganito. Ang gaan sa pakiramdam.

Sana tuluy-tuloy na at wala ng humadlang pa samin ni Kyle. Kasi wala nakong mahihiling pa kundi ang magkaroon ng masayang pamilya.

--

At the mall..

"Baby ko, saan muna tayo?" Tanong ni Kyle.

"Ikaw bahala." Sagot ko. Andito kasi kami para bumili ng isusuot mamayang gabi.

"Yung sakin muna. Madali lang naman yung saken. Yung sayo, siguaradong matatagalan tayo sa pagpili."

Sabagay. Tama si Kyle. **"Oo sige gummy bear."**

Lakad na kami papunta sa bilihan ng mga tuxedo.

"Ang gwapo! At ang ganda!"

"Para silang artista!"

"Mag-asawa ba sila?"

"Perfect couple!"

"Nakakainggit naman sila."

Yan mga narinig ko. And as usual, positive comments na naririnig ko. Iba na talaga kasi itsura ko kumpara noon.

Teka nga pala, may naalala ako. Pasukan na nga pala bukas ulit. Hala. Tapos puyat kami mamayang gabi? Bahala na nga.

Namili kami ng tuxedo ni Kyle at ayun, nakapili naman agad sya. Ako na next. Andito na kasi sa boutique ng mga gowns, dress..

Hindi naman ako magsusuot ng gown. Okay na sakin yung dress lang.

"Baby ko, try mo lahat tapos isa-isa kang lumabas para makita ko kung alin bagay." Sabi ni Kyle.

-____-

"Nakakapagod yun Kyle."

"Oo nga pala. Sorry baby ko. Sige pili kana lang kung ano sa tingin mo bagay sayo, hindi. Kung alin magustuhan mo, kunin mo kasi sigurado naman akong bagay lahat sayo yan." Nakangiting sabi ni Kyle.

Diko alam pero napatitig ako sa kanya. Ang gwapo gwapo nya. Lumapit ako sa kanya sandali.

"Bakit?" Tanong ni Kyle.

Diko alam kung anong nagtulak sakin pero..

"Ouch! Ouch!"

^_^

"Baby ko!" Suway ni Kyle. Hahaha. Eh kasi naman ang sarap pirutin dalawang pisngi nya. Tumatawa lang ako habang nakaharap kay Kyle na nakaupo sa isang bench dito sa loob.

Pinirot ko ulit sya sa pisngi.

"Aaaah! Araaay! Baby ko naman!"

"Ang gwapo gwapo mo gummy bear." Nakangiting sabi ko. Haha. Ang sarap nya pirutin ang pisngi. Ewan ko ba ba't ganito ako.

"Aish. Wag mo ng pirutin pisngi ko. Ano bang nangyayari sayo?" Si Kyle nakasimangot na habang hinihimas pisngi nya. Ang pula na. Hehe. Kitang-kita kasi maputi si Kyle.

"Gusto ko gummy bear eh. Sorry." Paawa effect ako. Malay ko ba. Diko maintindihan sarili ko.

Tsup!

Hinalikan ako ni Kyle. **"Sige na baby ko, pirutin mo na pisngi ko. Dali. Ang sarap kaya sa pakiramdam."**

-_-

Sarcastic. Alam ko namang nasasaktan sya. Why so bait Kyle? Kung sabagay, hindi ko din naman kasi talaga maintindihan bakit gustong gusto ko pirutin pisngi nya. Saka alam ko naman na masakit yun, diko lang talaga mapigilan kais natutuwa ako sa pisngi nya.

“Ayoko na gummy bear. Nasasaktan ka na eh..” sabi ko.

“No baby ko, hindi naman masakit. Nagbibiro lang ako kanina na nasasaktan ako.”

^_^

“Talaga gummy bear? Okay!” Haha ewan pero wala talaga, kinurot ko na naman pisngi ni Kyle.

Itsura ni Kyle ~___~

HAHA. **“Ang gwapo na nga ng magiging asawa ko, ang cute pa.”** nakangiting sabi ko.

Si Kyle halatang pilit ang ngiti. Haha. Kasi naman ang cute talaga. Parang gusto ko tapyasin psingi niya para lagi kong hawak. Dejoke lang. Hehe.

“Ano ba yan, dito pa naglalandian.”

“Oo nga eh, kung bibili sila dapat kanina pa hindi yung inuuna nila yung paglalandian dito.”

-___-

Napatingin ako sa dalawang sales clerk na pinag-uusapan kami ni Kyle. Alam kong anrinig din ni Kyle. Tatayo na sana ako para komprontahin yung dalawang abbae nang maunahan ako ni Kyle.

O___O

Kinuha ni Kyle yung anme tag nung dalawang abbae. Talagang ang bilis nyang nahablot yun eh nakakabit yun sa uniform.

“I want to talk to your manager, now!”

O___O

Si Kyle kitang-kita s amukha niya na galit na galit sya. Hala. Tumayo na ako at nilapitan si Kyle. **“Kyle..”**

“Hayaan mo ako baby ko.” Sagot ni Kyle sakin. Seryoso sya at talagang galit.

“Ano pong problema.” Yung manager dumating na. Yung dalawang ababe parang natakot naman.

“Fire them!” sabi ni Kyle sa manager at ibinigay yung dalawang anme tag. Hala.

“Kyle..”

Hindi ako pinapansin ni Kyle.

“Ano po bang problema?” tanong ng manager.

“Pagsabihan nyo ang mga empleyado nyo. Turuan nyo sila kung paano gumalang sa customer. Hindi ko mapapalampas ang sabihan nila kaming naglalandian.” Sabi ni Kyle sa manager tapos humarap sa dalawang babae. **“Bobo ba kayo? Naglilihi ang asawa ko kaya natural lang na kulitin nya ako! Hangga’t maaari ayokong makakrinig ang asawa ko ng kahit anong masamang salita patungkol samin.”**

Si Kyle galit na galit talaga. Alam ko sa itsura nya pag nangigigil sya. Waaa.

“Sir, wag naman po masyadong harsh sa empleyado namin.” Pagtatanggol nung manager sa dalawang babae.

Paktay, suamgot pa sya. Ayaw na ayaw pa naman ni Kyle na sasagutin sya. **“Ganon? Pero sila pwedeng maging harsh samin? Okay kung ganon. Gusto kong makausap ang manager ng buong mall na’to. Kakausapion ko ang Papa ko na alisin na nya ang shares nya dito.”**

O____O

Mukha nung manager.

“S-Sino po ba kayo..” tanong ng amnager na parang biglang natakot.

“Gusto mong malaman kung sino ako?” tsabi ni Kyle tapso dinukot ni Kyle yung wallet nya at binigay yung drivers license nya sa manager.

“K-Kyle Shin-Woo.. S-Shin-Woo? Kayo po ang..”

“Unico Iho ni Mr. Shin-Woo na may pinakamalaking shares sa mall na’to. Hidni ak ba naniniwala o gusto mo papuntahin ko pa ang Papa ko dito?”

Hianwakan ko na sa braso si Kyle. **“Tama na yan Kyle..”**

“Sorry po sir! Sorry po! Wag nyo ponga alisin ang share nyo sa mall na’to. Agad-agaddipa-fire namin ang dalawang empleyadong ito. Talaga namnag nakakabastos ng customer. Ako na po ang bahala sa kanila. Sorry po ulit. Enjoy yur shopping sir, maam.”

Ayun dali-dali ng umalis yung nagaer hilahila yung dalawanyang empleyado.

Kinabahan ako. Grabe talaga magalit si Kyle.

O__O

Niyakap ako ni Kyle. **“Baby ko sorry naging harsh na naman ako. Gusto lang kita ipagtanggol. Ayokong makakarinig ng ganon. Ayoko..”**

Napangiti nalang ako. Oo may mali si Kyle kasi nasobrahan naman yung ginawa nya pero naiintindihan ko siya. Mahal ako ni Kyle and he cares for me kaya nya nagawa yun. **“It's okay gummy bear. Okay na tayo? May napili nako.”**

“Nakapili ka na agad?”

“Oo, ayun oh, gusto ko yun, unang tingin ko aplang, nagandahan na ako.”

Ngumiti si Kyle sakin then he gave me a peck on my lips. **“Okay baby ko, babayaran ko na.”**

Binayaran na ni Kyle yung dress ko then umalis na din agad kami dun sa boutique na yun.

"Baby ko saan mo pa gusto pumunta?" Tanong ni Kyle habang naglalakad kami dito sa mall. Bitbit nya yung dalawang paperbag ng susuot namin mamaya sa engagement party.

"Wala na. Gusto ko na sanang umuwi gummy bear para magpahinga pa ako kasi for sure mapapagod ako mamaya sa party."

"Oo nga pala. Sige uuwi na tayo baby ko. May gusto ka i-take-out?"

"Hmm? Gusto ko ng cake gummy bear."

"Sige daan muna tayo sa goldilocks para bumiling cake."

"Okay." Bait talaga ni Kyle pero alam nyo yung crave? As in nagke-crave ako cake bigla bigla. Ano ba 'to. Ito na ba yung tinatawag na paglilihi? Waaa. Ang sarap maglihi. Dejoke. Haha.

Ayun nga. Dumaan kami ng goldilocks tapos bumili ng cake. Si Kyle pa din may bitbit. Ayaw nya ako pagbitbitin kahit yung paperbag lang. Magaan lang naman yun.

Nagdecide na din kami umuwi.

--

Sa mansion..

"Babe ko aalis lang ako." Paalam ni Kyle sakin.

Andito kami sa kwarto namin eh. Kumakain ako ng cake. Si Kyle nagpalit ng shirt. "**Hm, saan ka**

pupunta?"

"Puntahan ko lang mga tigers para ma-invite silang lahat para mamaya."

^_^

"Sama ako." Sabi ko. Kasi naman maboboring ako mag-isa dito.

"Tch. Di pwede. Mapapagod ka. Gusto mo papuntahin mo nalang dito sina Janna."

o

Oo nga pala. Dami nila ku-kwento sakin. **"Okay sige gummy bear! Pasalubong."**

^_^

Lumapit sakin si Kyle. Tapos nilapit nya mukha nya sa mukha ko. **"Anong gusto ng baby ko?"**

^_^

"Parang gusto ko ng manga gummy bear. Yung maasim ha?"

Haha. Ewan. Natatakam ako dun bigla.

"Tch. San ako hahanap non?"

-_-

"Edi wag.." Paawa na naman ako. Bakit ba madalas akong ganito ngayon?

Kyle kiss me. **"Biro lang baby ko. Mamaya pag-uwi ko may dala akong manga na maasim para sayo."**

^_^

"Thank you gummy bear."

"Hindi ako tumatanggap ng thank you. Iba ang gusto ko."

?_?

"Ano?"

"Let's do it again."

O__O

"KYLE!"

"Hahaha. Nagbibiro lang ako. Sige na aalis nako. Pag may kailangan ka, tawag ka lang sa intercom. Okay? Wag kang masyadong maggagalaw. I love you baby ko."

"I love you too gummy bear. Bye."

Tumango lang si Kyle tapos ayun wala na. Umalis na.

Ayoko na nga ng cake. Haha. Kasi naman kalahati na ng whole cake yung nakain ko. Inom na ako ng juice.

Kinuha ko iPad ko. Chat ko nga sina Janna. Papupuntahin ko dito. Bored ako eh.

Facebook

Username |_____| Password |_____|

Type type type

Logging in..

O__O

2563 Friend Request

1658 Message

923 Notification

Yung totoo? Kakaopen ko lang kagabi ah? Psh. Mamaya kayo.

Chat nalang ako. OL naman lagi sina Yumi at Janna eh.

Ayun OL nga yung dalawa. Group chat kaming tatlo.

Ako: Hi Janna, Hi Yumi! Dito na kayo sa Manila?

Janna: Yep

Yumi: Yeah

Ako: kumusta naman kayo? Punta naman kayo dito sa mansyon nina Kyle. Bored ako.

Janna: Sorry pahinga ako. Napagod talaga ako sa byahe.

Yumi: Sorry I can't . Pagod din ako.

Ako: Waaa :(

Janna: Later nalang. Aawayin kasi ako ni Adrian kapag naggala ako. Need ko daw magpahinga.

Yumi: Kinulong ako ni Lance kaya di ako makakaalis ng bahay.

Ako: What? Saan ka kinulong ni Lance? Sa kwarto mo?

Janna: Grabe talaga si Lance! Tulungan ka namen?

Yumi: Hahaha

Ako: Nakakatawa?

Janna: -____-

Yumi: ang sinasabi ko, kinulong ako ni Lance sa mga bisig nya. Haha. Nakahiga kasi kami, eto higpit ng yakap sakin.

Ako: Akala ko pa naman makakasama ko kayo.

Janna: Sorry best

Yumi: Sorry Twinsis

Ako: Okay lang basta wag kayong mawawala mamayang gabi.

Janna: anong meron?

Yumi: oo nga?

Ako: engagement party namin ni Kyle.

Janna: for real?

Yumi: seriously?

Ako: -_____-

Janna: joke lang best. Sure sure di ako mawawala.

Yumi: me too. Kami paba ang mawala?

Ako: okay. Sige na. Bye na.

Janna: bye.

Yumi: bye. See you later.

I closed the chat box. Bored nako. Waa. Ano gagawin ko? Aish. Tutulog nalang ako. Hmp!

--

Kyle POV

I'm driving my car. Di naman talaga ako makikipagkita sa tigers. Tinawagan ko na

[Content truncated due to length]

Chapter 43 ? Engagement Party

Kyle POV

Nakabili nako ng singsing. Teka, tatawagan ko pala tigers.

Una kong tinawagan si Drei.

[Captain! Bakit?]

"Pumunta ka dito sa may mall. Ngayon na. Pag hindi ka pumunta, you're dead!"

toot toot

Sunod tinawagan ko sina Oliver, Jerome, at Luke. Sinabi ko na sa kanila na hihintayin ko sila dito sa may parking.

Ang bilis ng oras. Alas dos na pala. Maghahanda pa ako para sa engagement mamaya.

Maya-maya apat na kotse na sunud-sunod ang dumating. Sino pa ba?

"Hanep ka captain! Natutulog ako eh. Napabalikwas tuloy ako ng bangon!" Sabi ni Drei.

"May reklamo ka?"

"Wala naman captain. Sinasabi ko lang."

Tch.

"Bakit mo pala kami pinapunta dito captain?" Tanong ni Jerome.

"Samahan nyo akong maghanap ng maasim na manga." Sabi ko.

Itsura nila. ~_~

"Dahil lang dun captain??" Tanong ni Luke.

"Naglilihi si nobody. Ugok ka ba? Hindi ko alam saan makakakita ng maasim na manga!" Sabi ko.

"Sa puno captain madami." Sagot ni Oliver.

-_-

"Kung ibitin kaya kita sa puno ng patiwarik? Alam kong sa puno!" Sigaw ko. Mga pilosopo talaga.

"Ahehe. Si captain highblood. Hirap bang maging soon to be daddy?"

"Hindi. Dahil kayo naman papahirapan ko. Tch. Tara na, maghanap na tayo ng manga. Nagmamadali nako. Alam nyo namang engagement ko na mamaya."

"Oo nga pala captain. Congrats! Sa supermarket tayo captain!" Sabi ni Oliver.

"Ugok! Walang maasim na manga sa supermarket." Sabi ni Luke.

"Anong wala?"

"Taong supermarket ako. At ang nakikita ko lang don ay yung mga mangang hinog! Tch. Sa palengke tayo." Sabi ni Luke.

Nabbuwisit na'ko sa mga 'to. **"Saan ba talaga?"** Tanong ko.

"Sa palengke captain." Sabi ni Luke.

Palengke? Hindi pa ako nakakapunta dun ah. Ano bang itsura ng palengke? Tch. **"Geh tara na."**

Nagsakayan naman sa kanya-kanyang kotse ang tigers. Pati ako. Nauna sila. Ano bang alam ko sa palengke? Tch.

Maya-maya napansin ko na nagtigilan na yung mga kotse ng tigers sa mataong lugar. Parang malaking lugar na madaming bangketa na dimo maintindihan.

Pinarada ko na din kotse ko. Tapos bumaba.

"Captain! Tara dali."

-_-

Excited masyado.

"Oo nga captain. First time mo? Haha. Yan ang palengke!" Sabi ni Jerome.

Pagtingin ko sa entrance ng palengke..

O_O

"Walang aircon?"

Itsura ng apat ~___~

"Captain naman! Saan ka nakakita ng palengke na may aircon? Supermarket sinasabi mo. Talaga naman si captain. Tara na sa loob." Sabi ni Drei.

"Ayoko. Mainit dyan. Ang lansa pa ng amoy. Ayoko." Sabi ko. Totoo naman. Amoy ewan. Amoy isda na amoy gulay na amoy ng tao. Malay ko ba.

"Ay captain may naisip nako. Tutal ayaw mo pumasok sa palengke." Sabi ni Jerome.

Kumunot noo ko. Andito lang kasi kami sa harap ng labas ng palengke, nakatayo. Alam kong pinagtitinginan na kami dito. Makakita ka ba ng sobrang gwapong nilalang tapos may apat na medyo gwapo din na mga alipores. Wahaha.

"Attention!"

O_O

Anong isinisigaw dyan ni Jerome? Parang kinukuha nya atensyon ng mga tao. Open naman kasi palengke kaya pati yung nasa loob makikita kami dito sa kinatatayuan namin.

"Lahat ng magdala dito sakin ng maasim na manga, may libreng kiss dito. Bilisan nyo!"

-_-

Ayun may libreng kiss daw kay Oliver. Haha.

"Aaahahhhhhhh!" Sigawan ng mga babae. Tch.

"Hoy bakit sakin!" Reklamo ni Oliver.

"Sige, sa aming apat! Wag lang dun sa isa, nagiging monster kasi yan pag nahahalikan. Kaya dalian nyo!"

--_--

Ako nagiging monster? Malalagot ka sakin mamaya Jerome.

Pinanuod ko lang sila. Ayun sinusugod na sila ng mga babaeng may dalang manga. Matindi pa nyan, ang iba hindi lang manga ang dala. May saging, pakwan, langka at kung anu-ano pa. Ayos yan. Dami kong iuuwing prutas sa baby ko. Healthy ang prutas para kay nobody at sa baby namin.

Maya-maya..

"TAMA NA! Ayos na. Maawa kayo samin!" Sigaw ni Drei. Haha. Natatawa nalang ako sa kanila. Ikaw ba dumugin ng mga babaeng amoy palengke. Itsura ng apat parang na-rape lang eh.

Kinausap ko yung isang manong dito. **"Manong pwede bang pa-karga nung mga prutas dun sa kotse ko?"**

"Sige iho." Mukhang mabait naman yung manong. Dalawa silang nagbuhat nung mga prutas sa kotse

ko. Pagkalagay lahat, inabutan ko sila ng pera.

"Naku iho napakalaki nito." Sabi nung manong.

"Ayos na yan. Salamat." Inabutan ko kasi sila ng tig isang libo. Mabait eh.

Lumapit nako sa tigers na nakasandal sa kotse ni Luke. **"Anong nangyari sa inyo?"** Tanong ko.

"Ikaw ba captain ang dumugin, hindi ka manghihina?" Malamyang sagot ni Oliver.

"Sino bang nakaisip nyan?" Sabi ko. Sila naman nakaisip tapos ngayon magrereklamo. Tch.

"Yang si Jerome! Tch. Kasalanan nya. Diko matanggap, may himawak ng pwet ko kanina. Huhuhu." Mukhang baliw na sabi ni Luke.

"Oo. Ako yung ABS ko hinawakan. Huhuhu." Mukhang timang ding sabi ni Oliver.

"Oo. Ako yung buhok ko nagulo. Isang linggo nga tong di nililiguan kasi ang hirap ayusin. Huhuhu." Isa pang mukhang timang na sabi ni Drei.

"Wag nga kayo. Isipin nyo nalang para kay Chelsea 'to at sa magiging baby ni captain. Wag na kayo magmukmok. Para kayong mga bading." Suway ni Jerome.

"Tch. Tama na nga yan. Salamat mga brad. Wag kayo mag-alala, eat all you can kayo mamaya sa engagement party. Tara na. Kailangan ko na umuwi. Mamaya nalang."

"Geh captain." Sagot ni Jerome.

"Sige captain." Sabay-sabay na sabi nung tatlong mukhang timang.

Umalis nako. Sumakay nako sa kotse ko. Napangiti nalang ako. Yang mga tigers marami yan kalokohan pero maaasahan mo talaga sila. Tunay silang kaibigan.

Oo nga pala, sigurado matutuwa ang baby ko sa pasalubong ko.

Ayos.

--

Chelsea POV

"Baby ko.."

Nagising ako sa mabinig halik na dumadampi sa pisngi ko. Pagmulat ko, si Kyle pala andito na.

"Nakatulog ka pala baby ko?"

"Hindi Kyle. Kaya nga kakagising ko lang."

-_-

"Pilosopo ng baby ko. Sungit mo yata ngayon. Hindi mo pinapunta sina Janna dito?"

Ewan ko ba. Likas naman na sakin mamilosopo diba saka di naman kaya ako nagsusungit.

"Pagod sila. Mamaya nalang daw sila pupunta. Asan na manga?"

o

Ewan ko pero manga agad nasa isip ko. Haha. Nomnom!

"Tch. Di mo pa nga ako kinikiss at di mo pa kinukumusta yung lakad ko tapos manga agad nasa

isip mo?"

Hala. Nagtatampo si Kyle. I kiss him on his lips and smiled at him. **"I love you gummy bear."**

"Tch. Kung diko pa sasabihin."

I kiss him again. **"Wag kana magtampo."**

"Di na. Pinabalatan ko na kay manang yung manga. Maya-maya andito na yun."

o

"May manga kang uwi gummy bear?" Waaaa. Nangangasim ako.

"Oo. Arrgh, sakit ng katawan ko."

Huh? **"Bakit?"**

"Umakyat pa'ko ng puno ng manga para lang makuha yun. Tch. Sakit talaga.."

"Hala gummy bear. Saan banda masakit? Bakit ka naman kasi umakyat ng puno? Ang dami dami nun sa palengke." Sabi ko.

"Tch. Oo na. Galing kaming palengke ng tigers."

O_O

"Kasama mo tigers sa palengke?"

"Paulit-ulit baby ko? Tch. Oo, dun kami nakakuha."

-_-

"Ibig sabihin di ka talaga umakyat ng puno?"

"Hindi. Nagbibiro lang ako baby ko. Hindi din masakit katawan ko."

"Psh. Akala ko pa naman.."

"Ano?"

"Wala. Hm, na-invite mo pala tigers?" Tanong ko. Kasi naman hindi sila pwedeng mawala mamaya.

"Oo. Yung mga yun pa ba ang mahuhuli? Nga pala baby ko, tumawag na daw yung make-up artist, dadating na din yun maya maya para ayusan ka."

o

Waaa. Kinakabahan na naman ako pag naaalala kong engagement na namin mamaya. **"Eh sige gummy bear."**

"I'm sure mamayang gabi, ikaw ang pinakamagandang babae."

"Mamayang gabi lang ba?" Kunwari nagtatampo ako.

"Oo."

-____-

"Fine."

He pinched my cheeks. **"Joke lang baby ko. Syempre araw-araw, minu-minuto, segu-segundo ikaw ang pinakamagandang babae sa paningin ko."**

>.<

Enebeyen! Kinikilig naman ako. Si Kyle kasi makatingin, pa-charming pa eh. **"Thank you."**

"Okay lang ba pakiramdam mo ngayon?"

"Okay naman gummy bear. Sa umaga lang naman ako nahihilo saka nasusuka." Sagot ko. Morning sickness diba tawag don?

"Okay. Basta sabihin mo agad sakin 'pag may masakit sayo."

"Opo."

"Good. Maliligo lang ako. Then samahan kitang kumain ng manga dito. Okay? Saglit lang ako." Sabi ni Kyle tapos hinalikan nya ako sa cheeks bago dumiretso ng banyo.

Masaya ako na kinakabahan. Konting oras nalang, ia-announce na sa lahat na engage na kami ni Kyle. Waaaa. Ano kayang mangyayari mamaya.

--

Engagement party..

Kakatapos lang akong ayusan. Grabe ang ganda ko pala talaga. Yii. Pinupuri ko na sarili ko nyan.

Naka-black dress ako na mahaba. Ewan ko ba ba't ito nakakuha ng atensyon ko kanina sa mall. Basta maganda.

Mag-isa nalang ako dito sa room namin ni Kyle. Si Kyle daw kasi nasa baba na. Mamaya na daw kami magkita sa baba.

tok tok

"Pasok.." Sigaw ko. Nakaupo ako dito sa harap ng salamin.

"Best!"

o

"Best!" Si Janna pala. Sinalubong ko sya. Niyakap nya ako.

"Ang ganda ganda mo best. Parang hindi soon to be mommy ah. Ang sexy pa din."

Umingos ako. **"Nambola kapa."**

"Nasa baba na sila lahat. Ako inutusan ng asawa mo na sumundo sayo. Haha."

O_o

"Inutusan ka ni Kyle? Psh. Yung lalaking yun talaga.."

"Ano kaba. Ayos lang. Saka mas ayos kung andun na si Kyle pagbaba natin. Alam mo na. Baka may surprise." Sabi ni Janna.

Ngumiti nalang ako. **"Oo nalang. Nga pala, yung tigers? Sina Adrian? Sina James?"**

"Andun na silang lahat sa baba. And guess what, kasama si Mandy. Infairness, no hard feelings sa kanya. Kausap sya kanina ng Papa ni Kyle saka ng Papa mo. Saka kitang-kita naman sa mga mata nya na masaya sya para sa inyo. Alam mo na, luma-lovelife na yun kay James."

Tsismosa din talaga tong si Janna minsan. Haha. Pero natuwa naman ako sa nalaman ko. Pero mamaya kakausapin ko pa din si Mandy ng masinsinan.

"Ano best, tara na sa baba. Madaming nag-aabang sayo." Sabi ni Janna.

Huminga muna ako ng malalim bago tumango. **"Tara."**

Naglakad na kami ni Janna. Pababa na kami ng hagdan ng bigla akong bitawan at iwan ni Janna. Bigla ding nag-dim yung ilaw. Tapos may spotlight na tumapat sakin.

(Play the song sa gilid habang binabasa 'tong part na'to)

Hindi ko maaninang yung mga nasa baba na naka-abang sakin. Kasi naman dimlight. Bumaba lang ako ng biglang pumailanlang yung sounds.

???

Sir, I'm a bit nervous

About being here today

Still not real sure what I'm going to say

So bare with me please

If I take up too much of your time. ??

Alam ko kung kaninong boses yun. Hindi ko alam pero nanggilid luha ko habang pinapakinggan ang pagkanta ni Kyle. Oo, si Kyle yung kumakanta. Saulado ko na boses nya.

??See in this box is a ring for your oldest.

She's my everything and all that I know is

It would be such a relief if I knew that we were on the same side??

Dahan-dahan akong bumaba hanggang makita kong may isa pang spotlight na tumapat sa baba at dun ko nakita si Kyle na nakatayo at may hawak na mike. He's looking at me. Naluha nakong tuluyan. Ewan ko pero ang emotional ko. Touch na touch ako sa pagkanta nya.

Chapter 44 ? Kick Out

The next day..

Chelsea POV

This is it. Nakakakaba naman. Kaka-park lang ng kotse ni Kyle dito sa SWU. Kinakabahan ako sa mga pwedeng sabihin ng mga students dito.

"Baby ko sandali." Sabi ni Kyle bago sya bumaba sa driver's seat.

Ayun. Pinagbukas pala ako pinto ng kotse at inalalayan. Gentlemen ni Kyle. Unlike dati. Haha.

"Thank you gummy bear."

He just smiled at me then he hold my hand. Naglakad na kami papasok ng building.

"Engage na sila!"

"Oo nga. For real talaga."

"Bagay naman sila eh!"

"True!"

Yan ang ilang narinig ko sa mga nadaanan naming students.

Pag-akyat namin dito sa floor ng room namin, may napansin ako sa may hallway. Mga students nagkukumpulan.

?_?

Nung makalapit na kami..

"CONGATULATIONS!!!!"

^_^

Nakakatuwa naman sila. Kala ko susugurin ako ng mga yan at sasabunutan eh. Fans club kasi ni Kyle. Haha.

"Thank you!" Sabi ko habang nakangiti. Si Kyle ngumiti lang sa kanila. Nagtilian naman yung girls.

Pumasok na kami sa room namin. Syempre magkatabi kami ni Kyle sa upuan.

"Chelsea!" Si James makasigaw naman.

"Hm?" Umupo na kami ni Kyle. Napansin ko nga tahimik lang si Kyle.

"Tingnan mo 'to." Pinakita sakin ni James yung iPad nya.

O_____O

"Saan to?" Tanong ko.

"Sa gate sa baba. Di mo nakita?" Sagot ni James.

Kasi ba naman. Yung pinakita nya. Picture ng malaking tarpaulin na may picture namin ni Kyle tapos ang caption,

CONGRATULATIONS KYLE AND CHELSEA

SOON TO BE MARRIED

O_o

Nakasabit yun sa gate sa baba? Edi ang dami makakakita? Tumingin ako kay Kyle. **"Gummy bear alam mo yun?"**

Tumango si Kyle. **"Si Papa nagpalagay nun. Nabanggit nya sakin kagabi."**

O___O

Totoo? **"Waaa. Gummy bear nakakahiya."**

"Kinakahiya mo na ikakasal na tayo?" Iba talaga si Kyle. Parang seyoso sya at madaling tumahimik.

"Hindi. Hindi gummy bear. Nahiya lang ako kasi may mukha natin."

"Okay."

O_o

"Gummy bear okay kalang ba? Para kasing ang tahimik mo.."

"Wala. Masakit lang ang ulo ko." Sagot nya tapos sinandal nya yung ulo nya sa sandalan ng upuan.

Bakit kaya masakit ulo ni Kyle. Hindi pa naman na ako sanay na ganyan sya. Yung tahimik lang.
"Gummy bear gusto mo ng gamot?"

"No."

:(

Nalulungkot ako. Ganito kasi pag buntis masyadong sensitive at emotional. Para kasing nalulungkot ako sa pagiging cold ni Kyle ngayon. At the same time, nag-aalala ako sa kanya.

"Hi best!" Si Janna kakadating lang.

"Hi." Sagot ko.

"Ang bongga ng tarpaulin nyo sa main gate ah." Sabi ni Janna.

Ngumiti lang ako.

Umupo naman na si Janna sa upuan nya tapos dumating si Adrian kasabay sina Lance at Yumiko.

"Twinsis! Congrats ulit!" Sabi ni Yumiko.

"Thank you." sagot ko.

Nag-upuan na sila. Nag-aalala ako kay Kyle. Hinawakan ko kamay nya. **"Gummy bear, kuha ako ng gamot sa baba."** Sabi ko. Meron naman sa clinic eh.

Nagmulat sya ng mata. **"No. I'm okay."**

"Hindi ka okay eh."

"Tch. I said I'm okay."

T_T

Hindi ko alam bakit nanggilid luha ko. Alam kong masakit ulo ni Kyle pero bakit parang ang cold naman nya.

"Gummy bear dun kana lang sa clinic." Sabi ko.

Tumingin sakin si Kyle. Cold na tingin. **"Bakit ba ang kulit mo? Sinabi ng okay lang ako. Let me just rest here. Okay?"**

T___T

Ang sungit ni Kyle. Napikit na sya ulit. Wala na. Tumulo na luha ko. Tumayo nalang ako at nagpuntang cr. Ayokong makita nila ako na naiyak. OA na kung OA. Kasi naman apektado ako kay Kyle. Masyado lang akong sensitive ngayong buntis ako.

Pagkapasok ko ng cr..

"Oh, so she's the soon Mrs. Shin-Woo? Maganda ka nga pero wala naman special about you." Mataray na sabi nung isang babae dito sa loob ng cr.

Ayoko nalang silang pansinin. Ayokong makipagtalo ngayong wala na ako sa mood at nalulungkot talaga ako. Diretso lang ako. Papasok nako sa cubicle ng..

"Aaahh!" Napasigaw ako. Pano hinila yung buhok ko. "Don't dare to touch my hair!" Sigaw ko.

"Wow. Ang tapang mo porket fiance ka ni Prince Kyle? Nagpi-feeling maganda ka na ngayon?"

"Ayoko kayong patulan kaya tigilan nyo ako." Sabi ko.

"We don't care!" Sabi nila. Dalawa kasi sila.

Ako nagtitimpi nalang. Umiiwas ako sa mga ganito dahil buntis ako. Nagiging maingat ako sa sarili ko pero pag dipa ko nakapagtimpi, makakatikim na mga 'to sakin.

"Wala din akong pakialam kaya back off!" Sigaw ko.

"Matapang talaga!"

"Oucchhh!" Sheet. Tinulak ako ng isang babae para mapasandal ako sa may pinto ng cubicle. Masakit yun ah.

"Ano? Lalaban ka? Hindi ka bagay kay Prince Kyle! Yan ang tandaan mo!"

Medyo naramdaman ko parang masakit likod ko. Kasi tumama sa edge ng pinto. **"Sinusubukan nyo ta-"**

"KAYONG DALAWA! KICK OUT NA KAYO!"

O____O

Si Kyle? Pumasok dito sa loob ng cr?

"Prince Kyle.."

"Saktan nyo na lahat wag lang si Chelsea. Damn it umalis kayo sa harapan ko at umalis kayo dito sa school na'to kung ayaw nyong may mangyaring masama sa inyo!" Sabi ni Kyle pagkalapit nya dito samin. Hinila nya ID nung dalawa.

"Prince-"

"Shut up! Umalis na kayo sa harap ko habang nakakapagpigil pako!" Sigaw ni Kyle. Nagtakbuhan naman yung dalawa.

Lumapit sakin si Kyle saka ako niyakap. **"Sorry.. Sorry baby ko.."**

T_T

Naiyak na naman ako.

"Masakit yung likod mo? Gusto mo sa clinic tayo?" Tanong ni Kyle pagkakalas ng yakap sakin then hinalikan nya ako sa noo. **"Sorry talaga baby ko..masakit lang ulo ko kanina kaya ganon ako..sorry..please wag kana umiyak.."**

T_T

Lalo akong naiiyak sa pagcomfort ni Kyle eh. Hindi naman ako galit sa kanya eh. Diba ganon naman tayo? Yung pag umiiyak tayo tapos pag kinomfort tayo, sa halip na tumahan tayo lalo tayo naiiyak? Reality strikes.

"D-Di naman ako g-galit.."

"Basta sorry. Sorry. I love you baby ko.."

T_T

"Okay na Kyle. Tara na sa room. Baka andun na prof natin." Sabi ko habang pinapahid yung luha ko gamit ang panyo ko.

He kiss me on my lips. **"Stop crying please. Di na mauulit. Sorry. Masakit lang ulo ko. Di nako magsusungit baby ko.."**

Tumango lang ako. **"Tara na."** Sabi ko. Hinila ko na sya palabas ng cr para bumalik na sa room.

Pagpasok namin, buti wala pa prof. **"Baby ko I love you."** Sabi ni Kyle pag-upo namin.

"I love you too."

"Sorry ulit. Wag kana iiyak. Wag kana din pupunta ng cr na hindi ako kasama. Okay?"

-__-

Paano yun? Tuwing pupunta akong cr, kasama sya? Kakahiya naman pag ganon. **"Pero.."**

"Wala ng pero-pero. Ayokong maulit yung kanina." Sabi ni Kyle tapos tinawag nya yung class president.

"Bakit Kyle?" Tanong ni Cedric. Yung class president.

"Oh, alam mo na." Inabot ni Kyle yung dalawang ID nung kaninang nang-away sakin.

"Okay Kyle." Sagot ni Cedric tapos umalis na.

"Ano yon?" Tanong ko.

"Wala. Wag mo na intindihin yun. Sorry ulit baby ko. Alam mo anman na nakainom ako kagabi diba?"

Oo nga pala, kagabi aksi nag-inom pa sila ng konti ng tigers eh kaya malamang na masakit ulo ni Kyle dahil sa hang over. **"I understand. Diko lang maiwasan maging emotional. Alam mo naman eh.."**

"Yeah. I know, dahil buntis ka. Sorry ulit baby ko.."

I smiled at him. **"Okay na gummy bear."**

“Goodmorning class!” andyan na pala prof.

“Goodmornign Ma’am.” Sabay sabay na sagot namin.

“By the way, before I start the lesson, i would like to conratulate, Kyle and Chelsea. Ikakasal na pala kayo.”

Ngumiti lang ako kay Ma’am. Nagpalakpakan naman ang mga kaklase namin tapos nagsigawan ng congrats. Ngiti lang naisagot namin ni Kyle.

"Okay. Enough for thata, well how’s your vacation?” tanong ng prof.

“Baby ko..”

Tumingin ako kay Kyle sa tabi ko. **“Hm?”**

“Uwi na tayo. Ang sakit talaga ng ulo ko. Gusto ko muna itulog ‘to. Puyat pa ako kagabi. Alam mo naman diba?” sabi ni Kyle.

Hala. Ayaw ko naman um-absent. First day of class ngayon after sembreak eh. **"Pero Kyle..”**

Wala na. Di nako pinansin ni Kyle. Tumayo sya. **“Ma’am!”**

“Yes Mr. Shin-Woo?”

“Can we go home?” tanong ni Kyle sa prof tapos hawak nya ako, napatayo na din ako. Waaa,

“Why?”

“Masama ang pakiramdam ng fiance ko. Siguro naman alam na ng iba rito that she’s one month pregnant.”

-____-

Ginawa pakong dahilan. Si Kyle talaga..

“Oh my! Magkakaroon na pala ng Kyle Jr.”

“Waaa. They’re cute!”

“Excited for their baby!”

Yan mga sinabi ng classmate namin na wala pang alam sa pagbubuntis ko.

“Oh, I see. Congratulation to both of you. Okay, I’ll excuse you.” Sabi nung prof.

“Thanks.” Sagot ni Kyle saka ako inakay na palabas ng room. Siya na nagbitbit nung bag ko.

Nilakad na namin hanggang makarating sa parking area.

“Gummy bear bakit ako pa ginawa mong dahilan? Hindi naman masama pakiramdam ko?” sabi ko pagkasakay namin ng kotse nya.

“Kung sasabihin kong masama ang pakiramdam ko, baka hindi ka pasamahin sakin pauwi at baka di ka i-excuse kung ipilit man kitang iuwi. Ayoko namang iwan ka dun. Ayoko na mangyari yung tulad kanina. Makakapanakit talaga ako ng tao kahit babae pa mga yun.”

-__-

Si Kyle talaga. **“Oo nalang. Pero gummy bear...”**

“Hm?” response nya habang nag-tart na siyang mag-drive.

“Gusto ko ng ice cream..” Waaa. Ewan ko pero bigla akong nag-crave.

Tinigil saglit ni Kyle yung kotse nya then he look at me while smiling. He pinch my cheeks. **“Naglilihi talaga ang baby ko. Okay, dadaan tayo ng supermarket. Bibilhin natin lahat ng ice cream na tinda don. Ilang gallon gusto mo?”**

-_____-

“Gummy bear naman. Kahit yung 1 liter lang.”

“I’m just kidding.” Sabi nya then he gave me a peck on my lips. **“I love you baby ko.””**

Araw-araw nalang sweet si Kyle kahit minsan hindi maiiwasan na makapagsungit sya. Naiintindihan ko naman sya eh. **“I love you too gummy bear. Thank you.”**

“For what?”

“For loving me this way.” sagot ko.

“You dont need to thank me baby ko. Hindi mo naman inutusan na mahalin kita. May heart did.”

^___^

Ayun oh, yung langgan nahiya na sa ka-sweet-an ni Kyle. Hehe. Seriously, I’m really grateful to have him. Hindi ako nagsisising nakilala ko si Kyle. Hidni ako nagsisising kinalaban ko siya noon. Hindi ako nagsisising maging alipin nya noon at hindi ako nagsisising mahalin sya ng lubos ngayon.

He's the ONE.

--

Charisse POV

My first POV here. By the way. May nakakaalala pa kaya sakin? Ako lang naman si Charisse Alano. Ang nag-iisang pinsan ni Chelsea Torres na ngayon ay Aguilar na pala. Hindi ko akalaing hindi sya tunay na anak ng Tito ko which is kapatid ni Mama. So diko talaga sya pinsan?

Bakit ganon? Bakit sya nalang lagi yung sinuswerte? Psh. Inis na inis ako sa babaeng yun. Ang init init ng dugo ko sa kanya.

Lunch time namin ngayon at as always, nagyaya na naman ang mga friends ko an tumambay sa harap ng SWU. Yun kasi lagi namin ginagawa. Daming gwapo dun at syempre andun crushes namin.

“Charisse look oh! Diba pinsan mo yan?”

Napatingin ako sa tinuro nung isa kong friend na si Aileen. Kakadating lang kasi namin dito sa harap ng SWu. Saka first day ngayon after sembreak.

Pagtingin ko..

O____O

Nakakita lang naman ako ng malaking tarpaulin na nakakabit sa gate ng SWU. At si Chelsea nga ang andun kasama si..

O____O

Si Prince Kyle?

Si Prince Kyle na isa sa tigers. Fans club kami ng Tigers at super crush namin si Kyle. Tapos eto ang mababasa ko?

CONGRATULATIONS KYLE AND CHELSEA

SOON TO BE MARRIED

Ikakasal na sila? Paanong nangyari yun?

“Girl, nadaig ka ng pinsan mo!” sabi naman ni Luisa. Tatlo kasi kaming magkakaibigan na kasama sa fans club ng tigers. Ako talaga si Kyle pinaka-crush ko. Si Aileen baliw yan kay Luke Palermo at yang si Luisa kay Oliver Ynarez. Kainis!

“Paano nangyari yan?” tanong ko sa dalawa. Nabubwisit ako. Nasira bigla ang araw ko. Si Chelsea na naman ang bida? Paano naging sila ni Prince Kyle? Paanong ikakasal na sila? Porket naging mayaman na si Chelsea?

Bwisit na babae yun.

Mula dati, lagi nalang sya ang swerte. Nakapasa sya sa scholarship ng SWU tapos ako hindi.

Nagkaroon sya ng friends na mayayaman tapos ako hindi. Nalaman ko na naging model na sya samantalang ako hindi. At nalaman ko na anak mayaman pala sya, ako hindi din. Tapos ngayon ikakasal sya kay Prince Kyle? What the hell! Palagi nalang si Chelsea! Palagi nalang siya ang masaya. Ano bang meron sa bruhildang yun? Bakit sya nalang palagi!

“Charisse kalma kalang..” sabi ni Aileen.

“NO! Hindi ako papayag! Sisirain ko sya!” sigaw ko. Hindi ako papayag na mapunta nalang sa kanya lahat ng inaasam ko. Lahat lahat kasama ang lalaking gusto ko. Nakuntento na nga ako ng hanggang tingin lang kay Prince Kyle tapos sya papakasalan? NO!

“Ano ka ba Charisse. Pinsan mo yun.” Sabi ni Luisa.

Chapter 45 ? Epic Fail

Chelsea POV

Second day ng class after sembreak. Hindi tulad kahapon, um-attend na kami ni Kyle ng klase at good news.

^_^

Nakikinig na sa prof si Kyle. Haha kasi kahapon puro kami bonding lang sa mansyon tapos nagkkwentuhan kami. Sabi ko sa kanya dapat mahilig sya mag-aral para paglabas ng baby namin, maturuan nya din. Natuwa nga bigla si Kyle. Gusto daw nya paglabas ng baby namin tapos napasok na, sya daw magtuturo sa mga assignments. Haha. Lakas ng loob no? Eh di naman nag-aaral yan si Kyle. Haha.

Tulad nga kasi ng lagi nya sinasabi, alam naman na nya i-e-exam sa SWU. Pano ba naman nakakakuha sya ng copy ng exam. Baliw talaga si Kyle. Ngayon, sabi ko di na pwede ang ganon. Dapat mag-aral na syang mabuti.

Nakinig naman sya sakin. Hehe. Ako na kamahalan nya ngayon. Haha. Joke lang.

Dito na kami sa classroom at kasalukuyang nakikinig sa prof. Hulaan nyo ginagawa ni kyle..

^_^

Naglelecture! Haha. Natutuwa ako kay Kyle. Nakakapanibago din kasi. Responsible talaga si Kyle.

"Baby ko wag kang tingin ng tingin sakin. Maglecture ka nga at makinig. Tch. Tapos pag nag-quiz mangongopya ka sakin."

-____-

Sige Kyle push mo yan. Ngayon lang sya nging ganito, yumabang na agad. Psh. Pektusan ko 'tong si Kyle eh.

"Oo nalang po gummy bear." Sabi ko.

"Tch." Aba busy talaga sya paglelecture. Akalain mo nga namang notebook ko pa gamit nya. Haha. Pano kasi wala man lang notebook si Kyle. Ballpen lang dinadala nyan sa araw araw na pagpasok. Grabe lang. Haha.

Nakinig nako. Masyado nakong natutuwa kay Kyle. Sumulyap muna ako ng isa pang beses kay Kyle bago sana makinig kasi may nahagip yung mata ko..

"Aaaarraaayy!"

^_^

Ang sarap talaga kurutin cheeks ni Kyle. Waaa. **"Sorry gummy bear. Diko mapigilan."**

"Any problem Mr. Shin-Woo?" Tanong ng prof. Lakas kasi sigaw ni Kyle.

"Nothing." Sagot ni Kyle sa prof. wala talagang galang. Tapos tumingin sakin. **"Baby ko wag moko kukurutin basta basta."**

T_T

Nanggilid luha ko. Si Kyle kasi galit tapos sama ng tingin sakin.

Pero..

^_^

Niyakap ako bigla ni Kyle. **"Wag kana malungkot baby ko. Nagulat lang ako. Sorry. I love you."**

^_^

Waaa. Bait talaga ni Kyle. **"Sorry din gummy bear.."**

He smiled at me. **"It's okay. Makinig na tayo sa lessons ha?"** Sabi nya.

Ibang-iba na talaga si Kyle. Tumango nalang ako saka tumingin na sa harapan.

Kung ganito ba naman kami ni Kyle araw-araw, siguradong masaya. Haha. Kasi nagagalit man sya pero nagsosorry agad sya.

Natutuwa lang ako talaga sa cheeks nya.

^_^

--

After an hours..

Kyle POV

Uwian na. Salamat naman. Sakit din pala sa ulo pag nakikinig sa prof. Di ako sanay. Kung di lang para sa magiging baby namin, di ako magpapakatalino eh.

Oo. Matalino naman talaga ako. Ayoko lang masyado gamitin utak ko. Haha.

"Gummy bear tara na.."

"Ah baby ko, may practice kami ng basketball ng tigers. Hahatid lang kita tapos alis na din agad ako maya ha?"

She smiled at me. **"Sige gummy bear."**

I smiled. Ang understanding ng baby ko. Emotional lang sya at sensitive pero diko naman hinahayaan yun dahil ayokong may mangyaring masama sa baby ko.

Hinatid ko na sa mansyon si nobody. Hinatid ko rin sya hanggang kwarto namin at nang makarating kami sa karto, i suddenly kiss her passionately.

Ilang segundo din ang lumipas before i stopped. **“I love you baby ko..”**

“I love you too gummy bear.”

“Sorry baby ko, ayoko isama ka sa practice namin, gusto kong makapahinga ka na dito sa mansyon. Pag may kailangan ka, tawag kalang sa intercom. Wag ka masyado magkikilos dito.” Paalala ko.

Nag-aalala ako eh. Ayoko mapapahamak sya.

Tumango sya habang nakangiti. I hug her and kiss her on her forehead. **“Aalis nako..”**

“Ingat gummy bear.”

I nod at her bago lumabas ng kwarto namin. Mabilis akong bumaba saka dumiretso agad sa kotse ko sa garahe. Babalik lang din agad ako ng school.

Pagdating ko dito sa school, dumiretso nako ng gym para magpalit ng jersey. Mabilis lang saka ako nagpunta ng court.

“Captain late ka.” Salubong skain ni Drei.

“Wala kang pakialam.” Sagot ko.

“Harsh mo naman captain. Bakit pag kami ang late, pinupuna mo.” Reklamo ni Drei.

“May angal ka ba?” seryosong tanogn ko. Nakakapagsungit na naman ako. Ewan ko ba, pag nakikita ko ang tigers, parang gusto ko sila ipatapon sa pluto. Haha.

"Wala naman captain. CR ako!" Ayun nagtatakbo na si Drei. Psh.

"Captain, si Chelsea?" Tanong ni Oliver habang nagdi-dribble ng bola.

"Nasa puso ko." Sagot ko.

"Wooooooohhhh!!"

-___-

Makasigaw 'tong tigers parang wala ng bukas eh.

"Ikaw na ang bumabanat captain! Whoooh!" Sigaw ni Luke.

"Hanep na puso yan, nagkasya si Chelsea. Tch." Sabi ni Lance.

"Bakit Lance, si Yumiko ba wala sa puso mo?" Tanong ko.

"Andito din sa puso ko." Sagot nya.

-___-

Kita mo 'to. Maka-puna sakin. **"Tch."**

"Captain!!"

-_-

Diko alam kung nawawala o ano 'tong si Jerome. Maka-sigaw eh.

"O?"

"Abay ako sa kasal nyo ha?"

-_-

"Ge lang." Sabi ko.

"Gusto ko ako ring bearer."

-_____-

"Wooo! Push mo yan Jerome!" Sigaw ng tigers.

Kahit kelan talaga baliw mga yan. Buti hindi ako nahawa. Tch.

"Tara na practice! Para makauwi nako!" Sabi ni Lance.

"Ikaw naman Lance masyado mo namimiss agad si Yumiko. Nagmamadali umuwi eh." Sabi ni Ken.

"Pakialam mo?" Sagot ni Lance.

-_-

"May pakialam ako Lance kasi mahalaga ka sakin. Mahal kita.." Nag-act pa si Ken na parang naiyak na bading.

"Madiri ka nga sa sarili mo! I-sako kaya kita at ibitin dyan sa ring?" Sabi ni Lance.

Iingay ng mga yan. Tch. **"Practice na!"** Sigaw ko. Gusto ko na din naman makauwi agad dahil sa baby ko.

Nagsimula na kami mag-practice. Parang sabik na agad ako umuwi. Gusto ko na agad makasama ang baby ko. Hindi ako nagsasawa sa kanya. Gusto ko lagi sya kasama. Mahal na mahal ko ang baby ko at hinding-hindi ako papayag na may hahadlang samin. Dahil baka kung ano magawa ko sa mga magbabalak na guluhin ang relasyon namin.

Tch.

--

Charisse POV

"Ano Charisse? Gabi na." Sabi ni Aileen.

We're here pa kasi sa harap ng SWU. Nalaman ko kasi na may practice ang tigers. So we better wait here para masilayan sila.

Ay naku. Balak ko akitin si Kyle. Gagawin ko lahat para maagaw sya kay Chelsea. Kala nya ha. Maganda naman ako at sexy kaya siguradong madali lang maaakit sakin si Kyle. Hahahaha.

"Wag ka ng magreklamo. Basta yung plano ha?" Sabi ko.

We have a plan. Sabi ko, paglabas ng kotse ni Kyle bigla ako lalapit at magkukunwaring masakit yung binti ko. At hindi makalakad then kukunin nina Aileen at Luisa yung atensyon ni Kyle para tulungan ako. At kapag tinulungan ako ni Kyle, syempre dadalhin nya ako sa mansyon nya at iche-check ang masakit sa binti ko, then I know what I'm going to do. I will kiss him at seduce him para bumigay sya sakin. Nice plan right?

Hahahaha. Intelligent me!

"Omo! Andyan na, andyan na!" Sigaw ni Luisa. Kilala na kasi namin kotse ni Kyle. Okay. I'll start to act na.

Naupo ako sa may semento at nag-act ng masakit binti ko. **"Aaaraayyy.."** Kunwari lang.

Tumakbo sina Aileen at Luisa dun sa may gate at sinalubong kotse ni Kyle. **"Excuse me! Tulungan mo kami!"** Sigaw nung dalawa.

Good job. Sabi ko din naman sa kanila magpanggap na kunwari di namin siya kilala. See? Galing ko diba?

Nakita kong bumaba ng kotse si Kyle. Waaa. Andyan na sya. He will help me na.

"Aaaaahh!" Acting lang ako. Nakatingin na sya sa direksyon ko.

"Hindi kasi namin sya kaya tapos wala naman kaming sasakyan. Tulungan mo kami." Sabi ni Luisa.

I owe them. Galing din nila. Haha.

O_O

Palapit si Kyle dito sakin. Waaa. Kinikilig ako. He will help me na at bubuhatin para isakay sa kotse nya. Yiiiii.

"BALOT!" May dumaan na magba-balot pero nagulat ako nung harangin ni Kyle yun.

May kinuha si Kyle sa bulsa nya. Pera. Bumibili pala sya ng balot?

"Sayo na 'tong pera. Tulungan no yang babae. Salamat."

O_____O

Yun sabi ni Kyle sa magba-balot.

"Sige sir. Salamat!" Sigaw ng magba-balot kay Kyle na ayun pabalik na ng kotse.

O_____O

Sumakay na sya ng kotse at..

-_____-

Wala na. Pinaandar na at ayun nakaalis na. Fuck! Akala ko tutulungan nako. Ipasa ba naman ako sa magba-balot? Kainis!

"Miss tulungan daw kita." Sabi nung magba-balot sakin.

Tumayo ako. **"Arrrgghh, get out of my sight!"**

Nakakainis! Nakakainis!

"Wala palang masakit sayo miss." Sabi ng magba-balot.

Tiningnan ko sya ng masama. **"Aalis kaba o babasagin ko lahat ng balot mo?"** Sabi ko.

"Aalis na!" Ayun tumakbo na magba-balot. Psh.

"Hahahahahahahah."

-_____-

Sina Aileen at Luisa tumatawa hanggang makalapit sakin. **"What's funny?"**

"Kasi naman..hahahahahaha!" Si Aileen tawa ng tawa.

"Efic fail ka kasi Charisse. Hahahahaha." Sabi ni Luisa na tumatawa din.

"Sabunutan ko kaya kayong dalawa??" Inaasar pako. Aish! Kainis talaga.

"Nakakatawa naman kasi. Pinasa kapa sa magba-balot. Hahahahahahaha."

"Oo nga, tapos yung ano pa. Hahahaha!"

"Ay oo. Yung ano. Hahahaahhahahah!"

"Grabe talaga yung ano. Hahaha!"

-_____-

Puro sila ANO. Mga baliw. **"Uuwi nako. Bwisit!"** Sigaw ko saka nauna na maglakad sa dalawa. Ayun rinig ko pa din tawa nila. Kainis talaga. Aish! May araw ka din sakin Kyle. Makukuha din kita.

Hintay kalang dahil di ako susuko.

--

Chelsea POV

"Hahahahahahahaha!"

Grabe nakakatawa 'tong pinapanood ko. Wala kasi magawa kaya nanuod nalang ako DVD dito sa kwarto. Nagawa ko na mg assignment namin.

Si Kyle wala pa. Nagpa-practice eh. Kumakain ako ng chocolates habang nanunuod. Sarap sarap ng

chocolate. Super!

Eccckkk..

Si Kyle andito na. Tumayo agad ako at sinalubong sya. Kawawa naman ang gummy bear ko. Halatang pagod. **"Pagod ka?"** Tanong ko.

Tumango sya. Parang ang tamlay pa. **"Sobra baby ko.."** Hala. Paawa si Kyle. Cute nya talaga.

Naupo sya sa sofa tapos hinila ako. **"Ligo ka muna gummy bear?**" Sabi ko. Kasi para mawala yung panghihina nya. Tagal kasi nila nagpractice kaya malamang na mapagod sya.

"Samahan moko baby ko.."

O_o

Waaa. Si Kyle naka-pout pa pagkasabi nyon. **"Ikaw nalang. Sige na gummy bear."**

He lean on my shoulder. **"Gusto ko kasama kita eh.."**

-___-

"Gummy bear naman.."

Kasi naman kahit dalawang beses na kami nagsabay maligo ni Kyle, nahihiya pa din ako. Shemay kaya ang ABS ni Kyle. Haha. Nagkakasala ako. Ano ba yan.

"Joke lang baby ko." Sabi nya saka humarap na sakin. **"Ligo nako baby ko then kakain na tayo ng dinner sa baba ha?"** Sabi ni Kyle.

Tumango ako. **"Opo gummy bear."**

He kiss me on my lips. **"Ang ganda ganda naman ng baby ko.."**

>.<

"Gummy bear sige na ligo kana.." Sabi ko.

"Ang sexy sexy pa ng baby ko.."

O_o

Hanla. Nu nangyayari kay Kyle? **"Gummy bear.."**

"Ang sarap pa i-kiss at i-hug palagi.."

O_o

Ang husky na ng boses ni Kyle. Teka nga, inaakit ba ako nito? Waaa. Wag naman baka magpa-akit ako. Shemay!

"Naaalala ko pa pano natin ginawa yung baby natin.."

O_____O

"KYLE!!"

Kinakabahan ako sa mga sinasabi ni Kyle. Waaa.

"Gusto ko nga ulit i-try yun para maalala naman natin kung paano natin ginawa baby natin.."

O_____O

Kabado nako talaga. Ano ba 'tong si Kyle. **"Gummy bear!"**

Seryoso pa din sya at mapungay ang mata na nakatingin sakin. Waaa.

"I really love you baby ko at handa akong bigyan ka ng maraming anak.."

O_____O

Ano ba pinapahiwatig ni Kyle? **"Gummy Be-"**

He kiss me torridly.

O_o

Hala. Bakit ang lakas ng kabog ng dibdib ko. I response on his kisses. Kahit kelan, hindi nakakasawa ang ginagawa ni Kyle. Yung ka-sweet-an nya sakin lalo.

After a seconds, he stop kissing me and smiled at me. **"Naakit ka ba sakin baby ko?"**

Chapter 46 ? Plan Take 2

Chelsea POV

Nakahiga lang ako dito sa kama habang hinihintay matapos si Kyle na maligo.

I'm ready for my revenge Kyle. Hmp! Kala mo ikaw lang ha. Nakakaloko na eh. Lagi akong tini-trip. Psh.

Maya-maya..

"Baby ko tapos nako!" Nakangiting sabi ni Kyle paglabas nya ng CR. Nakakaloko talaga. Ngiting-ngiti pa.

"Ako naman. Maliligo din ako." Sabi ko saka bumangon na sa kama.

"Liligo ka din pala. Sabi mo kanina, hindi?" Sabi ni Kyle.

"Nagbago na isip ko gummy bear. Gusto ko din maligo." Sabi ko.

Lumapit sakin si Kyle at hinalikan ako sa lips. Smack lang. **"Okay baby ko. Dahan dahan kalang sa cr ha? Madulas sahig kapag basa. I love you.."**

^_^

"Opo gummy bear ko. Thanks sa paalala." Sabi ko saka pumasok na ng cr.

Haha. Starting my evil plan.

--

Kyle POV

Sayang. Nagbago pala isip ng baby ko. Maliligo din pala sya, sana nagsabay na kami. Edi sana nakita ko na naman sexy na katawan ng baby ko. Wahaha.

Manyak na kung manyak, kay Chelsea lang naman ako manyak. Kung sa ibang babae, wag nalang. Mas pipiliin ko nalang matulog nun.

Tch.

Naupo muna ako dito sa kama habang nanunuod ng TV.

Maya maya..

“Gummy bear nalimutan ko magdala ng damit.” Narinig kong sabi ng baby ko. Di ako tumingin sa kanya kasi nakatutok pansin ko sa TV.

“Kuha kita ba-“

O_____O

Naputol sasabihin ko ng mapatingin ako sa kanya. Ampu! Ang baby ko, nakatapis lang ng maliit na towel. Takip pa din katawan pero..

O____O

She’s freakin hot! Hindi ko tuloy naiisip na buntis sya.

Whoo! Biglang ang init kahit aircon dito sa kwarto. **“Ano gummy bear?”** pa-cute na sabi ng baby ko.

O___O

Nag-iba talaga pakiramdam ko. Sheeet! Nailang ako bigla. Nakita ko na katawan nya pero ngayon iba ang dating nya eh.

“Ahhh..”

O_o

Napalapit ako agad kay nobody nang mapahawak siya sa tiyan nya. May masakit yata. **“Baby ko, ano yon?**” tanong ko.

O_____O

Na..

Na..

Nalaglag ang towel. Ampu! **“B-Baby ko! A-Ah, a-ah, wala akong nakita!”**

O_____O

Sa halip na magsalita si nobody, naramdaman ko nalang na humawak siya sa braso ko. Takte! Ang init ng pakiramdam ko!

“Gummy bear..”

O___O

Putek! Bat ganito boses ni Nobody? Parang nang-aakit na diko maintindihan. Baka mamaya di ako makapagpigil. Nag-iinit pa naman ako. Tch!

“B-Baby ko okay kalang ba? Ano masakit sa-“

O____O

She kiss me. Amp! Di ako sanay ng ganito si Nobody. Hinahalikan naman nya ako pero madalas na smack lang unlike ngayon na..

O_o

She’s kissing me torridly. I response on her kisses. Ako pa ba ang tatanggi. Wooo! Lalong umiinit pakiramdam ko lalo na sa katotohanang alam kong wala syang saplot bukod sa towel. Sheeet!

She stop kissing me and look at my eyes. Nakatayo pa din kami. Naka-towel na pala sya ulit. Pero may kakaiba akong napansin kay nobody. Ang pungay ng mata niya tapos nakatitig lang sya sa mukha ko. Damn! Ang hot tingnan ng baby ko.

“Baby ko dika pa ba kukuha ng damit?” sabi ko. Baka kasi mamaya, kung ano pa magawa ko sa kanya. Ibang-iba na ang pakiramdam ko.

Sa halip na sumagot, hianplos niya ang pisngi ko. Yung tipong iginagala niya yung daliri niya sa gilid na parte ng mukha ko habang nakatingin lang sakin. Para syang nang-aakit. Putek!

“Gummy bear...”

Sheeet! Ang boses ng baby ko nang-aakit!

"B-Baby ko.."

Tumingkayad sya saka isinabit sa leeg ko ang mga kamay nya then she grab my head para mapalapit yung mukha ko sa kanya. Napatungo ako. Hindi ko alam ako ire-react ko sa ginagawa ng baby ko.

She kiss me on my cheeks then..

O___O

Ramdam na ramdam ko yung paghinga nya sa bandang tainga ko. Damn it!

"Gummy bear.."

O_o

Langya! Hindi ko na yata kaya magpigil. **"Baby ko.."**

"Let's do it gummy bear...?"

O____O

Damn! Si nobody ang nagyayaya ngayon? Sh*t! Para naman kaya ko syang tanggihan. Ta-tango na

ako. Magsasalita sana ako ng..

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA!!!"

-_____-

Makatawa ang baby ko. Tch! **"Anong nakakatawa?"**

"You're so cute gummy bear! Ang pula pula ng mukha mo! Hahahahahahah."

-____-

Ibig sabihin..

"Kala mo ikaw lang marunong ng ganon! Hahahahahahah."

Nantrip ang baby ko. Init na init nako kanina eh. Amputek! Nagoyo ako. **"BABY KO!!!!!"** Sigaw na parang nagbabanta.

"Joke lang talaga gummy bear! Bye bye!"

-____-

Ayun ang bilis nanakbo papasok ng cr. Tae. Naloko ako. Akala ko pa naman magagawa namin ulit yun. Tch!

Lakas trip ng baby ko. Nagantihan nga ako. Pero may na-realize ako..

Sh*t lang ang galing nyang man-seduce!

--

Chelsea POV

Hahahahaha.

Grabe dami ko tawa kay Kyle. Seryosong seryoso kanina eh. Haha. Kakatapos ko lang maligo at naghahanda pa ako sa paglabas ng CR. Sama ng tingin sakin ni Kyle kanina eh. Paktay ako don. Kasi naman. Sya naman nauna eh.

Dahan-dahan kong binuksan yung pinto ng CR tapos sumilip ako. Nakita ko si Kyle nakahiga na at nakapikit. Yes! Tulog na. Haha.

Lumabas nako ng cr tapos nagsuklay ng buhok ko bago ako kumuha ng milk na galing mini fridge ni Kyle dito sa kwarto.

Then, umupo nako sa kabilang gilid ng kama. Pinatong ko muna yung milk ko sa side table tapos pinaandar ko TV. Nuod muna ako.

Ilang minutes na lumipas, masyado nako na-e-enjoy sa panonood ng TV. Di pa kasi ako antok. Naubos ko na din gatas ko. Waa. Tapos si Kyle tulog na. Wala ako kausap.

